

Pangkalahatang Halalan sa California



Martes

Nobyembre 6, 2018

**Bukas Ang Mga Lugar ng Botohan Mula 7:00 a.m.
hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!**

★ ★ ★ ★ ★ **TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS** ★ ★ ★ ★ ★



Sertipiko ng Pagiging Tama

Ako, si Alex Padilla, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay pinatutunayan sa pamamagitan nito na ang mga panukalang isasama rito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa buong Estado sa Nobyembre 6, 2018, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-13 araw ng Agosto, 2018.

Alex Padilla, Kalihim ng Estado

BATAS NG MGA KARAPATAN NG BOTANTE

KARAPATAN NINYO ANG MGA SUMUSUNOD:



Ang karapatang bumoto kung kayo ay rehistradong botante. Kayo ay kuwalipikadong bumoto kung:

- isa kayong mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
- 18 taong gulang na kayo o higit pa
- kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
- sa kasalukuyan, hindi kayo nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilanguan o malaya sa bisa ng parol para sa pagkakahatol sa isang mabigat na kasalanan
- hindi natukoy ng hukuman bilang walang kakayahan ang pag-iisip para sa pagboto sa kasalukuyan



Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan. Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung natukoy ng mga opisyal ng mga halalan na kwalipikado kayong bumoto.



Ang karapatang bumoto kahit na nasa pila pa lang kayo noong nagsara ang mga botohan.



Ang karapatang magpatala ng lihim na balota nang walang bumabagabag sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.



Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo, kung hindi pa ninyo naipapatala ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:

Humiling ng bagong balota sa isang opisyal ng mga halalan sa isang lugar na botohan, Papalitan ng bago ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang opisyal ng halalan o sa inyong lugar na botohan, o **Bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota.**



Ang karapatang kumuha ng tulong sa pagpapatala ng inyong balota mula sa sinumang taong gusto ninyo, maliban sa inyong employer o kinatawan ng unyon.



Ang karapatang ihulog ang inyong nasagutang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar na botohan sa California.



Ang karapatang kumuha ng mga materyal ng halalan sa ibang wika maliban sa Ingles kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohang presinto na gumagamit ng parehong wikang ginagamit ninyo.



Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan at panoorin ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong pinagtanungan ninyo ang inyong mga tanong, dapat niyang iharap sa inyo ang tamang taong makakasagot sa tanong ninyo. Kung kayo ay nakakaantala, maaari silang huminto sa pagsagot sa inyo.



Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan sa isang opisyal ng mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

 Sa web sa **www.sos.ca.gov**

 Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**

 Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

KUNG NANINIWALA KAYONG HINDI SA INYO IBINIGAY ANG MGA KARAPATAN NINYONG ITO, TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA LIBRENG HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA (800) 339-2957.

PROPOSISYON 1

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-batas 3 ng Senado ng Regular na Sesyon ng 2017–2018 (Kabanata 365, Mga Batas ng 2017) ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at Kodigo sa Militar at mga Beterano; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag satipong *italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEK. 3. Ang Bahagi 16 (nagsisimula sa Seksyon 54000) ay idinaragdag sa Dibisyon 31 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

BAHAGI 16. BATAS NG 2018 SA BONO PARA SA MGA BETERANO AT ABOT-KAYANG PABAHAY

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG TADHANA

54000. Kasama ng Artikulo 5z (nagsisimula sa Seksyon 998.600) ng Kabanata 6 ng Dibisyon 4 ng Kodigo sa Militar at mga Beterano, ang bahaging ito ay dapat makilala, at maaaring tawagin, bilang Batas ng 2018 sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay.

54002. Gaya ng pagkakagamit sa bahaging ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) “Lupon” ay nangangahulugang ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad para sa mga programang pinangangasiwaan ng kagawaran, at ng Ahensiya sa Pagtustos ng Pabahay ng California para sa mga programang pinangangasiwaan ng ahensiya.

(b) “Komite” ay nangangahulugang ang Komite sa Pagtustos ng Pabahay na nilikha alinsunod sa Seksyon 53524 at ipinagpapatuloy alinsunod sa mga Seksyon 53548 at 54014.

(c) “Pondo” ay nangangahulugang ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng 2018 ng Batas sa Bono para sa Abot-kayang Pabahay na nilikha alinsunod sa Seksyon 54006.

54004. Ang bahaging ito ay dapat lamang magkabisa pagkatapos pagtibayin ng mga botante sa pambuong-estadong pangkalahatang halalan ng ika-6 ng Nobyembre, 2018.

KABANATA 2. IPINAGKAKATIWALANG PONDO NG 2018 AT PROGRAMA NG BATAS SA BONO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY.

54006. Ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng 2018 ng Batas sa Bono para sa Abot-kayang Pabahay ay nililikha sa pamamagitan nito sa loob ng Tesorerya ng Estado. Hangarin ng Lehislatura na ang mga nalikom sa mga bono (hindi kasama ang mga muling

nagpopondong bono na inilabas alinsunod sa Seksyon 54026) ay ideposito sa pondo at gamitin upang pondohan ang mga programang may kaugnayan sa pabahay na inilarawan sa kabanatang ito. Ang mga nalikom sa mga bonong inilabas at ibinebenta alinsunod sa bahaging ito para sa mga layuning tinukoy sa kabanatang ito ay dapat ilaan sa sumusunod na paraan:

(a) Isang bilyon limang daang milyong dolyar (\$1,500,000,000) na idedeposito sa Pondo ng Pautang sa Rehabilitasyon ng Pabahay na itinatag alinsunod sa Seksyon 50661. Ang mga pera sa pondo ay dapat gamitin para sa Programang Pangmaraming Pamilya na Pabahay na inawtorisa ng Kabanata 6.7 (nagsisimula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2, upang gastahin para tumulong sa bagong konstruksyon, rehabilitasyon, at pangangalaga ng permanente at pansamantalang paupahang bahay para sa mga taong may mga kita na hanggang 60 porsiyento ng panggitnang kita sa lugar (AMI). Ang mga pondong ito ay maaari ring gamitin upang magkaloob ng teknikal na tulong alinsunod sa Seksyon 54007.

(b) Isang daan limampung milyong dolyar (\$150,000,000) na idedeposito sa Pondo ng Pagpapatupad ng Pagpapaunlad na Nakatuon sa Pampublikong Sasakyan, itinatag alinsunod sa Seksyon 53561, para sa paggasta, pagkatapos ng paglalaan ng Lehislatura, alinsunod sa Programang Pagpapatupad ng Pagpapaunlad na Nakatuon sa Pampublikong Sasakyan na inawtorisa ng Bahagi 13 (nagsisimula sa Seksyon 53560) upang magkaloob ng lokal na tulong sa mga lungsod, county, lungsod at county, ahensiya ng transportasyon, at tagapagtayo para sa layuning magtayo o padaliin ang pagtatayo na may mas mataas na densidad na mga paggamit sa loob na lugar na malapit sa mga istasyon ng pampublikong sasakyan na magtataas ng bilang ng sumasakay sa pampublikong sasakyan. Ang mga pondong ito ay maaari ring gastahin para sa anumang inawtorisang layunin ng programang ito at para sa mga programang insentibo, kabilang ang mga pautang at gawad sa loob ng kagawaran. Anumang mga pondong hindi encumbered para sa mga layunin ng subdibisyong ito bago lumampas ang ika-6 ng Nobyembre, 2028, ay dapat bumalik sa pangkalahatang paggamit sa Programang Pangmaraming Pamilya na Pabahay na inawtorisa ng Kabanata 6.7 (nagsisimula sa Seksyon 50675) o Bahagi 2, maliban kung ipinasiya ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad na ang mga pondo ay dapat ibalik nang mas maaga dahil sa nabawasang pangangailangan.

(c) Tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) na idedeposito sa Panrehiyong Kuwenta ng Insentibo sa Pagpapalano, Pabahay, at Infill, na nililikha sa pamamagitan nito sa loob ng pondo. Ang mga pera sa kuwenta ay dapat makuha, pagkatapos inilaan ng Lehislatura, alinsunod sa Programang Gawad na Insentibo sa Infill ng 2007 na

itinatag ng Seksyon 53545.13 para sa mga insentibong gawad sa infill upang tumulong sa bagong konstruksyon at rehabilitasyon ng impra-istruktura na sumusuporta sa mataas ang densidad na abot-kaya at magkahalong-kita na pabahay sa mga lokasyong itinalaga bilang infill, kabilang ang, pero hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:

(1) Paglikha, pagtatayo, o rehabilitasyon ng parke upang himukin ang pagpapaunlad ng infill.

(2) Mga gastos sa tubig, alkantariya, o ibang pampublikong impra-istruktura na kaugnay ng pagpapaunlad ng infill.

(3) Mga pagpapahusay ng transportasyon na may kaugnayan sa mga proyektong pagpapaunlad ng infill.

(4) Pagpapagaan ng trapiko.

Ang mga pondong ito ay maaari ring gastahin para sa anumang inawtorisang layunin ng programang ito. Anumang mga pondong hindi napipigilan para sa mga layunin ng subdibisyong ito bago lumampas ang ika-6 ng Nobyembre, 2028, ay dapat bumalik sa pangkalahatang paggamit sa Programang Pangmaraming Pamilya na Pabahay na inawtorisa ng Kabanata 6.7 (nagsisimula sa Seksyon 50675) o Bahagi 2, maliban kung ipinasiya ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad na ang mga pondo ay dapat ibalik nang mas maaga dahil sa nabawasang pangangailangan.

(d) Isang daan limampung milyong dolyar (\$150,000,000) upang ilipat sa Pondo ng Sariling-Tulong na Pabahay na itinatag alinsunod sa Seksyon 50697.1. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan at Seksyon 50697.1, ang mga pondong ito ay patuloy na inilalaan sa pamamagitan nito sa Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, mga pondong dapat ilipat ng kagawaran sa Ahensiya ng Pagtustos sa Pabahay ng California para sa mga layunin ng programang tulong sa pagbili ng bahay na itinatag alinsunod sa Kabanata 6.8 (nagsisimula sa Seksyon 51341) ng Bahagi 3.

(e) Tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) na idedeposito sa Pondo ng Joe Serna, Jr. na Gawad na Pabahay sa Manggagawa sa Bukid, na itinatag alinsunod sa Seksyon 50517.5 upang pondohan ang mga gawad o pautang, o pareho, para sa mga lokal na pampublikong entidad, di-nagtutubong korporasyon, limitadong pananagutan na kompanya, at limitadong pagbabakasan para sa konstruksyon o rehabilitasyon ng pabahay para sa mga empleyadong pang-agrikultura at kanilang mga pamilya o para sa pagtatamo ng manupakturadong bahay bilang bahagi ng isang programa upang tugunan at remedyuhan ang mga epekto ng kasalukuyan at posibleng pagpapaalis ng mga pamilya ng manggagawa sa bukid mula sa kasalukuyang mga kampo ng manggagawa, mga parke ng naililipat na bahay, o

ibang pabahay. Ang mga pondong ito ay maaari ring gastahin para sa anumang inawtorisang layunin ng programang ito. Ang mga pondong ito ay maaari ring gamitin upang magkaloob ng teknikal na tulong alinsunod sa Seksyon 54007. Anumang mga pondong hindi napipigilan para sa mga layunin ng subdibisyong ito bago lumampas ang ika-6 ng Nobyembre, 2028, ay dapat bumalik sa pangkalahatang paggamit sa Programang Pangmaraming Pamilya na Pabahay na inawtorisa ng Kabanata 6.7 (nagsisimula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2, maliban kung ipinasiya ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad na ang mga pondo ay dapat ibalik nang mas maaga dahil sa nabawasang pangangailangan.

(f) Tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) na idedeposito sa Pondo ng Pagbabago ng Yari ng Abot-kayang Pabahay na itinatag alinsunod sa subtalataan (F) ng talataan (1) ng subdibisyong (a) ng Seksyon 53545. Ang mga pera sa pondo ay dapat makuha, pagkatapos ng paglalaan ng Lehislatura, alinsunod sa Ipinagkakatiwalang Programang Panumbas na Gawad ng Pondo ng Lokal na Pabahay na itinatag ng Seksyon 50842.2 upang pondohan ang mga may-kompetisyon na gawad o pautang sa ipinagkakatiwalang pondo sa lokal na pabahay na nagtatayo, nag-aari, nagpapahiram, o namumuhunan sa abot-kayang pabahay at ginagamit upang lumikha ng mga pagsubok na programa upang ipakita ang malilikhain, nakapagtitipid ng gastos na mga pagharap sa paglikha o pangangalaga ng abot-kayang pabahay. Ang mga ipinagkakatiwalang pondo ng lokal na pabahay ay dapat na patuloy na manggaling sa pribadong kontribusyon o mga pinagkukunan ng pamahalaan na hindi tinatakdaan ang paggamit para sa mga programang pabahay. Ang mga pondong ito ay maaari ring gastahin para sa anumang inawtorisang layunin ng programang ito. Anumang mga pondong hindi napipigilan para sa mga layunin ng subdibisyong ito bago lumampas ang ika-6 ng Nobyembre, 2028, ay dapat bumalik sa pangkalahatang paggamit sa Programang Pangmaraming Pamilya na Pabahay na inawtorisa ng Kabanata 6.7 (nagsisimula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2, maliban kung ipinasiya ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad na ang mga pondo ay dapat ibalik nang mas maaga dahil sa nabawasang pangangailangan.

(g) Tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) na idedeposito sa Pondo ng Sariling-Tulong na Pabahay na itinatag alinsunod sa Seksyon 50697.1. Ang mga pera sa pondo ay dapat makuha para sa Programang CalHome na inawtorisa ng Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 50650) ng Bahagi 2, upang magkaloob ng tuwiran, mapapatawad na mga pautang upang tulungan ang mga proyektong pagpapaunlad na kaugnay ang mga yunit ng pag-aari ng maraming bahay, kabilang ang mga subdibisyong pang-isang pamilya, para sa mga programang tulong sa sariling-tulong na pautang

sa pagbili ng bahay, at para sa mga manupakturadong bahay. Ang mga pondong ito ay maaari ring gastahin para sa anumang inawtorisang layunin ng programang ito. Hindi kukulangin sa tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ng halagang nakadeposito sa Pondo ng Sariling-Tulong na Pabahay ay dapat gamitin upang magkaloob ng mga gawad o mapapatawad na mga pautang upang tumulong sa rehabilitasyon o pagpapalit, o pero, ng mga kasalukuyang naililipat na bahay na matatagpuan sa isang komunidad ng naililipat na bahay o manupakturadong bahay. Ang mga pondong ito ay maaari ring gamitin upang magkaloob ng teknikal na tulong alinsunod sa Seksyon 54007. Anumang mga pondong hindi napipigilan para sa mga layunin ng subdibisyong ito bago lumampas ang ika-6 ng Nobyembre, 2028, ay dapat bumalik sa pangkalahatang paggamit sa Programang Pangmaraming Pamilya na Pabahay na inawtorisa ng Kabanata 6.7 (nagsisimula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2, maliban kung ipinasiya ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad na ang mga pondo ay dapat ibalik nang mas maaga dahil sa nabawasang pangangailangan.

54007. (a) (1) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng bahaging ito, ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad ay maaaring magkaloob ng teknikal na tulong sa mga karapat-dapat na county at mga karapat-dapat na lungsod, o mga tagapagtayo ng abot-kayang pabahay sa loob ng mga karapat-dapat na county at mga karapat-dapat na lungsod, upang padaliin ang konstruksyon ng pabahay para sa inaasintang populasyon para sa mga sumusunod na programang pinopondohan alinsunod sa bahaging ito:

(A) Ang Programang Pangmaraming Pamilya na Pabahay (Kabanata 6.7 (nagsisimula sa Seksyon 50675) ng Bahagi 2).

(B) Ang Programang Gawad na Joe Serna, Jr. na Pabahay sa Manggagawa sa Bukid (Kabanata 3.2 (nagsisimula sa Seksyon 50515.2) ng Bahagi 2).

(C) Ang Programang CalHome (Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 50650) ng Bahagi 2).

(2) Ang teknikal na tulong alinsunod sa seksyong ito ay dapat ipagkaloob gamit ang mga nalikom sa bono na inilalaan alinsunod sa Seksyon 54006 sa programa kung saan ipinagkakaloob ang teknikal na tulong.

(3) Ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad ay hindi dapat magkaloob ng higit sa tatlong daan animnapung libong dolyar (\$360,000) sa kabuuan sa teknikal na tulong alinsunod sa seksyong ito, at ang isang karapat-dapat na county o karapat-dapat na lungsod ay hindi dapat tumanggap ng higit sa tatlung libong dolyar (\$30,000) sa teknikal na tulong taun-taon.

(b) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat gamitin:

(1) “Karapat-dapat na lungsod” ay nangangahulugang isang lungsod na matatagpuan sa isang county na may populasyon na 150,000 residente o mas kaunti.

(2) “Karapat-dapat na county” ay nangangahulugang isang county na may populasyon na 150,000 residente o mas kaunti.

(3) “Teknikal na tulong” ay kabilang ang tulong sa inhinyeriya at pagsusuring pangkapaligiran na may kaugnayan sa proyektong abot-kayang pabahay at pagsasauli ng ibinayad sa mga gastos na pampangasiwaan na may kaugnayan sa pagbuo ng isang mungkahing gawad.

54008. (a) Ang Lehislatura ay maaaring, sa pananahon, magsusog sa alinmang batas na may kaugnayan sa mga programa kung saan ang mga pondo ay inilaan, o nailaan, alinsunod sa kabanatang ito para sa mga layunin ng pagpapahusay ng pagiging episyente at mabisa ng mga programang iyon o upang isulong ang mga hangarin ng mga programang iyon.

(b) Ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa kabanatang ito upang baguhin ang paglalaan ng mga bonong inilalabas at ibinebenta alinsunod sa bahaging ito sa mga programang pinaglalaan ng mga pondo alinsunod sa kabanatang ito gaya ng kailangan upang mabisang itaguyod ang pagtatayo ng abot-kayang pabahay sa estadong ito.

54009. Ang mga programang pinopondohan ng mga nalikom sa bono ay dapat, kapag naglalaan ng pinansiyal na suporta, magbigay ng pagtatangi sa mga proyekto na “mga pampublikong gawain” para sa mga layunin ng Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 1720) ng Bahagi 7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Paggawa at ibang mga proyekto kung saan ang lahat ng mga manggagawa sa konstruksyon ay babayaran ng hindi kukulangin sa pangkalahatang namamayaning antas na kada araw na mga suweldo gaya ng ipinasiya ng Direktor ng mga Relasyong Pang-industriya.

KABANATA 3. MGA TADHANA SA PANANALAPI

54010. Ang mga bono na may kabuuang halagang tatlong bilyong dolyar (\$3,000,000,000), hindi kasama ang mga nagsasauling bono na inilabas alinsunod sa Seksyon 54026, o gaano man ang kailangan gaya ng ipinasiya ng Komite, ay inaawtorisa sa pamamagitan nito na ilabas at ibenta para sa pagsasakatuparan ng mga layuning ipinahayag sa bahaging ito at upang pagsaulian ang Umiikot na Pondo ng Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Lahat ng bono na inawtorisa rito na angkop na inilabas, ibinenta, at inihatid gaya ng itinathadhana rito ay dapat bumuo ng balido at may-bisang mga pangkalahatang obligasyon ng estado, at ang buong katapatan at kredito ng estado ay ipinangangako rito para sa nasa oras na

pagbabayad ng prinsipal at interes ng mga bonong iyon kapag dapat nang bayaran.

54012. Ang mga bonong inaawtorisa ng bahaging ito ay dapat ihanda, isagawa, ilabas, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), maliban sa mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan, at lahat ng tadhana ng batas na iyon gaya ng sinusugan sa panapanahon ay gagamitin sa mga bono sa bahaging ito, maliban sa itinatadhana sa Seksyon 54028, at isinasama sa bahaging ito na waring nakasaad nang buo sa bahaging ito.

54014. (a) Para sa layunin lamang na iawtorisa ang pagpapalabas at pagbebenta, alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ng mga bonong inawtorisa ng bahaging ito, ang komite ay nagpapatuloy. Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang Komite sa Pagtustos ng Pabahay ay “ang komite” kung paano ginamit ang katawagang iyon sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado.

(b) Ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad ay maaaring magpatibay ng mga alituntunin na nagtatatag ng mga iniaatas para sa pangangasiwaan ng mga programa nito sa pagtustos. Ang mga patnubay ay hindi dapat bumuo ng mga tuntunin, regulasyon, utos, o pamantayan na ginagamit sa pangkalahatan at hindi sumasailalim sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(c) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad ay itinalagang “lupon” para sa mga programang pinangangasiwaan ng kagawaran, at ang Ahensiya ng Pagtustos sa Pabahay ng California ay ang “lupon” para sa mga programang pinangangasiwaan ng ahensiya.

54016. Pagkatapos hilingin ng lupon na nagpapahayag na ang mga pondo ay kailangan para sa mga layunin ng bahaging ito, ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais o hindi na maglabas ng mga bono, at, kung ganoon, ang halaga ng mga bonong ilalabas at ibebenta. Ang mga magkakasunod na paglalabas ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang isakatuparan ang mga aksyong iyong nang progresibo, at hindi iniaatas na ibenta sa isang pagkakataon lamang. Ang mga bono ay maaaring magtaglay ng interes na napapailalim sa pederal na buwis sa kita.

54018. May dapat singilin taun-taon, sa paraang katulad at kasabay ng pagsingil ng ibang kita ng estado, na kabuuang pera bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, sapat upang bayaran ang

prinsipal ng, at interes sa, mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inaatasan ng batas ng anumang tungkuling may kaugnayan sa pagsingil ng mga kita ng estado na gawin o gampanan ang bawat hakbang na kailangan upang masingil ang karagdagang halagang iyon.

54020. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesorerya ng Estado, para sa mga layunin ng bahaging ito, ang isang halagang magiging kapantay ng kabuuan ng pareho ng mga sumusunod:

(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa bahaging ito, habang ang prinsipal at interes ay dapat bayaran at mababayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksyon 54024, inilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

54022. Ang lupon ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera upang gumawa ng pautang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layunin ng bahaging ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta, hindi kasama ang anumang muling nagpopondong bono na inawtorisa alinsunod sa Seksyon 54026, para sa mga layunin ng bahaging ito, ibinawas ang anumang halagang ipinahiram alinsunod sa seksyong ito at hindi pa nababayaran at anumang halagang kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 54024 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Dapat pagtibayin ng lupon ang mga dokumentong iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Ang anumang halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo na ilalaan alinsunod sa bahaging ito.

54024. Para sa mga layuning isakatuparan ang bahaging ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring, sa pamamagitan ng utos ng tagapagpaganap, mag-awtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng anumang halaga o mga halaga na hindi hihigit sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta, hindi kasama ang anumang mga muling nagpopondong bono na inawtorisa alinsunod sa Seksyon 54026, para sa mga layunin ng bahaging ito, hindi kasama ang halagang ipinautang alinsunod sa Seksyon 54022 at hindi pa nababayaran at anumang halagang kinuha mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan alinsunod sa bahaging ito. Anumang mga perang

inihanda sa ilalim sa seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang interes na kikitain sana ng mga halaga sa Kuwenta ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera, mula sa mga perang natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono na idedeposito sana sa pondong iyon.

54026. Ang mga bono ay maaaring muling pondohan alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang pag-aproba ng mga manghahalal sa batas na ito ay dapat bumuo ng pag-aproba ng anumang muling nagpopondong mga bono na inilabas upang muling pondohan ang mga bonong inilabas alinsunod sa bahaging ito, kabilang ang anumang naunang inilabas na muling nagpopondong mga bono. Anumang bonong muling pinondohan sa pamamagitan ng mga nalikom sa mga muling nagpopondong bono gaya ng inawtorisa ng seksyong ito ay maaaring legal na pawalan ng bisa kung ipahihintulot ng batas sa paraan at saklaw na nakasaad sa resolusyon, gaya ng sinusugan sa pana-panahon, na nag-aawtorisa ng muling nagpopondo na bonong iyon.

54028. Sa kabila ng anumang mga tadhana sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang petsa ng maturidad ng anumang mga bono na inawtorisa ng bahaging ito ay hindi dapat na mas huli kaysa 35 taon mula sa petsa ng bawat naturang bono. Ang maturidad ng bawat serye ay dapat kalkulahin mula sa petsa ng paglalabas ng bawat bono.

54030. Ang Lehislatura sa pamamagitan nito ay nagpapasiya at nagpapahayag na, dahil ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng bahaging ito ay hindi “mga nalikom ng mga buwis” kung paano ginamit ang katawagang iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California, ang pagbabayad ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinapataw ng artikulong iyon.

54032. Sa kabila ng anumang tadhana ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado na nauukol sa mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng bahaging-ito na napapailalim sa pamumuhunan sa ilalim ng Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 16470) ng Kabanata 3 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang Ingat-yaman ay maaaring magpanatili ng isang nakahiwalay na kuwenta para sa mga kinita ng pamumuhunan, maaaring mag-utos ng pagbabayad ng mga kinitang ito upang sumunod sa anumang iniaatas na pagsasauli ng bahagi ng ibinayad na angkop sa ilalim ng pederal na batas, at maaaring mag-utos ng paggamit at pamumuhunan ng mga nalikom na iyon upang panatilihin ang libre sa buwis na katayuan ng mga bonong libre sa buwis at upang kumuha ng anumang ibang makabubuti sa

ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

54034. Ang lahat ng perang galing sa mga hulog at naipong interes ng mga bonong ibinenta alinsunod sa dibisyong ito ay dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono; sa kondisyon, gayunman, na ang mga halagang nanggaling sa mga hulog ay maaaring ireserba at gamitin upang bayaran ang mga gastos ng paglalabas ng bono upang ilipat sa Pangkalahatang Pondo.

SEK. 4. Ang Artikulo 5z (nagsisimula sa Seksyon 998.600) ay idinaragdag sa Kabanata 6 ng Dibisyon 4 ng Kodigo sa Militar at mga Beterano, upang mabasang:

Artikulo 5z. Batas ng 2018 sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay

998.600. Kasama ng Bahagi 16 (nagsisimula sa Seksyon 54000) ng Dibisyon 31 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ang artikulong ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas ng 2018 sa Bono para sa mga Beterano at Abot-kayang Pabahay.

998.601. (a) Ang Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), gaya ng sinusugan sa pana-panahon, maliban sa itinatadhana rito, ay pinagtitiyay para sa layunin ng paglalabas, pagbebenta, at muling pagbabayad ng, at pagkakaloob tungkol sa, mga bonong inawtorisang ilabas ng artikulong ito, at ang mga tadhana ng batas na iyon ay kasama sa artikulong ito na waring nakasaad nang buo sa artikulong ito. Lahat ng pagtukoy sa artikulong ito sa “dito” ay tumutukoy sa pareho ng artikulong ito at ng batas na iyon.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ay itinalagang ang lupon.

998.602. Gaya ng pagkakagamit dito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) “Lupon” ay nangangahulugang ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano.

(b) “Bono” ay nangangahulugang isang bono para sa mga beterano, isang pangkalahatang obligasyong bono ng estado, na inilabas alinsunod sa artikulong ito na nagpapatibay ng mga tadhana ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado.

(c) “Batas sa bono” ay nangangahulugang ang artikulong ito na nag-aawtorisa ng paglalabas ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado at pagpapatibay ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado sa pamamagitan ng pagtukoy.

(d) “Komite” ay nangangahulugang ang Komite sa Pagtustos ng mga Beterano ng 1943, itinatag ng Seksyon 991.

(e) “Pondo” ay nangangahulugang Pondo ng Bukid at Pagtatayo ng Bahay ng mga Beterano ng 1943, na itinatag ng Seksyon 988.

(f) “Pondo ng Pagbabayad” ay nangangahulugang ang Pondo ng Pagbabayad sa mga Bono ng mga Beterano na itinatag ng Seksyon 988.6.

998.603. Para sa layuning lumikha ng isang pondo upang magkaloob ng tulong na bukid at bahay para sa mga beterano alinsunod sa Batas ng 1974 sa Pagbili ng Bukid at Bahay ng mga Beterano (Artikulo 3.1 (nagsisimula sa Seksyon 987.50)), at lahat ng batas na nagsusug dito at karagdagan dito, ang komite ay maaaring lumikha ng isang utang o mga utang, pananagutan o mga pananagutan, ng Estado ng California, sa kabuuang halaga na hindi hihigit sa isang bilyong dolyar (\$1,000,000,000), hindi kasama ang mga muling nagpopondong bono, sa paraang itinatadhana rito.

998.604. (a) Lahat ng bonong inawtorisa ng artikulong ito, kapag angkop na naibenta at naihatid gaya ng itinatadhana rito, ay bumubuo ng balido at legal na may-bisang mga pangkalahatang obligasyon ng Estado ng California ay ipinangangako rito para sa nasa oras na pagbabayad ng pareho ng prinsipal at interes nito.

(b) Dapat singilin taun-taon, sa paraan at panahong katulad ng pagsingil ng kita ng ibang estado, isang kabuuang pera, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, sapat upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono gaya ng itinatadhana rito, at lahat ng opisyal na inaatasan ng batas na gumanap ng anumang tungkulin na nauukol sa pagsingil ng mga kita ng estado ay dapat sumingil sa karagdagang halagang ito.

(c) Sa mga petsa kung kailan ang mga pondo ay dapat ipadala alinsunod sa Seksyon 16676 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa pagbabayad ng serbisyo sa utang sa mga bono sa bawat taon ng pananalapi, dapat ilipat sa Pondo ng Pagbabayad upang bayaran ang serbisyo sa utang ang lahat ng pera sa pondo, hindi hihigit sa halaga ng serbisyo sa utang na dapat bayaran at mababayaran sa panahong iyon. Kung ang perang inilipat sa mga petsa ng pagpapadala ay mas mababa kaysa serbisyo sa utang na dapat bayaran at mababayaran noon, ang balanse ng natitirang hindi pa nababayaran ay dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo mula sa pondo sa pinakamaagang panahon na ito ay makukuha, kasama ng interes doon mula sa petsa ng pagpapadala hanggang mabayaran, sa kaparehong antas ng interes na nakalagay sa mga bono, nadaragdagan bawat kalahating taon. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas na kasalungat, ang subdibisyong ito ay dapat gamitin sa lahat ng mga batas sa bono para sa pagbili ng bukid at bahay ng mga beterano alinsunod sa kabanatang ito. Ang subdibisyong ito ay hindi naggagawad ng anumang lien sa pondo, sa Pondo ng Pagbabayad, o sa mga

pera dito sa mga humahawak ng anumang mga bono na inilabas sa ilalim ng artikulong ito. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, “serbisyo sa utang” ay nangangahulugang ang prinsipal (dapat mang bayaran sa maturidad, sa pamamagitan ng pagtubos, o pagpapadali), hulog, kung mayroon, o interes na mababayaran sa anumang petsa tungkol sa anumang serye ng mga bono. Ang subdibisyong ito ay hindi dapat gamitin, gayunman, kung may serbisyo sa utang na mababayaran mula sa mga nalikom ng anumang muling nagpopondong mga bono.

998.605. Sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo, para sa mga layunin ng artikulong ito, na isang kabuuang halaga na magiging kapantay ng pareho ng mga sumusunod:

(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inilabas at ibinenta gaya ng itinatadhana rito, habang ang prinsipal at interes ay dapat bayaran at mababayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksyon 998.606, inilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

998.606. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring, sa pamamagitan ng utos ng tagapagpaganap, magawtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng kabuuang pera na hindi dapat humigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite na ibenta alinsunod sa artikulong ito. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Lahat ng perang inihanda sa ilalim ng seksyong ito sa lupon ay dapat ibalik ng lupon sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang interes na kikitain sana ng mga halaga sa Kuwenta ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera, mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito.

998.607. Ang lupon ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera upang gumawa ng pautang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan, para sa mga layuning isakatuparan ang artikulong ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito. Dapat isagawa ng lupon ang anumang mga dokumentong iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Ang mga halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan ng lupon alinsunod sa artikulong ito.

998.608. Sa kahilingan ng lupon, sinusupportahan ng isang pahayag ng mga plano at proyektong inaprobahan ng Gobernador, ang komite ay dapat magpasiya kung maglalabas ng anumang mga bono na inawtorisa sa ilalim ng artikulong ito upang

isakatuparan ang mga plano at proyekto ng lupon, at, kung ganoon, ang halaga ng mga bono na ilalabas at ibebenta. Ang magkakasunod na paglalabas ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang isakatuparan ang mga aksyon nang progresibo, at hindi kailangang ang lahat ng bonong inawtorisang ilabas ay ibenta sa anumang isang pagkakataon.

998.609. (a) Hanggang ang anumang mga bonong inawtorisa sa ilalim ng artikulong ito ay hindi pa natutubos ang Kalihim ng Mga Gawain ng mga Beterano ay dapat, sa pagsasara ng bawat taon ng pananalapi, mag-atas ng isang survey ng pinansiyal na kalagayan ng Dibisyon ng mga Pagbili ng Bukid at Bahay, kasama ng isang inaasahang mga pagpapatakbo ng dibisyon, na gagawin ng isang independiyenteng pampublikong tagapagtuos ng kuwenta na kinikilala. Ang mga resulta ng bawat survey at inaasahan ay dapat iulat nang nakasulat sa pampublikong tagapagtuos ng kuwenta sa Kalihim ng Mga Gawain ng mga Beterano, sa Lupon ng mga Beterano ng California, sa angkop na mga komite sa patakaran na humaharap sa mga gawain ng mga beterano sa Senado at sa Asembleya, at sa komite.

(b) Ang Dibisyon ng mga Pagbili ng Bukid at Bahay ay dapat magbayad sa pampublikong tagapagtuos ng kuwenta para sa mga serbisyo mula sa anumang pera ng dibisyon na maaaring nakadeposito sa Ingat-yaman.

998.610. (a) Ang komite ay maaaring mag-awtorisa sa Ingat-yaman na magbenta ng lahat o bahagi ng anumang mga bono na inawtorisa ng artikulong ito sa panahon o mga panahon na itinatag ng Ingat-yaman.

(b) Tuwing itinuturing ng komite na kailangan para sa isang mabisang pagbebenta ng mga bono, ang komite ay maaaring mag-awtorisa sa Ingat-yaman na magbenta ng anumang isyu ng mga bono nang mas mababa kaysa nakalagay na halaga ng mga ito, sa kabila ng Seksyon 16754 ng Kodigo ng Pamahalaan. Gayunman ang diskuwento sa mga bono ay hindi dapat humigit sa 3 porsiyento ng orihinal na halaga nito.

998.611. Mula sa unang perang nakuha mula sa pagbebenta ng mga bonong itinatadhana rito, dapat na muling ideposito sa Umiikot na Pondo ng Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono, itinatag ng Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang halaga ng lahat ng paggastang ginawa para sa mga layuning tinukoy sa seksyong iyon, at ang perang ito ay maaaring gamitin para sa katulad na layunin at muling bayaran sa kaparehong paraan tuwing ang mga karagdagang pagbebenta ng bono ay ginagawa.

998.612. Anumang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa artikulong ito ay maaaring muling pondohan alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng

Pamahalaan. Kasama sa pag-aproba ng mga botante ng estado sa pagpapalabas ng mga bonong inilalarawan sa dibisyong ito ang pag-aproba sa pagpapalabas ng anumang mga bonong inilabas upang muling pondohan ang anumang mga bonong orihinal na inilabas o anumang dating inilabas na muling nagpopondong mga bono.

998.613. Sa kabila ng anumang tadhana ng batas sa bono, kung ang Ingat-yaman ay magbenta ng mga bono sa ilalim ng artikulong ito kung saan ang abugado sa bono ay naglabas ng isang opinyon na may epekto na ang interes sa mga bono ay maihihiwalay mula sa kabuuang kita para sa layunin ng pederal na buwis sa kita na napapailalim sa anumang mga kondisyon na maaaring italaga, ang Ingat-yaman ay maaaring magtatag ng mga nakahiwalay na kuwenta para sa pamumuhunan ng mga nalikom sa bono at para sa mga kinita sa mga nalikom na iyon, at maaaring gamitin ang mga nalikom at kinitang iyon upang bayaran ang anumang pagsasauli ng bahagi ng ibinayad, multa, o ibang pagbabayad na iniaatas ng pederal na batas o gumawa ng anumang aksyon tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na iniaatas o ipinahihintulot sa ilalim ng pederal na batas na kailangan upang panatilihin ang libre sa buwis na katayuan ng mga bono o upang kumuha ng anumang ibang makakabuti sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

998.614. Ang Lehiislatura sa pamamagitan nito ay nagpapasiya at nagpapahayag na, dahil ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng artikulong ito ay hindi “mga nalikom ng mga buwis” kung paano ginamit ang katawagang iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California, ang pagbabayad ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinapataw ng Artikulo XIII B.

PROPOSISYON 2

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-batas 1827 ng Asembleya ng Regular na Sesyon ng 2017–2018 (Kabanata 41, Mga Batas ng 2018) ay isinumite sa mga tao alinsunod sa Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog at nagdaragdag sa mga seksyon sa Kodigo sa Pampublikong Tulong at mga Institusyon; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa tipo ng pagtanggap at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa tipong italika upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Ang mga botante ay nagpapasiya at nagpapahayag sa pamamagitan nito na ang pabahay ay isang mahalagang bagay para sa pagpapatatag at

1

2

pagbangon mula sa sakit sa isip at nagresulta sa mas mahusay na kinahinatnan para sa mga indibidwal na namumuhay na may sakit sa isip. Ang Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip, isang inisyatibong panukala na pinagtibay ng mga botante bilang Proposisyon 63 sa pambuong-estadong pangkalahatang halalan ng ika-2 ng Nobyembre, 2004, ay dapat susugan upang magtadhana ng paggasta ng mga pondo mula sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip, patungo sa Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan na itinatag alinsunod sa Bahagi 3.9 (nagsisimula sa Seksyon 5849.1) ng Dibisyon 5 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tulong at mga Institusyon, na tumutustos sa pagtatamo, disenyo, konstruksyon, rehabilitasyon, o pangangalaga ng permanenteng sumusuportang pabahay para sa mga indibidwal na namumuhay na may isang malalang sakit sa isip na walang-bahay o nanganganib sa patuloy na kawalan ng bahay.

SEK. 2. Ang Seksyon 1, ang seksyong ito, at ang mga Seksyon 3 hanggang 7, inklusibo, ay dapat makilala, at maaaring tawagin, na Batas ng 2018 na Walang Lugar na Tulad ng Tahanan.

SEK. 3. Ang Seksyon 5849.35 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tulong at mga Institusyon ay sinusugan upang mabasang:

5849.35. (a) Ang awtoridad ay maaaring gumawa ng lahat ng mga sumusunod:

(1) Sumangguni sa komisyong at sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado tungkol sa pagpapatupad ng Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan, kabilang ang pagrepaso ng mga taunang ulat na ipinagkakaloob sa awtoridad ng kagawaran alinsunod sa Seksyon 5849.11.

(2) Pumasok sa isa o higit na *iisang-taon o maraming-taon* na mga kontrata sa kagawaran para sa kagawaran upang magkaloob, at sa awtoridad upang bayaran ang kagawaran para sa pagkaloob, ng mga serbisyong inilarawan sa mga Seksyon 5849.7, 5849.8, at 5849.9, may kaugnayan sa permanenteng sumusuportang pabahay para sa inaasintang ~~populasyon~~ *populasyon at upang magtadhana ng mga pagbabayad sa kagawaran mula sa mga halagang nakadeposito sa Subkuwenta ng Programang Sumusuportang Pabahay na nilikha sa loob ng Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 5890*. Bago pumasok sa anumang kontrata alinsunod sa talataang ito, ang tagapagpaganap na direktor ng awtoridad ay dapat magpadala sa komisyong isang kopya ng kontrata sa pinal na anyo. Ang kontrata ay dapat ituring na inaprobahan ng komisyong maliban kung ito ay umakto sa loob ng 10 araw upang hindi aprobahan ang kontrata.

(3) Sa o bago ang ika-15 ng Hunyo at ika-15 ng Disyembre ng bawat taon, ang awtoridad ay dapat

magsertipika sa Kontroler ng mga halagang iniaatas na bayaran ng awtoridad gaya ng itinatadhana sa Seksyon 5890 para sa sumusunod na anim-na-buwang panahon sa kagawaran alinsunod sa anumang kontrata sa serbisyo na pinasok alinsunod sa talataan (2).

(b) Ang kagawaran ay maaaring gumawa ng lahat ng sumusunod:

(1) Pumasok sa isa o higit na *iisang-taon o maraming-taon* na mga kontrata sa awtoridad upang magkaloob ng mga serbisyong inilarawan sa mga Seksyon 5849.7, 5849.8, at 5849.9, may kaugnayan sa permanenteng sumusuportang pabahay para sa inaasintang ~~populasyon~~ *populasyon at upang tumanggap ng mga pagbabayad mula sa mga halagang nakadeposito sa Subkuwenta ng Programang Sumusuportang Pabahay alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 5890*. Ang mga pagbabayad na natanggap ng kagawaran sa ilalim ng anumang kontrata sa serbisyo na inawtorisa ng talataang ito ay dapat gamitin, bago ang anumang paglalaan o pamamahagi, upang bayaran ang mga utang mula sa awtoridad alinsunod sa Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(2) Pumasok sa isa o higit na mga kasunduan sa utang sa awtoridad bilang seguridad para sa muling pagbabayad ng mga bonong kita na inilabas ng awtoridad alinsunod sa Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan. Dapat ideposito ng kagawaran ang mga nalikom ng mga pautang na ito, hindi kasama ang anumang muling pagtustos na mga pautang upang tubusin, muling pondohan, o iretiro ang mga bono, papasok sa pondo. Ang mga obligasyon ng kagawaran na gumawa ng mga pagbabayad sa ilalim ng mga kasunduan sa pautang na ito ay dapat na mga limitadong obligasyon na mababayaran lamang mula sa mga halagang natanggap alinsunod sa mga kontrata sa serbisyo sa awtoridad.

(3) Maaaring ipangako at italaga ng kagawaran ang karapatan nitong tumanggap ng lahat o bahagi ng mga pagbabayad sa ilalim ng mga kontrata sa serbisyo na pinasok alinsunod sa talataan (1) nang tuwiran sa awtoridad o sa katiwala nito sa bono para sa pagbabayad ng prinsipal, mga hulog, kung mayroon, at interes sa ilalim ng anumang kasunduan sa pautang na inawtorisa ng talataan (2).

(c) Ang Lehislatura sa pamamagitan nito ay nagpapasiya at nagpapahayag ng pareho ng mga sumusunod:

(1) Ang konsiderasyong babayaran ng awtoridad sa kagawaran para sa mga serbisyong ipinagkaloob alinsunod sa mga kontratang inawtorisa ng talataan (2) ng subdibisyon (a) at talataan (1) ng subdibisyon (b) ay patas at makatwiran at para sa interes ng publiko.

(2) Ang mga kontrata sa serbisyo at mga pagbabayad na ginawa ng awtoridad sa kagawaran alinsunod sa isang kontrata sa serbisyo na inawtorisa ng talataan

(2) ng subdibisyon (a) at talataan (1) ng subdibisyon (b) at ang mga kasunduan sa pautang at mga pagbabayad ng pautang na ginagawa ng kagawaran sa awtoridad alinsunod sa isang kasunduan sa pautang na inawtorisa ng talataan (2) ng subdibisyon (b) ay hindi dapat bumuo ng isang utang o pananagutan, o isang pangako ng katapatan at kredito, ng estado o anumang pampulitikang subdibisyon—subdibisyon, maliban sa inaprobahan ng mga botante sa pambuong-estadong pangkalahatang halalan ng ika-6 ng Nobyembre, 2018.

(d) Ang estado sa pamamagitan nito ay nakikipagkasundo sa mga humahawak sa panapanahon ng anumang mga bonong inilabas ng awtoridad alinsunod sa Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan na hindi nito babaguhin, sususugan, o tatakdaan ang mga tadhana ng seksyong ito, *talataan (1) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 5890*, o subdibisyon (b) ng Seksyon 5891 sa anumang paraan na masama sa mga interes ng mga humahawak ng bono hanggang ang alinman sa mga bonong ito ay namamalaging hindi natutubos. Maaaring isama ng awtoridad ang kasunduang ito sa resolusyon, usapan, o ibang mga dokumentong namamahala sa mga bono.

(e) Ang mga kasunduan sa ilalim ng seksyong ito ay hindi sumasailalim sa, at hindi kailangang sumunod sa, mga iniaatas ng anumang ibang batas na angkop sa pagsasagawa ng mga kasunduang ito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Batas sa Kalidad ng Kapitaligiran ng California (Dibisyon 13 (nagsisimula sa Seksyon 21000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot).

(f) Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 10290) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Pampublikong Kontrata ay hindi dapat gamitin sa anumang kontrata na pinasok sa pagitan ng awtoridad at ng kagawaran sa ilalim ng seksyong ito.

SEK. 4. Ang Seksyon 5849.4 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tulong at mga Institusyon ay sinusugan upang mabasang:

5849.4. (a) Ang Pondo ng Walang Lugar na Tulad ng Tahanan ay nililikha sa pamamagitan nito sa loob ng Tesorerya ng Estado at, sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay patuloy na inilalaan sa kagawaran, sa awtoridad, at sa Ingat-yaman para sa mga layunin ng bahaging ito. Ang mga kuwenta at subkuwenta ay maaaring likhain sa loob ng pondo gaya ng kailangan. Hanggang 5 porsiyento ng halagang idineposito sa pondo ang maaaring gamitin para sa mga gastos na pampangasiwaan sa pagpapatupad ng bahaging ito.

(b) Dapat bayaran sa pondo ang mga sumusunod:

(1) Anumang mga pera mula sa pagtanggap ng mga nalikom sa pautang ng kagawaran na galing sa paglalabas ng mga bono ng awtoridad sa ilalim ng

subdibisyon (b) ng Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(2) *Anumang paglalaan o paglipat sa pondo mula sa Pangkalahatang Pondo o ibang mga pondo.*

(2)

(3) Anumang ibang pederal o pang-estadong gawad, o mula sa anumang pribadong donasyon o gawad, para sa mga layunin ng bahaging ito.

(3)

(4) Anumang pagbabayad ng interes, muling pagbabayad ng utang, o ibang pagbabalik ng mga pondo.

SEK. 5. Ang Seksyon 5849.15 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tulong at mga Institusyon ay sinusugan upang mabasang:

5849.15. Ang mga botante ay nagraratipika ng lahat ng sumusunod na tadhana na kaayon ng at bilang pagsulong sa Proposisyon 63, isinabatas ng mga botante sa pambuong-estadong pangkalahatang halalan ng ika-2 ng Nobyembre, 2004, at inaprobahan ang lahat ng mga sumusunod na tadhana para sa mga layunin ng Seksyon 1 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California:

(a) *Kabanata 43 ng mga Batas ng 2016, na nagsusog sa mga Seksyon 5830, 5845, 5847, 5848, 5897, at 5899 at idinagdag ang bahaging ito.*

(b) *Kabanata 322 ng mga Batas ng 2016, na nagdagdag ng Seksyon 15463 sa Kodigo ng Pamahalaan, at sinusugan ang mga Seksyon 5849.1, 5849.2, 5849.3, 5849.4, 5849.5, 5849.7, 5849.8, 5849.9, 5849.11, 5849.14, 5890, at 5891 ng, idinagdag ang Seksyon 5849.35 sa, at pinawalang-bisa at idinagdag ang Seksyon 5849.13 ng, kodigong ito.*

(c) *Ang mga tadhana ng Kabanata 561 ng mga Batas ng 2017 na nagsusog sa alinman sa mga tadhanang tinukoy sa mga subdibisyon (a) at (b).*

(d) *Ang mga susog sa Seksyon 5849.35, 5849.4, at 5890 na ginawa sa pamamagitan ng pagdagdag ng seksyong ito.*

(e) *Ang paglalabas ng Awtoridad ng Pagtustos sa mga Pasilidad na Pangkalusugan ng California ng mga bono sa halagang hindi hihigit sa dalawang bilyong dolyar (\$2,000,000,000) para sa mga layunin ng pagtustos sa permanenteng sumusuportang pabahay alinsunod sa Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan at mga kaugnay na layunin gaya ng nakasaad sa subdibisyon (b) ng Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang paglalabas ng mga bono para sa layunin ng pagtubos, muling pagpopondo, o pagretiro ng mga bono gaya ng nakasaad sa subdibisyon (c) ng Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan, at sa proseso na inilabas ang mga bonong iyon, may garantiya at muling binayaran, gaya ng nakasaad sa mga tadhanang*

tinukoy sa mga subdibisyon (a) hanggang (d), inklusibo.

SEK. 6. Ang Seksyon 5890 ng Kodigo sa mga Pamublikong Tulong at mga Institusyon ay sinusugan upang mabasang:

5890. (a) Ang mga Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ay nililikha sa pamamagitan nito sa Tesorerya ng Estado. Ang pondo ay dapat pangasiwaan ng estado. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, lahat ng pera sa pondo, maliban sa itinatadhana sa subdibisyon (d) ng Seksyon 5892, ay patuloy na inilalaan, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, para sa layuning pondohan ang mga sumusunod na programa at ibang mga kaugnay na aktibidad gaya ng itinalaga ng ibang mga tadhana ng dibisyong ito:

(1) Bahagi 3 (nagsisimula sa Seksyon 5800), ng Batas sa Sistema ng Pangangalaga ng *Kalusugan ng Isip* ng Nasa Hustong Gulang at Mas Matanda.

(2) Bahagi 3.2 (nagsisimula sa Seksyon 5830), Malilikhaing Programa.

(3) Bahagi 3.6 (nagsisimula sa Seksyon 5840), Mga Programang Paghadlang at Maagang Pamamagitan.

(4) Bahagi 3.9 (nagsisimula sa Seksyon 5849.1), Programang Walang Lugar na Tulad ng Tahanan.

(5) Bahagi 4 (nagsisimula sa Seksyon 5850), ang Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ng mga Bata.

(b) Ang pagtatag ng pondong ito at anumang ibang tadhana ng batas na ito na nagtatatag nito o ng mga programang pinopondohan ay hindi dapat ipakahulugan na nagbabago sa obligasyon ng mga plano sa serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at mga polisa sa seguro para sa kapansanan upang magkaloob ng seguro para sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip, kabilang ang mga serbisyong iniaatas sa ilalim ng Seksyon 1374.72 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at Seksyon 10144.5 ng Kodigo sa Seguro, may kaugnayan sa kapantayan sa kalusugan ng isip. Ang batas na ito ay hindi dapat ipakahulugan na nagbabago sa mga tungkulin ng pagbabantay ng Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan o ng mga tungkulin ng Kagawaran ng Seguro tungkol sa pagpapatupad ng mga obligasyong ito ng mga plano at mga polisa ng seguro.

(c) Ang batas na ito ay hindi dapat ipakahulugan na nagbabago o nagbabawas ng kasalukuyang awtoridad o responsibilidad ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado.

(d) Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado ay dapat humingi ng pag-aproba ng lahat ng angkop na pederal na pag-aproba ng Medicaid upang palakihin hanggang maaari ang kahandaan ng mga pederal na pondo at pagiging karapat-dapat ng mga kalahok na

bata, nasa hustong gulang, at nakatatanda para sa pangangalagang medikal na kailangan.

(e) Ang mga kabahagi sa gastos para sa mga serbisyo alinsunod sa Bahagi 3 (nagsisimula sa Seksyon 5800) at Bahagi 4 (nagsisimula sa Seksyon 5850) ng dibisyong ito, ay dapat pagpasiyahan alinsunod sa Magkakatulad na Paraan ng Pagpapasiya ng Kakayahang Magbayad na angkop sa ibang pinopondohan ng publiko na mga serbisyo sa kalusugan ng isip, maliban kung ang Magkakatulad na Paraan na ito ay palitan ng ibang paraan ng pagpapasiya ng mga kabahagi sa pagbabayad, kung saan ang bagong paraan na angkop sa ibang mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay dapat na angkop sa mga serbisyo alinsunod sa Bahagi 3 (nagsisimula sa Seksyon 5800) ang Bahagi 4 (nagsisimula sa Seksyon 5800) ng dibisyong ito.

(f) (1) Ang Subkuwenta ng Programa sa Sumusuportang Pabahay ay nililikha sa pamamagitan nito sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, lahat ng pera sa subkuwenta ay nakareserba at patuloy na inilalaan, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, sa Awtoridad ng mga Pasilidad na Pangkalusugan ng California upang magkaloob ng mga pondo upang matugunan ang mga pinansiyal na obligasyon alinsunod sa anumang mga kontrata sa serbisyo na pinasok alinsunod sa Seksyon 5849.35. Sa kabila ng anumang ibang batas, kabilang ang anumang ibang tadhana ng seksyong ito, hindi lalampas sa huling araw ng bawat buwan, ang Kontroler ay dapat, bago ang anumang paglipat o paggasta mula sa pondo para sa anumang ibang mga layunin para sa susunod na buwan, maglipat mula sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip patungo sa Subkuwenta ng Sumusuportang Programa sa Pabahay ng isang halagang sinertipikahan ng Awtoridad sa mga Pasilidad na Pangkalusugan ng California alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 5849.35, pero hindi dapat humigit sa isang kabuuang halaga na isang daan apatnapung milyong dolyar (\$140,000,000) kada taon. Kung sa anumang buwan ang mga halaga sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ay hindi sapat upang lubos na ilipat sa subkuwenta o ang mga halaga sa subkuwenta ay hindi sapat upang lubos na bayaran ang halagang sinertipikahan ng Awtoridad sa Pagtustos ng mga Pasilidad na Pangkalusugan ng California, ang kakulangan ay dapat dalhin sa susunod na ~~buwan-buwan~~, upang ilipat ng Kontroler kasama ng paglipat na iniaatas ng sinundang pangungusap. Ang mga pera sa Subkuwenta ng Programang Sumusuportang Pabahay ay hindi dapat ipautang sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 16310 o 16381 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(2) Bago ang paglalabas ng anumang mga bono alinsunod sa Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang Lehislatura ay maaaring maglaan para sa paglipat ng mga pondo sa Pondo ng mga

Serbisyo sa Kalusugan ng Isip patungo sa Subkuwenta ng Programang Sumusuportang Pabahay sa isang halagang hanggang isang daan apatnapung milyong dolyar (\$140,000,000) kada taon. Anumang halagang inilaan para sa paglipat alinsunod sa talataang ito at idineposito sa Pondo ng Walang Lugar na Tulad ng Tahanan ay dapat magbawas sa inawtorisa pero hindi inilabas na halaga ng mga bono na maaaring ilabas ng Awtoridad ng Pagtustos sa mga Pasilidad na Pangkalusugan ng California alinsunod sa Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan ng isang kaukulang halaga. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, lahat ng pera sa subkuwenta na inilipat alinsunod sa talataang ito ay nirereserba at patuloy na inilalaan, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, para sa paglipat sa Pondo ng Walang Lugar na Tulad ng Tahanan, upang gamitin para sa mga layunin ng Bahagi 3.9 (nagsisimula sa Seksyon 5849.1). Ang Kontroler ay dapat, bago ang anumang paglipat o paggasta mula sa pondo para sa anumang layunin para sa susunod na buwan pero pagkatapos ng anumang paglipat mula sa pondo para sa mga layunin ng talataan (1), maglipat ng mga perang inilaan mula sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip patungo sa subkuwenta alinsunod sa talataang ito sa mga kapantay na halaga sa susunod na 12-buwang panahon, simula nang hindi mas huli sa 90 araw pagkaraan ng bisa ng pagkakabisa ng paglalaan ng Lehislatura. Kung sa anumang buwan ang mga halaga sa Pondo ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ay hindi sapat upang lubos na ilipat sa subkuwenta o ang mga halaga sa subkuwenta ay hindi sapat upang lubos na bayaran ang halagang inilaan para sa paglipat, alinsunod sa talataang ito, ang kakulangan ay dapat dalhin sa susunod na buwan.

(3) Ang kabuuang halaga ng anumang mga paglipat na inilarawan sa mga talataan (1) at (2) ay dapat humigit sa isang kabuuang apatnapung milyong dolyar (\$140,000,000) kada taon.

(4) Ang talataan (2) ay dapat mawalan ng bisa sa sandaling ang mga bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 15463 ng Kodigo ng Pamahalaan ay ilabas

SEK. 7. Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring susugan sa pamamagitan ng isang dalawang-ikatlong boto ng Lehislatura sa kondisyon na ang mga naturang susog ay kaayon ng at nagsusulong sa hangarin ng batas na ito.

PROPOSISYON 3

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinusumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop at sa Kodigo sa Tubig; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay

nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapatibay ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Ang Dibisyon 38 (nagsisimula sa Seksyon 86000) ay idinaragdag sa Kodigo sa Tubig, upang mabasang:

DIBISYON 38. ANG IMPRA-ISTUKTURA NG PANUSTOS NA TUBIG NG ESTADO, PAGHAHATID NG TUBIG, PROTEKSIYON AT PAGPAPANUMBALIK NG EKOSISTEMA AT HIMPILAN NG TUBIG, AT BATAS NG 2018 SA PROTEKSIYON NG INUMING TUBIG.

KABANATA 1. MAIKLING TITULO

86000. Ang dibisyong ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas ng 2018 sa Panustos na Tubig at Kalidad ng Tubig.

KABANATA 2. MGA PAGPAPASIYA AT PAGPAPAHAYAG

86001. Ang mga tao ay nagpapasiya at nagpapahayag ng mga sumusunod:

(a) Sa ating madalas na masyadong tuyong estado, ang ating mataas ang teknolohiya, pag-agrikultura at urbanisadong ekonomiya ay umaasa sa isang walang-putol at mataas ang kalidad na panustos na tubig. Sa paggawa sa paggamit ng tubig na mas episyente, pagbawas ng pangangailangan ng tubig, pagkakaloob ng bago at magkakaibang panustos na tubig, pagpapahusay ng kalidad ng ating pinagkukunang himpilan ng tubig, at pagprotekta sa mga pangunahing paggamit na pangkapaligiran ng tubig, ang panukalang ito ay titiyak na ang mga makinang pangkabuhayan at pangkapaligiran ng California ay hindi napipigilan ng kakulangan ng tubig.

(b) Ang huling makasaysayang tagtuyot ng California ay nagpakita ng mga seryosong tanong tungkol sa pangmatagalang pagkamaasahan ng ating mga kasalukuyang panustos na tubig. Ang tagtuyot ay nagbibigay-diin sa pangangailangang gamitin ang ating kasalukuyang mga panustos na tubig nang mas episyente, itaas ang mga pamumuhunan sa ating impra-istruktura ng tubig, at mas mabisang isama ang ating sistema ng tubig mula sa mga ulong-tubig patungo sa huling gumagamit.

(c) Ang kalagayan sa tubig ng California ay nangangailangan ng pagpapatupad ng Planong Aksyon sa Tubig ng California upang magkaloob ng mga pangangailangan ng tubig ng mga tao, agrikultura, at kapaligiran. Ang dibisyong ito ay tutulong na magkaloob ng isang mas maaasahang panustos na tubig sa pamamagitan ng pagbawas ng pag-aaksaya, pagtataas ng dami ng tubig na makukuha upang tugunan ang ating mga pangangailangan, at pagpapahusay ng kalidad ng tubig. Ang dibisyong ito ay nagkakaloob din ng karagdagang proteksiyon para sa ating mga komunidad laban sa mga baha.

2

3

(d) Ang dibisyong ito ay magpapatupad ng matitipid na paraan ng pagpapaunlad at konserbasyon ng tubig upang tugunan ang kasalukuyan at panghinaharap ng mga pangangailangan ng tubig ng California sa isang nagbabagong klima, kabilang ang pagtitipon ng paagusan ng kalunsuran at daloy ng tubig bagyo, tubig sa ilalim ng lupa at pag-aalis ng asin sa medyo maalat na tubig, pag-iimbak ng tubig sa ilalim ng lupa, muling paggamit ng tubig, konserbasyon ng tubig, at pamamahala, pagpapanumbalik, pagpapahusay at proteksiyon ng himpilan ng tubig.

(e) Marami sa mga pamumuhunan sa panustos na tubig at kalidad ng tubig na itinatadhana ng dibisyong ito ay tutumbasan ng mga ahensiya at mga tumatanggap ng gawad, higit sa magdodoble sa pagiging mabisa ng pagpopondong ipinagkaloob.

(f) Ang mga ahensiyang nagpapatupad ng dibisyong ito ay magbibigay ng mataas na priyoridad sa matitipid na proyekto at sa pinakamatibay at pinaka kapaki-pakinabang sa kapaligiran na mga proyekto. Ang pagpopondo ay pupunta sa mga proyektong nakakatulong sa pagpapatupad ng Planong aksyon sa Tubig ng California, ang hangarin nito ay itaas ang katatagan ng sistema ng tubig ng California at ang kakayahan ng mga komunidad sa California na kayanin ang mga kalagayan ng tagtuyot.

(g) Ang bawat Taga-California ay may karapatan sa ligtas, malinis, abot-kaya, at madaling makuhang inuming tubig. Sa pagsunod sa Seksyon 106.3, ang mga ahensiyang nagkaloob ng mga pondo para sa ligtas na inuming tubig alinsunod sa dibisyong ito ay tutulong na makamit ang hangarin ng seksyong ito.

(h) Ang dibisyong ito ay nagkaloob ng isang patas at makatwirang pamamahagi ng mga pondo na tuwiran at di-tuwirang pinakikinabangan ng bawat rehiyon ng estado.

(i) Ang dibisyong ito ay nagkaloob ng maikli at matagal na panahon na mabibisang aksyon upang tugunan ang mga kakulangan ng tubig na dulot ng huling tagtuyot, at tutulong na ihanda ang mga lokal na komunidad para sa mga tagtuyot sa hinaharap. Ang mga tagtuyot ay nagbabawas ng mga panustos na tubig para sa mga tao, agrikultura at kapaligiran. Ang dibisyong ito ay tutulong na tugunan ang mga pangangailangan ng tubig ng mga tao, agrikultura, at kapaligiran at gawin ang California na mas matatag sa harap ng nagbabagong klima.

(j) Sa pamamagitan ng pagpapahusay sa kalusugan at pagiging produktibo sa tubig ng mga himpilan ng tubig, ang mga komunidad ay magiging mas nakatatayo sa sarili tungkol sa panustos na tubig, at ang lokal na kalidad na pangkapaligiran ay tataas.

(k) Sa pagtanggap ng mga mapanakop na halaman na tulad ng yellow starthistle, giant reed (*Arundo donax*), at tamarisk, ang panustos na tubig ay madaragdagan at ang tirahan ng isda at ligaw na buhay ay mapapahusay.

(l) Ang pagbaha ay maaaring sumalanta ng mga komunidad at impra-istruktura. Magagamit natin nang

mas mahusay ang mga tubig baha sa pamamagitan ng pagtitipon sa mga tubig at paggamit sa mga ito sa ating mga komunidad, sa ating mga bukid, at sa pamamagitan ng muling pagkakaraga sa mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa. Sa pagkaloob ng mga pondo upang matalinong pamahalaan ang ating mga himpilan ng tubig at bahaing lupa, ang dibisyong ito ay tutulong din na maiwasan ang pinsala ng tubig, pahasayin ang tirahan ng isda at ligaw na buhay, tanggalin ang mga pamparumi mula sa ating panustos na tubig, pahasayin ang tubig sa ilalim ng lupa, muling mamagitan sa mga aquifer at pahasayin ang kapaligiran. Ang mas mahusay na pamamahala ng bahaing lupa ay maaaring magpahintulot ng mas mahusay na pagpapatakbo ng mga imbakan sa salungat sa agos para sa mga layunin ng panustos na tubig.

(m) Ang matitinding kalagayan sa sunog ay maaaring humantong sa malaking pagkaagnas, nabawasang kalidad ng tubig at mga epekto sa impra-istruktura ng tubig. Ang dibisyong ito ay nagkaloob ng pagpopondo upang pamahalaan ang mga gubat at himpilan ng tubig upang bawasan ang panganib ng sunog, pagaanin ang mga epekto ng malalaking sunog sa panustos at kalidad ng tubig, at pahasayin ang mga panustos na tubig.

(n) Ang dibisyong ito ay nagpopondo sa mga sumusunod na programa, na tumutugon sa mga pangangailangan sa tubig ng tao at kapaligiran sa California:

(1) Ang pagpapahusay ng panustos na tubig sa kalidad ng tubig na ginagamit ang matitipid na paraan, kabilang ang konserbasyon ng tubig, pag-aalis ng asin ng tubig sa ilalim ng lupa at ibang maalat na tubig panloob na lupa, pamamahala ng tubig bagyo, muling paggamit ng basurang tubig, at mga katulad na hakbang sa pamamahala ng tubig.

(2) Ang mas mahusay na pamamahala ng gubat at mga himpilan ng tubig ng pastulan, tulad ng sa pamamagitan ng Programang Pagpapahusay ng Himpilan ng Tubig ng Sierra Nevada, upang pahasayin ang disenyo, dami, kalidad ng daloy ng tubig at muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa. Ang pagpapahusay sa kalusugan ng lupa ay nagpapahusay sa kakayahan ng lupa na mas mahusay na magdala ng tubig sa ilalim ng lupa at gawing katamtaman ang antas ng patakas na daloy ng tubig.

(3) Ang mas mahusay na pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa, kabilang ang mas mabilis na pagpapatupad ng Batas sa Maipagpatuloy na Pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa (Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyong 6), at mas mahusay na pagtukoy ng pagkakaugnay sa pagitan ng pang-ibabaw na tubig at tubig sa ilalim ng lupa.

(4) Pagkaloob ng tubig para sa isda at ligaw na buhay, kabilang ang pagpapanumbalik ng Pacific Flyway at pamamahala ng tirahan at isang dinamikong

paraan upang tumugon sa nagbabagong mga kalagayan ng kapaligiran.

(5) Tinaasang kapasidad na maghatid ng tubig na nagreresulta sa mas malaking muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa at pinahusay na paghahatid at paggamit ng mga tubig baha para gamitin sa mga taon ng tagtuyot.

(o) Ang Lupon ng Pagkontrol ng mga Tagapagdulot ng Tubig ng Estado, ang Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay, at maraming iba pang mga ahensiya ay kumilala na ang pagkakaloob ng pagpopondo para sa pagpapahusay ng tirahan ng isda ay mahalaga sa pagpapanumbalik ng mga katutubong populasyon ng isda at ang pag-asa lamang sa daloy upang ibalik ang mga populasyong ito ay hindi magiging sapat. Ang pagkakaloob ng pagpopondo para sa pagpapahusay ng tirahan ng isda ay isang mahalagang pantulong sa mga makatwirang daloy upang protektahan ang isda.

(p) Ang California ay nawalan ng 95 porsiyento ng makasaysayang latian nito. Ang mga latiang ito ay nagkakaloob ng pagkain, tubig, at kanlungan para sa mga dumarayo at iba pang mga ibon, isda, mammal, reptile, amphibian, at malaking bilang ng mga klase ng halaman. Maraming klase na maaaring malagay sa panganib o bantaan kung walang mga latian at marami pa ang mabubuhay lamang dahil sa mga latian na naririto ngayon. Ang dibisyong ito ay nagsasama ng trabaho upang ipagpatuloy at protektahan ang mga kasalukuyang latian na maaaring magdagdag ng mga latian sa California upang suportahan ang nabubuhay na halaman at hayop.

(q) Ang pagpapatupad ng dibisyong ito ay nagreresulta sa mga matitipid sa gastos ng mga lokal na pamahalaan kaagad ng mas mataas nang malaki kaysa isang bilyong dolyar, at bawasan ang mga gastos sa pagpapatakbo ng lokal na pamahalaan ng daan-daang milyong dolyar kada taon. Ang dibisyong ito ay magkakaloob ng pagpopondo na pumapalit sa pagpopondo ng pamahalaan, nagreresulta sa pagpapatupad ng mga proyekto sa mga sumusunod na lugar. Ang mga proyektong ito ay ipatutupad din sa huli ng lokal na pamahalaan.

(1) *Ligtas na Inuming Tubig.* Ang tuwiran at panumbas na mga pondo ng estado ay magbabawas sa gastos ng lokal na pamahalaan sa pagpapatupad ng mga sistema ng paggamot ng inuming tubig at basurang tubig, at sa ilang lawak, sa pagpapatakbo ng mga sistemang iyon.

(2) *Muling Paggamit ng Basurang Tubig* Ang mga pondo ng estado ay magbabawas ng gastos ng mga plantang ito, nagbabawas ng kapital na gastos ng mga proyekto para sa mga lokal na pamahalaan. Sa pagbawas ng mga kapital na gastos ng lokal na pamahalaan, ang gastos sa tubig mula sa mga plantang ito ay mababawasan din. Ang pagpapatupad ng mga planta ng muling paggamit ng basurang tubig ay mag-aantala sa pangangailangan ng mas magastos na mga alternatibong pinagkukunan ng

panustos na tubig, kaya higit na magbabawas ng mga lokal na kapital at mga gastos sa pagpapatakbo.

(3) *Pag-aalis ng Alat ng tubig sa ilalim ng lupa.* Ang mga pondo ng estado ay magbabawas ng gastos ng mga plantang ito, nagbabawas ng kapital na gastos ng mga proyekto para sa mga lokal na pamahalaan. Sa pagbawas ng mga kapital na gastos ng lokal na pamahalaan, ang gastos sa tubig mula sa mga plantang ito ay mababawasan din. Ang pagpapatupad ng mga planta ng muling paggamit ng pag-aalis ng alat sa tubig sa ilalim ng lupa ay mag-aantala sa pangangailangan ng mas magastos na mga alternatibong pinagkukunan ng panustos na tubig, kaya higit na magbabawas ng mga lokal na kapital na gastos at gastos sa pagpapatakbo.

(4) *Konserbasyon ng Tubig.* Ang mga pondo ng estado ay magbabawas ng gastos ng mga proyektong ito, nagbabawas ng gastos ng lokal na pamahalaan. Mas mahalaga, ang nabawasang pangangailangan ng tubig na magiging resulta ng mga proyektong ito ay magbabawas ng mga gastos sa pagpapatakbo at pansamantala o permanenteng mag-aantala ng mga gastos sa konstruksyon at pagpapatakbo ng mas magastos na mga proyektong kapital na paglalaan na kailangan upang magkaloob ng bagong tubig.

(5) *Pagkukumpuni ng mga Imbakan para sa Pagkontrol ng Baha.* Ang mga pondo ng estado ay magbabawas ng gastos ng mga proyektong ito para sa lokal na pamahalaan.

(6) *Mga Pondo ng Awtoridad ng Pagpapanumbalik ng Look ng San Francisco.* Ang pamumuhunan ng estado sa mga proyekto sa latian na nagkakaloob ng proteksiyon sa baha sa paligid ng Look ng San Francisco ay magbabawas ng panganib ng baha na kaugnay ng pagbabago ng klima. Ito ay magbabawas ng gastos sa ibang mga hakbang para sa pagkontrol ng baha, at mas mahalaga ay magbabawas ng pinsala ng baha na madalas na nagreresulta sa napakalaking gastos sa lokal na pamahalaan para sa pagkukumpuni ng pasilidad.

(7) *Pagpopondo sa Tubig Bagyo.* Ang mga regulasyong ipinapataw ng Lupon sa Pagkontrol ng mga Tagapagdulot ng Tubig ng Estado at iba't ibang mga panrehiyong lupon ng pagkontrol sa kalidad ng tubig ay nagreresulta sa konstruksyon ng iba't ibang mga proyektong kapital na paglalaan na nagkakahalaga ng bilyun-bilyong dolyar. Ang pagkakaloob ng mga pondo sa pamamagitan ng panukalang ito ay magbabawas ng gastos sa mga proyekto sa lokal na pamahalaan.

(8) *Pagbabalik ng mga Palaisdaan.* Ang dibisyong ito ay nagkakaloob ng milyon-milyong dolyar para sa pagpapanumbalik ng mga palaisdaan. Ang mga lokal at panrehiyong ahensiya ng tubig ay boluntaryong nagsasagawa ng marami sa mga proyektong ito. Sa pagkakaloob ng mga pondo ng estado, ang dibisyong ito ay magbabawas ng mga lokal na gastos. Bilang karagdagan, ang resultang pagtaas sa mga populasyon ng isda ay gagawing posible na pahusayin

ang mga lokal na panustos na tubig, iiwasan ang mga gastos ng lokal na pamahalaan upang magkaloob ng mga pamalit na panustos na tubig na nagkakahalaga ng daan-daang milyon o maging ng bilyun-bilyong dolyar.

(9) Panrehiyong Pagiging Maasahan ng Bay Area. Ang mga distrito ng tubig sa San Francisco Bay ay nagsasagawa ng malalawak na pagpapahusay sa kanilang mga sistema ng pamamahagi ng tubig upang ikonekta ang kanilang mga panustos na tubig para sa mas malaking pagiging maaasahan ng panustos na tubig sa tagtuyot at ibang mga benepisyo. Sa pagkaloob ng mga pondo para sa programang ito, ang dibisyong ito ay magbabawas ng kanilang gastos ng dalawang daan limampung milyong dolyar (\$250,000,000).

(10) Pagkukumpuni ng Kanal na Friant Kern. Ang sobrang pagkuha ng tubig sa ilalim ng lupa ay nagdulot ng paghupa ng Friant Kern Canal. Ang mga pondo ng estado upang kumpunihin ang kanal ay magbabawas ng gastos sa pagkukumpuni ng kanal sa mga lokal na distrito ng tubig. Ang pag-iwas sa gastos upang tustusan ang proyektong ito ay makakapagtipid ng sampu-sampung milyong dolyar kada taon sa mga gastos sa interes na babayaran sana ng mga distritong ito.

(11) Pagkukumpuni ng Oroville Dam. Bagaman ang mga gastos sa pagkukumpuni ng Oroville Dam ay dapat sagutin ng pederal na pamahalaan sa pamamagitan ng alinman sa Pederal na Ahensiya ng Pamamahala ng Emerhensiya o ng Pangkat ng mga Inhinyero ng Armi ng Estados Unidos, maaaring hindi tuparin ng pederal na pamahalaan ang obligasyong ito. Kung ang mga kontratista ng Sistema ng Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Tubig ng Estado, na mga lokal na ahensiya lahat, ay mapuwersang sagutin ang lahat o bahagi ng mga gastos na ito, ang dibisyong ito ay magbabawas ng kanilang mga gastos ng dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000). Ang mga gastos sa interes ay mababawasan din.

(r) Ang malalaking pondo ay nananatiling dapat ilaan sa mga proyektong pag-iimbak alinsunod sa Dibisyon 26.7 (nagsisimula sa Seksyon 79700). Para sa dahilang ito, at upang hindi makagambala sa trabaho ng Komisyon sa Tubig ng California sa paggawad ng mga pondong ito, ang panukalang ito ay hindi nagsasama ng pagpopondo para sa konstruksiyon ng mga ispesipikong proyektong pag-iimbak.

KABANATA 3. MGA PAGPAPAKAHULUGAN

86002. Maliban kung iba ang iniatas ng konteksto, ang mga pagpapakahulugang nakasaad sa seksyong ito ay namamahala sa konstruksiyon ng dibisyong ito, gaya ng sumusunod:

(a) “Konserbasyon” ay nangangahulugang rehabilitasyon, pagpapatatag, pagpapanumbalik, nabawasang paggamit ng tubig, pagpapaunlad, at

muling pagtatayo, o anumang kombinasyon ng mga aktibidad na ito.

(b) “Mga aksyong konserbasyon sa mga pribadong lupa” ay nangangahulugang mga proyektong ipinatutupad sa mga pumapayag na may-ari ng lupa na kaugnay ang naiaagpang at naiaakmang pamamahala ng mga likas na tagapagdulot bilang tugon sa mga nagbabagong kalagayan at banta sa tirahan at ligaw na buhay. Ang mga pamumuhunan at aksyong ito ay ispesipikong idinisenyo upang lumikha ng mga kalagayan ng tirahan sa mga pribadong lupa na, kapag pinamahalaan nang dinamiko sa paglipas ng panahon, ay tumutulong sa pangmatagalang kalusugan at katatagan ng mahahalagang ekosistema at nagpapahusay ng mga populasyon ng ligaw na buhay.

(c) “Delta” ay nangangahulugang ang Sacramento-San Joaquin Delta gaya ng nilinaw sa Seksyon 12220.

(d) “Kagawaran” ay nangangahulugang ang Kagawaran ng mga Tagapagdulot ng Tubig.

(e) “Desalinasyon” ay nangangahulugang pagtanggap ng asin at ibang mga pamparumi mula sa maruming tubig sa ilalim ng lupa o ibang mga pinanggagalingan ng tubig sa panloob na lupa na nagtataglay ng mga asin, kabilang ang tubig na medyo maalat.

(f) “Mahihirap na komunidad” ay may kahulugang nakasaad sa subdibisyon (a) ng Seksyon 79505.5, na maaaring sinusugan.

(g) “Patakas na daloy sa tuyong panahon” ay nilinaw tulad ng nasa Seksyon 10561.5.

(h) “Lugar na lubhang mahina ang ekonomiya” ay may kahulugang nakasaad sa subdibisyon (k) ng Seksyon 79702, na maaaring sinusugan.

(i) “Komite sa pananalapi” ay nangangahulugang ang Komite sa Pananalapi ng Pagiging Maaasahan ng Panustos na Tubig at Proteksiyon sa Tagtuyot na nilikha ng Seksyon 86182.

(j) “Pondo” ay nangangahulugang ang Pondo ng 2018 ng Pagiging Maaasahan ng Panustos na Tubig at Proteksiyon sa Tagtuyot na nilikha ng Seksyon 86169.

(k) “Ahensiya ng kakayahang maipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa” ay nangangahulugang isang ahensiya na nilinaw sa subdibisyon (j) ng Seksyon 10721.

(l) “Pinag-isang panrehiyong plano sa pamamahala ng tubig” ay nangangahulugang isang masaklaw na plano para sa isang nilinaw na heograpikong lugar na nakatutugon sa mga iniaatas ng Bahagi 2.2 (nagsisimula sa Seksyon 10530) ng Dibisyon 6, na ang bahaging iyon ay maaaring susugan.

(m) “Mapanakop na halaman” ay nangangahulugang isang panlupa at pantubig na halaman na hindi katutubo sa California na wala o kakaunti ang kahalagahan sa agrikultura na gumagawa ng alinman sa mga sumusunod: nang-aagaw ng lugar ng mga

katutubong halaman, nagbabanta sa biyodibersidad ng katutubong halaman, nakakapinsala sa pagiging produktibo ng lupang pang-agrikultura at pangpastol, nagpapahina sa tirahan ng ligaw na buhay, nagdaragdag sa panganib sa sunog, o gumagamit ng mas maraming tubig kaysa mga halamang inaagawan nito ng lugar.

(n) “Proyektong maraming benepisyo” ay nangangahulugang isang proyekto na naglilingkod ng higit sa isang layunin, kabilang ang pero hindi limitado sa pamamahala ng baha, panustos na tubig, pagpapahusay ng kalidad ng tubig, pagpapahusay ng kapaligiran, libangan, konserbasyon ng enerhiya, pagbawas ng emisyon ng mga gas ng pagbabago ng klima, at pagpapahusay ng isda at ligaw na buhay.

(o) “Di-nagtutubong organisasyon” ay nangangahulugang isang organisasyong kuwalipikadong magnegosyo sa California at di-saklaw sa ilalim ng Seksyon 501(c)(3) o Seksyon 501(c)(6) ng Kodigo sa Rentas Internas, kung ipinahihintulot ng pang-estado at pederal na batas.

(p) “Proteksiyon” ay nangangahulugang ang mga aksyong kailangan upang hadlangan ang sira o pinsala sa mga tao, ari-arian o likas na tagapagdulot o mga aksyon na kailangan upang ipahintulot ang patuloy na paggamit at pagtatamasa ng ari-arian o mga likas na tagapagdulot at kabilang ang pagtatamo, pagtatayo, pagpapanumbalik, konserbasyon, pangangalaga, at pagbibigay-kahulugan kung paano nilinaw ang nilinaw sa subdibisyon (i) ng Seksyon 75005 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(q) “Pampublikong ahensiya” ay nangangahulugang isang ahensiya ng estado o kagawaran, espesyal na distrito, awtoridad ng mga pinagsamang kapangyarihan, lungsod, county, lungsod at county, o ibang subdibisyong pampulitika ng estado.

(r) “Mga pampublikong sistema ng tubig” ay nilinaw sa subdibisyon (h) ng Seksyon 116275 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at nangangahulugang panrehiyon, munisipal, at pandistrito na tagatustos ng tubig ng kalunsuran, kabilang ang pribado ang may-ari na mga tagatustos ng tubig gaya ng nilinaw sa Seksyon 10617.

(s) “Pagpapanumbalik” ay nangangahulugang ang pagpapahusay ng mga pisikal na istruktura o pasilidad at, sa kaso ng mga likas na sistema at katangian ng lupa, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga proyektong nagpapahusay na pisikal at ekolohikal na proseco, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkontrol ng pagkaagnas; pamamahala ng sediment; ang pagkontrol at pag-aalis ng mga mapanakop ng klase; itinagubing pagsunog; pagbawas ng panganib ng gatong; pagbabakod laban sa mga banta ng mga kasalukuyan o ibinalik na mga likas na tagapagdulot; pagpapanumbalik ng damuhan, latian, riparian, at sapa; at pagpapahusay ng ibang tirahan ng halaman at ligaw na hayop upang itaas ang halaga ng likas na sistema ng ari-

arian. Kasama sa mga proyekto sa pagpapanumbalik ang pagpapalano, pagsubaybay, at pag-uulat na kinakailangan upang matiyak ang matagumpay na pagpapatupad ng mga layunin ng proyekto.

(t) “Lubhang mahihirap na komunidad” ay nangangahulugang komunidad na may karaniwang kita ng sambahayan na mas mababa sa 60 porsiyento ng karaniwan sa buong estado.

(u) “Programang Pagpapahusay ng Himpilan ng Tubig ng Sierra Nevada” ay isang pinag-uugnay, pinag-isang programa upang ibalik ang kalusugan ng pangunahing himpilan ng California sa pamamagitan ng pagtataas ng bilis at saklaw ng pagpapanumbalik ng gubat upang panatilihin ang mahahalagang benepisyo na ipinagkakaloob ng rehiyon ng Sierra Nevada.

(v) “Lupon ng Estado” ay nangangahulugang Lupon ng Pagkontrol ng mga Tagapagdulot ng Tubig ang Estado.

(w) “Batas sa Bono ng Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado” ay nangangahulugang ang Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(x) “Tubig Bagyo” ay nilinaw tulad ng nasa Seksyon 10561.5.

(y) “Mga Plano sa Tagapagdulot ng Tubig Bagyo” ay nilinaw tulad ng nasa Bahagi 2.3 (nagsisimula sa Seksyon 10560) ng Dibisyon 6.

KABANATA 4. PANANAGUTAN

86003. (a) (1) Ang Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay dapat magkaloob para sa isang independiyenteng pagsusuri ng mga paggasta alinsunod sa dibisyong ito nang hindi kukulangin sa bawat tatlong taon.

(2) Sa o bago ang ika-10 ng Enero, 2020, at bawat anim na buwan pagkaraan, ang Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay dapat maglathala sa website nito ng isang ulat na nagtataglay ng lahat ng sumusunod na impormasyon na may kaugnayan sa dibisyong ito para sa naunang anim na buwan ng impormasyong isinabuod ng seksyon ng dibisyong ito:

(A) Mga pabigat sa pagpopondo.

(B) Buod ng mga bagong proyektong pinopondohan.

(C) Buod ng mga proyektong nakumpleto.

(D) Pagtalakay ng progreso patungo sa pagtugon sa mga sukatan ng tagumpay na itinatag alinsunod sa Seksyon 86157.

(E) Pagtalakay ng mga pangkaraniwang hamon na nararanasan ng mga ahensiya ng estado at mga tumatanggap ng pagpopondo sa pagsasagawa ng mga proyekto.

(F) Pagtalakay ng malalaking nakamit at tagumpay na nararanasan ng mga ahensiya ng estado at tumatanggap ng pagpopondo sa pagsasagawa ng mga proyekto.

(3) Ang subdibisyong ito ay dapat manatiling may bisa hanggang ika-1 ng Enero, 2028 lamang, at sa petsang iyon ay walang bisa.

(b) Ang Kagawaran ng Pananalapi o ng Kontroler, o ng Tagasuri ng Estado ng California sa direksyon ng Lehislatura, ay maaaring magsagawa ng pagsusuri ng mga paggasta ng alinmang ahensiya ng estado na tumatanggap ng pagpopondo alinsunod sa batas na ito.

(c) Dapat humingi ang ahensiya ng estado na nagbibigay ng anumang gawad na may pondong pinahihintulutan ng dibisyong ito ng sapat na pag-uulat ng mga paggasta sa pondo mula sa gawad.

KABANATA 5. PAGPAPAHUSAY NG PANUSTOS NA TUBIG AT KALIDAD NG TUBIG

Artikulo 1. Ligtas na Inuming Tubig

86004. Ang halagang pitong daan limampung milyong dolyar (\$750,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa lupon ng estado para sa mga paggasta, gawad, at pautang upang pahasayin ang kalidad ng tubig o tumulong na magkaloob ng malinis, ligtas, at maaasahang inuming tubig sa lahat ng Taga-California.

86005. Ang mga proyektong karapat-dapat para sa pagpopondo alinsunod sa artikulong ito ay dapat tumulong na pahasayin ang kalidad ng tubig para sa kapaki-pakinabang na paggamit. Ang mga layunin ng artikulong ito ay:

(a) Bawasan ang mga tagakontamina sa mga panustos na inuming tubig anuman ang pinanggalingan ng tubig o ng kontaminasyon.

(b) Tasahin at unahin ang panganib ng kontaminasyon sa mga panustos na inuming tubig.

(c) Tugunan ang malubha at apurahang mga pangangailangan ng mahihirap, rural, o maliliit na komunidad na dumaranas ng kontaminado o hindi sapat na panustos na inuming tubig, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga proyektong tumutugon sa isang emerhensiya sa kalusugan ng publiko.

(d) Gamitin ang ibang pribado, pederal, pang-estado, at lokal na mga pondo sa kalidad ng tubig at paggamot ng basurang tubig.

(e) Magkaloob sa mahihirap na komunidad ng pampublikong impra-istruktura ng iniinom na tubig na nagkaloob ng malinis, ligtas, at maaasahang panustos na inuming tubig na maipagpapatuloy ng komunidad sa matagal na panahon.

(f) Tiyakin ang kakayahang makagamit ng malinis, ligtas, maaasahan, at abot-kayang inuming tubig para sa mga komunidad ng California.

(g) Tugunan ang mga pangunahin at sekundaryong pamantayan sa inuming tubig o tanggalin ang mga tagakontamina na tinukoy ng pang-estado o pederal na pamahalaan upang tugunan ang pangunahin o sekundaryong pamantayan sa inuming tubig.

86006. Ang mga tagakontamina na maaaring tugunan sa pamamagitan ng pagpopondo alinsunod

sa artikulong ito ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga nitrate, perchlorate, MTBE (methyl tertiary butyl ether), arsenic, selenium, hexavalent chromium, mercury, PCE (perchloroethylene), TCE (trichloroethylene), DCE (dichloroethene), DCA (dichloroethane), 1,2,3-TCP (trichloropropane), carbon tetrachloride, 1,4-dioxane, 1,4-dioxacyclohexane, nitrosodimethylamine, bromide, iron, manganese, at uranium.

86007. (a) (1) Sa mga pondong inawtorisa ng Seksyon 86004, limang daang milyong dolyar (\$500,000,000) ay dapat ihanda para sa mga gawad at pautang para sa pagpapahusay ng pampublikong impra-istruktura ng sistema ng tubig at mga kaugnay na aksyon upang tugunan ang mga pamantayan sa ligtas na inuming tubig, tiyakin ang abot-kayang inuming tubig, o pareho. Ang prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong nagkaloob ng paggamot para sa kontaminasyon o daan sa isang panghaliling pinagkukunan o mga pinagkukunan ng inuming tubig para sa maliliit na sistema ng tubig ng komunidad o maliliit na sistema ng tubig ng estado sa mahihirap na komunidad na ang pinagkukunan ng inuming tubig ay pinahina ng mga tagakontaminang kemikal at nitrate at ibang mga panganib sa kalusugan na tinukoy ng lupon ng estado. Ang mga karapat-dapat na tumatanggap ay naglilingkod sa mahihirap na komunidad at mga pampublikong sistema ng tubig o mga pampublikong ahensiya.

(2) Ang mga karapat-dapat na gastusin ay maaaring kabilang ang unang mga gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili para sa mga sistemang naglilingkod sa mahihirap na komunidad. Ang prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong nagkaloob ng magkakasamang solusyon para sa maraming komunidad, kahit na ang isa sa mga ito ay isang mahirap na komunidad na kulang sa ligtas, abot-kayang inuming tubig at pinaglilingkuran ng isang maliit na sistema ng tubig ng komunidad, maliit na sistema ng tubig ng estado, o isang pribadong balon. Ang mga gawad sa konstruksyon ay dapat ilimita sa limang milyong dolyar (\$5,000,000) kada proyekto, maliban sa ang lupon ng estado ay maaaring magtakda ng limitasyon na hindi hihigit sa dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) para sa mga proyektong nagkaloob ng mga panrehiyong benepisyo o kabahagi ang maraming entidad, kabilang ang pagsasama ng dalawa o higit na sistema ng inuming tubig, kahit isa sa mga ito ay dapat na isang maliit na mahirap na komunidad. Hindi hihigit sa 50 porsiyento ng isang gawad ang maaaring ibigay bago ang mga aktuwal na paggasta.

(3) Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang “panimulang gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili” ay nangangahulugang ang mga panimula, karapat-dapat, at maisasauling mga gastos sa ilalim ng kasunduan sa pagpopondo sa konstruksyon na natamo hanggang sa, at kabilang ang, pero hindi limitado sa, panimulang pagsusuri ng pagsisimula ng proyektong ginawa upang ituring

na kumpleto ang proyekto. Ang unang mga gastos sa pagpapatakbo at pagpapanatili ay karapat-dapat tumanggap ng pagpopondo alinsunod sa seksyong ito para sa isang panahon na hindi dapat humigit sa tatlong taon.

(b) Sa mga pondong inawtorisa ng seksyong ito, hanggang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ay dapat makuha para sa mga gawad upang magkaloob sa mga batang mag-aaral ng ligtas na inuming tubig sa ilalim ng programang gawad na inuming tubig para sa mga paaralan alinsunod sa Seksyon 116276 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

86008. Sa mga pondong inawtorisa ng Seksyon 86004, dalawang daan limampung milyong dolyar (\$250,000,000) ay dapat makuha para ideposito sa Pondo ng Gawad sa Maliit na Komunidad ng Umiikot na Pondo ng Pagkontrol sa Pagpaparumi ng Tubig ng Estado na nilikha alinsunod sa Seksyon 13477.6 para sa mga gawad at pautang para sa mga proyektong paggamot sa basurang tubig. Ang prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong naglilingkod sa mahihirap na komunidad at lubhang mahihirap na komunidad, at sa mga proyektong tumutugon sa mga panganib sa kalusugan ng publiko. Ang mga proyekto ay maaaring kabilang, pero hindi limitado sa, mga proyektong tumutukoy, nagpapalano, nagdidisenyo, at nagpapatupad ng mga panrehiyong mekanismo upang isama ang mga sistema ng basurang tubig o magkaloob ng abot-kayang mga teknolohiya sa paggamot.

86009. Sa mga pondong inawtorisa ng Seksyon 86004, hanggang animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) ay dapat ihanda para sa impra-istruktura ng inuming tubig o mga pagpapahusay ng basurang tubig, o pareho, sa pribadong ari-arian, o para sa pansamantalang pagpapalit ng mga panustos na tubig.

(a) Ang mga pondo ay maaaring gamitin para sa mga sumusunod layunin:

(1) Upang magsagawa ng pagsusuri ng kalidad ng tubig ng mga balon ng inuming tubig.

(2) Upang mag-instala at magpalit ng mga lateral, kumpunihin o palitan ang mga pribadong balon o mga sistema ng basurang tubig sa lugar, wastong sarhan ang mga inabandonang balon at impra-istruktura ng sistemang septiko, at magkaloob ng impra-istrukturang kailangan pang ikonekta ang mga tirahan sa isang sistema ng pampublikong tubig o basurang tubig.

(3) Upang palitan ang panloob na instalasyon ng inuming tubig at mga ikinakabit na nagtataglay ng tingga.

(4) Upang magkaloob ng pansamantalang pamalit na mga panustos na inuming tubig.

(b) Ang lupon ng estado ay maaaring magtatag ng isang umiikot na pondo ng utang upang padaliin ang

pagtustos para sa mga aktibidad na ipinahihintulot sa ilalim ng seksyong ito.

(c) Ang prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong tumutulong sa mga may-ari ng bahay na maliit ang kita, kabilang ang mga may-ari ng naililipat na bahay at mahihinang populasyon.

86010. (a) Para sa mga layunin ng paggawad ng pondo sa ilalim ng kabanatang ito, ang isang lokal na gastos na hindi bababa sa 50 porsiyentong bahagi ng kabuuang gastos ng proyekto ay dapat iatas. Maaaring alisin o bawasan ang kinakailangang bahagi sa gastos para sa mga proyektong direktang maghahatid ng benepisyong sa isang komunidad na kulang sa badyet o lugar na mahina ang ekonomiya.

(b) Hindi dapat bababa sa 10 porsiyento ng mga magagamit na pondo alinsunod sa kabanatang ito ang magagamit sa mga proyektong magsisilbi sa mga lubhang mahihirap na komunidad.

(c) Hanggang 15 porsiyento ng mga pondong nakahanda alinsunod sa artikulong ito ay maaaring ilaan para sa teknikal na tulong sa mahihirap na komunidad. Ang lupon ng estado ay dapat magpatakbo ng programang maraming-disiplinang teknikal na tulong para sa maliliit at mahihirap na komunidad na maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, pag-abot at edukasyon, mga pagtasa ng mga pangangailangan, pagrepaso ng mga alternatibong pagharap upang magkaloob sa mga komunidad ng mga serbisyo ng ligtas na inuming tubig o mga basurang tubig, pagpili ng proyekto at disenyo, pagsasanay ng lupon at tagapagpatakbo, at ibang teknikal, para sa pamamahala, at pinansiyal na kapasidad na tulong sa pagtatayo para sa mga utilidad na naglilingkod sa mahihirap na komunidad na may kaugnayan sa pagkaloob sa mga komunidad ng mga serbisyo ng ligtas na inuming tubig o basurang tubig. Ang ahensiya ay maaari ring makipagkontrata sa isang di-nagtutubong organisasyon, distrito ng konserbasyon ng tagapagdulot, o ibang lokal na ahensiya upang magkaloob ng mga serbisyo ng ito.

Artikulo 2. Muling Paggamit at Desalinasyon ng Tubig

86020. Ang halagang apat na raang milyong dolyar (\$400,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa lupon ng estado upang magbigay ng mga gawad at pautang sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 sa isang paligsahang paraan para sa mga proyektong muling paggamit ng basurang tubig. Ang mga gawad alinsunod sa seksyong ito ay maaaring gawin para sa lahat ng sumusunod:

(a) Mga proyektong muling paggamit ng tubig, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pasilidad sa paggamot, pag-iimbak, paghahatid, pagtatapon ng brine, at mga pasilidad ng pamamahagi para sa nainom at dinainom na mga proyektong muling paggamit.

(b) Nakalaang impra-istruktura ng pamamahagi upang maglingkod sa pantahanan, pangkomersiyo,

pang-agrikultura, tirahan isda at ligaw na buhay, at pang-industriyang panghuling gumagamit na proyektong pagpapatibay upang ipahintulot ang paggamit ng niresaykel na tubig.

(c) Mga pagsubok na proyekto para sa bagong naiinom na muling paggamit at teknolohiya ng pagtanggap ng tagakontamina.

(d) Mga proyektong maraming pakinabang na muling ginamit na tubig na nagpapahusay ng kalidad ng tubig.

(e) Maraming benepisyong mga proyektong muling paggamit ng tubig na nagpoprotekta, nagkokonserba, at nagpapanumbalik ng latian at ibang tirahan ng ligaw na buhay.

(f) Ang teknikal na tulong at tulong sa pagsusulat ng gawad na may kaugnayan sa mga ispesipikong proyekto para sa mahihirap na komunidad at mga lugar na mahina ang kabuhayan.

86021. Ang halagang apat na raang milyongdolyar (\$400,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa lupon ng estado upang magbigay ng mga gawad sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 sa isang paligsahang paraan para sa desalinasyon ng medyo maalat na tubig sa ilalim ng lupa, at ibang medyo maalat na tubig na mga proyektong desalinasyon na hindi tuwirang nakakaapekto nang masama sa tirahang riparian, mga bunganga ng ilog, mga baybayin, mga laguna ng baybayin, o mga tubig sa karagatan ng California gaya ng nilinaw ng lupon ng estado. Ang mga gawad alinsunod sa seksyong ito ay dapat sumunod sa mga iniaatas ng seksyong ito, at maaaring gawin para sa lahat ng sumusunod:

(a) Mga pasilidad ng paggamot, pag-iimbak, paghahatid, at pamamahagi. Ang mga proyekto ay maaaring magtanggap ng mga tagakontamina bilang karagdagan sa mga asin, pero dapat na itinatayo at pinataakbo unang-una upang tanggalin ang asin.

(b) Imprastruktura ng pamamahagi upang maglingkod sa pantahanan, pangkomersiyo, pang-agrikultura, tirahan ng isda at ligaw na buhay, at pang-industriyang panghuling gumagamit na proyektong pagpapatibay upang ipahintulot ang paggamit ng tubig na inalisan ng asin.

(c) Mga proyektong maraming pakinabang na pagtanggap ng asin na nagpapahusay ng kalidad ng tubig.

(d) Ang teknikal na tulong at tulong sa pagsusulat ng gawad na may kaugnayan sa mga ispesipikong proyekto para sa mahihirap na komunidad at mga lugar na mahina ang kabuhayan.

(e) Maraming pakinabang na mga proyektong pagtanggap ng asin na nagkakaloob na panustos na tubig para sa latian at ibang tirahan ng ligaw na buhay.

(f) Ang teknikal na tulong at tulong sa pagsusulat ng gawad na may kaugnayan sa mga ispesipikong proyekto para sa mahihirap na komunidad at mga lugar na mahina ang kabuhayan.

86022. Walang gawad na ginawa alinsunod sa artikulong ito na dapat humigit sa 50 porsiyento ng halaga ng proyekto, pero ang iniaatas na ito ay maaaring alisin o bawasan para sa bahaging iyon ng mga proyekto na naglilingkod pangunahin sa mahihirap na komunidad, mga lugar na mahina ang kabuhayan, o tirahan ng ligaw na buhay.

86023. Ang mga proyektong pinopondohan alinsunod sa artikulong ito ay dapat piliin sa isang paligsahang paraan na ang priyoridad ay ibinibigay sa mga sumusunod na pamantayan:

(a) Pagpapahusay ng pagiging maaasahan ng panustos na tubig.

(b) Mga benepisyong kalidad ng tubig at ekosistema na may kaugnayan sa nabawasang pag-asa sa mga dibersiyon mula sa Delta o mula sa mga lokal na ilog at sapa at mga benepisyong may kaugnayan sa pagkakamit ng mga kapaki-pakinabang na paggamit at mga layunin sa kalidad ng tubig sa lokal na tumatanggap na mga tubig.

(c) Mga benepisyong pampublikong kalusugan mula sa pinahusay na kalidad ng inuming o panustos na tubig.

(d) Pagiging matipid, batay sa dami ng tubig na nalilikha kada dolyar na ipinuhunan at ibang pamantayan sa pagiging matipid na pinagtibay ng lupon ng estado.

(e) Pagiging episyente sa enerhiya at mga pagbawas ng emisyon ng gas ng greenhouse.

(f) Mga pagpapahusay ng panustos na tubig o kalidad ng tubig na pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad.

(g) Proteksiyon at pagpapanumbalik ng tirahan ng isda at ligaw na buhay, gayon din ng pagkakaloob ng isang maaasahang panustos na tubig para sa isda at ligaw na buhay.

Artikulo 3. Konserbasyon ng Tubig

86030. Ang halagang tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa mga sumusunod na layunin:

(a) Pambuon-estadong programang pagtanggap ng turf.

(1) Ang programa ay dapat magkaloob ng mga pinansiyal na insentibo sa pampubliko at pribadong may-ari ng ari-arian upang baguhin ang kanilang may irigasyon o tubig na pagpapaganda ng lupa patungo sa matibay sa tagtuyot na mga halaman, kabilang ang angkop na mga halamang mababa ang paggamit ng tubig. Ang kagawaran ay dapat magtakda ng isang pinakamababang halaga na matatanggap ng bawat aplikante, at dapat magpahintulot ng mas malaking mga insentibo sa mga may-ari ng bahay ng maliit ang kita na kung hindi ay hindi makakayang lumahok sa programang pagpapalit na kaugnay ng tubig sa pagpapaganda ng lupa. Hindi kukulangin sa 75 porsiyento ng mga pondong inilaan sa programang ito

ang dapat gastahin sa mga programang pakikinabangan ng mga may-ari ng pantahanang ari-arian. Ang kagawaran ay dapat gumawa ng mga gawad sa mga aplikanteng hindi pantahanan batay sa pagiging mabisa sa paggastang kaugnay ng panustos na tubig. Ang bawat gawad ay dapat magbawas ng pagkonsumo ng tubig nang hindi kukulangin sa 50 porsiyento kumpara sa kasalukuyang paggamit ng tubig.

(2) Ang pinakamatipid na proyekto at ang mga proyektong nagkakaloob ng pinakamalaking pakinabang na pangkapaligiran batay sa pamumuhunan ng estado ay dapat tumanggap ng pinakamataas na priyoridad sa pagpopondo. Ang mga benepisyong pangkapaligiran ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagtatanim ng angkop na matibay sa tagtuyot na katutubo at ibang mga halaman, pagbawas ng pagkonsumo ng tubig, at tumaas na kahandaan ng tubig para sa mga benepisyong pangkapaligiran.

(3) Ang kagawaran ay hindi dapat tumanggi o magbawas ng pagiging karapat-dapat sa mga residenteng naninirahan sa mga lugar ng serbisyo na dating nag-aalay ng pagsasauli ng bahagi ng ibinayad sa pagtanggap ng turf na mga programa sa kondisyon na ang residente ay hindi isang kalahok sa programang ito.

(4) Ang kagawaran ay dapat makipagtulungan sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 at ng Komisyon sa mga Pamublikong Utilidad upang bumuo ng isang mekanismo ng muling pagbabayad nasa singil upang magbayad para sa kabahagi ng gumagamit ng proyektong pagpapalit na kaugnay ng pagpapaganda ng lupa.

(b) Pagtuklas ng tulo.

(1) Ang mga paligsahang gawad sa paraang panumbas sa mga sistema ng pampublikong tubig upang bawasan ang mga tulo sa kanilang mga sistema ng pamamahagi ng tubig, alisin ang mga tulo sa mga sistema ng tubig ng kanilang mga parokyano kung ipinasiya ng tagapagpatakbo ng sistema ng tubig ng kanilang mga parokyano na ang pagtuklas at pag-aalis ng tulo ng parokyano ay isang matipid na paraan upang pahasayin ang panustos na tubig ng tagapagpatakbo ng sistema ng tubig at nagkakaloob ng benepisyo sa publiko, at mag-instala ng instrumentasyon upang matuklasan ang mga tulo sa mga ari-ariang pantahanan, pang-institusyon, at pangkomersiyo. Ang kagawaran ay dapat gumawa ng mga gawad batay sa pagiging matipid na nauukol sa panustos na tubig. Ang mga tagapagpatakbo ng sistema ng tubig na tumatanggap ng mga gawad alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat magbigay ng pinakamataas na priyoridad sa mga programa sa pagtuklas ng tulo at pag-aalis ng basura sa tubig kung ang mahihirap na komunidad ay mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(2) Walang gawad na dapat humigit sa 50 porsiyento ng gastos sa proyekto. Ang pagbahagi sa gastos ay

maaaring bawasan o alisin para sa isang gawad na pangunahing pinakikinabangan ng mga may-ari ng pantahanang ari-arian sa isang mahirap na komunidad o isang lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(c) Pagpapalit ng palikuran. Ang mga paligsahang gawad sa paraang panumbas sa mga sistema ng pampublikong tubig o mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 upang palitan ang mga palikuran gamit ang higit sa tatlong galon kada flush sa mga bagong palikuran na nagkokonserba ng tubig at gumagawa ng pag-flush ng 1.28 galon kada flush o mas mababa. Ang kagawaran ay dapat gumawa ng mga gawad batay sa pagiging matipid na nauukol sa panustos na tubig. Ang mga entidad na tumatanggap ng mga gawad alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat magbigay ng pinakamataas na priyoridad sa mga programa sa pagpapalit ng palikuran ng mahihirap na komunidad at mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(d) Mga metro ng tubig. Instalasyon ng mga metro ng tubig sa mahihirap na komunidad na hindi minemetrohan.

(e) Nakapagtitipid ng enerhiya na konserbasyon ng tubig. Mga mga paligsahang gawad sa panumbas na paraan sa mga sistema ng pampublikong tubig upang magsagawa ng mga proyektong konserbasyon ng tubig na nagtataguyod ng pagtitipid ng enerhiya. Ang mga proyektong ito ay dapat magdokumento ng mga pagbawas ng emisyon ng gas ng greenhouse galing sa mga programang konserbasyon ng tubig. Ang kagawaran ay dapat gumawa ng mga gawad batay sa pagiging matipid na nauukol sa panustos na tubig at gayon din sa mga matitipid na enerhiya. Ang pinakamataas na priyoridad ay dapat ibigay sa mga programa sa mahihirap na komunidad at mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(f) Sa pagpapasiya kung paano ilalaan ang mga pondong inilaan alinsunod sa seksyong ito, ang kagawaran ay dapat magpasiya kung aling mga teknolohiya ay pinakamatipid, lumilikha ng pinakamalaking benepisyo sa kapaligiran, at nagkakaloob ng pinakamaraming benepisyo sa mahihirap na komunidad at mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(g) Anumang entidad na tumatanggap ng isang gawad alinsunod sa seksyong ito ay maaaring gumamit ng mga pondo ng gawad upang itatag ang isang umiikot na pondo mula kung saan ang entidad ay maaaring gumawa ng mga pautang upang ipatupad ng mga programang konserbasyon ng tubig. Ang antas ng interes ay dapat itatag ng entidad, at ang entidad ay maaaring sumingil ng isang makatwirang fee na pampangasiwaan na ibabayad kasama ng interes sa utang sa buong buhay ng utang. Ang mga pagbabayad na ginawa sa mga utang na ginawa alinsunod sa programang ito ay dapat ibalik sa umiikot na pondo upang gamitin para sa mga karagdagang utang upang ipatupad sa mga programang konserbasyon ng tubig. Ang mga utang

na ginawa alinsunod sa seksyong ito ay maaaring hanggang 15 taon, o para sa kapaki-pakinabang na buhay ng proyektong konserbasyon ng tubig, alinman ang mas maikli.

86031. Ang halagang labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Komisyon sa Konserbasyon at Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Enerhiya ng Estado para sa Programang Teknolohiya ng Enerhiya ng Tubig upang padaliin ng paglalagay ng malilikhaing teknolohiya sa pagtitipid ng tubig at enerhiya at tutulong na ipagpatuloy na gawin ang konserbasyon ng tubig na isang bahagi ng buhay sa California.

86032. (a) Ang layunin ng seksyong ito ay tumulong na gawing posible na pahasayin ang mga daloy sa mga tributaryo sa Delta at upang pabilisin ang paglipat ng mga kinonserbang pang-agrikulturang tubig habang pinaliliit ang mga epekto sa mga humahawak ng karapatan sa tubig.

(b) Ang halagang limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa mga panumbas na gawad sa mga lokal na ahensiya upang tumulong sa konstruksyon at pagpapatupad ng mga proyektong konserbasyon ng tubig na pang-agrikultura o para sa mga gawad alinsunod sa Seksyon 79158.

(c) Para sa mga layunin ng pag-aproba ng isang gawad sa ilalim ng seksyong ito, ang kagawaran ay dapat magpasiya kung magkakaroon ng isang netong matitipid ng tubig bilang resulta ng bawat iminungkahing proyekto at kung ang proyekto ay matipid at teknikal na matalino.

(d) Ang isang proyekto sa ilalim ng seksyong ito ay hindi dapat tumanggap ng higit sa limang milyong dolyar (\$5,000,000) sa mga nalikom sa gawad mula sa kagawaran.

(e) Ang kagawaran ay dapat magbigay ng pagtatangi sa pinakamatipid at teknikal na matalinong mga proyekto.

(f) Ang priyoridad ay dapat ibigay sa mga gawad na nagresulta sa matitipid ng tubig na ginagamit upang pahasayin ang kalidad ng isda at ligaw na buhay sa pamamagitan ng nadagdagang mga daloy sa mga tributaryo sa Delta. Ang mga gawad sa pagpapabuti ng pagiging episyente ng panloob na distrito ng tubig para sa ibang mga paggamit at paglipat ay karapat-dapat din sa pagpopondo.

(g) Walang proyektong maaaring magdulot ng masasamang epekto sa isda o ligaw na buhay nang hindi pagagaanin ang mga epektong ito nang mas mababa sa antas na mahalaga. Ang gastos sa mitigasyon ay maaaring isama sa mga pondo ng gawad.

Artikulo 4. Pamamahala ng baha para sa Pinahasay na Panustos na Tubig

86040. (a) Ang halagang dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ay inilalaan mula sa pondo

sa Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley para sa:

(1) Pagpapalaki at pagpapahusay na pangkapaligiran ng mga kasalukuyang daanan ng baha at pasikut-sikot sa loob ng hurisdiksiyon ng Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley, kabilang ang pagkakaloob ng mga pagkakataong panlibangan.

(2) Pagpapahusay ng mga pasilidad ng pagkontrol ng baha at pagpapahusay na pangkapaligiran sa loob ng hurisdiksiyon ng Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley.

(b) Upang maging karapat-dapat sa pagpopondo sa ilalim ng seksyong ito, ang isang proyekto ay dapat magkaloob ng nabawasang panganib sa baha, nabawasang pananagutan, o nabawasang responsibilidad sa pagpapanatili para sa mga ahensiya ng estado o lokal na mga distrito ng pagkontrol ng baha, o pareho.

(c) Ang Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley, ay apat magbigay ng pagtatangi sa:

(1) Ang mga proyektong iyon na pangunahing pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad o mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(2) Mga proyektong maraming benepisyong na idinisenyo upang bawasan ang panganib sa baha at pahasayin ang tirahan ng isda at ligaw na buhay sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga ilog at lupang bahain na gumanap nang likas. Ang mga proyektong ito ay lumilikha ng mga karagdagang benepisyong sa publiko, tumataas na muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa, at pagkakaloob ng mga pagkakataon sa pampublikong libangan.

(3) Ang mga proyektong iyon na kabilang ang mga panumbas na pondo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga panumbas na pondo mula sa ibang mga ahensiya ng estado. Ang mga iniaatas na panumbas na pondo ay maaaring bawasan o alisin kung ang proyekto ay tuwirang pakikinabangan ng mahihirap na komunidad o mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(d) Ang Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley ay maaaring gumawa ng mga gawad sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 upang ipatupad ang seksyong ito.

(e) Ang Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley, ay maaaring gumamit ng hanggang isang milyong dolyar (\$1,000,000) ng mga pondong ito upang bumuo ng isang programatikong permiso para sa awtorisasyon ng pagpapanumbalik ng tirahan at kaugnay na maraming-benepisyong mga proyekto sa pagpapanumbalik ng bahaing lupa na ang pangunahing layunin ay pagpapanumbalik at nakatutugon sa mga pamantayang inilarawan sa mga subdibisyon (a) at (b).

(f) Sa halagang inilaan sa subdibisyon (a), limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ay dapat gawaran para

sa panumbas na gawad sa mga pampublikong ahensiya upang magtayo ng mga pagpapahusay ng pagkontrol sa baha sa mga kasalukuyang dam sa mga ilog sa Sacramento Valley na nagkakaloob ng proteksiyon sa baha sa mga lugar sa kalunsuran. Kung ang mga pondong ito ay hindi iginawad para sa layuning ito bago lumampas ang ika-1 ng Enero, 2032, ang mga ito ay maaaring gamitin para sa ibang mga layunin ng seksyong ito.

86041. (a) Ang halagang isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) ay inilalaan mula sa pondo sa kagawaran para sa mga gawad sa mga lokal na ahensiya sa 50 porsiyento na panumbas upang kumpunihin o muling patakbuhan ang mga imbakan na nagkakaloob ng pagkontrol sa baha bilang isang pangunahing layunin o isang hindi tuwirang epekto ng kanilang pagpapatakbo. Ang mga ginawaran ay dapat magpakita na ang iminumungkahing pagkukumpuni o muling pagpapatakbo ay magtataas ng dami ng tubig na iniimbak sa mga imbakang iyon na maaaring pakinabangan. Walang mga pondong inilalaan sa ilalim ng seksyong ito na dapat gamitin upang dagdagan ang taas ng anumang dam. Mga proyektong pagbabago ng paagusan na hindi nagtataas ng taas ng tagaytay ng dam ay karapat-dapat para sa mga pondo ng gawad.

(b) (1) Upang maging karapat-dapat para sa pagpopondo sa ilalim ng seksyong ito, ang isang proyekto ay dapat magkaloob ng malalaking pagtaas sa mga pagkakataong panlibangan, tulad ng mga landas sa tabi ng mga channel ng ilog, at malalaking netong pagpapahusay sa tirahan ng isda at ligaw na buhay sa at katabi ng channel ng ilog sa ibaba ng agos ng imbakan at, kung katugma ng ligtas na pagpapatakbo ng imbakan, sa loob ng imbakan. Hindi kukulangin sa 10 porsiyento ng mga gastos sa proyekto ay dapat ilaan sa mga layunin ng libangan at tirahan. Ang mga pondo upang isakatuparan ang mga layuning ito ay dapat ilaan ng kagawaran nang tuwiran sa isang konserbansiya ng estado kung may isang konserbansiya na may hurisdiksyon sa lugar ng proyekto. Kung walang konserbansiya, ang Programang mga Parkway ng Ilog California ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay dapat makipagkontrata sa isang karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 upang isakatuparan ang mga layuning ito. Ang ahensiyang nagpapatakbo ng imbakan na kinukumpuni o muling pinatatakbo ay dapat mag-aproba ng mga elementong panlibangan at tirahan ng proyekto at hindi dapat sumingil ng anumang fee sa pagrepaso, pagsusuri ng plano, mga permiso, mga inspeksyon, o anumang ibang mga gastos na kaugnay sa proyekto, at dapat magkaroon ng permanenteng pagpapatakbo at pagpapanatili ng buong proyekto, kabilang ang mga elementong tirahan at panlibangan. Ang mga proyekto ay maaaring kabilang ang mga gawad sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 upang ipatupad ang talataang ito.

(2) Lahat ng gastos na kaugnay ng mga iniaatas ng subdibisyong ito ay maaaring bayaran sa pamamagitan ng mga pondong ipinagkaloob sa mga

lokal na ahensiya ng seksyong ito at hindi kailangang tumbasan ng ahensiya.

(c) Ang mga gawad na ginawa alinsunod sa seksyong ito ay maaaring para sa layunin ng pagpapatibay panlindol.

(d) Walang mga gawad na ginawa alinsunod sa seksyong ito na dapat na para sa pagpapanatili o pagtanggap ng sediment mula sa imbakan o salungat ng agos ng imbakan, maliban kung kailangan upang kumpletuhin ang mga proyektong inawtorisa sa ilalim ng mga subdibisyon (a), (b), at (c).

(e) Ang mga aplikante ay dapat magsertipika na ang mga proyektong binayaran ng mga pondong ipinagkaloob ng seksyong ito ay permanenteng patatakbuhan at pananatilihin.

(f) Ang unang prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad.

(g) Ang mga proyekto upang tumulong sa muling pagpapatakbo ng mga karapat-dapat na imbakan ay dapat magtaas ng panustos na tubig para sa kapaki-pakinabang na paggamit sa pamamagitan ng pagbili at instalasyon ng kagamitan sa pagsukat ng tubig, pagtatamo ng mga sistema ng impormasyon, at sa paggamit ng mga teknolohiya at datos upang pahasayin ang pamamahala ng imbakan.

(h) (1) Ang isang lokal na pampublikong aklatan, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon na tumatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng artikulong ito upang lumikha ng mga pasilidad na panlibangan o tirahan ng ligaw na buhay ay maaaring gumamit ng hanggang 20 porsiyento ng mga pondong iyon upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo na eksklusibong ginagamit upang tumulong na bayaran ang pagpapanatili at pagsubaybay ng mga pasilidad na panlibangan o tirahan ng ligaw na buhay.

(2) Ang isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon na nagtatamo ng interes sa lupa, mga pasilidad na panlibangan o tirahan ng ligaw na buhay sa pamamagitan ng pera mula sa artikulong ito at mga paglipat ng interes sa lupa, mga pasilidad na panlibangan o tirahan ng ligaw na buhay patungo sa ibang pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon ay dapat ding maglipat ng pag-aari ng ipinagkakatiwalang pondo na itinatag upang panatilihin ang interes na iyon sa lupa, mga pasilidad na panlibangan, o tirahan ng ligaw na buhay.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi gagamitin sa mga ahensiya ng estado.

(4) Kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon ay hindi nagtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo alinsunod sa subdibisyong ito, ang ahensiya, tribo o organisasyon ay dapat magsertipika sa ahensiya ng estado na gumagawa ng gawad na kaya nitong panatilihin ang lupa, mga pasilidad na panlibangan, o

tirahan ng ligaw na buhay na tatamuhin o pauunlarin mula sa mga pondong makukuha ng ahensiya, tribo, o organisasyon.

(5) Kung ang interes sa lupa, mga pasilidad na panlibangan, o tirahan ng ligaw na buhay ay kinondena o kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon ay nagpasiya na ang interes sa lupa, mga pasilidad na panlibangan, o tirahan ng ligaw na buhay ay hindi makatupad sa mga layunin kung saan ginasta ang pera mula sa artikulong ito, ang ipinagkakatiwalang pondo at anumang hindi pa nagagastang interes ay inilalaan sa ahensiya na nagkaloob ng pera. Ang mga pondong ibinalik sa ahensiya ay maaaring gamitin lamang para sa mga proyekto alinsunod sa seksyong ito.

(i) Ang kagawaran ay dapat magbigay ng pagtatangi sa mga proyektong iyon na nag-uugnay sa muling pagpapatakbo ng imbakan sa pagkaloob ng tubig para sa muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng kasamang paggamit o ibang isinamang mga proyekto sa tubig sa ibabaw/lupa.

86042. Ang halagang dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Awtoridad sa Pagpapanumbalik ng San Francisco Bay upang magkaloob ng mga panumbas na gawad para sa pamamahala ng baha, pagpapanumbalik ng mga latian, at ibang mga proyektong kaayon ng Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksyon 66704.5) ng Kabanata 5 ng Titulo 7.25 ng Kodigo ng Pamahalaan. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga panumbas na pondo ay maaaring kabilang ang mga pondong ipinagkaloob ng mga lokal na pamahalaan, panrehiyong pamahalaan, pederal na pamahalaan, pribadong partido, o ibang mga pondong nilikom ng Awtoridad sa Pagpapanumbalik ng San Francisco Bay. Walang gawad na dapat humigit sa 50 porsiyento ng gastos sa proyekto.

86043 (a) (1) Ang isang lokal na pampublikong aklatan, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon na tumatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng artikulong ito upang magtamo ng interes sa lupa ay maaaring gumamit ng hanggang 20 porsiyento ng mga pondong iyon upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo na eksklusibong ginagamit upang tumulong na bayaran ang pagpapanatili at pagsubaybay ng interes na iyon sa lupa.

(2) Ang isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon na nagtatamo ng interes sa lupa sa pamamagitan ng pera mula sa artikulong ito at naglipat ng interes sa lupa patungo sa ibang pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon ay dapat ding maglipat ng pag-aari ng ipinagkakatiwalang pondo na itinatag upang panatilihin ang interes na iyon sa lupa.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi gagamitin sa mga ahensiya ng estado.

(b) Kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon ay

hindi nagtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo alinsunod sa subdibisyong (a), ang ahensiya, tribo o organisasyon ay dapat magsertipika sa ahensiya ng estado na gumagawa ng gawad na kaya nitong panatilihin ang lupang tatamuhin mula sa mga pondong makukuha ng ahensiya, tribo, o organisasyon.

(c) Kung ang interes sa lupa ay kinondena o kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon ay nagpasiya na ang interes sa lupa ay hindi makatupad sa mga layunin kung saan ginasta ang pera mula sa artikulong ito, ang ipinagkakatiwalang pondo at anumang hindi pa nagagastang interes ay inilalaan sa ahensiya na nagkaloob ng pera. Ang mga pondong ibinalik sa ahensiya ay maaaring gamitin lamang para sa mga proyekto alinsunod sa kabanatang ito.

Artikulo 5. Pagpopondo para sa Pagsukat ng Tubig at Impormasyon

86048. Ang halagang animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) ay inilalaan mula sa pondo para sa mga sistema ng pagsukat at impormasyon ng tubig, gaya ng sumusunod:

(a) Ang halagang dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ay inilalaan sa kagawaran para sa pagbuo ng mga paraan at instalasyon ng kagamitan sa pagsukat ng tubig upang pahusayin ng mga tantiya ng balanse ng tubig, mga badyet sa tubig, mga dibersiyon, at paggamit ng tubig upang suportahan ang mga paglalaan ng tubig, pamamahala ng tagtuyot, pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa, pamamahala ng kalidad ng tubig, at mga karapatan sa tubig.

(b) Ang halagang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ay inilalaan sa lupon ng estado para sa pagbuo ng mga sistema, teknolohiya, at mga datos na nagpapahusay ng kakayahan ng estado na pamahalaan ang mga karapatan ng tubig. Ang mga sistemang ito ay kabilang, pero hindi limitado sa, pagsasadigital at paghahanda sa 10 milyong pahina ng papel na rekord sa mga karapatan ng tubig sa loob ng lupon ng estado at sa ibang mga repositoryo at sa paglikha ng isang digital na repositoryo para sa dibersiyon ng tubig at paggamit ng mga datos.

(c) Ang halagang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ay inilalaan sa Pondo ng Pangangasiwa ng mga Datos ng Tubig, itinatag alinsunod sa Seksyon 12420, na gagamitin ng kagawaran sa pagsangguni sa lupon ng estado para sa layunin ng paggawa sa impormasyon tungkol sa tubig sa California na magagamit ng isa't isa, kaayon ng Bahagi 4.9 (nagsisimula sa Seksyon 12400) ng Dibisyong 6.

(d) Ang halagang dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) ay inilalaan gaya ng sumusunod:

(1) Limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay inilalaan sa Unibersidad ng California para sa maraming kampus na Inisyatibo sa Pananaliksik sa Seguridad at Kakayahang Makapagpatuloy upang bumuo ng mga pangunahing elemento ng sistema ng

impormasyon sa mga tagapagdulot ng tubig, sa pakikipagtulungan sa kagawaran at sa lupon ng estado.

(2) Limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay inilalaan sa Instituto ng Tubig ng California sa Unibersidad ng Estado ng California, Fresno upang magsagawa ng pananaliksik na hahantong sa pagpapahusay at konserbasyon ng mga panustos na tubig at pinahusay na kalidad ng tubig sa California.

(3) Limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay inilalaan sa Sentro ng Pagsasanay at Pananaliksik sa Irigasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Estado ng California, San Luis Obispo upang magsagawa ng pananaliksik na hahantong sa pagpapahusay at konserbasyon ng mga panustos na tubig at pinahusay na kalidad ng tubig sa California.

(4) Limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay inilalaan sa Opisina ng mga Programa sa Tubig ng Unibersidad ng Estado ng California, Sacramento upang magsagawa ng pananaliksik na hahantong sa pagpapahusay at konserbasyon ng mga panustos na tubig at pinahusay na kalidad ng tubig sa California.

(5) Ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon na tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat magtrabahong magkakasama upang tiyakin na ang kanilang mga pagsisikap ay hindi sumasalungat o nagpapatung-patong, kundi tumutulong sa isa't isa.

Artikulo 6. Pagtitipon at Paggamit ng Patakas na Daloy at Tubig Bagyo sa Kalunsuran

86050. (a) Ang halagang apat na raang milyong dolyar (\$400,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa lupon ng estado para sa mga proyekto upang tipunin at gamitin ang patakas na daloy sa tuyong panahon ng kalunsuran at patakas na daloy ng tubig bagyo. Lahat ng gawad na ginawa alinsunod sa seksyong ito ng lupon ng estado para sa mga proyektong konstruksyon ay dapat na sa mga county, lungsod, isang lungsod at county, o isang awtoridad ng mga pinagsamang kapangyarihan na nagtataglay ng isang lungsod, county, o lungsod at county na may responsibilidad para sa pagkontrol o pamamahala ng baha. Ang lupon ng estado ay maaaring gumasta ng hanggang limampung milyong dolyar (\$50,000,000) para sa mga gawad sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 upang bumuo ng mga plano sa tagapagdulot na tubig bagyo. Ang mga pondong makukuha alinsunod sa seksyong ito ay dapat ilaan sa mga proyektong naglilingkod at nagkakaloob ng isang tuwirang benepisyong sa mahihirap at lubhang mahihirap na komunidad. Ang lupon ng estado ay maaaring gumamit ng mga pondong ito upang gumawa ng mga gawad para sa teknikal na tulong at pag-abot sa mahihirap na komunidad.

(b) Ang halagang tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Konserbansiya ng Tahoe ng California para sa mga

proyekto upang tipunin at gamitin ang patakas na daloy sa tuyong panahon at patakas na daloy ng tubig bagyo sa Lake Tahoe Basin alinsunod sa Titulo 7.42 (nagsisimula sa Seksyon 66905) ng Kodigo ng Pamahalaan.

(c) Ang halagang apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Konserbansiya ng Santa Monica para sa mga proyekto upang tipunin at gamitin ang patakas na daloy sa tuyong panahon at patakas na daloy ng tubig bagyo alinsunod sa Dibisyon 23 (nagsisimula sa Seksyon 33000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot sa lugar na nilinaw sa talataan (2) ng subdibisyon (d) ng Seksyon 86080.

(d) Ang halagang apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Konserbansiya ng San Gabriel and Lower Los Angeles River and Mountains para sa mga proyekto upang tipunin at gamitin ang patakas na daloy sa tuyong panahon at patakas na daloy ng tubig bagyo alinsunod sa Dibisyon 22.8 (nagsisimula sa Seksyon 32600) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(e) Ang halagang apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga proyekto upang tipunin at gamitin ang patakas na daloy ng tuyong panahon at patakas na daloy ng tubig bagyo alinsunod sa Dibisyon 21 (nagsisimula sa Seksyon 31000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(f) Ang mga pondong ginagasta alinsunod sa seksyong ito ay dapat gamitin para sa mga paligsahang gawad para sa proyektong bumubuo, nagpapatupad, o nagpapahusay ng mga maraming benepisyong mga proyekto na tinukoy at inuna sa mga plano sa tagapagdulot na tubig bagyo na kaayon ng Bahagi 2.3 (nagsisimula sa Seksyon 10560) ng Dibisyon 6, bahagi na maaaring susugan, at dapat kabilang ang dami na posible ng mga sumusunod na benepisyong: pagtitipon at paggamot na tubig bagyo o patakas na daloy ng tuyong panahon para sa mga kapaki-pakinabang na paggamit; pagtanggap ng mga tagapagparumi mula sa natipon at ginamot na patakas na daloy; paglikha o pagpapanumbalik ng tirahan o lupa ng parke upang tipunin at gamutin ang tubig bagyo o patakas na daloy ng tuyong panahon para sa mga kapaki-pakinabang na paggamit sa pamamagitan ng paggamit ng mga pinakamahusay na gawain sa pamamahala na nagpapahusay ng kalidad na pangkapaligiran; pagtanggap ng mga pamparumi mula sa natipon at ginamot na patakas na daloy; paglikha o pagpapanumbalik ng tirahan o lupa ng parke; pag-iimbak, pagsala, o paggamit ng natipon at ginamot na patakas na daloy upang dagdagan ang mga lokal na panustos na tubig; paglikha o pagpapanumbalik ng katutubong tirahan, mga landas, lupa ng parke, o ibang likas na bukas na espasyo; pagbawas ng mga isla ng init ng kalunsuran at pagkakaloob ng ibang mga pampublikong pagkakataong panlibangan. Mga

proyektong kabilang ang mga latian at katutubong tirahan o mga elemento ng proyektong idinisenyo upang gayahin o ibalik ang mga likas na pagganap ng himpilan ng tubig ay dapat bigyan ng pinakamataas na priyoridad.

(g) Sa halagang inilalaan alinsunod sa subdibisyon (a), hindi kukulangin sa apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ang dapat ihanda para sa mga proyektong nagbabawas ng daloy ng basura at ibang pamparumi: (1) papaso sa isang Pambansang Pananaliksik sa Reserba ng Bunganga ng Ilog, patungo sa mga dalampasigan, o papasor sa malapit sa baybayin na mga tubig sa baybay-dagat sa County ng San Diego o (2) papasok sa San Diego Bay. Ang priyoridad ay dapat ibigay sa mga proyektong nagbabawas ng daloy ng basura o ibang pamparumi papasok sa isa o higit na mga yunit ng sistema ng parke ng estado.

86051. (a) Ang bawat ahensiya ng estado na tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa artikulong ito ay dapat magtamo ng hindi kukulangin sa 50 porsiyentong kabahagi sa gastos ng mga tumatanggap ng mga pondo ng gawad, pero maaaring alisin o bawasan ang mga iniaatas na panumbas para sa bahaging iyon ng mga proyekto na pangunahing pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad o mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(b) Ang mga proyektong pinopondohan ng seksyong ito ay dapat sumunod sa mga patakaran sa kalidad ng tubig o mga regulasyong pinagtibay ng lupon ng estado o ng panrehiyong lupon ng pagkontrol ng kalidad ng tubig na may hurisdiksyon sa proyekto.

(c) Ang mga gastos sa proyekto ay maaaring kabilang ang pagbuo ng mga kasangkapan sa pagsuporta sa desiyon, pagtatamo ng mga datos, at pagsusuri ng mga datos na sistema ng heograpikong impormasyon upang tukuyin at tayahin ang mga benepisyong at gastos sa posibleng mga proyektong pagtitipon at muling paggamit ng tubig bagyo.

(d) Ang pagtatangi ay dapat igawad sa mga proyektong naglilihis ng tubig bagyo o patakas na daloy ng tuwing panahon mula sa mga paagusang pambagyo o mga channel at ilagay ito sa kapaki-pakinabang na paggamit.

(e) Ang mga ahensiyang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa seksyong ito ay dapat magbigay ng mataas na priyoridad sa mga proyektong pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad. Bawat ahensiyang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa artikulong ito ay dapat maglaan nang hindi kukulangin sa 35 porsiyento ng mga pondong tinatanggap para sa mga proyektong pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad.

(f) Sa pagpapatupad ng artikulong ito, ang bawat ahensiyang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa artikulong ito ay dapat sumangguni sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot tungkol sa pagsasama at pag-uuna sa tirahan, lupa ng parke, bukas na

espasyo, panlibangan, at pampublikong paggamit na mga bahagi ng mga proyektong pagtitipon at muling paggamit ng patakas na daloy na tubig bagyo at tuyong panahon, at dapat humingi ng tulong mula sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot sa pagrepaso at pag-iskor ng mga iminungkahing proyekto.

(g) Ang mga proyekto ay maaaring humadlang sa patakas na daloy ng tubig bagyo at tuyong panahon sa pagpasok sa mga paagusan o channel na pambagyo.

86052. Ang mga entidad na nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 ay karapat-dapat tumanggap ng mga pondo sa ilalim ng mga subdibisyon (b), (c), (d), at (e) ng Seksyon 86050.

86053. Ang mga pondong inilaan alinsunod sa artikulong ito ay maaaring igawad sa isang karapat-dapat na aplikante para sa iisa o maraming maliliit na proyekto na kaayon ng Kabanata 6.5 (nagsisimula sa Seksyon 1650) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, ang kabanata mang ito ay may bisa pa.

Artikulo 7. Pinagsamang Panrehiyong Pamamahala ng Tubig

86054. Ang halagang limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay inilalaan sa kagawaran upang magkaloob ng tuwirang suportang pagpopondo sa inaprobahang mga panrehiyong grupo ng pamamahala ng tubig ng Pinag-isang Panrehiyong Pamamahala ng Tubig (IRWM) para sa layunin ng pagpapanatili ng patuloy na mga pagsisikap na pagpapalano at pagpapatupad ng IRWM, kaya nagpapatuloy ng malalaking pamumuhunan na ginagawa sa pamamagitan ng IRWM para sa panrehiyong pagtutulungan sa pamamagitan ng tubig.

KABANATA 6. MGA PAGPAPAHUSAY NG HIMPILAN NG TUBIG, LUPA, AT PALAISDAAN

Artikulo 1. Pagpapahusay ng Himpilan ng Tubig para sa Panustos na Tubig at Pagpapahusay ng Kalidad ng Tubig

86080. Ang halagang dalawang bilyon tatlong daan limampu't-limang milyong dolyar (\$2,355,000,000) ay inilalaan mula sa pondo upang protektahan, ibalik at pahasayin ang kalusugan ng mga lupang himpilan ng tubig, kabilang ang lupa ng kagubatan (kasama ang mga oak, redwood, at sequoia), lugar na panginginginain, latian, palumpong, tirahang riparian, at ibang mga lupang himpilan ng tubig, kabilang ang lupang pag-aari ng Estados Unidos, upang protektahan at pahasayin ang panustos na tubig at kalidad ng tubig, pahasayin ang kalusugan ng gubat, bawasan ang panganib ng sunog na kaayon ng pinakamahusay na nakahandang agham, pagaanin ang mga epekto ng malalaking sunog sa kalidad ng tubig at panustos na tubig, itaas ang proteksiyon sa baha, muling mamagitan sa mga aquifer, o upang protektahan o ibalik ang mga tagapagdulot na riparian o pantubig. Walang mga gawad na ginawa alinsunod sa seksyong ito na dapat na para sa pagpapanatili o

pagtanggap ng sediment mula sa imbakan o salungat sa agosng imbakan, maliban kung kailangan upang kumpletuhin ang pananaliksik sa larangan na iniaatas alinsunod (a). Ang mga pondo ay dapat ilaan gaya ng sumusunod

(a) Dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) to ng Konserbansiya ng Sierra Nevada para sa proteksiyon, pagpapanumbalik, at pagpapahusay ng mga himpilan ng Sierra Nevada alinsunod sa Dibisyon 23.3 (nagsisimula sa Seksyon 33300) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot at kabilang ang mga layuning nakabalangkas sa Seksyon 33320 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot. Ang mga pondo ay dapat ding gastahin para sa pagpapatupad at upang isulong ang mga hangarin at layunin ng Programang Pagpapahusay ng Himpilan ng Tubig ng Sierra Nevada. Ang mga proyektong karapat-dapat para sa pagpopondo sa ilalim ng Programang Pagpapahusay ng Himpilan ng Tubig ng Sierra Nevada ay maaaring kabilang ang pananaliksik at pagsubaybay upang sukatin ang epekto ng trabaho sa pagpapanumbalik ng gubat sa panustos na tubig, klima, at ibang mga benepisyo, kabilang ang pangmatagalang kalidad ng hangin, kalidad at dami ng tubig, mga emisyon ng gas ng greenhouse, pag-iimbak ng carbon, tirahan, mga gamit na panlibangan, at kasiglahan ng komunidad. Ang mga proyektong pinopondohan sa ilalim ng Programang Pagpapahusay ng Himpilan ng Tubig ng Sierra Nevada ay dapat ibatay sa pinakamahusay na nakahandang agham tungkol sa pagpapanumbalik ng gubat at dapat isagawa upang pahasayin ang panustos na tubig at kalidad ng tubig, upang protektahan at ibalik ang mga ekolohikal na halaga, at upang itaguyod ang mga kondisyon ng gubat na mas matatag sa malaking sunog, pagbabago ng klima, at ibang mga kaguluhan. Ang Konserbansiya ng Sierra Nevada ay maaaring gumawa ng mga gawad sa mga pederal na ahensiya kung ipinasiya nito na ang mga naturang gawad ay ang pinaka-episyenteng paraan upang ipatupad ang hangarin ng dibisyong ito sa pederal na pinamamahalaang mga lupa.

(b) Animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) sa Konserbansiya ng Tahoe ng California para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng Lake Tahoe Basin, alinsunod sa Titulo 7.42 (nagsisimula sa Seksyon 66905) ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga pondo ay dapat gastahin para sa pagpapatupad at upang isulong ang mga hangarin at layunin ng Programang Pagpapahusay ng Kapaligiran ng Lake Tahoe, alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 5096.351) ng Kabanata 1.692 ng Dibisyon 5 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(c) Isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) sa Programang Konserbansiya ng San Francisco Bay Area ng Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng San Francisco Bay Area, alinsunod sa Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksyon 31160) ng

Dibisyon 21 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(d) Isang daan walumpung milyong dolyar (\$180,000,000) para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng mga County ng Los Angeles, Orange, at Ventura gaya ng sumusunod:

(1) Animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) sa Konserbansiya ng San Gabriel and Lower Los Angeles Rivers and Mountains para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng San Gabriel at Lower Los Angeles Rivers alinsunod sa Dibisyon 22.8 (nagsisimula sa Seksyon 32600) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(2) Animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) sa Konserbansiya ng Santa Monica Mountains, para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng Santa Monica Bay, ng Upper Los Angeles River at ng Upper Santa Clara River alinsunod sa Dibisyon 23 (nagsisimula sa Seksyon 33000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot at sa mga himpilan ng tubig na nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 79570.

(3) Tatlungpung milyong dolyar (\$30,000,000) sa Programang Konserbansiya ng Santa Ana River ng Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng Santa Ana River alinsunod sa Kabanata 4.6 (nagsisimula sa Seksyon 31170) ng Dibisyon 21 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(4) Tatlungpung milyong dolyar (\$30,000,000) sa Konserbansiya ng Baldwin Hills para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng Baldwin Hills at Ballona Creek, at para sa mga proyektong upang tipunin ang patakas na daloy ng tuyong panahon at patakas na daloy ng tubig bagyo alinsunod sa Dibisyon 22.7 (nagsisimula sa Seksyon 32550) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(e) Apat na milyong dolyar (\$40,000,000) sa Konserbansiya ng San Diego River para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig sa County ng San Diego alinsunod sa Dibisyon 22.9 (nagsisimula sa Seksyon 32630) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(f) Isang daan tatlungpung-tatlong milyong dolyar (\$135,000,000) ng Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng baybayin alinsunod sa Dibisyon 21 (nagsisimula sa Seksyon 31000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(g) Isang daan limampung milyong dolyar (\$150,000,000) para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng Sacramento at San Joaquin Rivers gaya ng mga sumusunod:

(1) Isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) sa Konserbansiya ng Sacramento-San Joaquin Delta para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng Delta alinsunod sa Dibisyon 22.3 (nagsisimula sa Seksyon 32300) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot. Ang pinakamataas na priyoridad ay dapat ibigay sa mga proyektong pinakikinabangan ng pagpapanumbalik ng mga katutubong klase at nagbabawas ng masasamang epekto ng sobrang pagpasok ng asin. Ang pinakamataas na priyoridad ay ibinibigay din sa mga proyektong nagbabalik ng tirahang mahalaga sa mga klaseng nakalista alinsunod sa pederal na Batas sa Nanganganib na Klase ng 1973 (16 U.S.C. Sek. 1531 at kasunod) at ng Batas sa mga Nanganganib na Klase ng California (Kabanata 1.5 (nagsisimula sa Seksyon 2050) ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop). Ang mga pondo ay maaari ring gamitin para sa pagpapahusay ng mga pampublikong pasilidad na panlibangan sa Delta at para sa mga gawad sa mga lokal na ahensiya at di-nagtutubong organisasyon upang itaas ang daan ng komunidad sa mga parke at pagkakataong panlibangan para sa kulang sa paglilingkod na komunidad sa kalunsuran sa Delta. Ang konserbansiya ay maaaring magpatupad ng mga programang idinisenyo upang bawasan ang mga emisyon ng gas na greenhouse mula sa Delta.

(2) Dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) sa Konserbansiya ng San Joaquin River para sa pagpapatupad ng San Joaquin River Parkway alinsunod sa Dibisyon 22.5 (nagsisimula sa Seksyon 32500) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(3) Tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) sa Pondo ng Konserbansiya ng Lower American River na nilikha ng Seksyon 5845.9 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot. Ang Lupon sa Konserbasyon ng Ligaw na Buhay ay dapat gumamit ng mga pondong ito upang ipatupad ang Kabanata 10.5 (nagsisimula sa Seksyon 5845) ng Dibisyon 5 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(h) Isang daan pitumpung milyong doyar (\$170,000,000) para sa mga parkway ng ilog, gaya ng mga sumusunod:

(1) Pitumpung milyong dolyar (\$70,000,000) sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot para sa mga proyekto alinsunod sa Batas ng 2004 sa mga Parkway ng Ilog ng California (Kabanata 3.8 (nagsisimula sa Seksyon 5750) ng Dibisyon 5 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot). Ang Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay dapat maglaan ng hindi kukulangin sa 65 porsiyento ng mga pondong ito para sa mga proyektong pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad. Sa mga natitirang pondo, ang kalihim ay dapat maghangad na makinabang ang mas mahirap na mga komunidad na hindi kuwalipikado bilang mahihirap na komunidad.

(2) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga gawad sa mga di-nagtutubong organisasyon at mga

lokal na pampublikong ahensiya upang ipatupad ang mga proyektong parkway ng ilog para sa pagpapanumbalik ng tirahan, pampublikong libangan, at pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa kahabaan ng koridor ng Guadalupe River.

(3) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga gawad sa mga di-nagtutubong organisasyon at mga lokal na pampublikong ahensiya upang ipatupad ang mga proyektong parkway ng ilog para sa pagpapanumbalik ng tirahan, pampublikong libangan, at pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa kahabaan ng koridor ng Russian River.

(4) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga gawad sa mga di-nagtutubong organisasyon at mga lokal na pampublikong ahensiya upang ipatupad ang mga proyektong parkway ng ilog para sa pagpapanumbalik ng tirahan, pampublikong libangan, at pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa kahabaan ng koridor ng Santa Clara River.

(5) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga gawad sa mga di-nagtutubong organisasyon at mga lokal na pampublikong ahensiya upang ipatupad ang mga proyektong parkway ng ilog para sa pagpapanumbalik ng tirahan, pampublikong libangan, at pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa kahabaan ng koridor ng Tijuana River.

(6) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga gawad sa mga di-nagtutubong organisasyon at mga lokal na pampublikong ahensiya upang ipatupad ang mga proyektong parkway ng ilog para sa pagpapanumbalik ng tirahan, pampublikong libangan, at pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa kahabaan ng koridor ng Carmel River.

(7) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga gawad sa mga di-nagtutubong organisasyon at mga lokal na pampublikong ahensiya upang ipatupad ang mga proyektong parkway ng ilog para sa pagpapanumbalik ng tirahan, pampublikong libangan, at pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa kahabaan ng koridor ng Napa River.

(8) Labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000) Konserbasyon ng Baybayin ng Estado para sa parkway ng ilog sa loob ng himpilan ng tubig ng San Diego Bay.

(9) Labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa mga proyekto sa parkway ng ilog sa kahabaan ng Santa Margarita River sa County ng San Diego.

(10) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) sa Konserbansiya ng Tahoe ng California upang ipatupad ang pagpapanumbalik ng tirahan, pampublikong libangan, at mga pagpapahusay ng kalidad ng tubig sa kahabaan ng koridor ng Upper Truckee River.

(i) Isang daan limampung milyong dolyar (\$150,000,000) ay dapat ihanda para sa mga proyektong nagpapanumbalik, nagpoprotekta, at nangangalaga ng Los Angeles River at mga tributaryo nito, gaya ng mga sumusunod:

(1) Pitumpu't-limang milyong dolyar (\$75,000,000) sa Konserbansiya ng San Gabriel and Lower Los Angeles Rivers and Mountains alinsunod sa Dibisyon 22.8 (nagsisimula sa Seksyon 32600) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(2) Pitumpu't-limang milyong dolyar (\$75,000,000) sa Konserbansiya ng Santa Monica Mountains alinsunod sa Dibisyon 23 (nagsisimula sa Seksyon 33000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot at Seksyon 79508 ng kodigong ito.

(j) Tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay para sa mga sumusunod:

(1) Para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga himpilan ng tubig ng Sacramento, Smith, Eel, at lamath Rivers at ibang mga ilog ng mga County ng Del Norte, Humboldt, Marin, Mendocino, at Sonoma, at ng Carrizo Plain alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 1300) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(2) Para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga kakahuyan ng oak at lupang pastulan alinsunod sa Dibisyon 10.4 (nagsisimula sa Seksyon 10330) ng Kodigo ng Pampublikong Tagapagdulot at Artikulo 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 1360) ng Kabanata 4 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(3) Para sa pagtatamo at pagpapanumbalik ng tirahang riparian, tirahan ng dumarayong ibon, mga palaisdaan na anadromous, tirahang latian, at ibang mga lupang himpilan ng tubig alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 1300) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(4) Ang mga gawad ay maaaring kabilang ang pagpopondo upang tumulong na tuparin ang mga pangako ng estado na ipatupad ang Mga Plano sa Konserbasyon ng Likas na Komunidad na pinagtibay alinsunod sa Kabanata 10 (nagsisimula sa Seksyon 2800) ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, at malakihang panrehiyong Mga Plano sa Konserbasyon ng Tirahan na pinagtibay sa pederal na Batas sa mga Nanganganib na Klase (16 U.S.C. Sek. 1531 at kasunod).

(5) Sa halagang inihanda alinsunod sa subdibisyong ito, ang halagang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ay dapat ihanda upang tulungan ang mga magsasaka sa pagsasama ng mga aktibidad na pang-agrikultura sa pagpapanumbalik ng himpilan ng tubig at proteksiyon ng ligaw na buhay. Ang prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong kabilang ang mga pakikipagbakasan sa mga distrito ng konserbasyon ng tagapagdulot.

(6) Sa halagang inihanda alinsunod sa subdibisyong ito, ang halagang limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ay inilalaan sa Pondo ng Konserbasyon ng Oak Woodlands na itinatag ng Seksyon 1363 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, at maaaring gastahin alinsunod sa Artikulo 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 1360) ng Kabanata 4 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(7) Sa halagang inihanda alinsunod sa subdibisyong ito, ang halagang tatlung milyong dolyar (\$30,000,000) ay dapat ihanda para sa proteksiyon ng lupang pastulan alinsunod sa Batas sa Proteksiyon ng Lupang Pastulan, Lupang Galaan, ay Lupang Damuhan (Dibisyon 10.4 (nagsisimula sa Seksyon 10330) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot).

(8) Sa halagang inihanda alinsunod sa subdibisyong ito, hindi kukulangin sa animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) ang dapat ihanda para sa mga proyektong nagsusulong ng mga layunin ng konserbasyon ng mga plano sa konserbasyon ng likas na komunidad na pinagtibay alinsunod sa Batas sa Pagpapalano ng Konserbasyon ng Likas na Komunidad (Kabanata 10 (nagsisimula sa Seksyon 2800) ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop). Ang unang prioridad ay dapat ibigay sa mga planong kabilang ang proteksiyon ng mga pantubig na ekosistema. Ang pagpopondo alinsunod sa talataang ito ay dapat gamitin upang pagaanin ang mga obligasyon sa pagpapagaan na iniaatas.

(k) Dalawampu't-limang milyong dolyar (\$25,000,000) sa Konserbansiya ng Coachella Valley Mountains para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng himpilan ng tubig ng Coachella Valley alinsunod sa Dibisyon 23.5 (nagsisimula sa Seksyon 33500) ng Kodigo sa Pampublikong Tagapagdulot.

(l) Isang daan limampung milyong dolyar (\$150,000,000) sa Kagawaran ng mga Parke at Libangan para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga lupang himpilan ng tubig sa loob at nakakaapekto sa mga yunit ng sistema ng parke ng estado, na may mataas na prioridad sa lupa ng redwood at ibang lupa ng gubat na mahalaga sa pagprotekta ng mga daloy ng ilog at sapa at kalidad. Bilang karagdagan sa ibang mga layuning inawtorisa alinsunod sa seksyong ito, ang Kagawaran ng mga Parke at Libangan ay maaaring maglaan ng mga pondo upang pahasayin at itaas ang pagiging episyente at mabisa ng mga sistema ng panustos na tubig at paggamot ng basurang tubig ng estado.

(m) Animnapung milyong dolyar (\$60,000,000) sa Kagawaran ng Konserbasyon para sa mga proyektong pagpapanumbalik at konserbasyon sa mga lupang pang-agrikultura, lupang pastulan, pinamamahalaang latian, at mga lupa ng gubat.

(1) Hindi kukulangin sa labintatlong milyong dolyar (\$13,000,000) ang dapat gamitin para sa mga

gawad alinsunod sa Seksyon 9084 ng Kodigo sa mga Pamublikong Tagapagdulot.

(2) Hindi kukulangin sa tatlumpu't-isang milyong dolyar (\$31,000,000) ang dapat gamitin para sa mga layunin ng Dibisyon 10.2 (nagsisimula sa Seksyon 10200) ng Kodigo sa mga Pamublikong Tagapagdulot.

(3) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang dapat gamitin para sa Programang Gawad sa Tagapag-ugnay ng Himpilan ng Tubig.

(n) Isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) sa Konseho ng Proteksiyon ng Karagatan para sa mga proyektong: (1) nagbabawas ng dami ng mga pamparumi na dumadaloy sa mga dalampasigan, look, estuwaryo ng baybayin, at malapit sa baybayin na mga ekosistema; at (2) protektahan at mga tagapagdulot sa baybayin at malapit sa baybayin na karagatan mula sa mga epekto ng tumataas na lebel ng dagat, mga pag-akyat ng bagyo, pag-aasido ng karagatan at mga kaugnay na panganib, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagtataas ng katatagan ng mga tirahan sa malapit sa baybayin na karagatan. Ang mga proyekto ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga proyektong nagpoprotekta o nagbabalik ng mga dalampasigan, estuwaryo ng baybayin at mga himpilan ng tubig, look, at malapit sa baybayin na mga ekosistema, kabilang ang mga protektadong lugar ng dagat. Sa halagang ito, ang konseho ay dapat gumamit ng hindi kukulangin sa limang milyong dolyar (\$5,000,000) para sa lokal na programa sa baybayin na kaugnay ng pagtaas ng lebel ng dagat na sumusuporta sa mga pagsasapanahon ng lokal na programang baybayin upang tugunan ang pagtaas ng lebel ng dagat, kabilang ang pagmodelo ng pagtaas ng lebel ng dagat, mga pagtasa ng kahinaan, at pagpapalano sa pag-aakma at pagbuo ng patakaran.

(o) Ang halagang dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot, para sa mga proyektong may kaugnayan sa tubig na nagpapatupad ng Programang Pamamahala ng Salton Sea ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot na kaayon ng mga tadhana ng Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksyon 2940) ng Kabanata 13 ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, at bilang pagtupad sa mga obligasyon ng Estado ng California upang sumunod sa mga tadhana ng mga Kabanata 611, 612, 613, at 614 ng Mga Batas ng 2003. Ang mga batas ay pinagtibay upang padaliin ang pagsasagawa at pagpapatupad ng Kasunduan sa Pakikipag-ayos sa Kuwantipikasyon, kabilang ang pagpapanumbalik ng Salton Sea. Ang Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay maaaring gumasta ng mga pondo sa mga proyektong nagkakaloob ng maraming benepisyo ng pagpapanumbalik ng ekosistema, pagpapahusay ng kalidad ng hangin, at pagbangon ng ekonomiya para sa lubhang mahihirap na komunidad.

(1) Sa halagang inilalaan alinsunod sa talataang ito, hindi kukulangin sa dalawampung milyong dolyar

(\$20,000,000) ang dapat ihanda para sa mga layuning kaayon ng Bagong Programang Pagpapaunlad ng Kalidad ng Tubig ng Ilog, Pamublikong Kalusugan, at Parkway ng Ilog, gaya ng inilarawan sa Seksyon 71103.6 ng Kodigo sa mga Pamublikong Tagapagdulot.

(2) Sa halagang inilalaan alinsunod sa seksyong ito, ang halagang isang milyong dolyar (\$1,000,000) ay dapat ihanda para sa isang Pinagsamang Plano sa Himpilan ng Tubig ng Salton Sea na nagkakaloob ng teknikal na tulong para sa, pag-abot sa, at paglahok sa lubhang mahihirap na komunidad.

(p) Limang milyong dolyar (\$5,000,000) sa Konseho ng Pangangasiwa ng Delta para sa Programang Agham ng Delta gaya ng inilarawan sa Seksyon 85280.

(q) Limang milyong dolyar (\$50,000,000) sa kagawaran para sa mga paligsahang gawad ng Programang Pagpapanumbalik ng mga Sapa ng Kalunsuran alinsunod sa Seksyon 7048. Ang kagawaran ay dapat maglaan ng hindi kukulangin sa 65 porsiyento ng mga pondong ito para sa mga proyektong pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad. Sa mga natitirang pondo, ang kalihim ay dapat maghangad na makinabang ang mas mahirap na mga komunidad na hindi kuwalipikado bilang mahihirap na komunidad.

(r) Dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) sa Kagawaran ng Paggugubat at Proteksiyon sa Sunog para sa mga gawad para sa paggugubat sa kalunsuran na namamahala, nagtitipon, o nagkokonserba ng tubig bagyo, muling kargahan ang mga lokal na panustos na tubig sa ilalim ng lupa, o pahasayin ang mga panustos na tubig o kalidad ng tubig sa pamamagitan ng pagsala, pamamahala ng sediment, at pagkontrol ng pagkaagnas alinsunod sa Batas sa Paggugubat sa Kalunsuran ng California (Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 4799.06) ng Bahagi 2.5 ng Dibisyon 4 ng Kodigo sa mga Pamublikong Tagapagdulot).

(s) Labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000) sa Komisyon sa Proteksiyon ng Delta para sa mga paggasta, gawad, o utang para sa mga proyektong nagpapahusay na kalidad ng tubig sa pamamagitan ng pagpapahusay ng paggamot sa basurang tubig sa mga komunidad ng pamana ng Delta, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (f) ng Seksyon 32301 ng Kodigo sa mga Pamublikong Tagapagdulot, at sa mga pasilidad na panlibangan sa Delta. Ang mga pondo ay maaaring gastahin sa mga proyektong pagpapahusay ng basurang tubig na naglilingkod sa mga komunidad ng pamana ng Delta, o mga sambahayan ng komunidad ng pamana ng Delta na may nabibigong sistemang septiko na nagbabanta sa kalidad ng mga panustos na tubig sa ilalim ng lupa o tubig sa ibabaw na ginagamit para sa mga layunin ng kalunsuran, agrikultura, o palaisdaan. Ang mga pondo ay maaari ring ilaan upang pahasayin at itaas ang pagiging episyente at mabisa ng mga sistema ng paggamot ng basurang tubig sa pasilidad na panlibangan. Ang prioridad ay

dapat ibigay sa mga proyektong tumutugon sa mga panganib sa kaligtasan ng publiko. Ang mga proyekto ay maaaring tumukoy, magdisenyo, at magpatupad ng mga panrehiyong mekanismo upang isama ang mga sistema ng basurang tubig o magkaloob ng abot-kayang mga teknolohiya sa paggamot.

(t) Dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) sa Kagawaran ng mga Parke at Libangan para sa mga proyekto na nagkaloob ng daan sa mga ilog para sa hindi motorisadong libangan at para sa mga gawad sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 para sa layuning ito. Ang unang priyoridad ay dapat ibigay sa mga proyekto na kabilang ang mga panumbas na pondo at sa mga proyektong naglilingkod sa mahihirap na komunidad at mga lugar na mahina ang ekonomiya, kabilang man o hindi sa mga ito ang pagbahagi ng gastos.

(u) (1) Dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000) sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay para sa konstruksyon ng isang Pacific Flyway Center sa lugar ng Suisun Marsh, na patatakbuhan ng Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay. Ang Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay ay maaaring makipagkontrata sa isang di-nagtutubong organisasyon upang patakbuhan ang sentro. Ang sentro ay dapat gamitin upang turuan ang publiko tungkol sa kahalagahan ng mga latian ng California, mga lupang pang-agrikultura (kabilang ang palay), at mga lugar na riparian sa pagbibigay ng pakinabang sa waterfowl, mga ibon sa baybayin, katutubong halaman, at hayop, ang halaga ng mga latian sa paghithit ng mga gas na nagdudulot ng pagbabago ng klima, at mga katulad na layuning pang-edukasyon. Ang tagapagpatakbo ng sentro ay dapat gumawa ng mga natatanging pagsisikap upang magdala ng mga tao, at lalo na ang mga estudyante, mula sa mahihirap na komunidad patungo sa sentro para sa mga layuning pang-edukasyon. Kung ang Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay ay nagpapasiya na ang lahat o bahagi ng mga pondong ito ay hindi kailangan upang makumpleto ang proyektong ito, ito ay maaaring maglaan ng hindi kailangang bahagi ng mga pondo sa mga layunin ng subdibisyon (j).

(2) (A) Sa halagang inilalaan ng talataan (1), ang Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay ay maaaring gumawa ng gawad na hanggang apat na milyong dolyar (\$4,000,000) sa isang di-nagtutubong organisasyon na ang pangunahing layunin ay konserbasyon ng ligaw na buhay upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo, ang interes mula dito ay dapat gamitin nang eksklusibo upang patakbuhan ang Pacific Flyway Center at magdala ng mga tao mula sa mahihirap na komunidad sa sentro.

(B) Nang may pag-aproba ng Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay, ang di-nagtutubong organisasyon ay maaaring maglipat ng pagpapatakbo ng Pacific Flyway Center sa ibang di-nagtutubong organisasyon. Kung ang naturang paglipat ay mangyari, ang

ipinagkakatiwalang pondo ay dapat ilipat sa bagong di-nagtutubong organisasyon.

(3) Kung ang mga pondong inilalaan ng seksyon ay hindi nagamit lahat upang itayo ang Pacific Flyway Center bago lumampas ang ika-1 ng Enero, 2028, ang anumang natitirang pondo ay inilalaan sa Lupon ng Konsentrasyon ng Ligaw na Buhay para sa mga layunin ng Seksyon 86123.

(v) Walumpung milyong dolyar (\$80,000,000) sa Konserbansiya ng Baybayin ng Estado para sa pagtanggap ng Matilija Dam, at para sa kaugnay na mga pagpapahusay ng kanal at pagkontrol ng baha, mga pagpapahusay ng panustos na tubig, at mga kaugnay na proyekto sa Matilija Creek at Ventura River, at para sa proyektong parkway ng ilog sa kahabaan ng Ventura River. Ang konserbansiya ay maaaring maggawad ng lahat o bahagi ng mga pondong ito sa County ng Ventura. Ang pinakamataas na priyoridad para sa mga proyektong parkway ng ilog ay dapat na ang mga pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad. Kung ang Konserbansiya ng Baybayin ng Estado ay nagpapasiya na ang lahat o bahagi ng mga pondong ito ay hindi kailangan upang makumpleto ang proyektong ito, ito ay maaaring maglaan ng hindi kailangang bahagi ng mga pondo sa mga layunin ng subdibisyon (f).

(w) Ang halagang dalawampu't-limang milyong dolyar (\$25,000,000) sa Unibersidad ng California para sa Sistema ng Likas na Reserba para sa mga panumbas na gawad para sa pagtatamo ng lupa at para sa konstruksyon at pagpapaunlad ng mga pasilidad na gagamitin para sa pananaliksik at pagsasanay upang pahasayin ang pamamahala ng mga ekosistemang pantubig, mga likas na lupa, at pangangalaga o konserbasyon ng mga tagapagdulot ng ligaw na buhay ng California. Ang priyoridad ay dapat ibigay sa mga proyektong nagsusulong ng pananaliksik sa mga epekto ng pagbabago ng klima, pagbawas ng mga emisyon ng gas na greenhouse, at paggamit ng mga likas na sistema sa mga epekto ng pagbabago ng klima.

(x) (1) Ang halagang limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ay inilalaan mula sa pondo sa Konserbansiya ng Sierra Nevada para sa layunin ng pagbibigay ng mga gawad sa loob ng hurisdiksiyon ng konserbansiya sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 para sa layunin ng pagbawas sa banta ng malalaking sunog na makakaapekto nang masama sa kalusugan ng himpilan ng tubig. Ang mga proyekto ay maaaring para sa layunin ng pagbawas ng mapanganib na gatong, rehabilitasyon ng himpilan ng tubig pagkatapos ng sunog, mga gawain sa pamamahala ng gubat na nagtataguyod ng katatagan sa matinding malaking sunog, pagbabago ng klima, at ibang mga kaguluhan, at pagbuo ng mga lokal na plano upang bawasan ang panganib ng malalaking sunog na makakaapekto nang masama sa kalusugan ng himpilan ng tubig. Ang pagtatangi ay dapat ibigay sa

mga gawad na kabilang ang mga panumbas na pondo, pero ang pagtatanging ito ay maaaring bawasan o alisin para sa mga gawad na pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad o mga lugar na mahina ang ekonomiya.

(2) Ang halagang limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Kagawaran ng Paggugubat at Proteksiyon sa Sunog para sa layunin ng pagbibigay ng mga gawad sa loob ng hurisdiksyon ng Konserbansiya ng Sierra Nevada sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 para sa layunin ng pagbawas sa banta ng malalaking sunog na makakaapekto nang masama sa kalusugan ng himpilan ng tubig. Ang mga proyekto ay maaaring para sa layunin ng pagbawas ng mapanganib na gatong, rehabilitasyon ng himpilan ng tubig pagkatapos ng sunog, mga gawain sa pamamahala ng gubat na nagtataguyod ng katatagan sa matinding malaking sunog, pagbabago ng klima, at ibang mga kaguluhan, at pagbuo ng mga lokal na plano upang bawasan ang panganib ng malalaking sunog na makakaapekto nang masama sa kalusugan ng himpilan ng tubig. Ang pagtatangi ay dapat ibigay sa mga gawad na kabilang ang mga panumbas na pondo, pero ang pagtatanging ito ay maaaring bawasan o alisin para sa mga gawad na pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad o mga lugar na mahina ang ekonomiya.

86083. Kaayon ng ibang mga iniaatas ng artikulong ito, ang mga pondong ginasta alinsunod sa artikulong ito ay maaaring gamitin para sa mga gawad sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166. Ang mga pondong iginawad sa mga karapat-dapat na entidad ay maaaring gamitin para sa mga proyekto sa lupang pag-aari ng isang pang-estado o pederal na ahensiya. Maliban sa mga pondong inilalaan upang gawaran ang mga programa, ang mga pondo ay maaari ring gamitin nang tuwiran ng ahensiya ng estado na tumatanggap ng mga pondo upang ipatupad ang mga proyektong pagpapahusay ng himpilan ng tubig na kaayon ng artikulong ito. Sa paggawa ng mga gawad alinsunod sa artikulong ito, ang mga ahensiya ay dapat magbigay ng mataas na priyoridad sa mga aplikasyon na kabilang ang pagbahagi ng gastos at sa mga gawad na pinakikinabangan ng mga komunidad at mga lugar na mahina ang ekonomiya kasama man sa mga ito ang pagbahagi sa gastos.

86084. (a) Upang maging karapat-dapat ang isang proyekto para sa pagpopondo alinsunod sa artikulong ito, ang proyekto ay dapat magkaroon ng mga benepisyo sa proteksiyon at pagpapanumbalik, panustos na tubig o kalidad ng tubig, o mga benepisyo ng ekosistema na may kaugnayan sa mga ilog, sapa, gubat, lugar ng panginginain, latian o ibang mga tagapagdulong na may kaugnayan sa tubig.

(b) (1) Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa artikulong ito ay maaaring gamitin para sa proteksiyon at pagpapanumbalik ng mga gubat, lugar ng

panginginain, latian, tirahang riparian, mga tagapagdulong ng baybayin, at malapit sa baybayin na tirahan sa karagatan, upang magtamo ng lupa at mga karapatan upang protektahan ang mga tagapagdulong na ito at iwasan ang pagtatayo na maaaring magbawas ng kalusugan ng himpilan ng tubig, at upang gumawa ng ibang mga hakbang na nagpoprotekta o nagpapahusay ng kalidad o dami ng mga panustos na tubig sa ibaba ng agos mula sa proyektong pinopondohan nang buo o bahagi ng artikulong ito. Ang mga proyektong pagpapanumbalik ng gubat, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagbawas ng mapanganib na gatong, rehabilitasyon ng himpilan ng tubig pagkatapos ng sunog, at pamamahala ng gubat at pagtanim ng punongkahoy gamit ang angkop na mga katutubong halaman, ay dapat ibatay sa pinakamahusay na nakahandang agham tungkol sa pagpapanumbalik ng gubat at dapat isagawa upang protektahan at ibalik ang mga halagang ekolohikal at upang itaguyod ang mga kalagayan ng gubat na mas matatag sa malaking sunog, pagbabago ng klima, at ibang mga kaguluhan.

(2) Ang mga aktibidad sa pagbawas ng panganib sa gatong sa mga lupa ng Serbisyo sa Gubat ng Estados Unidos sa Sierra Nevada at katulad na mga uri ng gubat ay dapat na kaayon sa pangkalahatan ng mga layunin ng Programang Pagpapahusay ng Himpilan ng Tubig ng Sierra Nevada at ng pinakamahusay na nakahandang agham, kabilang ang Pangkalahatang Teknikal na Ulat ng Serbisyo sa Gubat ng Estados Unidos PSW-GTW-220, na maaaring isapanahon.

86085. Anumang entidad na tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa artikulong ito na gumagasta ng mga pondo sa mga pribadong lupa ay dapat kumuha ng isang kasunduan o interes sa mga pribadong lupa upang tiyakin na ang layunin ng paggasta ay pinananatili para sa naturang panahon na katapat ng mga pinakamahusay na gawain para sa uri ng proyekto.

86086. (a) (1) Ang isang lokal na pampublikong aklatan, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon na tumatanggap ng pagpopondo alinsunod sa artikulong ito ay maaaring gumamit ng hanggang 20 porsiyento ng mga pondong iyon upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo na eksklusibong ginagamit upang tumulong na bayaran ang pagpapanatili at pagsubaybay ng proyektong iyon.

(2) Ang isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon na nagtatamo ng interes sa isang proyekto sa pamamagitan ng pera mula sa artikulong ito at naglipat ng interes sa proyekto patungo sa ibang pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon ay dapat ding maglipat ng pag-aari ng ipinagkakatiwalang pondo na itinatag upang panatilihin ang interes na iyon sa proyekto.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi gagamitin sa mga ahensiya ng estado.

(b) Kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyan, o di-nagtutubong organisasyon ay hindi nagtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo alinsunod sa subdibisyong (a), ang ahensiya, tribo o organisasyon ay dapat magsertipika sa ahensiya ng estado na gumagawa ng gawad na kaya nitong panatilihin ang proyektong isasagawa gamit ang mga pondong makukuha ng ahensiya, tribo, o organisasyon.

(c) Ang interes mula sa ipinagkakatiwalang pondo ay dapat gamitin lamang upang subaybayan ang pagpapatupad ng isang proyekto at upang panatilihin ang isang proyekto at ang mga benepisyo nito sa panustos na tubig at kalidad ng tubig na ipinatutupad alinsunod sa artikulong ito.

(d) Kung ang interes sa proyekto ay kinondena o kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyan, o di-nagtutubong organisasyon ay nagpasiya na ang interes sa proyekto ay hindi makatupad sa mga layunin kung saan ginasta ang pera mula sa artikulong ito, ang ipinagkakatiwalang pondo at anumang hindi pa nagagastang interes ay inilalaan at dapat ibalik sa ahensiya na nagkaloob ng pera. Ang mga pondong ibinalik sa ahensiya ay maaaring gamitin lamang para sa mga proyekto alinsunod sa kabanatang ito.

86087. Ang mga pondong inilaan alinsunod sa artikulong ito ay maaaring igawad sa isang karapat-dapat na aplikante para sa iisa o maraming maliliit na proyekto na kaayon ng Kabanata 6.5 (nagsisimula sa Seksyon 1650) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, ang kabanata mang ito ay may bisa pa.

86088. Bago lumampas ang ika-30 ng Abril, 2019, ang Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay magrekomenda ng mga tadhana para sa mga patakaran para sa pag-aproba ng gawad sa bawat ahensiya ng estado na tumatanggap ng isang paglalaan alinsunod sa artikulong ito upang tiyakin ang angkop na katatagan ng mga patakaran. Ang bawat ahensiya ay dapat magsaaalang-alang sa mga rekomendasyon ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot habang nagpapatibay sila ng kanilang mga sariling alituntunin.

86089. Ang mga ahensiyang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa artikulong ito ay dapat magbigay ng prioridad sa mga proyektong pinakikinabangan ng katutubong ligaw na buhay, ibon, at ibon ng California.

Artikulo 2. Pamamahala ng Lupa at Tubig para sa Pagpapahusay ng Panustos na Tubig

86090. Ang halagangisang daang milyongdolyar (\$100,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay para sa layunin ng pagbibigay ng mga gawad sa mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyong (a) ng Seksyon 86166 upang pahusayin ang kalidad ng pampubliko at pribadong lupang pastulan, lupang ligaw, lugar ng pangginginain, latian, at pantubig na lugar para sa layunin ng pagtataas ng muling pagkarga sa tubig sa ilalim ng lupa at panustos na tubig mula sa mga lupang iyon at para sa pagpapahusay ng

kalidad ng tubig na kaayon ng pagprotekta at pagpapanumbalik ng mga halagang ekolohikal.

86091. Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa artikulong ito ay maaaring igawad sa isang karapat-dapat na aplikante para sa iisa o maraming maliliit na proyekto na kaayon ng Kabanata 6.5 (nagsisimula sa Seksyon 1650) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, ang kabanata mang ito ay may bisa pa.

86094. Sa paggawa ng mga gawad alinsunod sa artikulong ito, ang Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay ay dapat magbigay na pinakamataas na prioridad sa mga proyektong:

(a) Pinakamatipid sa paglikha ng pinahusay na panustos na tubig o kalidad ng tubig at nagkaloob ng pinakamalaking mga benepisyo sa isda at ligaw na buhay.

(b) Nagsasama ng mga panumbas na pondo.

(c) Pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad o mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(d) Para sa layunin ng pagkontrol at paglipol sa mapanakop na halaman, pagpapanumbalik ng tirahang riparian, mga lugar ng pangginginain at latian, at ibang mga proyektong nagpapahusay ng daloy ng tubig mula sa mga lupa, at nagbabawas ng paggamit ng tubig ng mga mapanakop na klase ng halaman.

86096. Para maging karapat-dapat sa pagpopondo ang isang proyekto alinsunod sa artikulong ito, ang proyekto ay dapat magkaroon ng mga benepisyo sa panustos na tubig o kalidad ng tubig o pareho. Ang isang proyekto na inaasinta ang pagtanggap ng mga mapanakop na halaman upang itaas ang panustos na tubig ay dapat lamang pondohan kung ang aplikante ay gumagarantiya na ang lupa kung saan ang mga halaman ay aalisin ay pananatilihin.

86097. (a) (1) Ang isang lokal na pampublikong aklatan, tribong Indiyan, o di-nagtutubong organisasyon na tumatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng artikulong ito ay maaaring gumamit ng hanggang 20 porsiyento ng mga pondong iyon upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo na eksklusibong ginagamit upang tumulong na bayaran ang pagpapanatili at pagsubaybay ng pinondohang proyekto.

(2) Ang isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyan, o di-nagtutubong organisasyon na nagsasagawa ng isang proyekto sa pamamagitan ng pera mula sa dibisyong ito at hindi na mapanatili ang proyekto ay dapat maglipat ng pag-aari ng ipinagkakatiwalang pondo sa ibang pampublikong ahensiya, tribong Indiyan, o di-nagtutubong organisasyon na handa at kayang magpanatili ng proyektong iyon.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi gagamitin sa mga ahensiya ng estado.

(b) Kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyan, o di-nagtutubong organisasyon ay hindi nagtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo alinsunod

sa subdibisyong (a), ang ahensiya, tribo, o organisasyon ay dapat magsertipika sa ahensiya ng estado na gumagawa ng gawad na kaya nitong panatilihin ang proyekto sa isang angkop na kalagayan.

(c) Ang interes mula sa ipinagkakatiwalang pondo na itinatag mula sa mga pondong nakahanda alinsunod sa seksyong ito ay dapat gamitin lamang upang panatilihin ang isang proyekto at ang mga benepisyong nito sa panustos na tubig at kalidad ng tubig na ipinatutupad alinsunod sa artikulong ito.

(d) Kung ang interes sa proyekto ay kinondena o kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon ay nagpasiya na ang interes sa proyekto ay hindi makatupad sa mga layunin kung saan ginasta ang pera mula sa artikulong ito, ang ipinagkakatiwalang pondo, ang ipinagkakatiwalang pondo at anumang hindi pa nagagastang interes ay inilalaan at dapat ibalik sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay. Ang mga pondong ibinalik ay maaaring gamitin lamang para sa mga proyekto alinsunod sa kabanatang ito.

86098. Sa pagpapatupad ng artikulong ito, ang Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay ay maaaring magkaloob ng mga insentibo sa mga mayari ng lupa para sa mga aksyon na konserbasyon sa mga pribadong lupa o paggamit ng mga mekanismo ng boluntaryong palitan ng kredito ng tirahan.

86099. Hindi kukulangin sa 10 porsiyento ng mga pondong nakahanda alinsunod sa seksyong ito ang dapat ilaan sa mga proyektong nagkaloob ng tuwirang benepisyong sa mahihirap na komunidad. Ang mga benepisyong ito ay maaaring kabilang ang pagpapahusay ng abot, kasama ng ibang mga benepisyong. Ang mga proyektong ito ay maaaring kabilang ang teknikal na tulong, pag-abot, at pagpapalahok sa mahihirap na komunidad.

Artikulo 3. Mga Pangkat ng Konserbasyon

86105. Ang halagang apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Pangkat ng Konserbasyon ng California para sa mga proyekto upang protektahan, ibalik, at pahasayin ang kalusugan ng mga lupang himpilan ng tubig, kabilang ang mga lupa ng gubat, lugar ng pangginginain, latian, palumpong, tirahang riparian, at ibang mga lupang himpilan ng tubig. Ang mga proyekto ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, panrehiyon at pangkomunidad na mga proyektong pagbawas ng panganib ng gatong sa mga pampublikong lupa, pagtanggap ng mga mapanakop na klase, mga proyektong pagpapanumbalik ng sapa, ilog, at riparian. Ang Pangkat ng Konserbasyon ng California ay dapat maglaan ng hindi kukulangin sa 50 porsiyento ng mga pondo alinsunod sa seksyong ito para sa mga gawad sa mga sertipikadong lokal na pangkat ng konserbasyon. Ang mga proyekto ay dapat magpahusay ng kalidad ng tubig, pagiging maasahan ng panustos na tubig, o kalusugan ng riparian o himpilan ng tubig. Ang mga proyekto ay dapat isagawa

sa pakikipag-ugnayan sa isang di-nagtutubong organisasyon o pampublikong ahensiya.

Artikulo 4. Pagbabalik ng mga palaisdaan ng Central Valley

86106. (a) Ang mga tao ng California ay nagpasiya at nagpapahayag na ang proteksiyon, pagpapanumbalik, at pagpapahusay ng mga populasyon ng katutubong isda, kabilang ang anadromous salmonids, ng central valley ay kailangan para sa ekolohikal at pangkabuhayang kalusugan ng Estado ng California.

(b) Ang isda ay nangangailangan pareho ng angkop na tirahan at angkop na inorasang mga daloy sa mga ilog at ang mga tributaryo ng mga ito.

(c) Dapat tandaan ng lupon ng estado ang pagpopondong ipinagkakaloob ng artikulong ito at ang resultang pagpapanumbalik ng tirahan ng isda habang ang lupon ng estado ay nagpasiya ng mga daloy na kailangan upang ibalik ang mga populasyon ng katutubong isda ng central valley at mga palaisdaan.

(d) Maraming pang-estado at pederal na ahensiya, kabilang ang kagawaran, ang Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay, ang Konseho ng Pangangasiwa g Delta, Konserbansiya ng Delta, Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay, Lupon ng Proteksiyon sa Baha ng Central Valley, ang pederal na Kawanihan ng Reklamasyon, ang Serbisyo sa Isda at Ligaw na Buhay ng Estados Unidos, at Pambansang Serbisyo sa mga Palaisdaan sa Dagat, ay naghanda ng mga patakaran at plano upang ibalik ang mga tirahan ng katutubong isda at palaisdaan, pero ang mga patakarang at planong ito ay hindi lubos na pinopondohan.

(e) Maraming pang-estado at pederal na batas ay nag-aatas ng pagpapanumbalik ng tirahan ng mga populasyon ng katutubong isda at palaisdaan, pero ang pagpopondo ay hindi lubos na nakahanda upang isakatuparan ang mga iniaatas ng mga batas na ito.

(f) Ang halagang apat na raang milyong dolyar (\$400,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot para sa pagpapanumbalik ng tirahan ng mga populasyon ng katutubong isda at mga palaisdaan.

(1) (A) Ang Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay dapat maghirang ng isang Komite sa Pagpapayo sa mga palaisdaan ng Central Valley na binubuo ng mga kinatawan mula sa Pagbabakasan sa Tirahan ng Salmon sa Central Valley, angkop na lokal, pang-estado, at pederal na ahensiya ng pamamahala ng isda at tubig at ibang mga ahensiya, mga di-nagtutubong organisasyon, mga organisasyon ng pangkomersiyong pangingsda, unibersidad, lokal na ahensiya, at tribong Indiyang na may-kaugnayang siyentipikong kadalubhasaan, kabilang ang pagkatawan mula sa mas mataas na mga himpilan ng tubig. Ang komite ay dapat magpayo sa kalihim tungkol sa taunang paggasta ng mga pondong inilaan alinsunod sa artikulong ito. Ang komite ay maaaring mangilak ng mga proyekto at mag-utos ng paglikha ng

mga proyekto alinsunod sa artikulong ito, napapailalim sa pag-aproba ng kalihim.

(B) Ang komite ay dapat magtrabaho nang malapit sa mga kinatawan mula sa bawat lunas ng ilog sa central valley, kabilang ang lokal na pamahalaan at mga ahensiya ng tubig, tribong Indiyang, at dinagtutubong organisasyon, upang bumuo ng mga proyektong pinakaangkop sa mga kalagayan sa lunas at tumutugon sa ibang mga iniaatas ng seksyong ito.

(C) Sa pagmungkahi ng mga proyekto, dapat isaalang-alang ng komite ang buong inog ng buhay ng mga klase ng isda na pakikinabangan at dapat isaalang-alang ang inter-aksyon ng mga epekto mga bawat proyekto sa loob ng isang lunas ng ilog na may mga proyekto sa ibang lunas ng ilog. Dapat ding isaalang-alang ng komite ang masasamang epekto na resulta ng mahinang kalusugan ng himpilan ng tubig, kabilang ang matinding malaking sunog at malawak na mortalidad ng punongkahoy.

(2) Ang mga proyektong pinopondohan alinsunod sa seksyong ito ay dapat magtaas ng nakasusuporta sa sarili na mga populasyon ng katutubong isda, o nakatutulong sa kasalukuyang populasyon ng isda para maging nakasusuporta sa sarili sa hinaharap, na may pinakamaliit na iniaatas na mga paggasta upang patuloy na patakbuhan ang proyekto. Walang mga pondo ay maaaring gastahin sa mga pisaan ng itlog ng isda.

(3) Ang komite ay dapat magbigay ng mataas na prioridad sa mga proyektong nagkakaloob ng maraming benepisyo, tulad ng pinahusay na pamamahala ng baha, pinahusay na kalidad ng tubig, pinahusay na panustos na tubig, pinahusay na kakayahang ipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa, at muling pamamagitan sa aquifer, at pagbawas ng emisyon ng mga gas ng greenhouse habang pinahuhusay din ang mga kalagayan para sa mga katutubong klase ng isda at ang kanilang mga tirahan. Ang komite ay dapat ding magbigay ng mataas na prioridad sa mga proyektong maisasama sa isang kasalukuyang rehimen ng daloy at magkaloob ng mga benepisyo sa maraming klase sa isang abot ng mga kondisyon ng daloy. Ang komite ay dapat ding magbigay ng mataas na prioridad na kaayon ng plano sa pagbangon at mga istrategiya sa katatagan para sa mga katutubong klase ng isda sa California.

(4) Ang mga paggasta ay dapat na para mga proyektong kapital na paglalaan na tulad ng mga karapatan sa paggamit para sa konserbasyon, pagsukat ng tubig na kailangan upang sukatin ang mga epekto ng proyekto, mga proyektong nagbabalik o nagpapatunay ng tirahan ng mga palaisdaan tulad ng pagpapalawak ng lupang bahain, muling pagpapasok ng isda sa kanilang makasaysayang tirahan, pinahusay na mga pagkakataon sa pagdaan ng isda, paglikha o pagpapahusay ng tirahan ng pagbibinhi at pag-aalaga, at ibang mga proyekto. Ang pagtatamo ng lupa o mga karapatan sa paggamit bilang bahagi ng isang proyektong pagpapahusay ng palaisdaan ay dapat na

mula sa mga pumapayag magbenta. Ang mga gastos sa proyekto ay dapat kabilang ang mga gastos sa pagpapalano, pagrepasong pangkapaligiran, mitigasyon ng mga epekto ng proyekto, at pagbibigay ng permiso. Ang mataas na prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong nagkakaloob ng daan sa nasa hustong gulang at kabataan sa o pagdaan ng isda sa pamamagitan ng mga bukid na pang-agrikultura o lupang bahain ng mga tirahan na magkakaloob ng pinahusay na pag-aalaga ng kabataan at mga pagkakataon sa paglikha ng pagkain.

(5) Sa mga pondong inawtorisa ng seksyong ito, ang Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay maaaring maglaan ng hanggang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) para sa isa o higit na mga gawad para sa kapital na paglalaan at mga kaugnay na layuning pagprograma sa mga institusyon ng mas mataas na edukasyon para sa mga pasilidad na magagamit upang pahasayin ang siyentipiko at teknikal na koordinasyon, komunikasyon at pagsasanay sa mga institusyong ito, ang kagawaran, ang Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay, ang lupon ng estado at ibang mga ahensiya ng estado upang tiyakin na ang mga pagpapaunlad sa agham ng ekosistema at palaisdaan ay inilalagay at ginagamit sa lahat ng institusyon ng mas mataas na edukasyon at mga ahensiyang ng pamahalaan ng estado.

(g) Batay sa mga rekomendasyon ng komite, ang Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay maaaring gumawa ng mga gawad sa anumang pang-estado o lokal na ahensiya, tribong Indiyang, o dinagtutubong organisasyon upang isakatuparan ang layunin ng seksyong ito. Ang kalihim ay dapat magbigay ng mataas na prioridad sa mga proyekto na kabilang ng mga panumbas na pondo, mga proyekto ang ahensiya ang namumunong ahensiya, at mga proyektong sumusuporta sa mga iminumungkahing aksyon sa Istratehiya sa Katatagan ng Salmon sa Sacramento Valley (gaya ng inilathala ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot noong Hunyo 2017, na maaaring susugan), ang Plano sa Pagbangon ng Salmon at Steelhead sa Central Valley ng California na inilathala ng Pambansang Serbisyo sa mga Palaisdaan sa Dagat, at ibang mga katulad na istrategiya habang pinagtitiyag ang mga ito.

(h) Sa halagang inilalaan alinsunod sa seksyong ito, hindi kukulangin sa tatlung-tatlimang milyong dolyar (\$35,000,000) ay dapat ihanda para sa mga proyekto upang ibalik ang mga ilog at sapa bilang suporta sa mga palaisdaan at ligaw na buhay, kabilang ang, pero hindi limitado sa, muling pagkonekta ng mga ilog sa kanilang mga lupang bahain, riparian at tagiliran ng daan na tirahan na pagpapanumbalik alinsunod sa Programang Konserbasyon ng Tirahang Riparian ng California (Kabanata 4.1 (nagsisimula sa Seksyon 1385) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop) at pagpapanumbalik at proteksiyon ng itaas ng himpilan ng tubig na mga gubat at mga sistema ng lugar ng pangginginain na mahalaga para sa mga tagapagdulot na isda at ligaw na buhay. Ang

subdibisyon (f) ng Seksyon 79738 ay gagamitin sa subdibisyong ito. Ang prioridad ay dapat ibigay sa mga proyektong sinusupportahan ng pampubliko o pribadong pagbabakasan na maraming apektado, o pareho, gamit ng batay sa agham na pagharap at masusukat na mga layunin upang gabayan ang pagtukoy, disenyo, at pagpapatupad ng mga panrehiyong aksyon upang pakinabangan ng salmon at steelhead.

(i) Sa halagang inilalaan alinsunod sa seksyong ito, limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay dapat ihanda upang tumulong sa pagbuo ng Plano sa Pagpapatupad ng Pagbabakasan sa Salmon ng Central Valley.

(j) Ang kalihim ay dapat magbigay ng mataas na prioridad sa pagtanggap ng Dennett Dam sa Tuolumne River kung ang mga karagdagang pondo ay kailangan pa rin upang makumpleto ang pagtanggap ng dam.

(k) Ang isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon na tumatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng artikulong ito ay maaaring gumamit ng hanggang 20 porsiyento ng mga pondong iyon upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo, ang mga nalikom mula rito ay dapat gamitin para sa pagpapanatili at pagsubaybay ng proyektong pinopondohan.

(1) Kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon ay hindi makapagpatuloy na panatilihin at subaybayan ang proyekto, ito ay maaaring maglipat ng pag-aari ng ipinagkakatiwalang pondo sa ibang pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon, na may pag-aproba ng Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot.

(2) Ang subdibisyong ito ay hindi gagamitin sa mga ahensiya ng estado.

(3) Kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyán, o di-nagtutubong organisasyon ay hindi nagtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo alinsunod sa talataan (1), ang ahensiya, tribo o organisasyon ay dapat magsertipika sa Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot na kaya nitong panatilihin ang proyekto mula sa makukuha ng ahensiya, tribo, o organisasyon.

(4) Kung lahat o bahagi ng proyekto ay hindi mapapanatili o kinondena, ang ipinagkakatiwalang pondo at anumang hindi nagastang interes ay inilalaan sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot. Ang mga pondong ibinalik sa ahensiya ay maaaring gamitin lamang para sa mga proyekto alinsunod sa kabanatang ito.

(l) Sa halagang inilalaan sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot alinsunod sa seksyong ito, pitong milyong dolyar (\$7,000,000) ay inilalaan sa Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay para sa mga proyektong pagpapanumbalik ng katutubong isda sa itaas na Feather River sa ibaba ng Oroville Dam para

sa pagpapanumbalik ng graba, streambed at mga proyektong pagpapanumbalik ng tirahan ng salmon.

KABANATA 7. KAKAYANANG IPAGPATULUY AT PAG-IIMBAK NG TUBIG SA ILALIM NG LUPA.

86110. (a) Ang halagang anim na raan pitumpu't-limang milyong dolyar (\$675,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa mga protektado at programa na sumusuporta sa maipagpapatuloy na pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa na kaayon ng Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyon 6. Ang mga pondo ay dapat gamitin para sa mga paligsahang gawad na nagsusulong ng maipagpatuloy na pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga plano sa kakayahang ipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa at mga proyektong nagpoprotekta, nagpapahusay, o nagpapabuti ng mga panustos na tubig sa ilalim ng lupa. Hindi kukulangin sa 10 porsiyento ng lahat ng gawad alinsunod sa talataang ito ang dapat gawin sa mga ahensiya para sa kakayahang ipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa na ang mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa ay nasa ilalim ng mahihirap na komunidad.

(b) Ang halagang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa lupon ng estado, para gamitin ng Opisina ng mga Solusyon sa Maipagpapatuloy na Tubig upang ipatupad ang isang programang maraming-disiplina na teknikal na tulong para sa maliliit at mahihirap na komunidad at upang suportahan ang paglahok ng mahihirap na komunidad at ng publiko sa mga ahensiya para sa kakayahang ipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa at sa pagbuo at pagpapatupad ng mga plano sa kakayahang magpatuloy ng tubig sa ilalim ng lupa.

86111. (a) Sa mga pondong inawtorisa ng Seksyon 86110, anim na daan apatnapung milyong dolyar (\$640,000,000) ay dapat ihanda para sa mga gawad sa mga ahensiya para sa kakayahang ipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa na nagpapatupad ng mga plano sa kakayahang maipagpatuloy ng tubig sa ilalim ng lupa alinsunod sa subdibisyon (k) ng Seksyon 10721 para sa mga sumusunod na layunin:

(1) Mga proyektong muling pagkarga at pag-iimbak ng tubig sa ilalim ng lupa kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagtatamo ng lupa at mga paglalaan ng pambomba sa tubig sa ilalim ng lupa mula sa mga pumapayag magbenta, pagpapalano ng mga pasilidad tulad ng mga pag-aaral ng pagiging posible at pagsunod na pangkapaligiran, mga sistema ng pamamahagi, at mga pasilidad ng pagsubaybay. Walang gawad na ginawa alinsunod sa seksyong ito na dapat humigit sa dalawampung milyong dolyar (\$20,000,000).

(2) Ang mga proyektong nagpapatupad ng mga plano sa kakayahang magpatuloy ng tubig sa ilalim

ng lupa alinsunod sa Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyon 6. Ang mga proyektong karapat-dapat sa pagpopondo ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pag-aaral ng pagiging posible, pagsunod na pangkapaligiran, gawaing inhinyeriya na ginamit upang bumuo paggamit ng tubig sa lupa at maipagpapatuloy na ani para sa mga ispesipikong proyekto, pagsukat ng paggamit ng balon, at malilikhaing kasangkapan sa pagsuporta sa desisyon.

(3) Ang mga proyektong nagtatasa at tumutugon sa pagpasok ng tubig na may asin, kabilang ang epekto sa hinaharap na may kaugnayan sa pagbabago ng klima.

(4) Mga panumbas na gawad sa mga ahensiya ng kakayahang maipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa upang bumuo ng mga plano sa kakayahang makapagpatuloy ng tubig sa ilalim ng lupa alinsunod sa subdibisyon (k) ng Seksyon 10721. Walang gawad na dapat humigit sa isang milyong dolyar (\$1,000,000), at walang ahensiya ng kakayahang maipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa na dapat tumanggap ng higit sa isang gawad.

(b) Sa mga pondong inawtorisa ng seksyong ito, ang halagang limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay dapat ihanda para sa pananaliksik upang gabayan ang mga pamumuhunang ginawa alinsunod sa seksyong ito. Ang mga aktibidad sa pananaliksik ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, heopisikal na mga survey, antas ng sistema na pagmodelo at pagsusuri, pagbuo ng mga bagong paraan at mga kasangkapan na magagamit sa lokal na paggawa ng desisyon iba't ibang sektor na pagsusuri ng kabuhayan at patakaran, pagsusuri ng mga bagong paraan ng muling pagkarga, at pagbuo ng mga bagong pagharap upang mapahusay nang malaki ang muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa at angkop sa layunin na paggamot at paggamit ng tubig.

(c) Sa mga pondong inawtorisa ng seksyong ito, ng kagawaran ay maaaring magaan ng hanggang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) para sa paggawa ng mga magagamit ng publiko na mga kasangkapan sa pagsuporta sa desisyon upang tulungan ang mga ahensiya ng kakayahang maipagpatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa sa pagsasagawa ng pagsusuri ng kalidad ng inuming tubig, kabilang ang pagbuo at pagtasa ng maipagpapatuloy na ani, hindi kanais-nais na mga resulta, masusukat na mga layunin at ibang mga iniaatas na inaasinta. Ang mga kasangkapan sa pagsuporta sa desisyon ay dapat ding sumuporta sa mga pagtasa ng kahinaan upang tumulong na malaman ang mga komunidad na maaaring nanganganib na humarap sa mga hamon sa panustos o kontaminasyon ng tubig. Ang mga kasangkapan ay dapat makuha para sa ibang mga pagsisikap tulad ng mga pagtasa ng kahinaan sa tagtuyot at dapat

iugnay sa karapatan ng tao sa tagapagpabatid ng tubig na matatagpuan sa lupon ng estado.

(d) Sa mga pondong inawtorisa ng seksyong ito, ang kagawaran ay maaaring maglaan ng hanggang limang milyong dolyar (\$5,000,000) para sa isa o higit na mga gawad para sa kapital na paglalaan at mga kaugnay na layuning pagprograma sa mga institusyon ng mas mataas na edukasyon para sa mga pasilidad na magagamit upang pahasayin ang komunikasyon at koordinasyon sa mga institusyong ito, ang kagawaran, at ang lupon ng estado upang tiyakin na ang mga pagpapaunlad sa agham ng tubig sa ilalim ng lupa ay episyenteng inilalagay at ginagamit sa lahat ng institusyon ng mas mataas na edukasyon at ng mga ahensiya ng pamahalaan ng estado.

(e) Ang isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyano, o di-nagtutubong organisasyon na tumanggap ng pagpopondo sa ilalim ng seksyong ito ay maaaring gumamit ng hanggang 20 porsiyento ng mga pondong iyon upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo na ginagamit lamang upang bayaran o tumulong na bayaran ang pagpapanatili ang pagsubaybay ng interes ng ahensiya o organisasyon sa lupang kinuha alinsunod sa seksyong ito.

(1) Kung ang isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyano, o di-nagtutubong organisasyon na nagtamo ng interes sa lupa sa pamamagitan ng pera mula sa seksyong ito ay nagpasiyang ilipat ang interes na iyon sa ibang pampublikong ahensiya, tribong Indiyano, o di-nagtutubong organisasyon, ang pagiging may-ari ng ipinagkakatiwalang pondo na itinatag upang panatilihin ang interes na iyon sa lupa ay dapat ding ilipat.

(2) Ang subdibisyong ito ay hindi gagamitin sa mga ahensiya ng estado.

(3) Kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyano, o di-nagtutubong organisasyon ay hindi nagtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo alinsunod sa subdibisyong ito, ang ahensiya, tribo o organisasyon ay dapat magsertipika sa ahensiya ng estado na gumagawa ng gawad na kaya nitong panatilihin ang lupang tatamuhin mula sa mga pondong makukuha ng ahensiya, tribo, o organisasyon.

(4) Kung ang interes sa lupa ay kinondena o kung ang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyano, o di-nagtutubong organisasyon ay nagpasiya na ang interes sa lupa ay hindi makatupad sa mga layunin kung saan ginasta ang pera mula sa artikulong ito, ang ipinagkakatiwalang pondo at anumang hindi pa nagagastang interes ay inilalaan sa ahensiya na nagkaloob ng pera. Ang mga pondong ibinalik sa ahensiya ay maaaring gamitin lamang para sa mga proyekto alinsunod sa kabanatang ito.

86112. (a) Ang kagawaran ay dapat magbigay ng prioridad para sa pagpopondo alinsunod sa

kabatanang ito sa mga sumusunod na pantay na priyoridad:

(1) Mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa na itinalaga ng kagawaran na kritikal na lubhang nakunang mga lunas, mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa na nanganganib na maging lubhang nakunan, at mga lunas ng tubig sa lupa kung saan ng tubig sa ibabaw at sa lupa ay magkakaugnay.

(2) Ang mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa na may nakadokumentong mga problema sa kalidad ng tubig, paghupa ng lupa, mga epekto sa mga pang-ibabaw na sapa o mga ekosistema ng depende sa tubig sa lupa, o ibang hindi kanais-nais na mga resulta gaya ng nilinaw ng subdibisyon (x) ng Seksyon 10721.

(3) Ang mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa na nagpoprotekta sa mahahalagang tagapagdulot na pag-aari ng estado, tulad ng mga parke ng estado at mga lugar ng ligaw na buhay.

(4) Mga proyektong sumusuporta sa paggamit ng mga tubig baha na may katanggap-tanggap na kalidad ng tubig upang muling kargahan ang mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa. Itong malilikhaing maraming benepisyong konsepto ay nagsasama-sama ng apat na mahalagang layunin sa pamamahala ng tubig ng California, kabilang ang pagbawas ng panganib sa baha, maipagpapatuloy na pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa, pagpapanumbalik ng ekosistema, at pagiging maaasahan ng panustos na tubig.

(A) Ang mga proyekto ay maaaring kabilang ang nag-aagpang na modipikasyon ng mga pagpapatakbo ng pag-iimbak na kaugnay ng baha at konserbasyon sa mga imbak, mga modipikasyon sa mga pasilidad ng paagusan sa mga kasalukuyang imbak, pagbaha ng bago o pinalawak na mga ikutan ng baha o pansamantalang lupang lugar ng pag-iimbak na kaugnay ng baha, paggamit ng mga tubig baha sa mga lupang pang-agrikultura sa hindi matamnan o natutulog na mga panahon, itinaas na paggamit ng mga kasalukuyang pasilidad ng muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa.

(B) Ang mga proyekto ay maaaring kabilang ang paggamit ng mga tubig baha para sa muling pagkarga ng mga proyekto sa tubig sa ilalim ng lupa, na may benepisyo sa pagbawas ng panganib ng baha at kakayahang maipagpapatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa.

(C) Mga proyektong nagkakaloob ng mga benepisyo sa pagbawas ng panganib ng baha at kakayahang maipagpapatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa. Ang pagiging posible ng proyekto ay masusuportahan din ng pagpapanumbalik ng ekosistema at mga benepisyo ng panustos na tubig.

(b) Sa halagang inilalaan sa Seksyon 86110, ang kagawaran ay maaaring gumamit ng hanggang sampung milyong dolyar (\$10,000,000) para sa mga sumusunod na layunin:

(1) Tasahin ang pambuong-estadong potensiyal para sa paggamit ng mga tubig baha para sa muling pagkarga at unahin ang mga lokasyon batay sa kalapitan at mga koneksyon sa paghahatid sa estado na mga pangangailangan ng pagbawas ng panganib ng baha at kakayahang maipagpapatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa.

(2) Kumpletuhin ang isang pagsubok na pag-aaral ng isang priyoridad na lokasyon upang ipakita ang posibleng mga inobasyon sa pamamahala ng mga tagapagdulot ng tubig upang padaliin ang pagbawas ng panganib ng baha at muling pagkarga sa tubig sa ilalim ng lupa.

(3) Tukuyin at ipakita ang paggamit ng mga kasangkapan sa pagsusuri at malilikhaing paraan sa pamamahala ng tubig upang suportahan ang pagpapaunlad ng nakahandang mga tubig baha at muling pagkarga ng mga lunas ng tubig sa ilalim ng lupa.

(4) Bumuo ng mga paraan sa pagsasapera na pangkabuhayan ng mga benepisyo ng muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa.

(5) Ipakita ang paggamit ng paraan ng kagawaran sa pagbabago ng klima sa pareho ng panustos na tubig at mga paggamit ng pamamahala ng baha.

(6) Magkaloob ng teknikal na tulong sa kakayahang makapagpapatuloy ng tubig sa ilalim ng lupa at mga lokal na ahensiya ng pamamahala ng baha, gayon din ang koordinasyon sa pang-estado at pederal na mga ahensiya ng baha.

(c) Ang kagawaran ay dapat magsaalang-alang ng mga sumusunod na pamantayan kapag nagbibigay ng mga gawad:

(1) Ang potensiyal ng proyekto upang hadlangan o iwasto ang hindi kanais-nais na mga resulta dahil sa paggamit ng tubig sa ilalim ng lupa.

(2) Ang potensiyal ng proyekto upang itaas ang pag-iimbak ng tubig sa ilalim ng lupa, pagiging maaasahan, muling pagkarga, o kasabay na paggamit.

(3) Ang potensiyal ng proyekto upang suportahan ang maipagpapatuloy na pamamahala ng tubig sa ilalim ng lupa.

(4) Ang taunang katipiran ng proyekto upang makamit ang mga hangarin ng Batas sa Pamamahala ng Maipagpapatuloy na Tubig sa Ilalim ng Lupa (Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyon 6).

(d) Ang mga karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166, kabilang ang mga ahensiya ng kakayahang maipagpapatuloy ang tubig sa ilalim ng lupa, ay dapat maging karapat-dapat para sa mga gawad. Ang priyoridad para sa pagpopondo ay dapat ibigay sa mga lokal na ahensiyang nagpapatupad ng Batas sa Pamamahala ng Maipagpapatuloy na Tubig sa Ilalim ng Lupa.

(e) Para sa mga layunin ng paggawad ng pondo sa ilalim ng kabanatang ito, kailangang mag-atas ng lokal na gastos na hindi bababa sa 50 porsiyento ng kabuuang gastos ng proyekto. Ang iniaatas na pagbahagi sa gastos ay maaaring talikdan o bawasan para sa bahaging iyon ng isang proyekto na tuwirang pinakikinabangan ng isang mahirap na komunidad o lugar na lubhang mahina ang ekonomiya o para sa mga proyektong ang karamihan ng mga benepisyo ay magbabalik sa mga ekosistemang nakadepende sa tubig sa ilalim ng lupa.

(f) Walang gawad na maaaring gawin maliban kung Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay ay magsertipika na ang pinsalang ginagawa sa isda at ligaw na buhay bilang resulta ng proyekto ay pagagaanin upang matiyak na ang anumang posibleng epekto ay hindi malaki.

(g) Ang mga karapat-dapat na proyekto ay maaaring kabilang ang naturang mga pagpapahusay ng impra-istruktura tulad ng pinahusay na kapasidad ng kanal at impiltrasyon.

86113. (a) Para sa mga layunin ng seksyong ito, “distrito” ay nangangahulugang ang Distrito ng Tubig ng Borrego.

(b) Sa halagang inilaan sa Seksyon 86110, tatlumpu't-limang milyong dolyar (\$35,000,000) ay dapat ibigay bilang gawad sa distrito para sa mga sumusunod na programa:

(1) Pagtatamo ng lupa at pagtatamo ng karapatan upang bumomba ng tubig sa ilalim ng lupa mula sa mga payag magbenta upang bawasan ang pagbomba ng tubig sa ilalim ng lupa upang dalhin ang pagbomba ng tubig sa ilalim ng lupa sa loob ng mga hangganan ng Borrego Springs Subbasin ng Lunas ng Tubig sa Ilalim ng Lupa ng Borrego Valley sa isang antas na maipagpapatuloy nang matagal na panahon alinsunod sa Batas sa Pamamahala ng Maipagpapatuloy na Tubig (Bahagi 2.74 (nagsisimula sa Seksyon 10720) ng Dibisyon 6). Ang mga lupang natamo ay maaaring ilipat sa Kagawaran ng mga Parke at Libangan, isang di-nagtutubong organisasyon, o ibang pampublikong ahensiya para sa pamamahala sa hinaharap.

(2) Ang pagiging episyente sa paggamit, kabilang ang konserbasyon ng tubig ng kalunsuran at pang-agrikultura, at konserbasyon ng tubig sa mga pasilidad na panlibangan tulad ng mga lugar ng paglalaro ng golf.

(3) Ang pagpapanumbalik ng mga lupa na natamo alinsunod sa seksyong ito.

(4) Ang pagtitipon ng tubig bagyo para sa muling pagkarga ng lunas ng tubig sa ilalim ng lupa at muling paggamit.

(5) Ibang mga proyekto ng distrito na nagpapatupad ng Batas sa Pamamahala ng Maipagpapatuloy na Tubig sa Ilalim ng Lupa.

(c) (1) Walang pagbahagi ng gastos ng distrito na iniaatas upang ipatupad ng seksyong ito. Ito ay makatwiran dahil ang komunidad ng Borrego Springs ay isang lubhang mahirap na komunidad at dahil ang sobrang pagbomba ng tubig sa ilalim ng lupa ay maaaring makaapekto sa mahahalagang tagapagdulot sa Anza-Borrego Desert State Park na ang 500,000 taunang bisita ay nag-aambag ng tinatantiyang apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) taun-taon sa rehiyon, at sumusuporta rin sa 600 trabaho.

(2) Ang distrito ay maaaring mag-atas ng pagbahagi ng gastos sa mga benepisyaryo kapag nagbibigay ng mga gawad alinsunod sa mga talataan (2) at (4) ng subdibisyon (b).

(d) Bilang isang kondisyon ng gawad na ito, ang distrito ay dapat sumang-ayon sa mga sumusunod:

(1) Magpatupad ng mga hakbang na tumitiyak na ang mga lupa na hindi kasalukuyang pinatutubigan ay hindi pupunta sa irigasyon at ang kasalukuyang pinatutubigang lupa ay hindi magiging mas matinding patutubigan.

(2) Mag-atas ng bagong pagtatayo upang bayaran ang lahat ng gastos ng mga pagbili ng tubig na natamo ng distrito, at lahat ng gastos ng mga proyekto ng tubig na isinasagawa ng distrito upang bigyang-daan ang pagtatayong iyon.

(e) (1) Ang distrito o isang di-nagtutubong organisasyon na tumatanggap ng pagpopondo alinsunod sa kabanatang ito upang magtamo ng interes sa lupa ay maaaring gumamit ng hanggang 20 porsiyento ng mga pondong iyon upang magtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo na eksklusibong ginagamit upang tumulong na bayaran ang pagpapanatili, pagsubaybay, at pagpapanumbalik ng interes na iyon sa lupa.

(2) Ang distrito o isang di-nagtutubong organisasyon na nagtatamo ng interes sa lupa sa pamamagitan ng pera mula sa kabanatang ito at naglipat ng interes sa lupa patungo sa ibang pampublikong ahensiya o di-nagtutubong organisasyon ay dapat ding maglipat ng pag-aari ng ipinagkakatiwalang pondo na itinatag upang panatilihin ang interes na iyon sa lupa.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi gagamitin sa mga ahensiya ng estado.

(4) Kung ang distrito o di-nagtutubong organisasyon ay hindi nagtatag ng isang ipinagkakatiwalang pondo alinsunod sa subdibisyong ito, ang ahensiya o organisasyon ay dapat magsertipika sa kagawaran na kaya nitong panatilihin ang lupang tatamuhin mula sa mga pondong makukuha ng ahensiya o organisasyon.

(5) Kung ang interes sa lupa ay kinondena o kung ang distrito o di-nagtutubong organisasyon ay nagpasiya na ang interes sa lupa ay hindi makatupad sa mga layunin kung saan ginasta ang pera mula sa kabanatang ito, ang ipinagkakatiwalang pondo at

anumang hindi pa nagagastang interes ay inilalaan sa ahensiya na nagkaloob ng pera. Ang mga pondong ibinalik sa distrito ay maaaring gamitin lamang para sa mga proyekto alinsunod sa kabanatang ito.

(f) Anumang mga pondong hindi kailangan ng distrito upang ipatupad ang programang inilarawan sa seksyong ito ay maaaring igawad ng distrito sa isang di-nagtutubong organisasyon o ng Kagawaran ng mga Parke at Libangan upang magtamo ng mga lupang katabi ng o malapit sa Anza-Borrego Desert State Park upang hadlangan ang pagtatayo o irigasyon ng lupang iyon na maaaring makaapekto sa mga tagapagdulot ng tubig sa ilalim ng lupa sa parke. Ang mga lupang ito ay maaaring nasa loob o nasa labas ng mga hangganan ng distrito pero dapat na nasa loob ng mga hangganan ng Borrego Springs Subbasin ng Lunas ng Tubig sa Ilalim ng Lupa ng Borrego Valley, na pinanggagalingan ng lahat ng naiinom na tubig para sa komunidad ng Borrego Springs ang mga bisita sa parke. Ang mga lupa ay maaaring gamitin para sa tirahan ng ligaw na buhay.

(g) Ang distrito ay maaaring magbigay ng gawad sa mga di-nagtutubong organisasyon upang isakatuparan ang lahat o bahagi ng mga programang inawtorisa ng seksyong ito.

KABANATA 8. TUBIG PARA SA LIGAW NA BUHAY, PAgPAPANUMBALIK NG PACIFIC FLYWAY, AT PAMAMAHALA NG DINAMIKONG TIRAHAN

86120. Ang halagang tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) ay inilalaan mula sa pondong inilalaan mula sa pondo patungo sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay (mula ngayon sa seksyong ito ay “ang lupon”) upang magtamo ng tubig mula sa mga payag magbenta at upang magtamo ng mga karapatan sa pag-iimbak at paghahatid upang pahasayin ang mga kalagayan ng isda at ligaw na buhay sa mga sapa, ilog, kanlungan ng ligaw na buhay, mga lugar na tirahang latian, at mga estuwaryo. Ang mataas na priyoridad ay dapat ibigay sa pagtugon sa mga hangarin ng paghahatid ng tubig ng pederal na Batas sa Pagpapahusay ng Proyekto ng Central Valley (Titulo 34 ng Pamublikong Batas 102-575). Ang lupon ay maaaring mag-ayos ng pagtatamo, pangmatagalang mga kasunduan sa pagpapaupa, o paglipat ng mga karapatan sa tubig kung ipinasiya nito na ang mga naturang aksyon ay pakikinabangan ng konserbasyon ng ligaw na buhay. Ang lupon ay maaaring magbenta, maglipat, o mag-iimbak ng tubig o mga karapatan sa pag-iimbak na binili alinsunod sa seksyong ito kung ang lupon ay nagpasiya na ang pagbebenta, paglipat o pag-iimbak ay hindi magdudulot ng pinsala sa isda at ligaw na buhay. Sa mga taon na ang lupon ay hindi nag-aatas ng tubig para sa isda at ligaw na buhay, ang lupon ay maaaring pansamantalang magbenta o magpaupa ng mga karapatan sa tubig o paghahatid. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang mga nalikom sa anumang pagbebenta ng tubig alinsunod

sa seksyong ito ng lupon ay inilalaan nang tuwiran sa lupon nang hindi isinasaalang-alang ang taon ng pananalapi. Ang lupon ay dapat gumamit ng mga nalikom sa pagbebenta, pag-upa, o paglipat ng mga karapatan sa tubig o paghahatid upang makamit ang mga layunin ng konserbasyon na inawtorisa ng seksyong ito. Ang pagtatamo ng tubig na ginagamit ang mga pondong ginasta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat lamang gamitin para sa mga proyektong magkaloob ng mga benepisyo sa mga palaisdaan, ligaw na buhay, o ekosistema.

86121. (a) Ang halagang limampung milyong dolyar (\$50,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay para sa layunin ng pagpapahusay sa mga kalagayan ng panustos na tubig at kalidad ng tubig para sa isda at ligaw na buhay sa mga pribadong lupa. Ang Kagawaran ng Isda ng Ligaw na Buhay ay maaaring magkaloob ng mga insentibo sa mga may-ari ng lupa para sa mga aksyon na konserbasyon sa mga pribadong lupa o paggamit ng mga mekanismo ng boluntaryong palitan ng kredito ng tirahan. Ang mga naturang insentibo ay dapat idisenyo upang maging angkop na naitaakma at matugunin sa lubos na nagbabagong dami ng tubig na iniaatas ng isda at ligaw na buhay.

(b) Ang Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay ay dapat gumamit ng isang bahagi ng mga pondong ipinagkaloob ng seksyong ito upang bumuo ng isang programatikong awtorisasyon upang padaliin ang pag-aproba ng mga proyektong pagpapanumbalik ng tirahan at pagpapahusay sa kalidad ng tubig na hindi saklaw sa ilalim ng Kabanata 6.5 (nagsisimula sa Seksyon 1650) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop at para sa pagpapatupad ng kabanatang iyon.

86122. (a) Ang halagang tatlong daang milyong dolyar (\$300,000,000) ay inilalaan mula sa pondo sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay para sa mga proyektong pagpapanumbalik ng mga palaisdaan ng salmon at steelhead ng baybayin at central valley. Ang Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay ay dapat magbigay ng priyoridad sa mga proyektong tumutulong sa pagbangon ng mga klase ng salmon at steelhead na nakalista alinsunod sa Batas sa mga Nanganganib na Klase ng California (Kabanata 1.5 (nagsisimula sa Seksyon 2050) ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop) o ng pederal na Batas sa mga Nanganganib na Klase (16 U.S.C. Sek. 1531 at kasunod), upang pahasayin ang pangkomersiyo at panlibangan na mga palaisdaan ng salmon at upang makamit ang mga hangarin ng Kabanata 8 (nagsisimula sa Seksyon 8 (nagsisimula sa Seksyon 6900) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 6 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(b) Sa halagang inilalaan ng seksyong ito, hanggang isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) ay dapat gastahin para sa mga panumbas na gawad sa mga lokal na ahensiya para sa mga proyektong

kapital na paglalaan upang ipatupad ang mga programa upang pahasayin ang mga pagkakataon sa pagdaan ng isda at upang ibalik ang mga tirahan ng anadromous salmonid, partikular sa tirahan ng pag-aalaga ng bata para sa spring run salmon, sa mga ilog sa Sacramento Valley na may mga dam na nakabara sa pangunahing sanga ng ilog.

(c) Sa halagang inilalaan ng seksyong ito, hindi kukulangin sa isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) ay dapat gastahin upang magkabit ng mga panala ng isda sa Sacramento and San Joaquin Rivers at sa mga tributaryo ng mga ito at sa Delta upang salain ang anadromous fish mula sa water intakes. Ang mataas na prioridad ay dapat pumunta sa mga proyektong tinukoy na mataas na prioridad sa Istratehiya sa Katatagan ng Salmon ng Sacramento Valley, gaya ng inilathala sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot noong Hunyo 2017, at gaya ng sinusugan.

86123. (a) Ang halagang dalawang daan walumpung milyong dolyar (\$280,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay para sa mga proyekto upang protektahan ang mga dumarayong ibon sa pamamagitan ng pagtatamo ng tirahan, karapatan sa paggamit, pagpapanumbalik, o ibang mga proyekto at upang magkaloob ng tubig para sa mga kanlungan ng ligaw na buhay at mga lugar na tirahan ng ligaw na buhay upang tuparin ang mga layuning tinukoy sa Plano sa Pagpapatupad ng Magkasamang Pamumuhunan ng Central Valley, gaya ng sinusugan, kabilang ang:

(1) Mga proyekto upang ipatupad ang seksyong ito na maaaring kabilang ang mga aksyon para sa konserbasyon sa mga pribadong lupa.

(2) Proteksiyon at pagpapanumbalik ng riparian at latian na tirahan sa Sacramento River Basin.

(3) Proteksiyon at pagpapanumbalik ng tirahan na riparian at latian sa San Joaquin and Tulare Basins.

(b) Sa halagang inilalaan ng seksyong ito, apatnapung milyong dolyar (\$40,000,000) ay dapat ideposito sa Kuwenta ng Pangangalaga ng Tirahan ng Waterfowl ng California na itinatag alinsunod sa Seksyon 3467 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, para sa mga layunin ng pagpapatupad ng Kuwenta ng Programang Tirahan ng Waterfowl ng California alinsunod sa Artikulo 7 (nagsisimula sa Seksyon 3460) ng Kabanata 2 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 4 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, ng Programang Insentibo sa May-ari ng Lupa ng California ng Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay, na Permanenteng Programa sa Karapatan sa Paggamit ng Latian ng Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw a Buhay, at na pagtatag o pagpapahusay ng pagpupugad ng waterfowl at ibang saklaw na tirahan ng ligaw na buhay sa mga lupang hindi matamnan kabilang ang inawtorisa alinsunod sa Seksyon 1018.

(c) Sa halagang inilalaan ng seksyong ito, sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ay dapat ideposito sa Kuwenta ng Alyansa para sa Panlibangang Pagpapahusay ng Ibinabahaging Tirahan (SHARE) na itinatag alinsunod sa Seksyon 1572 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop at pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Isda at Ligaw na Buhay para sa mga layunin ng pagkaloob sa publiko ng mga pagkakataong panlibangan na kaugnay na pangangaso at ibang nakadepende sa ligaw na buhay sa pamamagitan ng mga boluntaryong kasunduan sa mga pribadong may-ari ng lupa.

(d) Sa halagang inilalaan ng seksyong ito, hindi kukulangin sa isang daan sampung milyong dolyar (\$110,000,000) ay dapat gastahin para sa pagtatamo at paghahatid ng tubig sa mga kanlungan ng ligaw na buhay, at mga kaugnay na proyektong impra-istruktura, upang magkamit ng buong pagsunod sa mga tadhana ng subseksyon (d) ng Seksyon 3406 ng pederal na Batas sa Pagpapahusay ng Proyekto ng Central Valley (Titulo 34 ng Pampublikong Batas 102-575).

KABANATA 8.6. PROTEKSIYON NG PAGIGING MAAASAHAN NG TUBIG NG REHIYON AT PROTEKSIYON NG TIRAHAN NG SACRAMENTO

86124. (a) Sampung milyong dolyar (\$10,000,000) ang inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa mga gawad sa Panrehiyong Awtoridad sa Tubig at sa Lungsod ng Sacramento sa ngalan ng Sacramento Area Water Forum para sa mga proyektong kaayon ng kapantay na mga layunin ng Kasundusn sa Water Forum . Ang mga karapat-dapat na proyekto ay kabilang ang mga pasilidad, pag-aaral, at ibang mga aksyon upang pahasayin ang mga kalagayan sa daloy at temperatura at tirahan sa ibabang American River, itaas ang pagiging episyente sa paggamit at konserbasyon ng tubig, o pahasayin ang pagsasama ng mga panustos na pang-ibabaw na tubig at tubig sa ilalim ng lupa upang magkaloob ng pagiging maaasahan ng panustos na tubig sa tuyong taon.

(b) Ang Panrehiyong Awtoridad ng Tubig at ng Water Forum ay dapat magkasamang bumuo at mag-approba ng mga pag-aaral, proyekto, o programa na popondohan ng mga gawad. Ang pinakamataas na prioridad ay dapat ibigay sa pagpapahusay ng mga kalagayan ng temperatura ng tubig at sa mga proyekto o programa na tumutulong sa pareho ng kapantay na mga layunin ng Water Forum ng pagpapahusay ng panustos na tubig at pagprotekta sa kapaligiran. Ang awtoridad ay gagawaran ng mga proyekto para sa panustos na tubig at pagiging episyente ng tubig. Ang Lungsod ng Sacramento, sa ngalan ng Water Forum, ang tatanggap ng gawad para sa mga proyekto para sa proteksiyon ng kapaligiran, mga pag-aaral ng temperatura ng tubig, at pagpapanumbalik ng tirahan.

(c) Ang halagang ilalaan sa kabuuan sa pakete ng mga proyekto ay hindi dapat humigit sa 50 porsiyento ng kabuuang gastos ng proyekto.

(d) Walang mga pondo na inilalaan alinsunod sa seksyong ito na maaaring gastahin upang magtayo ng bagong pang-ibabaw na imbakan o itaas ang mga kasalukuyang imbakan.

KABANATA 9. PAGIGING MAAASAHAN NG PANREHIYONG TUBIG NG BAY AREA

86125. Dalawang daan limampung milyong dolyar (\$250,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa isang gawad sa grupo ng walong ahensiya ng tubig na magkakasamang kilala bilang Panrehiyong Pagbabakasan sa Pagiging Maaasahan ng Bay Area (BARR) para sa mga bagong pasilidad na nagpapalawig ng mga benepisyo ng pag-iimbak ng pang-ibabaw na tubig para sa pambuong-rehiyon na mga benepisyo sa alinman ng mga sumusunod na lugar: pagiging maaasahan ng panustos sa tagtuyot, kalidad ng inuming tubig, at pag-iimbak para sa emerhensiya, gaya ng pangkalahatang inilalarawan sa Pinal na Listahan sa Mitigasyon na nasa Panrehiyong Plano sa Maaaring Mangyari ng San Francisco Bay Area. Ang Distrito ng Tubig ng Contra Costa ay maaaring tumanggap ng gawad sa ngalan ng pagbabakasan maliban sa ang Pagbabakasang BARR ay may isang istruktura ng pamamahala na nasa lugar sa panahon ng gawad na ginagawang karapat-dapat na tumanggap ng mga pondo nang tuwiran. Ang mga kalahok na ahensiya ng tubig sa Mitigasyon na nasa Panrehiyong Plano sa Pagiging Maaasahan sa Maaaring Mangyari ng San Francisco Bay Area ay magpapasiya at magtatalaga ng mga pondo sa isa o anumang mga nakalistang proyekto, pero ang halagang ipinasiya para sa anumang nag-iisang proyekto ay hindi dapat humigit sa 50 porsiyento ng kabuuang gastos ng proyekto. Walang mga pondo na inilalaan alinsunod sa seksyong ito na maaaring gastahin upang magtayo ng bagong pang-ibabaw na imbakan o itaas ang mga kasalukuyang imbakan.

KABANATA 10. PINAHUSAY NA PAGHAHATID NG TUBIG AT KONSERBASYON NG TUBIG

86126. Kahit na humina ang tagtuyot, ang mga epekto ng tagtuyot ay nararamdaman pa rin sa maraming lugar sa buong estado, kabilang ang San Joaquin Valley. Ang higit na pagpapalala ng epekto ng mga kalagayan ng tagtuyot sa mga gumagamit ng tubig ay mga legal na iniaatas na nagtatakda ng pambomba mula sa Sacramento-San Joaquin Delta. Ang isa sa mga bunga ng pareho ng tagtuyot at mga restriksiyon sa pambomba ay ang malaking pagtaas sa pagbomba ng tubig sa ilalim ng lupa bilang isang paraan upang palitan ang nabawasang pang-ibabaw na panustos. Ang isang pagtaas sa pagbomba ng tubig sa ilalim ng lupa ay nagbabata ng mga mesa ng tubig sa ilalim ng lupa, na nagiging dahilan naman upang matuyo ang mga balon at humupa ang lupa, na partikular na nangyayari sa silang bahagi ng

San Joaquin Valley. Ang Friant-Kern Canal ay nawalan ng 60 porsiyento ng kapasidad nito upang maghatid ng tubig para sa pagkonsumo at muling pagkarga ng tubig sa ilalim ng lupa. Maliban kung ang kapasidad sa paghahatid ay ibinabalik at itinaas, ang paghupa ay magpapatuloy na lumala at ang mga lokal na komunidad, kabilang ang mahihirap sa komunidad, na umaasa nang malaki sa tubig sa ilalim ng lupa upang maglingkod sa kanilang mga mamamayan, ay magpapatuloy na dumanas ng masasamang epekto. Ang malalaking pampublikong benepisyo ay magreresulta mula sa pamumuhunang ito ng estado, kabilang ang pag-iwas sa tumaas na kawalan ng trabaho, pagpapatatag ng tubig sa ilalim ng lupa, at pagkuha ng mas matatag na panustos na pagkain para sa California.

86127. Ang halagang pitong daan limampung milyong dolyar (\$750,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa isang gawad sa Awtoridad sa Tubig ng Friant para sa mga kapital na pagpapahusay ng paghahatid ng tubig, kabilang ang ibinalik at tinaasang kapasidad sa paghahatid sa at sa loob ng mga kanal ng Madera at Friant-Kern, nagreresulta sa mas malaking muling pagkarga sa tubig sa ilalim ng lupa, pinahusay na paghahatid at paggamit ng mga tubig baha, at para sa konserbasyon ng tubig. Ang mga pagpapahusay sa pamamagitan ng mga pondong ipinagkakaloob ng talataang ito ay dapat kumpletuhin nang kaayon ng angkop na pang-estado at pederal na batas at kontrata.

86128. Ang halagang isang daang milyong dolyar (\$100,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulong para sa mga aksyon na sumusuporta sa mga proyektong nilinaw sa talataan 11 ng kasunduan sa pakikipag-ayos upang ibalik ang San Joaquin River na tinukoy sa Seksyon 2080.2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop. Bago mangyari ang paggasta, ang pormal na kasunduan sa mga ispesipikong proyektong isasagawa ay iniaatas ng mga nagkaayos na partido sa kasunduan.

86129. Ang paglihis ng tubig mula sa Barker Slough patungo sa North Bay Aqueduct ay nakakaapekto nang masama sa nakalistang mga klase ng isda at nakakaapekto rin nang masama sa kalidad ng tubig na inihahain sa isang malaking lugar ng kalunsuran. Magkakaroon ng maraming pampublikong benepisyo sa paglilipat ng paglilihis sa North Bay Aqueduct patungo sa Sacramento River.

86130. Ang halagang limang milyong dolyar (\$5,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran upang magplano para sa isang paglihis ng tubig mula sa Sacramento River patungo sa North Bay Aqueduct upang bawasan ang masamang epekto sa mga nakalistang klase ng isda at magkaloob ng mas matasa na kalidad ng inuming tubig sa mga pinaglilingkuran ng aqueduct.

KABANATA 11. KALIGTASAN SA BAHANG OROVILLE DAM

86131. Ang Oroville Dam ay nagkakaloob ng pagkontrol sa baha para sa Sacramento Valley. Ang pagsasama ng pagkontrol sa baha sa Oroville Dam ay hindi obligasyon ng mga pampublikong ahensiya ng tubig na tumatanggap ng tubig mula sa Oroville Dam. Ang tungkulin sa pagkontrol sa baha ng Oroville Dam ay binayaran ng pederal na pamahalaan.

86132. Ang halagang dalawang daang milyong dolyar (\$200,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa pagkukumpuni at maling pagtatayo ng mga paagusan sa Oroville Dam.

86133. Ang halagang dalawampu't-isang milyong dolyar (\$21,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran. Labinlimang milyong dolyar (\$15,000,000) ay dapat gastahin para sa pamamahala ng sediment ng Feather River at pagtanggap sa pagitan ng Live Oak at Verona sa pakikipag-ugnayan sa Ahensiya ng Pagkontrol ng Baha ng Sutter Butte. Anim na milyong dolyar (\$6,000,000) ng mga pondong ito ay dapat ibigay bilang isang gawad sa Ahensiya ng Pagkontrol ng Baha ng Sutter Butte para sa mga proyektong pagpapahina ng tubig baha sa Lugar ng Ligaw na Buhay ng Oroville na nagkakaloob ng pagkontrol ng baha sa ibaba ng agos at pagpapanumbalik ng ekosistema.

86134. Ang halagang isang milyong dolyar (\$1,000,000) ay inilalaan mula sa pondo patungo sa kagawaran para sa isang gawad sa County ng Butte para sa mga proyektong kapital na paglalaan at kagamitan para sa pag-uugnay at komunikasyon sa kahandaan sa emerhensiya na kaayon ng Sistema ng Ayon sa Pamantayang Pamamahala ng mga Serbisyo sa Emerhensiya ng Opisina ng mga Serbisyo sa Emerhensiya (SEMS).

KABANATA 12. MGA PANGKALAHATANG TADHANA

86151. (a) Sa mga proyektong may kaugnayan sa boluntaryong pagpapanumbalik ng tirahan, pagpapahusay ng kalidad ng tubig at maraming benepisyo na pagpapanumbalik ng lupang bahagi ang bawat ahensiyang nangangasiwa ng mga tadhana ng dibisyong ito ay dapat humimok ng inter-ahensiyang pag-uugnayan at bumuo at gumamit ng episiyenteng mga mekanismo sa pag-aproba at pagpermiso sa proyekto, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga tadhana ng Kabanata 6.5 (nagsisimula sa Seksyon 1650) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop (ang kabanatang ito ay may bisa pa) at mga permiso sa programa para sa boluntaryong pagpapanumbalik ng tirahan, upang iwasan ang mga pagkaantala sa proyekto at itaas ang halaga ang perang ginagasta sa pagpapatupad ng proyekto.

(b) Ang mga proyektong idinisenyo unang-una upang protektahan ang mga dumarayong ibon sa pamamagitan ng pagtatamo, karapatan sa paggamit,

pagpapanumbalik, o ibang mga proyekto ay dapat na kaayon ng mga plano at rekomendasyon na itinatag ng pederal na Magkasamang Pagkilos sa Dumarayong Ibon na pagbabakasan na sumasaklaw sa mga bahagi ng California.

(c) Anumang ahensiyang nagkakaloob ng mga pondo alinsunod sa dibisyong ito sa mahihirap na komunidad o mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya ay maaaring magkaloob ng pagpopondo upang tulungan ang mga komunidad na ito sa pag-aaplay para sa pagpopondong iyon, kabilang ang teknikal at pagsusulat ng gawad na tulong. Ang mga pondong ito ay maaaring ipagkaloob sa mga dinagtutubong organisasyon at mga lokal na pampublikong ahensiya na tumutulong sa mga komunidad na ito.

(d) Anumang ahensiyang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring makipagkontrata para sa mga serbisyo ng mga distrito ng konserbasyon ng tagapagdulong alinsunod sa Seksyon 9003 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulong.

(e) Ang mga ahensiya ay maaaring magsama ng diperang mga kontribusyon na hanggang 25 porsiyento ng kabuuang gastos ng proyekto bilang bahagi ng pagbahagi ng gastos. Ang mga ahensiya ay maaaring magsama ng halaga ng ibinigay na lupa sa isang may diskuwentong pagbebenta bilang bahagi ng pagbahagi ng gastos.

(f) Ang mga ahensiyang nagsasaalang-alang ng mga mungkahi para sa pagtatamo ng mga lupa ay dapat ding magsaalang-alang ng iminungkahing pinal na may-ari ng lupa upang panatilihin ito sa isang kondisyon na magpoprotekta sa mga halaga na ito ay tatamuhin at upang hadlangan ang anumang mga problema na maaaring mangyari sa mga katabing lupa kung ang lupa ay hindi wastong pinamamahalaan.

(g) Ang mga ipinagkakatiwalang pondo na itinatag alinsunod sa dibisyong ito ay dapat pamahalaan alinsunod sa mga iniaatas ng Batas sa Magkakatulad ng Maingat na Pamamahala ng mga Pondo ng Institusyon (Bahagi 7 (nagsisimula sa Seksyon 18501) ng Dibisyon 9 ng Kodigo sa Probate).

(h) Ang mga proyektong idinisenyo unang-una upang protektahan ang tirahang riparian sa pamamagitan ng pagtatamo, mga karapatan sa paggamit, pagpapanumbalik o ibang mga proyekto ay dapat magsaalang-alang ng mga plano at rekomendasyon na itinatag ng Programang Konserbasyon ng Tirahang Riparian ng California alinsunod sa Kabanata 4.1 (nagsisimula sa Seksyon 1385) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(i) Ang nangangasiwang ahensiya ay dapat magkaloob ng paunang bayad na 50 porsiyento ng mga gawad para sa mga proyektong natutugunan ang pareho ng mga sumusunod na pamantayan:

(1) Ang may-panukala ng proyekto ay isang mahirap na komunidad o karapat-dapat na entidad gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 86166 o ang proyekto ay pinakikinabangan ng isang mahirap na komunidad.

(2) Ang gawad para sa proyekto ay wala pang isang milyong dolyar (\$1,000,000).

(j) Ang mga gastos ng karapat-dapat na gawad ay dapat kabilang ang mga hindi tuwirang gastos gaya ng nilinaw sa mga alituntunin ng pederal na Opisina ng Pamamahala at Badyet, gayon din ang mga makatwirang gastos sa pangangasiwa.

(k) Ang ahensiyang tumatanggap ng mga pondong idinisenyo para sa mga ispesipikong programa o ginawaran ay dapat magpadali ng paggasta o paglipat ng mga pondong iyon sa pinakakaunting prosesong kailangan upang sumunod sa mga kasalukuyang batas at regulasyon ng estado at ng mga iniaatas ng dibisyong ito. Hangarin ng dibisyong ito na ang paggasta o paglipat ng mga pondo ay dapat na episyente, matipid, at mabilis at pangkaraniwang dapat mangyari nang hindi lalampas sa 90 araw mula sa ipinakitang pagiging karapat-dapat ng tatanggap ng mga pondong hiniling.

86152. Ang mga ahensiya ay dapat, sa abot ng makakaya, bumilang ng dami ng tubig na nalikha para sa paggamit ng tao at kapaligiran na resulta ng mga iminungkahing paggastang ginagawa nila alinsunod sa dibisyong ito. Ang mga ahensiya ay dapat, hanggang makakaya, na bumilang ng pagpapahusay sa kalidad ng tubig na nalikha para sa paggamit ng tao at kapaligiran na resulta ng mga iminungkahing paggastang ginagawa nila alinsunod sa dibisyong ito.

86153. Kung kaayon ng ibang mga tadhana ng dibisyong ito, ang mga pambuong-estadong ahensiya na gumagawa ng mga gawad alinsunod sa dibisyong ito ay dapat maghangad na ilaan ang mga pondo nang patas sa mga karapat-dapat na proyekto sa buong estado, kabilang ang hilaga at timog na bahagi ng California, mga rehiyong baybayin at loob ng lupa, at paanan ng burol ng Sierra at Cascade at mga rehiyon ng bundok.

86154. Ang mga aplikante para sa mga gawad alinsunod sa dibisyong ito ay dapat magpabatid kung ang mungkahing gawad ay kaayon ng lokal na isinamang plano sa pamamahala ng panrehiyong tubig, kung mayroon nito. Gayunman, ang pagiging kaayon ng pinagsamang plano sa pamamahala ng panrehiyong tubig ay hindi dapat iatas bilang isang kondisyon ng anumang gawad, at ang mga mungkahi ng gawad ay hindi dapat bigyan ng mas mababang prioridad kung ang mga ito ay hindi kaayon ng pinagsamang panrehiyong mga plano sa pamamahala ng tubig.

86155. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng dibisyong ito, ang isang lokal na ahensiya na may

populasyon na mas mababa kaysa 100,000 at isang panggitnang kita ng sambahayan na mas mababa kaysa 100 porsiyento ng pangkaraniwang kita ng sambahayan sa estado ay dapat atasan na magkaloob ng mga panumbas na pondo na hindi hihigit sa 35 porsiyento para sa isang gawad para sa isang proyekto na buong nasa loob ng kanilang hurisdiksyon. Ang mga ahensiya ng estado na gumagawa ng mga gawad sa mga lokal na pampublikong ahensiya na ito ay maaaring magkaloob ng pagpopondo bago ang konstruksyon ng mga bahagi ng proyekto kung ang ahensiya ng estado ay nagpasiya na ang pag-aatas sa lokal na pampublikong ahensiya na maghintay ng pagbabayad hanggang ang proyekto ay makumpleto ay gagawing maisasakatuparan ang proyekto.

(b) Wala sa seksyong ito na nagbabawal sa isang ahensiya ng estado na gumawa ng isang gawad sa isang mahirap na komunidad o lugar na lubhang mahina ang ekonomiya na hindi nag-aatas ng pagbahagi sa gastos.

86156. Anumang muling pagbabayad ng mga utang na ginawa alinsunod sa dibisyong ito, kabilang ang mga pagbabayad ng interes, at mga kita ng interes, ay dapat ideposito sa pondo at dapat ihanda para sa mga layunin lamang ng kabanata o seksyon na nag-awtorisa sa utang.

86157. (a) Bawat ahensiya ng estado na tumatanggap ng paglalaan ng pagpopondo na inihanda ng dibisyong ito ay dapat maging responsable sa pagtatatag ng mga sukatan ng tagumpay at pag-uulat ng katayuan ng mga proyekto at lahat ng paggamit ng mga pagpopondo sa Web site sa Internet ng pananagutan sa bono ng estado.

(b) Ang bawat ahensiya ng estado na tumatanggap ng paglalaan ng pagpopondo na inihanda ng dibisyong ito ay dapat gumawa ng mga sumusunod:

(1) Tayahin ang mga resulta ng mga proyektong pinopondohan ng dibisyong ito.

(2) Isama sa pag-uulat ng ahensiya alinsunod sa Seksyon 86003 ang pagtayang inilarawan sa subdibisyon (a).

(3) Papanagutin ang ginawaran ng mga pondo para sa pagkumpleto ng mga proyektong pinopondohan ng dibisyong ito sa tamang panahon at nasa loob ng saklaw.

86158. (a) Para sa mga proyektong isinasakatuparan ng mga ahensiya ng estado alinsunod sa dibisyong ito, hanggang 10 porsiyento ng mga pondong inilaan para sa bawat programang pinopondohan ng dibisyong ito ay maaaring gastahin para sa pagpapalano, pagsubaybay, at pag-uulat na kailangan para sa matagumpay na disenyo, pagpili, at pagpapatupad ng mga proyekto at ang beripikasyon ng mga benepisyo. Ang isang karapat-dapat na entidad na tumatanggap ng isang gawad para sa isang proyekto alinsunod sa dibisyong ito ay maaari ring tumanggap ng sapat na mga pagpopondo

para sa pagpapalano, pagsubaybay, at pag-uulat na kailangan para sa matagumpay na disenyo, pagpili, at pagpapatupad ng mga proyekto. Ang seksyong ito ay hindi dapat gumawa ng pagtatakda sa mga pondong pangkaraniwang ginagamit ng isang ahensiya para sa “mga pangunahing plano,” “mga guhit ng gagawin,” at “konstruksyon” para sa isang proyektong kapital na paglalaan o proyektong gawad.

(b) Ang mga fee para sa permiso at pagsusuri ng plano at mga makatwirang pangangasiwaan at hindi tuwirang mga fee sa proyekto at mga gastos na may kaugnayan sa pamamahala ng konstruksyon ay dapat ituring na bahagi ng mga gastos sa konstruksyon. Ang mga gastos sa proyekto para sa pagpapalano at disenyo ng proyekto, at tuwiran at di-tuwirang mga gastos na pampangasiwaan ay dapat tukuyin bilang isang nakahiwalay na linya sa badyet ng proyekto.

86159. Sa kabila ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang pagpopondong ipinagkaloob alinsunod sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 86080) at Kabanata 8 (nagsisimula sa Seksyon 86120) ay maaaring gamitin para sa mga gawad at utang sa mga di-nagtutubong organisasyon upang muling bayaran ang pagtustos na inilarawan sa Seksyon 22064 ng Kodigo sa Pananalapi sa mga proyektong kaayon ng mga layunin ng mga kabanatang ito.

86160. Hindi hihigit sa isang kabuuang 5 porsiyento ng mga pondong inilalaan sa anumang ahensiya ng estado sa ilalim ng dibisyong ito ay maaaring gamitin upang bayaran ang mga gastos nito sa pangangasiwa ng mga programa at proyekto na tinukoy sa dibisyong ito.

86161. (a) Ang mga datos sa pagsubaybay sa kalidad ng tubig ay dapat tipunin at iulat sa lupon ng estado sa isang paraan na katugma at kaayon ng mga sistema ng pagsubaybay ng pang-ibabaw na tubig o mga sistema ng pagsubaybay ng mga datos ng tubig sa ilalim ng lupa na pinangangasiwaan ng lupon ng estado, kaayon ng Bahagi 4.9 (nagsisimula sa Seksyon 12400) ng Dibisyong 6. Ang mga datos sa pagsubaybay ng himpilan ng tubig ay dapat tipunin at iulat sa Kagawaran ng Konserbasyon sa isang paraan na katugma at kaayon ng pambuong-estadong programa sa himpilan ng tubig na kaayon ng pambuong-estadong programa sa himpilan ng tubig na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Konserbasyon.

(b) Ang mga ahensiya ng estado na gumagawa ng mga gawad o pautang alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring isama ang mga ispesipikong paggasta para sa pagsunod sa lokal, pang-estado, at pederal na pagbibigay ng permiso at ibang mga iniaatas.

(c) Hanggang 1 porsiyento ng mga pondong inilalaan para sa bawat programang pinopondohan ng dibisyong ito ay maaaring gastahin para sa pananaliksik sa mga paraan upang pahusayin ang

panustos na tubig tirahan na may kaugnayan sa tubig, at kalidad ng tubig na may-kaugnayan sa programang iyon, bilang karagdagan sa anumang ibang mga halagang ipinagkaloob para sa dibisyong ito.

86162. (a) Bago ang pamamahagi ng mga gawad o pautang alinsunod sa dibisyong ito, ang bawat ahensiya ng estado na tumatanggap ng paglalaan mula sa pagpopondong inihanda ng dibisyong ito upang pangasiwaan ang isang programang gawad o pautang sa ilalim ng dibisyong ito ay dapat bumuo at magpatibay ng mga alituntunin sa pangilingilak at pagtaya na kaugnay ng proyekto. Ang mga alituntunin ay dapat kabilang ang mga iniaatas sa pagsubaybay at pag-uulat at maaaring kabilang ang isang limitasyon sa dolyar na halaga ng bawat pautang ng naggawad na ibibigay. Ang mga alituntunin ay hindi dapat kasama ang isang pagbabawal sa pagbawi ng makatwirang mga gastos sa pangangasiwa o di-tuwirang mga gastos ng mga lokal na pampublikong ahensiya, mga tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon. Kung ang ahensiya ng estado ay nakabuo na dati at nagpatibay ng mga alituntunin sa pangilingilak at pagtaya na kaugnay ng proyekto na sumusunod sa mga iniaatas ng dibisyong ito, maaari nitong gamitin ang mga alituntunin na iyon. Ang pampangasiwaan o di-tuwirang mga gastos na natamo ng isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon ay karapat-dapat para sa pagsasauli at hindi dapat makaapekto nang masama sa pagtaya ng mga mungkahing pagpopondo alinsunod sa dibisyong ito.

(b) Bago ang pamamahagi ng mga gawad o pautang, ang ahensiya ng estado ay dapat magsagawa ng tatlong panrehiyong pampublikong pulong upang isaalang-alang ang mga komento ng publiko bago ang gawing pinal ang mga alituntunin. Ang ahensiya ng estado ay dapat maglathala ng burador na mga alituntunin sa pangilingilak at pagtaya sa Web site nito sa Internet nang hindi kukulangin sa 30 araw bago ang mga pampublikong pulong. Ang isang pulong ay dapat isagawa sa isang lokasyon sa hilagang California, ang isang pulong ay dapat isagawa sa isang lokasyon sa central valley ng California, at isang pulong ang dapat isagawa sa isang lokasyon sa timog California. Ang mga ahensiyang walang hurisdiksiyon sa isa o higit sa tatlong rehiyong ito ay maaaring mag-alis ng mga pulong sa rehiyon o mga rehiyon kung saan wala silang hurisdiksiyon. Pagkatapos pagtibayin, ang ahensiya ng estado ay dapat magpadala ng mga kopya ng alituntunin sa mga lokal na komite sa pananalapi at sa angkop na mga komite sa patakaran ng Lehiislatura.

(c) Hindi kukulangin sa 45 araw bago ang pangilingilak ng mga proyekto alinsunod sa dibisyong ito, ang isang ahensiya ng estado na nangangasiwa ng mga pondo alinsunod sa dibisyong ito ay dapat magpabatid sa isang elektronikong anyo ng mga

alituntunin para sa mga aplikante ng gawad sa website nito. Ang mga alituntunin sa pangingilak at pagtaya na kaugnay ng proyekto ay dapat magsama lamang ng pamantayan batay sa mga angkop na iniaatas ng dibisyong ito.

(d) Wala sa dibisyong ito na gumagawa ng pagtatakda sa mga ahensiya sa pagpapatupad at pagsunod sa mga kasalukuyang batas.

86163. Ang bawat proyektong pinopondohan mula sa dibisyong ito ay dapat sumunod sa mga sumusunod na iniaatas:

(a) Ang pamumuhunan ng mga pampublikong pondo alinsunod sa dibisyong ito ay magresulta sa mga pampublikong benepisyo na tumutugon sa pinakamahalagang pambuong-estadong pangangailangan at prioridad para sa pampublikong pagpopondo, gaya ng ipinasiya ng ahensiya na namamahagi ng mga pondo.

(b) Sa paglalaan at paggasta ng pagpopondong inawtorisa ng dibisyong ito, ang prioridad ay ibibigay sa mga proryektong gumagamit ng pribado, pederal, o lokal na pagpopondo o lumilikha ng pinakamalaking benepisyo sa publiko. Lahat ng ahensiya ng estado na tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa dibisyong ito ay dapat maghanda ng paggamit ng mga pondo sa pinakamalaking posible, pero ang mga ahensiya ay dapat magsaalang-alang ng limitadong kakayahan na bumahagi sa gastos ang malililit na pampublikong ahensiya, at ang mga ahensiya naghahangad na makinabang ang mahihirap na komunidad at mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya.

(c) Ang isang pinopondohang proyekto ay dapat magsulong ng mga layunin ng kabanata o artikulo mula kung saan ang proyekto ay tumanggap ng pagpopondo.

(d) Sa paggawa ng mga desisyon na nauukol sa mga tagapagdulot ng tubig alinsunod sa dibisyong ito, ang pang-estado at lokal na ahensiya ay gagamit ng pinakamahusay na nakahandang agham upang ipagbigay-alam ang mga desisyong ito.

(e) Hanggang makakaya, ang isang proyektong sinusuportahan ng mga pondong inihanda ng dibisyong ito ay magsasama ng mga tandang nagbibigay-alam sa publiko na ang proyekto ay tumatanggap ng mga pondo mula sa Batas ng 2018 sa Panustos na Tubig at Kalidad ng Tubig.

(f) Hanggang maisasagawa, ang mga proyektong pinopondohan ng mga nalikom mula sa dibisyong ito ay dapat magtaguyod ng mga prioridad sa pagpapalano ng estado na kaayon ng mga tadhana ng Seksyon 65041.1 ng Kodigo ng Pamahalaan at mga maipagpapatuloy ng istrategiya sa mga komunidad na kaayon ng mga tadhana ng subtalataan (B) ng talataan (2) ng talataan (b) ng Seksyon 65080 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(g) Hanggang maisasagawa, ang mga layunin ng himpilan ng tubig para sa mga pribadong lupa na kasama sa dibisyong ito ay dapat makamit sa pamamagitan ng paggamit ng mga karapatan sa paggamit ng konserbasyon at boluntaryong paglahok ng may-ari ng lupa, kabilang ang, pero hindi limitado sa, paggamit ng walang katapusang mga karapatan sa paggamit para sa konsentrasyon alinsunod sa Dibisyong 10.2 (nagsisimula sa Seksyon 10200) at Dibisyong 10.4 (nagsisimula sa Seksyon 10330) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, mga mekanismo sa boluntaryong palitan ng kredito sa tirahan, at mga aksyon para sa konsentrasyon sa mga pribadong lupa.

86164. Ang mga pondong ipinagkakaloob ng dibisyong ito ay hindi dapat gastahin upang bayaran ang mga gastos sa disenyo, konstruksyon, pagpapatakbo, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga pasilidad ng transportasyon sa Delta. Ang mga gastos na iyon ay responsibilidad ng mga ahensiya ng tubig na makikinabang sa disenyo, konstruksyon, pagpapatakbo, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga pasilidad na iyon.

86165. (a) Ang dibisyong ito ay hindi nagbabawas, nagpapahina, o nakakaapekto sa anumang paraan sa anumang lugar na pinagmulan, pinagmulang himpilan ng tubig, pinagmulang county, o anumang ibang mga proteksiyon ng mga karapatan sa tubig, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga karapatan sa tubig na inilalaan bago ang ika-19 ng Disyembre, 1914, na itinatatadhana sa ilalim ng batas. Ang dibisyong ito ay hindi naglilimita o nakakaapekto sa paggamit ng Artikulo 1.7 (nagsisimula sa Seksyon 1215) ng Kabanata 1 ng Bahagi 2 ng Dibisyong 2, mga Seksyon 10505, 10505.5, 11128, 11460, 11461, 11462, at 11463, at mga Seksyon 12200 to 12220, inklusibo.

(b) Para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang isang lugar na gumagamit ng tubig na inililimita at inihahatid mula sa haydrolojikong rehiyon ng Sacramento River, para sa paggamit sa labas ng haydrolojikong rehiyon ng Sacramento River o ng Delta, ay hindi dapat ituring na katabi nito o may kakayahang maginhawang tustusan ng tubig sa pamamagitan ng o dahil sa paglihis at paghahatid ng tubig na ito sa pamamagitan ng mga pasilidad na maaaring itayo para sa layuning iyon pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2018.

(c) Wala sa dibisyong ito na nagpapawalang-saysay, naglilimita, o nagbabago sa pagiging angkop ng Kabanata 10 (nagsisimula sa Seksyon 1700) ng Bahagi 2 ng Dibisyong 2, kabilang ang mga petisyon na may kaugnayan sa anumang bagong paghahatid na itinayo o pinatatakbo alinsunod sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 85320) ng Bahagi 4 ng Dibisyong 35.

(d) Maliban kung malinaw na itinatatadhana, wala sa dibisyong ito ang nagpapawalang-saysay,

nagbabawas, o nakakaapekto sa mga kasalukuyang proteksiyon ng batas, sa pamamaraan at nilalaman, na may kaugnayan sa regulasyon ng lupon ng estado o paglihis at paggamit ng tubig, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga priyoridad sa karapatan sa tubig, ang proteksiyong ipinagkakaloob sa mga munisipal na interes ng mga Seksyon 106 at 106.5, at mga pagbabago sa mga karapatan sa tubig. Wala sa dibisyong ito na nagpapalawak o nagbabago sa kasalukuyang awtoridad ng lupon ng estado upang pangasiwaan ang paglihis at paggamit ng tubig o kasalukuyang kasabay ng hurisdiksyon ng mga hukuman sa mga karapatan sa tubig ng California.

(e) Wala sa dibisyong ito na dapat ipakahulugan na makakaapekto sa Batas sa Mapanligaw at mga Matanawing Ilog ng California (Kabanata 1.4 (nagsisimula sa Seksyon 5093.50) ng Dibisyon 5 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot) o ng pederal na Batas sa Mapanligaw at mga Matanawing Ilog (16 U.S.C. Seksyon 1271 at kasunod) at mga pondong inawtorisa alinsunod sa dibisyong ito ay hindi dapat ihanda para sa anumang proyekto na maaaring magkaroon ng masamang epekto sa mga halaga na ipinagkakaloob sa mapanligaw at matanawing ilog o anumang ibang ilog alinsunod Batas sa Mapanligaw at mga Matanawing Ilog o ng pederal na Batas sa Mapanligaw at mga Matanawing Ilog.

(f) Wala sa dibisyong ito na nagpapawalang-saysay, naglilimita, o nagbabago sa Batas ng 2009 sa Reporma sa Sacramento-San Joaquin Delta (Dibisyon 35 (nagsisimula sa Seksyon 85000)) o anumang ibang angkop na batas, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Dibisyon 22.3 (nagsisimula sa Seksyon 32300) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

(g) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, anumang ahensiya o di-nagtutubong organisasyon na nagtatamo ng lupa alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring gumamit ng Batas ng 2000 sa Kredito sa Buwis para sa Pangangalaga ng Likas na Pamana (Dibisyon 28 (nagsisimula sa Seksyon 37000) ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot). Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa dibisyong ito na hindi itinalaga para sa mga programang paligsahang gawad ay maaari ring gamitin para sa mga layunin ng pagsasauli sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Batas ng 2000 sa Kredito sa Buwis para sa Pangangalaga ng Likas na Pamana.

(h) Ang mga pondong ipinagkakaloob alinsunod sa dibisyong ito, at ang anumang paglalaan o paglipat ng mga pondong iyon, ay hindi dapat ituring na paglipat ng mga pondo para sa mga layunin ng Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 2780) ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Buhay.

86166. (a) Ang mga aplikanteng karapat-dapat tumanggap ng mga gawad, pautang, at kontrata alinsunod sa dibisyong ito ay mga pampublikong ahensiya, mga unibersidad ng estado, kabilang ang

pinamamahalaan ng unibersidad na mga pambansang laboratoryo, mga distrito ng konserbasyon ng tagapagdulot, ang mga di-nagtutubong organisasyon, mga pampublikong utilidad, mutuwal na mga kompanya ng tubig, mga sistema ng pampublikong tubig gaya ng nilinaw sa subdibisyon (h) ng Seksyon 116275 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, mga tagatustos ng tubig sa kalunsuran gaya ng nilinaw sa Seksyon 10617 ng Kodigo sa Tubig, pederal na kinikilalang mga tribong Indiyan, mga pederal na ahensiyang nag-aarai o namamahala ng lupa sa California, at mga tribong Indiyan ng estado na nakalista sa Listahan ng Pagsangguni sa Tibo ng California ng Komisyon sa Pamana ng Katutubong Amerikano. Ang mga ahensiya ng estado na naggagawad ng mga pondo alinsunod sa dibisyong ito ay dapat magbigay ng priyoridad sa mga karapat-dapat na aplikante na may karanasan sa pagpapalano, pagdisenyo, at pagbuo ng mga uri ng proyektong tumatanggap ng pagpopondo mula sa mga ahensiya, o may daan sa tulong sa pagsangguni sa mga lugar na ito.

(b) (1) Upang maging karapat-dapat sa pagpopondo sa ilalim ng dibisyong ito, ang isang proyektong iminungkahi ng isang pampublikong utilidad na pinangangasiwaan ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad, o isang mutuwal na kompanya ng tubig, ay dapat magkaroon ng isang malinaw at tiyak na pampublikong layunin at ang proyekto ay pakinabangan ng mga parokyoano ng sistema ng tubig at hindi ng mga mamumuhunan.

(2) Upang maging karapat-dapat sa pagpopondo sa ilalim ng subdibisyong ito, ang isang tagatustos ng tubig sa kalunsuran ay dapat nagpatibay at nagsumite ng isang plano sa pamamahala ng tubig sa kalunsuran alinsunod sa Batas sa Pagpapalano ng Pamamahala ng Kalunsuran (Bahagi 2.6 (nagsisimula sa Seksyon 10610) ng Dibisyon 6).

(3) Upang maging karapat-dapat sa pagpopondo sa ilalim ng dibisyong ito, ang isang tagatustos ng tubig sa kalunsuran ay dapat nagpatibay at nagsumite ng isang plano sa pamamahala ng tubig sa kalunsuran alinsunod sa Batas sa Pagpapalano ng Pamamahala ng Kalunsuran (Bahagi 2.8 (nagsisimula sa Seksyon 10800) ng Dibisyon 6).

(4) Alinsunod sa Seksyon 10608.56, ang isang tagatustos ng pang-agrikulturang tubig o isang tagatustos ng tubig sa kalunsuran ay hindi karapat-dapat para sa gawad na pagpopondo sa ilalim ng dibisyong ito maliban kung ito ay sumusunod sa mga iniaatas ng Bahagi 2.55 (nagsisimula sa Seksyon 10608) ng Dibisyon 6.

(5) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng dibisyong ito, ang mga ahensiyang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring magbawas o mag-alis ng mga iniaatas na pagbahagi sa gastos kapag gumagawa ng mga gawad na isang milyong dolyar (\$1,000,000) o mas mababa sa mga di-nagtutubong organisasyon na may mga badyet na

mas mababa kaysa isang milyong dolyar (\$1,000,000) kung ang ahensiya ay nagpasiya na ang mga naturang gawad ay magiging pinakamabisang paraan upang makamit ang mga layunin ng dibisyong ito.

86167. Kung saan magagawa, ang mga proyektong pinopondohan alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring gumamit ng mga serbisyo ng Pangkat ng Konserbasyon ng California o sertipikadong pangkat ng konserbasyon ng komunidad, gaya ng nilinaw sa Seksyon 14507.5 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot. Ang mga pampublikong ahensiyang tumatanggap ng pagpopondo sa ilalim ng dibisyong ito ay dapat magbigay ng karagdagang priyoridad sa mga proyektong kaugnay ang mga serbisyo ng Pangkat ng Konserbasyon ng California o isang sertipikadong pangkat ng konserbasyon ng komunidad, o ibang di-nagtutubong mga entidad na nagkakaloob ng mga pagkakataon sa pagsasanay para sa trabaho at edukasyon para sa mga beterano, mga tumatanggap ng tumatangkilik na pangangalaga, mga manggagawa sa bukid, o lokal na kabataan sa mga proyektong konserbasyon o pagpapanumbalik.

86168. Bawat ahensiya ng estado na tumatanggap ng paglalaan ng pagpopondo na inihanda ng dibisyong ito ay dapat maging responsable para sa pagtatag at pag-uulat sa Internet Web site ng pananagutan sa bono ng estado ng bawat isa ng mga sumusunod: mga sukatan ng tagumpay, sukatan para pakinabangan ng mahihirap na komunidad at mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya, progreso sa pagtugon sa mga sukatang iyon, katayuan ng mga proyektong pinopondohan sa ilalim ng dibisyong ito, at lahat ng mga paggamit ng pagpopondo ng ahensiya ng estado na tinatanggap sa ahensiya ng estado sa ilalim ng dibisyong ito. Ang Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot ay dapat mag-ulat taun-taon sa Lehislatura ng mga paggastang ginawa alinsunod sa dibisyong ito, at ang mga benepisyong nakuha mula sa mga paggastang ito.

86169. Ang mga nalikom ng mga bono na inilabas at ibenta alinsunod sa dibisyong ito, hindi kasama ang mga nalikom ng anumang muling nagpopondong mga bono na inilabas alinsunod sa Seksyon 86192, ay dapat ideposito sa Pondo ng 2018 ng Pagiging Maaasahan ng Panustos na Tubig at Proteksiyon sa Tagtuyot, na sa pamamagitan nito ay nililikha sa Tesorerya ng Estado.

86169.1. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang mga pera sa Pondo ng 2018 ng Pagiging Maaasahan ng Panustos na Tubig at Proteksiyon sa Tagtuyot ay patuloy na inilalaan nang hindi isinasalang-alang ang taon ng pananalapi para sa mga layunin ng dibisyong ito sa paraang nakasaad sa dibisyong ito. Ang mga pondong inawtorisa ng at inihanda alinsunod sa dibisyong ito ay dapat ihanda at gastahin lamang gaya ng

itinatadhana sa dibisyong ito at hindi dapat sumailalim sa paglalaan o paglipat ng Lehislatura o ng Gobernador para sa anumang ibang layunin.

86170. Ang Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyong 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan ay hindi paiiralin sa pagbuo o pagpapatupad ng mga programa o proyekto na inawtorisa o pinopondohan sa ilalim ng dibisyong ito.

86171. (a) Ang mga pondong ipinagkakaloob ng dibisyong ito ay hindi dapat gamitin upang suportahan o bayaran ang mga gastos sa mitigasyong pangkapaligiran, maliban sa mga gastos ng mitigasyong pangkapaligiran para sa mga proyektong pinopondohan alinsunod sa dibisyong ito.

(b) Ang mga pondong ipinagkakaloob ng dibisyong ito ay dapat gamitin para sa mga pagpapahusay na pangkapaligiran o ibang mga pampublikong benepisyong.

(c) Sa kabila ng mga subdibisyon (a) at (b), ang mga gastos sa mitigasyon ng mga epektong pangkapaligiran nang tuwiran na may kaugnayan at limitado sa mga paggasta sa ilalim ng dibisyong ito ay maaaring ibayad ng mga pondong ipinagkakaloob ng dibisyong ito.

(d) Ang mga pondong inihanda ng dibisyong ito ay hindi dapat gastahin upang bayaran ang mga gastos ng disenyo, konstruksyon, pagpapatakbo, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga pasilidad ng transportasyon sa Delta.

86172. Bawat entidad na nagpapatupad ng dibisyong ito ay dapat magbigay ng pinakamataas na priyoridad sa mga proyektong pagpopondo na nagsasama ng mataas na katipiran, tibay, at pinahusay na kalidad na pangkapaligiran.

86174. Ang mga pagtatamo alinsunod sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 86080) ng dibisyong ito ay dapat na mula sa mga gustong magbenta lamang.

86177. Ang iniaatas na ang isang proyekto ay dapat na matipid ay hindi nag-aatas ng isang buong benepisyong at pagsusuri ng gastos.

86178. Ang mga ahensiyang nagpapatupad ng dibisyong ito ay dapat magbigay ng espesyal na pagsasaalang-alang sa mga proyektong gumagamit ng bago o malilikhaing teknolohiya o gawain, kabilang ang mga kasangkapan ng suporta sa desisyon na sumusuporta sa pagsasama ng maraming istrategiya at hurisdiksiyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, panustos na tubig, pagbawas ng malaking sunog, pagpapahusay ng tirahan, pagkontrol ng mapanakop na damo, pagkontrol ng baha, paggamit ng lupa, at sanitasyon.

86179. Anumang kontrata, kabilang ang isang kontrata upang magbigay ng isang gawad, sa pagitan ng isang pampublikong ahensiya, tribong Indiyano, o di-nagtutubong organisasyon at ng Kagawaran ng

Isda at Ligaw na Buhay o ng Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay para sa trabahong pinopondohan alinsunod sa dibisyong ito, o alinsunod sa Dibisyon 26.7 (nagsisimula sa isang kontratang napapailalim sa mga iniaatas ng Seksyon 79700) ay dapat ituring na isang kontratang napapailalim sa iniaatas ng Seksyon 1501.5 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, at dahil doon ay hindi dapat ituring na isang pampublikong gawain o isang pampublikong pagpapahusay, at hindi napapailalim sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 1720) ng Bahagi 7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Paggawa.

86179.1. *Ang prioridad ay dapat ibigay sa paggasta ng mga pondo sa mga aktibidad na nakakaapekto ng Delta at ang klaseng umaasa dito na pangkaraniwang kaayon ng ulat “Binagong Delta: Isang Gabay sa Batay sa Agham na Ekolohikal na Pagpapanumbalik sa Sacramento-San Joaquin Delta” inihanda noong 2016 ng San Francisco Estuary Institute-Sentro ng Agham na Pantubig.*

86179.2. *Sa pagbibigay ng mga gawad na gagawin ng anumang ahensiya alinsunod sa batas na ito o Dibisyon 26.7 (nagsisimula sa Seksyon 79700) pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, ang pampangasiwaan o di-tuwirang mga gastos na natamo ng isang lokal na pampublikong ahensiya, tribong Indiyang, o di-nagtutubong organisasyon ay karapat-dapat para sa pagsasauli at hindi dapat makaapekto nang masama sa pagtaya ng mga mungkahing pagpopondo alinsunod sa dibisyong ito. Ang mga gastos ng karapat-dapat na gawad ay dapat kabilang ang mga hindi tuwirang gastos gaya ng nilinaw sa mga alituntunin ng pederal na Opisina ng Pamamahala at Badyet, gayon din ang mga makatwirang gastos sa pangangasiwa. Para sa mga di-nagtutubong organisasyon, ang mga gawad ay dapat magkaloob para sa pagsasauli ng mga di-tuwirang gastos sa pamamagitan ng paggamit ng pederal na pinagkasunduang di-tuwirang antas ng gastos ng organisasyon, kung mayroon nito. Kung walang pinakasunduang antas, ang organisasyon ay maaaring pumiling gamitin ang ipinapapalagay na di-tuwirang antas ng gastos na 10 porsiyento ng binagong kabuuang mga tuwirang gastos nito gaya ng nilinaw ng pederal na Opisina ng Pamamahala at Badyet.*

86179.3. *Walang mga gawad na ginawa alinsunod sa dibisyong ito na dapat magresulta sa isang hindi pinagaan na pagtaas sa pagkahantad ng isang komunidad sa mga panganib ng baha o sa isang netong pagbawas sa kapasidad ng paghahatid na kaugnay ng baha ng anumang pasilidad ng proteksiyon sa baha na pag-aari ng publiko.*

86179.4. *Sa pagbibigay ng mga gawad para sa pagtatamo ng lupa, ang Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw na Buhay ay dapat magbigay ng pagtatangi sa mga organisasyon na boluntaryong nagbabayad ng mga buwis sa ari-arian.*

KABANATA 13. MGA TADHANA SA PANANALAPI

86180. (a) *Ang mga bono na nasa kabuuang halaga na walong bilyon walong daan pitumpu't-pitong milyong dolyar (\$8,877,000,000), o anumang halagang kailangan, hindi kasama ang halaga ng anumang muling pinopondohan na mga bono na inilabas alinsunod sa Seksyon 86192 ay maaaring ilabas at ibenta upang magkaloob ng isang pondong magagamit sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa dibisyong ito at mabayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga bono, kapag naibenta, ay dapat bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang pagtitiwala at kredito ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay ipinangangako para sa nasa oras na pagbabayad ng pareho ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes at dapat at mababayaran na.*

(b) *Ang Ingat-yaman ay dapat magbenta panapanahon ng mga bonong inawtorisa ng komite alinsunod sa Seksyon 86182. Dapat ibenta ang mga bono batay sa mga tuntunin at kundisyong tinukoy sa isang resolusyon na pagtitibayin ng komite alinsunod sa Seksyon 16731 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

86181. *Ang mga bonong inaawtorisa ng bahaging ito ay dapat ihanda, isagawa, ilabas, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono at lahat ng tadhana ng batas na iyon, na maaaring susugan, ay gagamitin sa mga bono at sa dibisyong ito at sa pamamagitan nito ay isinasama sa dibisyong ito na waring nakasaad nang buo sa dibisyong ito, maliban sa mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

86182. (a) *Tanging para sa layunin ng pagawtorisa ng paglalabas at pagbebenta alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado ng mga bonong inawtorisa ng dibisyong ito, ang Komite sa Pananalapi ng Pagiging Maaasahan ng Panustos a Tubig at Proteksiyon sa Tagtuyot ay nililikha sa pamamagitan nito. Para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang Komite sa Pananalapi ng Pagiging Maaasahan ng Panustos a Tubig at Proteksiyon sa Tagtuyot ay ang “komite,” kung paano ginamit ang katawagang iyon sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado.*

(b) *Ang komite sa pananalapi ay binubuo ng Direktor ng Pananalapi, ng Ingat-yaman, at ng Kontroler. Sa kabila ng anumang ibang itinatadhana ng batas, ang sinumang miyembro ay maaaring magtalaga ng kinatawan na kikilos bilang miyembrong iyon sa kanyang lugar para sa lahat ng layunin, na parang personal na naroon ang miyembro.*

(c) Ang Ingat-yaman ang magsisilbing tagapangulo ng komite sa pananalapi.

(d) Maaaring kumilos para sa komite sa pananalapi ang mayoriya ng komite sa pananalapi.

86183. Ang komite sa pananalapi ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa ng dibisyong ito upang isakatuparan ang mga aksyong tinukoy sa dibisyong ito at, kung ganoon, ang halaga ng mga bonong dapat ilabas at ibenta. Ang magkakasunod na paglalabas ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang maisakatuparan ang mga aksyon nang progresibo, at hindi kailangang ang lahat ng bonong inawtorisang ilabas ay ibenta sa anumang isang pagkakataon.

86184. Para sa mga layunin ng Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang "lupon," gaya ng nilinaw sa Seksyon 16722 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay nangangahulugang ang Kalihim ng Ahensiya ng mga Likas na Tagapagdulot.

86185. Dapat singilin bawat taon at sa paraan at panahong kapareho ng pagsingil ng ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, ang isang kabuuang halaga na iniaatas upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inaatasan ng batas ng anumang tungkuling nauugnay sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang bawat kinakailangang pagkilos upang masingil ang nabanggit na karagdagang halaga.

86186. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito, ay may inilalaang halaga mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesoreriya ng Estado, para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang halagang katumbas ng kabuuan ng sumusunod:

(a) Ang kinakailangang halaga taun-taon upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa dibisyong ito, kapag kailangan at maari nang bayaran ang nabanggit na prinsipal at interes.

(b) Ang kinakailangang kabuuan upang maisakatuparan ang mga tadhana ng Seksyon 86189, na inilaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

86187. Ang lupon ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera upang gumawa ng pautang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan sa Pinagsama-samang Pera, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa layuning isakatuparan ang dibisyong ito ibinawas ang anumang halagang kinuha alinsunod sa Seksyon 86189. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta, hindi kasama ang muling nagpopondong bono na inawtorisa alinsunod Seksyon 86192, para sa

layuning isakatuparan ang dibisyong ito. Dapat pagtibayin ng lupon ang mga dokumentong iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Ang anumang mga halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo upang mailaan alinsunod sa dibisyong ito.

86188. Sa kabila ng anumang iba pang tadhana ng dibisyong ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung magbebenta ang Ingat-yaman ng mga bono na may opinyon ng konseho ng bono na ibukod ang interes ng mga bono sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon o kaya naman ay may karapatan sa anumang benepisyong sa pederal na buwis, maaaring gumawa ang Ingat-yaman ng magkakahiwalay na kuwenta para sa pamumuhunan ng mga nalikom na bono at para sa mga kita sa pamumuhunan ng mga nalikom na iyon, at maaaring gamitin o pamahalaan ang paggamit sa mga nalikom o kitang iyon upang bayaran ang anumang pagsasauli, multa o iba pang bayaring iniaatas sa ilalim ng pederal na batas, o magsagawa ng iba pang pagkilos na nauugnay sa pamumuhunan at paggamit sa mga nalikom na bonong iyon, na maaaring iniaatas o hinihingi sa ilalim ng pederal na batas upang patuloy na hindi patawan ng buwis ang mga bonong iyon at upang makakuha ng anumang iba pang benepisyong sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

86189. Para sa mga layunin ng pagsasakatuparan ng dibisyong ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halaga o mga halagang hindi hihigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite na ibenta, hindi kasama ang muling nagpopondong bono na inawtorisa alinsunod sa Seksyon 86192, para sa layunin ng pagsasakatuparan ng dibisyong ito ibinawas ang anumang halagang hiniram alinsunod sa Seksyon 86187. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Ang anumang ilalabas na pera alinsunod sa seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, nang may kasamang halagang katumbas ng interes na kinita ng pera kung inilagay ito sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, mula sa mga nalikom na natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin ng pagsasakatuparan ng dibisyong ito.

86190. Ang lahat ng perang nakadeposito sa pondo na galing sa hulog at naipong interes ng mga naibentang bono alinsunod sa dibisyong ito ay dapat ireserba sa pondo at dapat magawang ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono, maliban na lang kung ang mga halagang galing sa hulog ay maaaring ireserba at gamiting pambayad sa halaga ng pagpapalabas ng bono bago ang anumang paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

86191. *Alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang halaga ng paglalabas ng bono ay dapat bayaran mula sa mga nalikom ng bono, kabilang ang mga hulog, kung mayroon. Kung ang gastos sa paglalabas ng bono ay hindi binayaran mula sa mga natanggap na hulog mula sa pagbebenta ng mga bono, ang mga gastos na ito ay dapat paghatian nang ayong sa proporsiyon ng bawat programang pinopondohan sa pamamagitan ng dibisyong ito ng angkop na pagbebenta ng bono.*

86192. *Ang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa dibisyong ito ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (na nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Kasama sa pag-aproba ng mga botante ng estado sa pagpapalabas ng mga bonong inilalarawan sa dibisyong ito ang pagpayag sa pagpapalabas ng anumang mga bonong inilabas upang muling pondohan ang anumang mga bonong orihinal na inilabas alinsunod sa dibisyong ito o anumang ating inilabas ng muling nagpopondong bono. Anumang bonong muling pinondohan sa pamamagitan ng mga nalikom sa mga muling nagpopondong bono gaya ng inawtorisa ng seksyong ito ay maaaring legal na pawalan ng bisa kung ipahihintulot ng batas sa paraan at saklaw na nakasaad sa resolusyon, gaya ng sinusugan sa panapanahon, na nag-aawtorisa ng muling nagpopondo na bonong iyon.*

86193. *Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na inawtorisa ng dibisyong ito ay hindi "mga nalikom ng mga buwis" kung paano ginamit ang katawagang ito sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California, at hindi napapailalim ang pagbabayad sa mga nalikom na ito sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.*

SEK. 2. Ang Seksyong 1 ng batas na ito ay dapat magkabisang kaagad pagkatapos ng pag-aproba ng mga botante ng Batas ng 2018 sa Panustos na Tubig at Kalidad ng Tubig, gaya ng nakasaad sa seksyong iyon sa pangkalahatang halalan ng ika-6 ng Nobyembre, 2018. Upang pondohan ang isang programa para sa pagiging maaasahan ng panustos na tubig at proteksiyon sa tagtuyot sa pinakamaagang posibleng petsa, kailangang magkabisang agad ang batas na ito.

SEK. 3. Magkakasalungat na Tadhana.

(a) Ang mga tadhana at intensiyon ng Batas ng 2018 sa Panustos na Tubig at Kalidad ng Tubig ay dapat mauna sa anumang batas ng estado, batas, regulasyon, o patakaran na sumasalungat sa seksyong ito, at ang patakaran at intensiyon ng batas na ito ay dapat mamayani sa anumang kasalungat na batas, kodigo, regulasyon, o patakaran.

(b) Kung ang dibisyong ito ay aprobahan ng mga botante, pero pinawalang-saysay ng anumang ibang kasalungat na dibisyong balota na inaprobahan ng mas maraming botante sa kaparehong halalan, at ang kasalungat na dibisyong balota ay pinawalang-bisa sa bandang huli, intensiyon ng mga botante na ang batas na ito ay dapat bigyan ng buong puwersa ng batas.

(c) Kung ang anumang kalaban o kasalungat na inisyatibo na nangangasiwa ng anumang bagay na tinutugunan ng batas na ito ay tumanggap ng mas mataas na sumasang-ayong boto, ang lahat ng hindi kasalungat na bahagi ng batas na ito ay dapat magkabisang.

SEK. 4. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ng paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit ng batas na ito na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang mga tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito naihihiwalay.

SEK. 5. Ang Seksyon 2799.7 ay idinaragdag sa Kodigo sa Isda at Ligaw na Buhay, upang mabasang:

2799.7. Ang Subdibisyong (f) ng Seksyon 2787 ay hindi gagamitin sa Seksyon 2795. Sa kabila ng ibang mga tadhana ng artikulong ito at Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, pagsapit ng ika-2 ng Hulyo, 2020, ang mga pondong inilipat alinsunod sa Seksyon 2795 ay dapat na patuloy na ilaan sa Lupon ng Konserbasyon ng Ligaw ng Buhay para sa mga layunin ng Kabanata 8 (nagsisimula sa Seksyon 86120) ng Dibisyong 38 ng Kodigo sa Tubig.

SEK. 6. Ang Artikulo 8 (nagsisimula sa Seksyon 11860) ay idinaragdag sa Kabanata 9 ng Bahagi 3 ng Dibisyong 6 ng Kodigo sa Tubig, upang mabasang:

Artikulo 8. Pondo ng Pagbawas sa Gas ng Greenhouse

11860. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, kabilang ang Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan at mga Seksyon 39710 hanggang 39723, inklusibo, ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ang mga fee na ibinayad, ang gastos sa mga instrumento ng pagsunod na tinamo, at ang tumaas na halaga ng enerhiyang ginamit ng Kagawaran ng mga Tagapagdulot ng Tubig bilang resulta ng pagpapatupad ng Dibisyong 25.5 (nagsisimula sa Seksyon 38500) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay patuloy na inilalaan sa kagawaran mula sa Pondo ng Pagbawas sa Gas ng Greenhouse, gaya ng nilinaw sa Seksyon 16428.8 ng Kodigo ng Pamahalaan, at ang mga fee na ibinayad, ang gastos sa mga instrumento ng pagsunod na tinamo at ang tumaas na halaga ng enerhiyang binili ng Distrito ng Tubig na Metropolitan ng Southern California (Kabanata 209 ng Mga Batas ng 1969, gaya ng sinusugan) bilang resulta ng pagpapatupad ng Dibisyong 25.5 ng Kodigo sa

Kalusugan at Kaligtasan ay patuloy na inilalaan sa distrito mula sa Pondo ng Pagbawas ng Gas ng Greenhouse, gaya ng nilinaw sa Seksyon 16428.8 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang mga pondong inilaan sa kagawaran alinsunod sa seksyong ito ay dapat gastahin sa loob ng Sistema ng Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Tubig ng Estado, at sa mga programang konserbasyon ng tubig ng mamimili sa loob ng hurisdiksyon ng Sistema ng Pagpapaunlad ng mga Tagapagdulot ng Tubig ng Estado.

(c) Ang mga pondong inilaan sa distrito alinsunod sa seksyong ito ay dapat gastahin sa loob ng sistema ng pag-iimbak ng tubig, paggamot, paghahatid, at pamamahagi ng distrito at sa mga programa sa konserbasyon ng tubig ng mamimili sa loob ng hurisdiksyon ng distrito.

(d) Sa mga programa ng konserbasyon ng tubig ng mamimili na inawtorisa ng mga subdibisyon (b) at (c), ang pinakamataas na prioridad ay dapat ibigay sa mga pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 79505.5, na maaaring sinusugan, at mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (k) ng Seksyon 79702, na maaaring sinusugan.

(e) Lahat ng paggasta alinsunod sa seksyong ito ay dapat tumugon sa mga iniaatas ng Kabanata 4.1 (nagsisimula sa Seksyon 39710) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 26 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan. Ang kagawaran at distrito ay magkakaloob ng isang taunang ulat sa Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin ng Estado tungkol sa pagpapatupad ng proyekto sa naunang taon kasama ng isang plano para sa pagpapatupad sa kasalukuyang taon.

(f) Walang mga pondong ipinagkakaloob ng bahaging ito na dapat gastahin upang bayaran ang mga gastos sa disenyo, konstruksyon, pagpapatakbo, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga bagong pasilidad ng paghahatid ng tubig sa Delta. Walang mga pondo na ipinagkakaloob ng seksyong ito na dapat gastahin upang bayaran ang mga gastos sa konstruksyon ng mga bagong pasilidad ng pag-iimbak ng pang-ibabaw na tubig o upang palawakin ang kapasidad ng California Aqueduct o ng Colorado River Aqueduct. Ang mga gastos na iyon ay sagot ng mga ahensya ng tubig na makikinabang sa disenyo, konstruksyon, pagpapatakbo, mitigasyon, o pagpapanatili ng mga pasilidad na iyon.

(g) Lahat ng makatwiran at maisasagawang hakbang ay dapat gawin upang bawasan, iwasan, o pagaanin ang malalaking masasamang epekto sa kapaligiran mula sa mga proyektong isinasagawa alinsunod sa seksyong ito.

11861. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, kabilang ang Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan at mga Seksyon 39710 hanggang 39723, inklusibo, ng Kodigo sa Kalusugan at

Kaligtasan, ang mga fee na ibinayad, ang gastos sa mga instrumento ng pagsunod na tinamo, at ang tumaas na halaga ng enerhiyang binili ng Distrito ng Tubig ng Contra Costa bilang resulta ng pagpapatupad ng Dibisyon 25.5 (nagsisimula sa Seksyon 38500) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay patuloy na inilalaan sa kagawaran mula sa Pondo ng Pagbawas ng Gas ng Greenhouse, gaya ng nilinaw sa Seksyon 16428.8 ng Kodigo ng Pamahalaan, at ang mga fee na ibinayad, ang gastos sa mga instrumento ng pagsunod na tinamo at ang tumaas na halaga ng enerhiyang binili ng Awtoridad ng Tubig ng San Luis and Delta Mendota Water bilang resulta ng pagpapatupad ng Dibisyon 25.5 (nagsisimula sa Seksyon 38500) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay patuloy na inilalaan sa distrito mula sa Pondo ng Pagbawas ng Gas ng Greenhouse, gaya ng nilinaw sa Seksyon 16428.8 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) (1) Ang mga pondong inilaan sa Distrito ng Tubig ng Contra Costa alinsunod sa seksyong ito ay dapat gastahin sa loob ng mga hangganan ng distrito sa mga programa sa konserbasyon ng tubig ng mamimili sa loob ng hurisdiksyon ng distrito.

(2) Ang mga pondong inilalaan sa Awtoridad ng Tubig ng San Luis and Delta Mendota alinsunod sa seksyong ito ay dapat gastahin sa loob ng pag-iimbak, paggamot, paghahatid, at sistema ng pamamahagi ng tubig ng awtoridad at sa konserbasyon ng tubig, pagpapahusay ng kalidad ng tubig, paggamot ng tubig, panustos na tubig, at mga katulad na programa ng tubig sa loob ng hurisdiksyon ng awtoridad.

(c) Sa mga programang inilaan alinsunod sa subdibisyon (b) at (c), ang pinakamataas na prioridad ay dapat ibigay sa mga pinakikinabangan ng mahihirap na komunidad, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 79505.5, na maaaring sinusugan, at mga lugar na lubhang mahina ang ekonomiya, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (k) ng Seksyon 79702, na maaaring sinusugan.

(d) Lahat ng paggasta alinsunod sa seksyong ito ay dapat tumugon sa mga iniaatas ng Kabanata 4.1 (nagsisimula sa Seksyon 39710) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 26 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan. Ang distrito at ang awtoridad ay magkakaloob ng isang taunang ulat sa Lupon ng mga Tagapagdulot ng Hangin tungkol sa pagpapatupad ng proyekto sa naunang taon kasama ng isang plano para sa pagpapatupad sa kasalukuyang taon.

(e) Lahat ng makatwiran at maisasagawang hakbang ay dapat gawin upang bawasan, iwasan, o pagaanin ng malalaking masasamang epekto sa kapaligiran mula sa mga proyektong isinasagawa alinsunod sa seksyong ito.

PROPOSISYON 4

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinusumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Ang Bahagi 6.3 (nagsisimula sa Seksyon 1179.81) ay idinaragdag sa Dibisyon 1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

BAHAGI 6.3. BATAS SA BONO NG 2018 PARA SA OSPITAL NG MGA BATA

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG TADHANA

1179.81. (a) Ang bahaging ito ay dapat makilala, at maaaring tawagin, na Batas sa Bono ng 2018 para sa Ospital ng mga Bata.

(b) Ang ugnayan ng California na mga panrehiyong ospital ng mga bata ay nagkaloob ng mahahalagang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga batang humaharap sa nagbabanta-sa-buhay na sakit o pinsala. Higit sa isang milyong beses sa bawat taon, ang mga bata ay pinangangalagaan sa mga ospital na ito nang hindi isinasaalang-alang ang kakayahan ng kanilang pamilya na magbayad.

(c) Ang mga ospital ng mga bata ay nagkaloob din ng natatanging paggamot at pangangalaga na nagtaas ng pagkaligtas ng mga batang dumaranas ng mga seryosong sakit at karamdaman na tulad ng leukemia ng bata, kanser, mga depekto sa puso, diyabetis, sickle cell anemia, at cystic fibrosis.

(d) Ang mga ospital ng mga bata ay nagkaloob din ng mahahalagang pagsasanay para sa mga doktor ng mga bata, mga espesyalista sa sakit ng mga bata at ibang gumagamot sa mga bata, at sila ay nagsasagawa ng napakahalagang medikal na pananaliksik na pinakikinabangan ng lahat ng bata ng California.

(e) Gayunman, ang pasanin ng pagkaloob ng hindi binabayarang pangangalaga at tumataas na mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ay seryosong nagpapahina sa kakayahan ng ating mga ospital ng mga bata upang isamoderno at palawakin ang kanilang mga pasilidad at upang bumili ng mga pinakabagong teknolohiyang medikal at espesyal na kagamitang medikal na kailangan upang alagaan ang mga batang may sakit.

(f) Dahil dito, ang hangarin ng mga tao na magkaloob ng isang matatag at nakahandang pinagkukunan ng mga pondo para sa mga programang kapital na pagpapahusay para sa mga

ospital ng mga bata upang pahasayin ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng mga bata ng California.

1179.82. Gaya ng pagkakagamit sa bahaging ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) “Awtoridad” ay nangangahulugang ang Awtoridad ng Pagtustos sa mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan ng California na itinatag alinsunod sa Seksyon 15431 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) “Ospital ng mga bata” ay nangangahulugang ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang ospital ng pangkalahatang pangangalaga ng malubhang sakit ng Unibersidad ng California na inilarawan sa ibaba:

(A) Unibersidad ng California, Ospital ng mga Bata ng Davis.

(B) Ospital ng mga Bata ng Mattel sa Unibersidad ng California, Los Angeles.

(C) Ospital ng mga Bata sa Unibersidad sa Unibersidad ng California, Irvine.

(D) Unibersidad ng California, Ospital ng mga Bata ng San Francisco.

(E) Unibersidad ng California, Ospital ng mga Bata ng San Diego.

(2) Isang ospital ng pangkalahatang pangangalaga ng malalang sakit na, isang ngpapatakabong entidad ng, isang di-nagtutubong korporasyon ng California na tumanggap ng isang gawad o mga gawad alinsunod sa Bahagi 6 (nagsisimula sa Seksyon 1179.10) o Bahagi 6.1 (nagsisimula sa Seksyon 1179.50) na nagkaloob ng masasaklaw na serbisyo sa bata sa maraming batang karapat-dapat sa mga programa ng pamahalaan at sa mga batang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan na karapat-dapat sa Programang mga Serbisyo sa mga Bata ng California.

(c) “Komite” ay nangangahulugang ang Komite sa Pananalapi ng Batas sa Bono para sa Ospital ng mga Bata na nilikha alinsunod sa Seksyon 1179.91.

(d) “Pondo” ay nangangahulugang ang Pondo ng Batas sa Bono para sa Ospital ng mga Bata na nilikha alinsunod sa Seksyon 1179.83.

(e) “Gawad” ay nangangahulugang ang pamamahagi ng pera sa pondo ng awtoridad sa mga ospital ng mga bata at mga proyekto alinsunod sa bahaging ito o sa isang karapat-dapat na ospital alinsunod na bahaging ito.

(f) “Programang” ay nangangahulugang ang Programang Ospital ng mga Bata na itinatag alinsunod sa bahaging ito.

(g) “Proyekto” ay nangangahulugang pagtatayo, pagpapalawak, pagremodelo, pagbabago ng yari, paglalagay ng muwebles, paglalagay ng kagamitan, pagtustos o muling pagtustos ng isang ospital ng

mga bata upang tustusan o muling tustusan ng mga pondong ipinagkakaloob sa kabuuan o bahagi alinsunod sa bahaging ito. “Proyekto” ay maaaring kabilang ang pagbabayad sa mga gastos sa pagtatayo, pagpapalawak, pagremodelo, pagbabago ng yari, paglalagay ng muwebles, paglalagay ng kasangkapan, o muling pagtustos ng isang ospital ng mga bata kung saan ang mga gastos ay natamo pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2018. “Proyekto” ay maaaring kasama ang anumang kombinasyon ng isa o higit sa naunang na isinasagawa kasama ng dalawa o higit na kalahok na mga ospital ng mga bata na kuwalipikado sa ilalim ng bahaging ito.

KABANATA 2. ANG PROGRAMANG OSPITAL NG MGA BATA

1179.83. Ang mga nalikom sa mga bono na inilabas at ibinenta alinsunod sa bahaging ito ay dapat ideposito sa Pondo ng Batas sa Bono para sa mga Ospital ng mga Bata, na nililikha sa pamamagitan nito.

1179.84. Ang layunin ng Programang Ospital ng mga Bata ay upang pahusayin ang kalusugan at kapakanan ng California na malubha ang sakit na mga bata sa pamamagitan ng isang matatag at handang pinagkukunan ng mga pondo para sa mga proyektong kapital na pagpapahusay ng mga ospital ng mga bata. Ang programang ipinagkakaloob sa bahaging ito ay makakabuti sa publiko, naglilingkod ng pampublikong layunin, at magtataguyod ng kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng mga mamamayan ng estado.

1179.85. Ang awtorisadong ay inaawtorisang magbigay ng mga gawad sa alinmang ospital ng mga bata para sa mga layunin ng pagpopondo ng mga proyekto, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (g) Seksyon 1179.82, o sa isang ospital alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 1179.86.

1179.86. (a) Labingwalong porsiyento ng mga kabuuang pondo na nakahanda para sa mga gawad alinsunod sa bahaging ito ay dapat igawad sa mga ospital ng mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.82.

(b) Pitumpu't-dalawang porsiyento ng mga kabuuang pondo na nakahanda para sa mga gawad alinsunod sa bahaging ito ay dapat igawad sa mga ospital ng mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.82.

(c) Sampung porsiyento ng mga kabuuang pondo na nakahanda para sa mga gawad alinsunod sa bahaging ito ay dapat na nakahanda para sa mga gawad sa mga ospital na nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga batang karapat-dapat para sa Programang mga Serbisyo sa mga Bata ng California na alinman ay (1) isang pampublikong ospital gaya ng nilinaw sa talataan (25) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 14105.98 ng Kodigo sa Kawanggawa at mga Institusyon, o (2) isang ospital ng pangkalahatang pangangalaga ng malubhang sakit na lisensiyado alinsunod sa Seksyon 1250 ng

kodigong ito na, o nagpapatakabong entidad, isang di-nagtutubong korporasyon ng California. Ang mga pondo ay dapat gamitin para sa pagtatayo, pagpapalawak, pagremodelo, pagbabago ng yari, paglalagay ng muwebles, o paglalagay ng kagamitan ng programa para sa mga bata ng isang karapat-dapat na ospital. Ang isang ospital ng mga bata gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.82 ay hindi dapat maging karapat-dapat para sa mga gawad sa ilalim ng subdibisyong ito, maliban sa ang anumang mga pondong nakahanda sa ilalim ng subdibisyong ito na hindi pa nauubos bago lumampas ang ika-30 ng Hunyo, ay dapat ihanda para sa paggamit mula sa alinmang naturang ospital ng mga bata. Ang awtoridad ay dapat magbigay ng mga gawad sa ilalim ng mga pamamaraan na dapat nitong pagtibayin upang isulong ang mga layunin ng subdibisyong ito.

1179.87. (a) Ang awtoridad ay dapat bumuo ng isang nakasulat na aplikasyon para sa pagbibigay ng mga gawad sa ilalim ng bahaging ito sa loob ng 90 araw ng pagpapatibay ng batas na ito. Ang awtoridad ay dapat magbigay ng mga gawad sa mga karapat-dapat na ospital ng mga bata, napapailalim sa mga limitasyon ng bahaging ito at upang isulong ang mga layunin ng bahaging ito, batay sa mga sumusunod na bagay:

(1) Ang gawad ay tutulong sa pagpapalawak o pagpapahusay ng daan sa pangangalagang pangkalusugan ng mga batang karapat-dapat sa mga programang seguro sa kalusugan ng pamahalaan at maralita, hindi sapat na nagpalingkuran, at dinakasegurong mga bata.

(2) Ang gawad ay tutulong sa pagpapahusay ng pangangalagang pangkalusugan ng bata o mga resulta sa pasyenteng bata.

(3) Ang ospital ng mga bata ay nagkakaloob ng hindi nababayaran o kulang ang pagbabayad na pangangalaga sa maralita o pampublikong pasyenteng bata.

(4) Ang ospital ng mga bata ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mahihinang populasyon ng mga bata.

(5) Ang ospital ng mga bata ay nagtataguyod ng mga programang pagtuturo o pananaliksik tungkol sa mga bata.

(6) Pagpapakita ng kahandaan ng proyekto at kakayahang maisagawa ang proyekto.

(b) (1) Ang aplikasyon para sa mga pondo ay dapat isumite sa awtoridad para sa pag-aproba batay sa pagsunod nito sa mga iniaatas ng bahaging ito.

(2) Ang awtoridad ay dapat magproseso at magbigay ng mga gawad sa paraang nasa tamang oras, hindi hihigit sa 60 araw.

(c) Ang isang ospital ng mga bata na tinukoy sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.82 ay hindi dapat mag-aplay para sa, at ang awtoridad ay hindi dapat maggawad sa ospital na iyon ng mga

bata, ng isang gawad na magiging dahilan upang ang kabuuang halaga ng mga gawad na ibibigay sa ospital na iyon ng bata ay humigit sa isang-ikalima ng mga kabuuang pondong nakahanda para sa mga gawad sa lahat ng ospital ng mga bata alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 1179.86. Sa kabila nitong limitasyon sa gawad, anumang mga pondong nakahanda sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksyon 1179.86 na hindi pa nauubos bago lumampas ang ika-30 ng Hunyo, 2033, ay dapat ihanda para sa aplikasyon mula sa ospital ng mga bata na tinukoy sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.82.

(d) Ang isang ospital ng mga bata na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.82 ay hindi dapat mag-aplay para sa, at ang awtoridad ay hindi dapat maggawad sa ospital na iyon ng mga bata, ng isang gawad na magiging dahilan upang ang kabuuang halaga ng mga gawad na ibibigay sa ospital na iyon ng bata ay humigit sa isang daan tatlumpu't-limang milyong dolyar para sa mga gawad sa lahat ng ospital ng mga bata alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.86. Sa kabila nitong limitasyon sa gawad, anumang mga pondong nakahanda sa ilalim ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.86 na hindi pa nauubos bago lumampas ang ika-30 ng Hunyo, 2033, ay dapat ihanda para sa aplikasyon mula sa ospital ng mga bata na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1179.82.

(e) Hindi kailanman dapat humigit ang isang gawad upang tustusan ang isang proyekto sa kabuuang gastos ng proyekto, gaya ng ipinasiya ng ospital ng mga bata at inaprobahan ng awtoridad.

(f) Lahat ng proyektong binigyan ng mga gawad ay dapat makumpleto sa loob ng isang makatwirang panahon. Kung ang awtoridad ay nagpasiya na ang ospital ng mga bata ay nabigong kumpletuhin ang proyekto sa ilalim ng mga tadhanang tinukoy sa pagbibigay ng gawad ang awtoridad ay maaaring mag-atas ng mga remedyo, kabilang ang pagbabalik ng lahat o bahagi ng gawad. Ang isang ospital ng mga bata na tumatanggap ng isang gawad sa ilalim ng bahaging ito ay dapat magsumite ng sertipikasyon ng pagkumpleto ng proyekto sa awtoridad.

(g) Ang gawad ay dapat lamang ihanda alinsunod sa seksyong ito kung ang awtoridad ay nagpasiya na ito ay may sapat na perang makukuha sa pondo. Wala sa seksyong ito na dapat mag-atas sa awtoridad na magbigay ng mga gawad kung ang awtoridad ay nagpasiya na ito ay may sapat na perang makukuha sa pondo upang gawin ito.

(h) Ang awtoridad ay maaaring magpasiya taun-taon ng halagang nakahanda para sa mga layunin ng bahaging ito. Ang mga gastos na pampangasiwaan para sa programang ito ay hindi dapat humigit sa mga aktuwal na gastos o 1 porsiyento, alinman ang mas mababa.

1179.88. Ang Tagasuri ng Estado ng California ay maaaring magsagawa ng pana-panahong pagsusuri na tumitiyak na ang mga nalikom sa bono ay iginagawad sa tamang panahon at sa isang paraan na kaayon ng mga iniaatas ng bahaging ito at ang ginawaran ng mga nalikom sa bono ay gumagamit ng mga pondo na sumusunod sa mga angkop na tadhana ng bahaging ito.

KABANATA 3. MGA TADHANA SA PANANALAPI

1179.89. Ang mga bono na nasa kabuuang halaga na isang bilyon limang daang milyong dolyar (\$1,500,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang muling nagpopondong mga bono, ay maaaring ilabas at ibenta para sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa bahaging ito at mabayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga bono, kapag naibenta, ay dapat bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng estado, at ang buong katapatan at kredito ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay ipinangangako para sa nasa oras na pagbabayad ng pareho ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat at maaari nang bayaran.

1179.90. Ang mga bonong inaawtorisa ng bahaging ito ay dapat ihanda, isagawa, ilabas, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at lahat ng tadhana ng batas na iyon ay gagamitin sa mga bono at sa bahaging ito at isinasama sa pamamagitan nito na waring nakasaad nang buo sa bahaging ito.

1179.91. (a) Para lang sa layunin ng pagpapahintulot sa paglalabas at pagbebenta, alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (na nagsisimula sa {2} Seksyon 16720 ng Bahagi 3 ng {4}Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), ng mga bonong inawtorisa ng bahaging ito, Komite sa Batas sa Bono ng Ospital ng mga Bata ay nililikha sa pamamagitan nito. Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang Komite sa Pagtustos ng Pabahay ay “ang komite” kung paano ginamit ang katawagang iyon sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang komite ay binubuo ng Direktor ng Pananalapi, ng Ingat-yaman, at ng Kontroler. Ang Ingat-yaman ay dapat maglingkod bilang tagapangulo ng komite. Ang isang mayoriya ng komite ay maaaring umakto para sa komite

(b) Ang awtoridad ay itinalagang ang “lupon” para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at dapat mangasiwa sa programa alinsunod sa bahaging ito.

1179.92. Ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o kanais-nais o hindi na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa bahaging ito upang maisakatuparan ang mga aksyong tinukoy sa Seksyon 1179.84 ay kung ganoon, ang halaga ng mga bonong ilalabas at ibebenta. Ang magkakasunod na paglalabas ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang maisakatuparan ang mga aksyon nang progresibo, at hindi kailangang ang lahat ng bonong inawtorisang ilabas ay ibenta sa anumang isang pagkakataon.

1179.93. Dapat singilin bawat taon at sa paraan at panahong kapareho ng pagsingil ng ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, ang isang kabuuang halaga na iniaatas upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bono bawat taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inaatasan ng batas ng anumang tungkuling nauugnay sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang bawat kinakailangang pagkilos upang masingil ang nabanggit na karagdagang halaga.

1179.94. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito ay inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesoreriya ng Estado, para sa mga layunin ng bahaging ito, isang halagang magiging kapantay ng kabuuan ng pareho ng mga sumusunod:

(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa bahaging ito, habang ang prinsipal at interes ay dapat bayaran at mababayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksyon 1178.95, inilalaan nang hindi isinasalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

1179.95. Para sa mga layunin ng pagsasakatuparan ng dibisyong ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng pagkuha mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halaga o mga halagang hindi hihigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan ng bahaging ito. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa pondo. Ang anumang ihahandang pera sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo mula sa mga nalikom na natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning iskatuparan ang bahaging ito.

1179.96. Lahat ng perang idineposito sa pondo na galing sa hulog at natipong interes sa mga bonong ibinenta ay dapat ireserba sa pondo at dapat ihanda para sa paglipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono.

1179.97. Alinsunod sa Kabanata 4 (na nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang gastos sa paglalabas ng bono ay dapat bayaran

mula sa mga nalikom sa bono. Ang mga gastos na ito ay dapat ibahagi nang ayon sa proporsiyon ng bawat ospital ng mga bata na pinopondohan sa pamamagitan ng bonong ito.

1179.98. Ang awtoridad ay maaaring humiling sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera na umutang mula sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, na kabilang ang iba pang pinahihintulutang uri ng pansamantalang pagtustos na kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pangkomersiyong papel, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para maisakatuparan ang mga layunin ng dibisyong ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layuning isakatuparan ang bahaging ito. Ang awtoridad ay dapat magsagawa ng anumang mga dokumentong iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Ang mga halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo upang ilaan ng lupon alinsunod sa bahaging ito.

1179.99. Ang mga bono ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Kasama sa pag-aproba ng mga botante ng estado sa pagpapalabas ng mga bonong inilalarawan sa dibisyong ito ang pagpayag sa pagpapalabas ng anumang mga bonong inilabas upang ibalik ang anumang mga bonong orihinal na inilabas alinsunod sa dibisyong ito, o anumang mga ibinabalik na bono na dati nang inilabas.

1179.100. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng bahaging ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Boto ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyong 4 ng Titulo 2 ng Kodigo sa Pamahalaan), kung ang Ingat-yaman ay nagbenta ng bono alinsunod sa bahaging ito na kabilang ang isang opinyon ng abugado ng bono na may epekto na ang interes sa mga bono ay hindi isinama mula sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis, napapailalim sa mga itinalagang kondisyon, ang Ingat-yaman ay maaaring magpanatili ng nakahiwalay mga kuwenta para sa pamumuhunan sa mga nalikom ng bono at para sa pamumuhunan ng mga kinita sa mga nalikom na iyon. Ang Ingat-yaman ay maaaring gumamit o mag-utos ng paggamit ng mga nalikom o kinitang iyon upang bayaran ang anumang pagsasauli, multa, o ibang pagbabayad na iniaatas sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang aksyon na nauukol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa mga bonong iyon na iniaatas o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang panatilihin ang libre sa buwis na katayuan ng mga bonong iyon at upang kumuha ng anumang ibang makakabuti sa ilalim ng

pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

KABANATA 4. MGA PANGKALAHATANG TADHANA

1179.101. Ang mga tao sa pamamagitan nito ay nagpapasiya at nagpapahayag na, dahil ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng bahaging ito ay hindi “mga nalikom ng mga buwis” kung paano ginamit ang terminong iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California, ang pagbabayad ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinapataw ng artikulong iyon.

1179.102. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng bahaging ito, ang mga tadhana ng bahaging ito ay naihihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng bahaging ito o ng paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang mga tadhana o paggamit.

PROPOSISYON 5

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinusumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsusug sa isang seksyon ng Saligang-Batas na California at nagsusug at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis; dahil doon, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipo ng pagtanggap~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Ang batas na iyo ay dapat makilala na, at dapat tawaging, Inisyatibo ng mga Tao upang Protektahan ang mga Naiimpok ng Proposisyon 13.

SEK. 2. Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California ay sinusug upang mabasang:

SEK. 2. (a) (1) Ang “buong halaga sa pera” ay nangangahulugang ang paghalaga ng tagatasa ng county sa tunay na ari-arian sa batas sa buwis ng 1975–76 sa ilalim ng “buong halaga sa pera” o, pagkaraan, ang tinasang halaga ng tunay na ari-arian kapag binili, bagong itinayo, o isang pagbabago ng pag-aari ay nangyari pagkaraan ng pagtasa ng 1975. Lahat ng tunay na ari-arian na hindi pa natatasa hanggang sa buong halaga sa pera ng 1975–76 ay maaaring muling tasahin upang ipakita ang paghalagang iyon. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang, “bagong tayo” ay hindi kabilang ang tunay na ari-arian na muling itinayo pagkatapos ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, kung saan ang patas na halaga sa pamilihan ng tunay na ari-arian, gaya ng muling

pagtatayo ay maikukumpara sa patas na halaga nito sa pamilihan bago ang kalamidad. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang katawagang “bagong tayo” ay hindi kabilang ang bahaging iyon ng isang kasalukuyang istruktura na binubuo ng konstruksyon o muling konstruksyon ng mga bahagi ng pagpapatibay panlindol, gaya ng nilinaw ng Lehislatura.

~~Gayunman, ang~~

(2) *Sa at pagkaraan ng ika-5 ng Nobyembre, 1986, at hanggang sa ika-1 ng Enero, 2019, ang Lehislatura ay maaaring magtadhana na, sa ilalim ng mga angkop na pangyayari at alinsunod sa mga pagpapakahulugan at pamamaraan na itinatag ng Lehislatura, sinumang tao na higit sa edad na 55 taon na naninirahan sa ari-arian na karapat-dapat para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay sa ilalim ng subdibisyon (k) ng Seksyon 3 ng Artikulo XIII at anumang nagpapatupad na pagbabatas ay maaaring maglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian na karapat-dapat sa pagkalibre, na may mga pag-aakmang inawtorisa ng subdibisyon (b), sa anumang pamalit na tirahan na may kapantay o mas mababang halaga na matatagpuan sa loob ng kaparehong county at binili o bagong tayo ng taong iyon bilang kanyang pangunahing tirahan sa loob ng dalawang taon ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian. Para sa*

(3) (A) *Para sa mga layunin ng seksyong ito, “alinman sa mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat pairalin:*

(i) *“Sinumang tao na higit sa edad na 55 taon” kabilang ang isang mag-asawa na ang isang miyembro ay higit sa edad na 55 taon. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang “pamalit*

(ii) *“Pamalit na tirahan” ay nangangahulugang isang gusali, istruktura, o bilang kanlungan na binubuo ng isang lugar na tirahan, tunay na ari-arian o personal na ari-arian, at anumang lupa na kinalalagyan nito. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang isang dalawang-tirahan na yunit ay dapat ituring na dalawang magkahiwalay na isang-pamilyang tirahan. ~~Itong~~*

(B) *Ang talataang ito ay dapat pairalin sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-5 ng Nobyembre, 1986.*

~~Bilang karagdagan, ang~~

(4) *Sa at pagkaraan ng ika-9 ng Nobyembre, 1988, at hanggang ika-1 ng Enero, 2019, ang Lehislatura ay maaaring mag-awtorisa na ang bawat lupon ng mga superbisor ng county, pagkatapos sumangguni sa mga lokal na apektadong ahensiya sa loob ng mga hangganan ng county, magpatibay ng isang ordinansang gumagawa ng mga tadhana ng subdibisyong ito na may kaugnayan sa paglipat ng halaga sa batayang taon na angkop din sa mga kalagayan kung saan ang mga pamalit na tirahan ay matatagpuan sa county na iyon at ang mga orihinal*

4

5

na ari-arian ay matatagpuan sa ibang county sa loob ng Estadong ito. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lokal na apektadong ahensiya” ay nangangahulugang ang anumang lungsod, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad na tumatanggap ng isang taunang paglalaan ng kita sa buwis sa ari-arian. Ang talataang ito ay pairalin sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng petsa na pinagtibay ng county ang mga tadhana ng subdibisyong ito na may kaugnayan sa paglipat ng batayang taon ng halaga, pero hindi gagamitin sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo bago ang ika-9 ng Nobyembre, 1988.

Ang

(5) Sa at pagkaraan ng ika-6 ng Hunyo, 1990, at hanggang ika-1 ng Enero, 2019, ang Lehislatura ay maaaring magpalawig ng mga tadhana ng subdibisyong ito na may kaugnayan sa paglipat ng batayang taon ng mga halaga mula sa mga orihinal na ari-arian patungo sa mga pamalit na tirahan ng may-ari ng bahay na higit sa edad na 55 taon patungo sa may malubhang kapansanan na may-ari ng bahay, pero tungkol lamang sa mga pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng talataang ito

(6) (A) Sa at pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2019, napapailalim sa mga angkop na pamamaraan at mga pagpapakahulugan gaya ng itinadadhana ng batas, ang halaga sa batayang taon ng ari-arian ng ari-arian na karapat-dapat para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay sa ilalim ng subdibisyon (k) ng Seksyon 3 ng Artikulo XIII ng sinumang tao na higit sa 55 taong gulang o sinumang may malubhang kapansanan na may-ari ng bahay ay dapat ilipat sa anumang pamalit na tirahan, anuman ang bilang mga naunang paglipat, ang halaga ng pamalit na tirahan o ang pamalit na tirahan man ay matatagpuan sa loob ng kaparehong county, na binili o bagong tayo ng taong iyon bilang kanyang pangunahing tirahan sa loob ng dalawang taon ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

(B) Para sa mga layunin ng talataang ito, ang mga sumusunod ay dapat gamitin:

(i) Para sa anumang pamalit na tirahan na may malaking halaga at binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-arian, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan ay dapat kalkulahan sa pamamagitan ng pagdagdag ng diperensiya sa pagitan ng buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian at ang buong halaga sa pera ng pamalit na tirahan na halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian.

(ii) Para sa anumang pamalit na tirahan na may kapantay o mas mababang halaga na binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-

arian, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan ay dapat kalkulahan sa pamamagitan ng paghahati ng halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian sa buong alaga sa pera ng orihinal na ari-arian, at pagmultiplika ng resulta sa buong halaga sa pera ng pamalit na ari-arian.

(b) Ang buong batayang halaga sa pera ay maaaring magpakita mula sa bawat taon ng antas ng implasyon na hindi hihigit sa 2 porsiyento para sa anumang taon o pagbawas gaya ng ipinakikita sa indise ng presyo ng mamimili o maikukumparang mga datos para sa lugar sa ilalim ng hurisdiksiyon sa pagbubuwis, o maaaring bawasan upang magpakita ng malaking pinsala, pagkawasak, o ibang mga bagay na nagdulot ng pagbaba ng halaga.

(c) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), maaaring itakda ng Lehislatura na hindi kasama sa katawagang “bagong konstruksyon” ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang konstruksyon o pagdagdag ng anumang aktibong sistema ng enerhiya mula sa araw.

(2) Ang konstruksyon o pagkabit ng anumang sistema ng pangwilig sa sunog, iba pang sistema ng pampatay ng sunog, sistema ng pagtukoy ng sunog, o pagpapahusay sa labasang kaugnay ng sunog, ayon sa pakahulugan ng Lehislatura, na itinayo o ikinabit pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng talataang ito.

(3) Ang konstruksyon, pagkakabit, o pagbabago sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng talatang ito ng anumang bahagi o bahagi ng istruktura ng bahay na pang-isa o pangmaraming-pamilya na kuwalipikado para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay kung ang konstruksyon, pagkakabit, o pagbabago ay para sa layunin na ang bahay ay mas madaling mapuntahan ng taong may malalang kapansanan.

(4) Ang konstruksyon, pagkakabit, pag-alis o pagbabago sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng talatang ito ng anumang bahagi o bahagi ng istruktura ng kasalukuyang gusali o istruktura kung ang konstruksyon, pagkakabit, pag-alis o pagbabago ay para sa layunin na ang gusali ay mas madaling mapuntahan, o mas madaling magamit, ng taong may kapansanan.

(5) Ang konstruksyon o pagdagdag, na matatapos sa o pagkalipas ng Enero 1, 2019, ng isang sistema ng pansahod ng tubig-ulan, ayon sa pagpapakahulugan ng Lehislatura.

(d) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang katawagang “pagpapalit ng may-ari” ay hindi kasama ang pagtatamo ng tunay na ari-arian bilang isang pamalit para sa maikukumparang ari-arian kung ang taong nagtatamo ng tunay na ari-arian ay napaalis mula sa ari-ariang pinalitan ng mga pamamaraan ng eminent domain, sa pamamagitan ng pagtatamo ng isang pampublikong entidad, o aksyon ng pamahalaan na nagresulta sa hatol na

baligtad na pagkondena. Ang tunay na ari-ariang natamo ay dapat ituring na maikukumpara sa ari-ariang pinalitan kung ito ay katulad sa sukat, utilidad, at pagganap, o kung ito ay sumusunod sa mga regulasyon ng estado na nilinaw ng Lehislatura na namamahala sa paglilipat ng mga taong naalisan ng lugar ng mga aksyon ng pamahalaan. Ang subdibisyong ito ay magagamit sa anumang ari-arian na natamo pagkaraan ng ika-1 ng Marso, 1975, pero nakakaapekto lamang sa mga pagtasang iyon ng ari-ariang iyon na nangyari pagkaraang magkabisang mga tadhana ng subdibisyong ito.

(e) (1) (A) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng seksyong ito, ang Lehislatura ay dapat magtadhana na ang halaga sa batayang taon ng ari-arian na napinsala nang malaki o nawasak ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, ay maaaring ilipat sa maikukumparang ari-arian sa loob ng kaparehong county na natamo o bagong tayo bilang isang pamalit para sa napinsala nang malaki o nawasak na ari-arian.

(2)

(B) Maliban sa itinatatadhana sa ~~talataan~~ (3), ~~subtalataan~~ (C), ang ~~subdibisyong ito~~ ~~talataan~~ ay angkop sa anumang maikukumparang pamalit na ari-arian na natamo o bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-1 ng Hulyo, 1985, ~~hanggang ika-1 ng Enero, 2019~~, at sa pagpapasiya ng halaga sa batayang taon para sa 1985–86 taon ng pananalapi at mga taon ng pananalapi ~~pagkaraan~~ ~~hanggang sa taon ng pananalapi 2018–19~~.

(3)

(C) (i) Bilang karagdagan sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian sa loob ng kaparehong county na ipinahihintulot ng ~~talataan~~ (1), ~~subtalataan~~ (A), ang Lehislatura ay maaaring mag-awtorisa sa bawat lupon ng mga superbisyon ng county upang magpatibay, pagkatapos sumangguni sa mga apektadong lokal na ahensiya sa loob ng county, ng isang ordinansang nagpapahintulot ng paglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian na matatagpuan sa loob ng ibang county sa Estado at napinsala nang malaki o nawasak ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, sa maikukumparang pamalit na ari-arian na may kapantay o mas mababang halaga na matatagpuan sa loob ng nagpatibay na county at natamo o bagong tayo sa loob ng tatlong taon ng malaking pinsala o pagkawasak ng orihinal na ari-arian bilang isang pamalit para sa ari-ariang iyon. Ang saklaw at dami ng benepisyong ipinagkakaloob sa isang may-ari ng ari-arian sa pamamagitan ng paglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian alinsunod sa talataang ito ay hindi dapat humigit sa saklaw at dami ng benepisyong ipinagkakaloob sa isang may-ari ng ari-arian sa pamamagitan ng paglipat ng halaga ng batayang taon ng ari-arian alinsunod sa subdibisyon (a). Para sa mga layunin ng ~~talataang~~ ~~subtalataan~~ ang “apektadong lokal na ahensiya” ay

nangangahulugang ang anumang lungsod, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, o distrito ng kolehiyo ng komunidad na tumatanggap ng isang taunang paglalaan ng kita sa buwis sa ari-arian.

Ang talataang ito

(ii) Ang ~~subtalataang~~ ito ay gagamitin sa anumang maikukumparang pamalit na ari-arian na natamo o bagong tayo bilang isang pamalit sa ari-ariang napinsala nang malaki o nawasak ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, nangyari noong o pagkaraan ng ika-20 ng Oktubre, 1991, ~~at bago ang ika-1 ng Enero, 2019~~, at sa pagpapasiya ng mga halaga sa batayang taon para sa taon ng pananalapi 1991–92 at mga taon ng pananalapi ~~pagkaraan~~ ~~hanggang taon ng pananalapi 2018–19~~.

(2) (A) Sa kabila ng anumang tadhana ng seksyong ito, sa at pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2019, ng batayang taong halaga ng ari-arian na napinsala nang malaki o nawasak ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, ay dapat ilipat sa anumang ari-arian na natamo o bagong tayo bilang pamalit para sa ari-ariang napinsala nang malaki o nawasak, ang pamalit na ari-ariang ito ay maikukumpara man, gaya ng tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (f), o kung ang pamalit na ari-arian ay matatagpuan man sa loob ng kaparehong county.

(B) Para sa mga layunin ng talataang ito, ang mga sumusunod ay dapat gamitin:

(i) Para sa anumang pamalit na tirahan na may mas malaking halaga at binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-arian, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na ari-arian ay dapat kalkulahan sa pamamagitan ng pagdagdag ng diperensiya sa pagitan ng buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian at sa buong halaga sa pera ng pamalit na ari-arian na halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian.

(ii) Para sa anumang pamalit na tirahan na may kapantay o mas mababang halaga na binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-arian, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na ari-arian ay dapat kalkulahan sa pamamagitan ng paghahati ng batayang halagang ng orihinal na ari-arian sa buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian, at pagmultiplika ng resulta sa buong halaga sa pera ng pamalit na ari-arian.

(f) Para sa mga layunin ng subdibisyon (e):

(1) Ang ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak kung ito ay nagtamo ng piskal na pinsala na umaabot sa 50 porsiyento ng halaga nito bago ang kalamidad. Ang pinsala ay kabilang ang pagbaba ng halaga ng ari-arian bilang resulta ng natatakdaang paggamit na dulot ng kalamidad.

(2) Ang pamalit na ari-arian ay maikukumpara sa ari-arian na napinsala nang malaki o nawasak kung ito ay katulad sa sukat utilidad, at pagganap sa ari-arian na papalitan nito, at kung ang patas na halaga sa pamilihan ng tinamong ari-arian ay maikukumpara sa patas na halaga sa ari-arian ng pinalitang ari-arian bago ang kalamidad.

(g) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), ang mga katawagang “binili” at “pagbabago ng may-ari” ay hindi kabilang ang pagbili o paglipat ng tunay na ari-arian sa pagitan ng mga mag-asawa mula noong ika-1 ng Marso, 1975, kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod:

(1) Ang mga paglipat sa isang katiwala para sa kapaki-pakinabang na paggamit ng isang asawa, o naiwang asawa o ng namatay na naglipat, o ng isang katiwala ng naturang ipinagkakatiwala sa asawa o nagkatiwala.

(2) Ang mga paglipat sa isang asawa na nagkabisa sa pagkamatay ng asawa.

(3) Ang mga paglipat sa isang asawa o dating asawa na may kaugnayan sa isang kasunduan sa pakipag-aayos ng ari-arian o utos ng pagkabuwag ng isang kasal o legal na paghihiwalay.

(4) Ang paglikha, paglipat, o pagtatapos, tanging sa pagitan ng mga mag-asawa, ng anumang interes ng kasamang may-ari.

(5) Ang pamamahagi ng ari-arian ng isang legal na entidad sa isang asawa o dating asawa bilang kapalit ng interes ng asawa sa legal na entidad na may kaugnayan sa isang kasunduan sa pakikipag-aayos sa ari-arian o isang utos ng pagbuwag ng isang kasal o legal na paghihiwalay.

(h) (1) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), ang mga katawagang “binili” at “pagbabago ng may-ari” ay hindi kabilang ang pagbili o paglipat ng pangunahing tirahan ng naglipat sa kaso ng isang pagbili o paglipat sa pagitan ng mga magulang at ng kanilang mga anak, gaya ng nilinaw ng Lehislatura, at ang pagbili o paglipat ng unang isang milyong dolyar (\$1,000,000) ng buong halaga sa pera ng lahat ng ibang tunay na ari-arian sa pagitan ng mga magulang at ng kanilang mga anak, gaya ng nilinaw ng Lehislatura. Ang subdibisyong ito ay ginagamit sa pareho ng mga boluntaryong paglipat at mga paglipat na resulta ng isang utos ng hukuman o utos na panghukuman.

(2) (A) Napapailalim sa subtalataan (B), nagsisimula sa mga pagbili o paglipat na nangyari sa o pagkaraan ng petsa na ang panukalang nagdaragdag ng talataang ito magkakabisa, ang hindi pagsasama na itinatadhana ng talataan (1) ay ginagamit din sa isang pagbili o paglipat ng tunay na ari-arian sa pagitan ng mga lolo at lola at kanilang apo o mga apo, gaya ng nilinaw ng Lehislatura, na kuwalipikado sa ilalim ng talataan (1), kung ang lahat ng mga magulang ng apo o mga apong iyon, na kuwalipikado bilang mga anak ng

mga lolo at lola, ay namatay na sa petsa ng pagbili o paglipat.

(B) Ang isang pagbili o paglipat ng isang pangunahing tirahan ay hindi dapat hadlangan alinsunod sa subtalataan (A) kung ang nilipatan na apo o mga apo ay tumanggap ng isang pangunahing tirahan, o interes dito, sa pamamagitan ng ibang pagbili o paglipat na maaaring hindi isama alinsunod sa talataan (1). Ang buong halaga sa pera ng anumang tunay na ari-arian, iba sa pangunahing tirahan, na inilipat sa apo o mga apo alinsunod sa isang pagbili o paglipat na maaaring hindi isama alinsunod sa talataan (1), at ang buong halaga sa pera ng isang pangunahing tirahan na hindi naging kuwalipikado para sa hindi pagsasama bilang resulta ng naunang pangungusap, ay dapat isama sa pag-aaplay, para sa mga layunin ng subtalataan (A), ang isang milyong dolyar (\$1,000,000) na limitasyon sa buong halaga sa pera na tinukoy sa talataan (1).

(i) (1) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng seksyong ito, *maliban sa itinatadhana sa talataan (5)*, ng Lehislatura ay dapat magtadhana tungkol sa isang kuwalipikadong kontaminadong ari-arian, gaya ng nilinaw sa talataan (2), na ang isa, pero hindi pareho, ng mga sumusunod ay angkop:

(A) (i) Napapailalim sa limitasyon ng sugnay (ii), *sa at pagkaraan ng ika-4 ng Nobyembre, 1998, at hanggang sa ika-1 ng Enero, 2019*, ang halaga sa batayang taon ng kuwalipikadong kontaminadong ari-arian, na iniakma gaya ng inawtorisa ng subdibisyon (b), ay maaaring ilipat sa isang pamalit na ari-arian na natamo o bagong tayo bilang isang pamalit para sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian, kung ang pamalit na tunay na ari-arian ay may isang patas na halaga sa pamilihan na kapantay ng o mas mababa kaysa patas na halaga sa pamilihan ng kuwalipikadong kontaminadong ari-arian kung ang ari-ariang iyon ay hindi kontaminado at maliban kung itinatadhana ng sugnay na ito, ay matatagpuan sa loob ng kaparehong county. Ang halaga sa batayang taon ng kuwalipikadong kontaminadong ari-arian ay maaaring ilipat sa isang pamalit na tunay na ari-arian na matatagpuan sa ibang county kung lupon ng mga superbisor ng ibang county na iyon ay, pagkatapos sumangguni sa mga apektadong lokal na ahensiya sa loob ng county na iyon, nagpatibay ng isang resolusyon na nag-aawtorisa ng paglipat sa mga county ng halaga sa batayang taon na inilarawan.

(ii) Ang subtalataang ito ay gagamitin lamang sa pamalit na ari-arian na natamo o bagong tayo sa loob ng limang taon pagkatapos na ang pag-aari sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian ay ibenta o ilipat.

(B) Sa kaso kung saan ang muling pamamagitan ng mga problemang pangkapaligiran sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian ay nag-aatas ng pagwasak ng, o mga resulta ng malaking pinsala sa, isang istrukturang matatagpuan sa ari-ariang iyon, ang

katawagang “bagong konstruksyon” ay hindi kabilang ang pagkukumpuni ng istrukturang napinsala nang malaki, o ang konstruksyon ng isang istrukturang papalit sa isang nawasak na istruktura sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian, ginawa pagkatapos ng muling pamamagitan ng mga problemang pangkapaligiran sa ari-ariang iyon, sa kondisyon na ang kinumpuni o pamalit na istruktura ay katulad sa sukat, utilidad, at pagganap sa orihinal na istruktura.

(2) Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang “kuwalipikadong kontaminadong ari-arian” ay nangangahulugang ang pantahanan o di-pantahanang tunay na ari-arian na lahat ng mga sumusunod:

(A) Sa kaso ng pantahanang tunay na ari-arian, ginawang hindi matitirahan, at sa kaso ng di-pantahanang tunay na ari-arian, ginawang hindi magagamit, bilang resulta ng alinman sa mga problemang pangkapaligiran, na kaugnay ng at kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkakaroon ng nakalalason o mapanganib na mga materyal, o ang muling pamamagitan sa mga problemang pangkapaligirang ito, maliban sa lugar na ang pagkakaroon ng mga problemang pangkapaligiran ay alam ng may-ari, o sa isang kaugnay na indibidwal o entidad gaya ng inilalarawan sa talataan (3), sa panahon na ang tunay na ari-arian ay natamo o itinayo. Para sa mga layunin ng subtalataan, ang pantahanang tunay na ari-arian ay “hindi matitirahan” kung ang ari-ariang iyon, bilang resulta ng mga panganib sa kalusugan na dulot o kaugnay ng mga problemang pangkapaligiran, ay hindi angkop para sa pagtira ng tao, at ang di-pantahanang tunay na ari-arian ay “hindi magagamit” kung ang ari-arian, bilang isang resulta ng mga panganib sa kalusugan na dulot o kaugnay ng mga problemang pangkapaligiran, ay hindi malusog at hindi angkop na okupahan.

(B) Matatagpuan sa isang lugar na itinalaga bilang isang nakalalason o panganib na pangkapaligiran o isang paglilinis na pangkapaligiran ng lugar ng isang ahensya ng Estado ng California o ng pederal na pamahalaan.

(C) Tunay na ari-arian na nagtataglay ng isang istruktura o mga istruktura doon bago ang pagkumpleto ng mga aktibidad na paglilinis na pangkapaligiran, at ang istruktura o mga istruktura ay napinsala nang malaki o nawasak bilang isang resulta ng mga aktibidad na pangkapaligiran na iyon.

(D) Itinadahana ng namumunong ahensiyang pangkapaligiran, tungkol sa mga problemang pangkapaligiran o paglilinis na pangkapaligiran ng tunay na ari-arian, hindi dapat ginawang hindi matitirahan o hindi magagamit, gaya ng angkop, gaya ng inilalarawan sa subtalataan (A), sa pamamagitan ng anumang aksyon o omisyon kung

saan ang isang may-ari ng tunay na ari-ariang iyon ay lumahok o sumang-ayon.

(3) Dapat na ipalagay na ang isang may-ari ng tunay na ari-arian ay lumahok o sumang-ayon sa anumang aksyon o omisyon na ginawa ang tunay na ari-arian na hindi matitirahan o hindi magagamit, gaya ng angkop, kung ang may-ari ay may kaugnayan sa sinumang indibidwal o entidad na gumawa ng aksyon o omisyon na iyon sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

(A) Isang asawa, magulang, anak, lolo o lola, apo, o kapatid ng indibidwal na iyon.

(B) Isang magulang na kompanya, sangay, o kasapi ng entidad na iyon.

(C) Isang may-ari ng, o may kontrol sa, entidad na iyon.

(D) Pag-aari o kinokontrol ng entidad na iyon.

Kung ang palagay na ito ay hindi madaig, ang may-ari ay hindi dapat tumanggap ng tulong na itinatadhana sa subtalataan (A) o (B) ng talataan (1). Ang palagay ay maaaring madaig na paghaharap ng kasiya-siyang ebidensiya sa tagatasa, na hindi dapat pailalim sa mga ipinasiya ng namumunong ahensya ng pamahalaan sa pagpapasiya kung ang palagay ay nadaig.

(4) Ang subdibisyong ito ay angkop lamang sa pamalit na ari-arian na natamo o itinayo sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 1995, at sa nga pagkukumpuni ng ari-arian na ginawa sa o pagkaraan ng petsang iyon.

(5) (A) *Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng seksyong ito, sa at pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2019, at napapailalim sa limitasyon ng sugnay (ii) ng subtalataan (A) ng talataan (1), ang halaga sa batayang taon ng kuwalipikadong kontaminadong ari-arian ay dapat ilipat sa isang pamalit na ari-arian na natamo o bagong tayo bilang isang pamalit para sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian, ang pamalit na tunay na ari-arian ay mayroon mang isang patas na halaga sa pamilihan na kapantay ng o mas mababa kaysa patas na halaga sa pamilihan ng kuwalipikadong kontaminadong ari-arian kung ang ari-ariang iyon ay hindi kontaminado at matatagpuan man ang pamalit na ari-arian sa loob ng kaparehong county.*

(B) *Para sa mga layunin ng talataang ito, ang mga sumusunod ay dapat gamitin:*

(i) *Para sa anumang pamalit na ari-arian na nagtataglay ng mas malaking halaga at binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-arian alinsunod sa sugnay na ito, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na ari-arian ay dapat kalkulahin sa pamamagitan ng pagdagdag ng diperensiya sa pagitan ng buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian at sa buong halaga sa pera ng*

pamalit na ari-arian sa halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian.

(ii) Para sa anumang pamalit na ari-arian na may kapantay o mas mababang halaga na binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-arian alinsunod sa sugnay na ito, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na ari-arian ay dapat kalkulahan sa pamamagitan ng paghahati ng halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian sa buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian, at pagmultiplika ng resulta sa buong halaga sa pera ng pamalit na ari-arian.

(j) Maliban kung ispesipikong itinatadhana, ang mga susog sa seksyong ito na pinagtibay bago ang ika-1 ng Nobyembre, 1988, ay magkakabisa para sa mga pagbabago ng may-ari na nangyari, at ang bagong konstruksyon na nakumpleto, pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng susog. Maliban kung ispesipikong itinatadhana, ang mga susog sa seksyong ito na pinagtibay bago ang ika-1 ng Nobyembre, 1988, ay magkakabisa para sa mga pagbabago ng may-ari na nangyari, at ang bagong konstruksyon na nakumpleto, sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng susog.

SEK. 3. Seksyon 69.5 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususunod upang mabasang:

69.5. (a) (1) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California, sinumang taong higit sa edad na 55 taon, o sinumang malubha o permanenteng may kapansanan na tao, na naninirahan sa ari-ariang karapat-dapat sa pagkalibre ng may-ari ng bahay sa ilalim ng subdibisyon (k) ng Seksyon 3 na Artikulo XIII ng Saligang-Batas ng California at Seksyon 218 ay maaaring maglipat, napapailalim sa mga kondisyon at limitasyong itinatadhana sa seksyong ito, ng halaga sa batayang taon ng ari-ariang iyon sa anumang pamalit na tirahan na may kapantay o mas mababang halaga na matatagpuan sa loob ng kaparehong county at binili o bagong tayo ng taong iyon bilang kanyang pangunahing tirahan sa loob ng dalawang taon ng pagbebenta ng taong iyon ng orihinal na ari-arian, sa kondisyon na ang halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian ay hindi dapat ilipat sa pamalit na ari-arian hangang ang orihinal na ari-arian ay maibenta.

(2) Sa kabila ng limitasyon sa talataan (1) nag-aatas na ang orihinal na ari-arian at ang pamalit na tirahan ay matatagpuan sa kaparehong county, ang limitasyong ito ay hindi angkop sa anumang county kung saan ang lupon ng mga superbisor ng county, pagkatapos sumangguni sa mga apektadong lokal na ahensiya sa loob ng mga hangganan ng county magpatibay ng isang ordinansang ginagawa ang mga tadhana ng talataan (1) angkop din sa mga kalagayan kung saan ang mga pamalit na tirahan ay matatagpuan sa county na iyon at ang mga orihinal

na ari-arian ay matatagpuan sa bilang county sa loob ng estado. Ang awtorisasyong nakasaad sa talataan ito ay dapat maging angkop sa isang county lamang kung ang ordinansang pinagtibay ng lupon ng mga superbisor ay sumusunod sa lahat ng mga sumusunod na iniaatas:

(A) Ito ay pinagtibay lamang pagkatapos ng pagsangguni sa pagitan ng lupon ng mga superbisor at lahat ng ibang mga apektadong lokal na ahensiya sa loob ng mga hangganan ng county.

(B) Ito ay nag-aatas na ang lahat ng mga claim para sa mga paglipat ng halaga sa batayang taon mula sa orihinal na ari-arian na matatagpuan sa ibang county ay igawad kung ang mga claim ay nakatutugon sa mga angkop na iniaatas ng pareho ng subdibisyon (a) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California at ng seksyong ito.

(C) Ito ay nag-aatas na ang lahat paghalaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian na matatagpuan sa ibang county at ipinasiya ng tagatasa nito na tanggapin sa paggawad ng mga claim para sa mga paglipat ng halaga sa batayang taon.

(D) Ito ay nagtatadhana na ang mga tadhana nito ay magkakabisa para sa isang panahon na hindi kukulangin sa limang taon.

(E) Ang ordinansang tinutukoy sa petsa sa at pagkaraan nito ang mga tadhana ay dapat maging angkop. Gayunman, ang petsang tinukoy ay hindi dapat na mas maaga kaysa ika-9 ng Nobyembre, 1988. Ang tinukoy na angkop na petsa ay maaaring isang petsa nang mas maaga kaysa petsa na pinagtibay ng county ang ordinansa.

(b) Bilang karagdagan sa pagtugon sa mga iniaatas ng subdibisyon (a), sinumang taong kumukuha ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito ay dapat maging karapat-dapat lamang para sa kaluwagang iyon kung ang mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan:

(1) Ang claimant ay isang may-ari at isang residente ng orihinal na ari-arian sa panahon ng pagbebenta nito, o sa panahon na ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad, o sa loob ng dalawang taon ng pagbili o bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan.

(2) Ang orihinal na ari-arian ay karapat-dapat sa pagkalibre ng may-ari ng bahay, bilang resulta ng pagiging may-ari ng claimant at pag-okupa sa ari-arian bilang kanyang pangunahing tirahan, sa panahon ng pagbebenta nito, o sa panahon na ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamng kapalaran o kalamidad, o sa loob ng dalawang taon ng pagbili o bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan.

(3) Sa panahon ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian, ang claimant o ang asawa ng claimant na

naninirahang kasama ng claimant ay hindi kukulangin sa 55 taon ang edad, o may malubha o permanenteng kapansanan.

(4) Sa panahon ng pagkuha ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng subdibisyon (a), ang claimant ay isang may-ari ng pamalit na tirahan at umookupa nito bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan at, bilang resulta nito, ang ari-arian ay kasalukuyang karapat-dapat para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay o magiging karapat-dapat para sa pagkalibre maliban kung ang ari-arian ay tumatanggap na ng pagkalibre dahil sa isang claim ng pagkalibre na iniharap ng naunang may-ari.

(5) Ang orihinal na ari-arian ng claimant ay ibinenta niya sa loob ng dalawang taon ng pagbili o bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan ay kabilang ang pagbili ng bahaging ito ng lupa kung saan ang pamalit na gusali, istruktura, o ibang tirahan na bumubuo ng lugar ng tirahan ng claimant ay matatagpuan at na, alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (g), ay bumubuo ng isang bahagi ng pamalit na tirahan.

(6) Maliban kung itinatadhana sa talataan (2) ng subdibisyon (a), ang pamalit na tirahan, kabilang ang bahagi ng lupa kung saan matatagpuan ito na tinukoy sa talataan (5), ay matatagpuan sa loob ng kaparehong county bilang orihinal na ari-arian ng claimant.

(7) Ang claimant ay hindi pa nagagawaran, bilang claimant ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito, maliban sa ang talataang ito ay hindi dapat maging angkop sa sinumang tao na nagkaroon ng malubha at permanenteng kapansanan kasunod na paggawad, bilang isang claimant, ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito para sa sinumang tao na higit sa edad na 55 taon. Upang hadlangan ang duplikasyon ng mga claim sa ilalim ng seksyong ito sa loob ng estadong ito, ang mga tagatasa ng county ay dapat mag-ulat tuwing tatlong buwan sa Lupon ng Tagasingil ng Buwis ng Estado ng impormasyong iyon mula sa mga claim na iniharap alinsunod sa subdibisyon (f) at mula sa mga rekord ng county gaya ng tinukoy ng lupon na kailangan upang matukoy nang lubos ang lahat ng claim sa ilalim ng seksyong ito na ipinahihintulot ng mga tagatasa at lahat ng claimant na tumanggap ng kaluwagan. Ang lupon ay maaaring tumukoy na ang impormasyon ay kabilang ang lahat o isang bahagi ng mga pangalan at mga numero ng seguridad sosyal ng mga claimant at ang kanilang mga asawa at ang pagkakakilanlan at lokasyon ng pamalit na tirahan kung angkop ang claim. Ang impormasyon ay maaaring iatas sa anyo ng media ng pagproseso ng mga datos o ibang media at nasa isang format na katugma ng mga proseso ng pag-iingat ng rekord ng mga county at pagsusuri ng mga pamamaraan ng estado.

(c) Ang The kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyon ito ay dapat ihanda kung ang orihinal na ari-arian o pamalit na tirahan, o pareho, ng claimant ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang yunit o lote sa loob ng isang kooperatibang korporasyon ng pabahay, isang proyektong pangkomunidad na apartment, isang proyektong kondominyum, o isang nakaplanong pagpapaunlad ng yunit. Kung ang yunit o lote ay bumubuo ng orihinal na ari-arian ng claimant, ang tagatasa ay dapat lamang maglipat sa pamalit na tirahan ng claimant sa halaga sa batayang taon ng yunit o lote ng claimant at ang kanyang kabahagi sa anumang panlahat na lugar na nakareserba bilang isang dagdag na kagamitan ng yunit o loteng iyon. Kung ang yunit o lote ay bumubuo ng pamalit na tirahan ng claimant, ang tagatasa ay dapat lamang maglipat ng halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian ng claimant sa yunit o lote ng claimant at anumang kabahagi ng claimant sa anumang panlahat na lugar na nakareserba bilang isang appurtenance ng yunit o loteng iyon.

(2) Ang isang manupakturadong bahay o isang manupakturadong bahay at anumang lupang pag-aari ng claimant kung saan matatagpuan ang manupakturaong bahay. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lupang pag-aari ng claimant” kabilang ang pro rata na interes sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay na tinasa alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 62.1.

(A) Kung ang manupakturadong bahay o ang manupakturadong bahay at ang lupa kung saan matatagpuan ito ay bumubuo ng orihinal na ari-arian ng claimant, ang tagatasa ay dapat maglipat ng pamalit na tirahan ng claimant ang alinman sa halaga sa batayang taon ng manupakturadong bahay o halaga ng batayang taon ng manupakturadong bahay at ang lupa kung saan matatagpuan ito, gaya ng angkop. Kung ang manupakturadong bahay na tirahan na bumubuo ng orihinal na ari-arian ng claimant ay kabilang ang isang interes sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay, ang tagatasa ay dapat maglipat sa pamalit na tirahan ng claimant ang halaga sa batayang taon ng manupakturadong bahay ng claimant at ang kanyang pro rata na bahagi ng tunay na ari-arian ng parke. Walang paglipat ng halaga sa batayang taon na dapat gawin ng tagatasa ng bahaging iyo ng lupa na hindi bumubuo ng isang bahagi ng orihinal na ari-arian, gaya ng itinatadhana sa talataan (4) ng subdibisyon (g).

(B) Kung ang manupakturadong bahay o ang manupakturadong bahay at ang lupa kung saan matatagpuan ito ay bumubuo ng pamalit na tirahan ng claimant, ang tagatasa ay dapat maglipat ng halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian ng claimant sa alinman sa manupakturadong bahay o sa manupakturadong bahaya at ang lupa kung

matatagpuan ito gaya ng angkop. Kung ang manupakturadong bahay na tirahan na bumubuo ng pamalit na tirahan ng clamant ay kabilang ang isang interes sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay, ang tagatasa ay dapat maglpat ng halaga sa batayang taon ng manupakturadong bahay ng claimant at ang kanyang pro rata na bahagi ng tunay na ari-arian ng parke. Walang paglipat ng halaga sa batayang taon na dapat gawin ng tagatasa ng bahaging iyon ng lupa na hindi bumubuo ng isang bahagi ng pamalit na tirahan, gaya ng itinatatadhana sa talataan (3) ng subdibisyon (g).

Ang subdibisyong ito ay dapat na napapailalim sa mga limitasyong tinukoy sa subdibisyon (d).

(d) Ang kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatatadhana ng seksyong ito ay dapat ihanda sa isang claimant na kasamang may-ari ng orihinal na ari-arian, bilang isang kasamang umuupa, isang umuupang kasama ng ibang may interes, isang may-ari ng ari-arian ng komunidad, o isang kasalukuyang benepisyaryo ng isang ipinagkakatiwala na napapailalim sa mga sumusunod na limitasyon:

(1) Kung ang isang nag-iisang pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo ng lahat ng mga kasamang may-ari at ang bawat kasamang may-ari ay nagpapanatili ng interes sa pamalit na tirahan, ang claimant ay dapat maging karapat-dapat sa ilalim ng seksyong ito, magiging karapat-dapat man o hindi ang alinman o lahat ng natitirang kasamang may-ari.

(2) Kung dalawa o higit na pamalit na tirahan ay magkahiwalay na binili o bagong tayo ng dalawa o higit na kasamang may-ari at higit sa isang kasamang may-ari ay magiging karapat-dapat na claimant, isang kasamang may-ari lamang ang dapat maging karapat-dapat sa ilalim ng seksyong ito. Ang mga kasamang may-ari na ito ay dapat magpasiya sa pamamagitan ng kasunduan kung sino sa kanila ang dapat ituring na karapat-dapat.

(3) Kung dalawa o higit na pamalit na tirahan ay magkahiwalay na binili o bagong tayo ng dalawang kasamang may-ari na humawak ng orihinal na ari-arian bilang ari-arian ng komunidad, ang kasamang may-ari lamang na umabot sa edad na 55 taong gulang, o may malubha o permanenteng kapansanan, ang dapat maging karapat-dapat sa ilalim ng seksyong ito. Kung ang pareho ng mag-asawa ay higit sa 55 taong gulang, sila ay dapat magpasiya sa pamamagitan ng kasunduan kung sino sa kanila ang karapat-dapat.

Sa kaso ng mga kasamang may-ari na ang orihinal na ari-arian ay isang tirahang maraming yunit, ang mga limitasyong ipinataw ng mga talataan (2) at (3) ay dapat ding maging angkop sa mga kasamang may-ari na umookupa ng kaparehong yunit ng tirahan sa loob ng orihinal na ari-arian sa panahong tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (b).

(e) Pagkabenta ng orihinal na ari-arian, ang tagatasa ay dapat magpasiya ng isang bagong halaga sa

batayang taon para sa ari-arian iyon alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California at Seksyon 110.1, nangyari man o hindi na ang pamalit na tirahan ay binili sa huli o bagong tayo ng dating may-ari o mga may-ari ng orihinal na ari-arian.

Ang seksyong ito ay hindi na dapat maging angkop maliban sa paglipat ng orihinal na ari-arian ay isang pagpapalit ng may-ari na (1) isinasailalim ang ari-arian iyon sa muling paghalaga sa kasalukuyang patas na halaga nito sa pamilihan alinsunod sa Seksyon 110.1 o 5803 o (2) nagreresulta sa isang halaga sa batayang taon na ipinasiya alinsunod sa seksyong ito, Seksyon 69, o Seksyon 69.3 dahil ang ari-arian ay kuwalipikado sa ilalim ng seksyong ito, ang Seksyon 69, o Seksyon 69.3 bilang isang pamalit na tirahan o ari-arian.

(f) (1) Ang isang claimant ay hindi dapat maging karapat-dapat sa kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatatadhana sa seksyong ito maliban kung ang claimant ay magbigay sa tagatasa, sa isang anyo na dapat idisenyo ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis ng Estado at ang tagatasa ay dapat maghanda kapag hiniling, sumusunod na impormasyon:

(A) Ang pangalan at numero ng seguridad sosyal ng bawat claimant at sinumang asawa ng claimant na isang nakatalang may-ari ng pamalit na tirahan.

(B) Katunayan na ang claimant o asawa ng claimant na naninirahan sa orihinal na ari-arian kasama ng claimant ay, sa panahon ng pagbebenta nito, hindi kukulangin sa 55 taong gulang, o may malubha at permanenteng kapansanan. Ang katunayan ng malubha at permanenteng kapansanan ay dapat ituring na sertipikasyon, pinirmahan ng isang lisensiyadong doktor at siruhano na may angkop na espesyalidad, nagpapatunay ng malubha at permanenteng kapansanan ng claimant. Kung walang nakahandang katunayan na ang isang tao ay higit sa 55 taong gulang, ang claim ay dapat magsertipika sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ang iniaatas na edad ay natutugunan. Sa kaso ng may malubha at permanenteng kapansanan na claimant ang alinman sa mga sumusunod ay dapat isumite:

(i) Ang isang sertipikasyon, pinirmahan ng isang lisensiyadong doktor o siruhano na may angkop na espesyalidad na tumutukoy ng mga ispesipikong dahilan kung bakit ang kapansanan ay nangangailangan ng isang paglipat sa pamalit na tirahan at ng mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan, kabilang ang anumang iniaatas sa lokasyon, ng isang pamalit na tirahan. Ang claimant ay dapat magpatunay na ang pamalit na tirahan ay nakatutugon sa mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan na tinukoy at ang pangunahing dahilan para sa paglipat sa pamalit na tirahan ay upang matugunan ang mga iniaatas na ito. Kung ang claimant, o asawa o tagapangalaga ng claimant, ay nagpahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng

hindi totoong sinumpaang pahayag, dapat ipalagay na ang pangunahing layunin ng paglipat sa pamalit na tirahan ay upang tugunan ang tinukoy na mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan.

(ii) Ang pagpapatunay ng claimant na ang pangunahing layunin ng paglipat sa pamalit na tirahan ay upang pagaanin ang mga pasaning pinansiyal na dulot ng kapansanan. Kung ang claimant, o asawa o tagapangalaga ng claimant, ay nagpahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag, dapat ipalagay na ang pangunahing layunin ng paglipat ay upang tugunan ang mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan.

(C) Ang direksiyon at, kung alam, ang numero ng parsela ng tagatasa ng orihinal na ari-arian.

(D) Ang petsa ng pagbebenta ng claimant ng orihinal na ari-arian at ang petsa ng pagbili ng claimant o bagong konstruksyon ng isang pamalit na tirahan.

(E) Isang pahayag ng claimant na inookupahan niya ang pamalit na tirahan bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan sa petsa ng paghaharap ng kanyang claim.

(F) Anumang claim sa ilalim ng seksyong ito ay dapat iharap sa loob ng tatlong taon ng petsa ng ang pamalit na tirahan ay binili o ang bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan ay nakumpleto napapailalim sa subdibisyon (k) o (m).

(2) Ang isang claim para sa paglipat ng halaga sa batayang taon sa ilalim ng seksyong ito ay iniharap pagkaraan ng pagtatapos ng panahon ng paghaharap na nakasaad sa subtalataan (F) ng talataan (1) ay dapat isaalang-alang ng tagatasa, napapailalim sa lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

(A) Anumang paglipat ng halaga sa batayang taon na iginawad alinsunod sa claim na iyon ay dapat maging angkop na nagsisimula sa petsa ng lien o ng taon ng pagtasa kung saan iniharap ang claim.

(B) Ang buong halaga sa pera ng pamalit na ari-arian sa taon ng pagtasa na inilarawan sa subtalataan (A) ay dapat maging halaga sa batayang taon ng tunay na ari-arian sa taon ng pagtasa kung saan ng halaga sa batayang taon ay inilipat, isinaalang-alang ang taon ng pagtasa na inilarawan sa subtalataan (A) para sa pareho ng mga sumusunod:

(i) Ang implasyon gaya ng ipinasiya taun-taon alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 51.

(ii) Anumang kasunod na bagong konstruksyon na nangyari tungkol sa paksang tunay na ari-arian na hindi kuwalipikado para sa kaluwagan sa buwis sa ari-arian alinsunod sa pamantayang nakasaad sa mga subtalataan (A) at (B) ng talataan (4) ng subdibisyon (h).

(g) Para sa mga layunin ng seksyong ito:

(1) “Taong higit sa edad na 55 taon” ay nangangahulugang sinumang tao o asawa ng sinumang tao na nakaabot sa edad na 55 taon o mas matanda sa panahon ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

(2) “Halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian” ay nangangahulugang ang halaga sa batayang taon nito, gaya ng ipinasiya alinsunod sa Seksyon 110.1, na may mga pag-aakmang ipinahintulot ng subdibisyon (b) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California at subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1, ipinasiya sa petsa bago ang petsa na ang orihinal na ari-arian ay ibinenta ng claimant, o sa kaso kung saan ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad at ang may-ari hindi muling nagtayo sa orihinal na ari-arian, ipinasiya sa petsa na kaagad bago ang masamang kapalaran o kalamidad.

Kung ang pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo pagkaraan ng paglipat ng orihinal na ari-arian, ang “halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian” ay kabilang din ang anumang mga pag-aakma sa implasyon na ipinahintulot ng subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1 para sa panahong kasunod ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian. Ang batayang taon o mga taon na ginamit upang kuwentahin ang “halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian” ay dapat ituring na batayang taon o mga taon ng anumang ari-arian na ang halaga sa batayang taon ay inilipat alinsunod sa seksyong ito.

(3) “Pamalit na tirahan” ay nangangahulugang isang gusali, istruktura, o ibang tirahan na binubuo ng isang lugar na tirahan, tunay na ari-arian man o personal na ari-arian, na pag-aari at inookupahan ng isang claimant bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan, at anumang lupang pag-aari ng claimant kung saan matatagpuan ang gusali, istruktura, o ibang tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang lupang bumubuo ng isang bahagi ng isang pamalit na tirahan ay kabilang ang lugar lamang na may makatwirang suka na ginagamit bilang isang lugar para sa paninirahan, at ang “lupang pag-aari ng claimant” ay kabilang ang lupa kung saan ang claimant ay humahawak ng isang interes sa pag-upa na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksyon 61 o isang kontrata sa pagbili ng lupa. Ang bawat yunit ng isang maraming-yunit na tirahan ay dapat ituring na isang nakahiwalay na pamalit na tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lugar na may katamtamang sukat na ginagamit na lugar na tirahan” ay kabilang ang lahat ng lupa kung anumang di-pantahanang paggamit ng ari-arian ay incidental lamang sa paggamit ng ari-arian bilang isang lugar na pantahanan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lupang pag-aari ng claimant” kabilang ang interes sa pagiging may-ari sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay na tinasa alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 62.1.

(4) “Orihinal na tirahan” ay nangangahulugang isang gusali, istruktura, o ibang tirahan na binubuo ng isang lugar na tirahan, tunay na ari-arian man o personal na ari-arian, na pag-aari at inookupahan ng isang claimant bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan, at anumang lupang pag-aari ng claimant kung saan matatagpuan ang gusali, istruktura, o ibang tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang lupang bumubuo ng isang bahagi ng isang pamalit na tirahan ay kabilang ang lugar lamang na may makatwirang sukat na ginagamit bilang isang lugar para sa paninirahan, at ang “lupang pag-aari ng claimant” ay kabilang ang lupa kung saan ang claimant ay humahawak ng isang interes sa pag-upa na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksyon 61 o isang kontrata sa pagbili ng lupa. Ang bawat yunit ng isang maraming-yunit na tirahan ay dapat ituring na isang nakahiwalay na ari-arian. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lugar na may katamtamang sukat na ginagamit na lugar na tirahan” ay kabilang ang lahat ng lupa kung anumang di-pantahanang paggamit ng ari-arian ay insidental lamang sa paggamit ng ari-arian bilang isang lugar na pantahanan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lupang pag-aari ng claimant” kabilang ang interes sa pagiging may-ari sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay na tinasa alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 62.1.

(5) “Kapantay o mas mababang halaga” ay nangangahulugang ang halaga ng buong halaga sa pera ng isang pamalit na tirahan ay hindi humihigit sa isa ng mga sumusunod:

(A) Isang daang porsiyento ng halaga ng buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian kung ang pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo bago ang petsa ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

(B) Isang daan at limang porsiyento ng halaga ng buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian kung ang pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo sa loob ng unang taon kasunod ng petsa ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

(C) Isang daan at sampung porsiyento ng halaga ng buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian kung ang pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo sa loob ng ikalawang taon kasunod ng petsa ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

Para sa mga layunin ng talataang ito, maliban kung itinatadhana sa talataan (4) ng subdibisyon (h), kung ang pamalit na tirahan ay, sa bahagi, binili at, sa bahagi, bagong tayo, ang petsa na ang “pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo” ay ang petsa ng pagbili o ang petsa ng pagkumpleto ng konstruksyon, alinman ang mas huli.

(6) “Buong halaga sa pera ng pamalit na tirahan” ay nangangahulugang ang buong halaga sa pera, ipinasiya alinsunod sa Seksyon 110.1, sa petsa na binili to o ang bagong konstruksyon ay nakumpleto,

at pagkatapos ng pagbili o pagkumpleto ng bagong konstruksyon.

(7) “Buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian” ay nangangahulugang, alinman sa:

(A) Bagong halaga sa batayang taon nito, ipinasiya alinsunod sa subdibisyon (e), nang walang paggamit ng subdibisyon (h) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California, kasama ang mga pag-aakmang ipinahintulot ng subdibisyon (b) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A at subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1 para sa panahon mula sa pera ng pagbebenta ng claimant kung ang pamalit na ari-arian ay binili o ang bagong konstruksyon ay nakumpleto.

(B) Sa kaso kung saan ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad at ang may-ari ay hindi muling nagtayo sa orihinal na ari-arian, ang buong halaga sa pera, gaya ng ipinasiya alinsunod sa Seksyon 110, agad bago ang malaking pinsala o pagkawasak ng masamang kapalaran o kalamidad, gaya ng ipinasiya ng tagatasa ng county kung saan matatagpuan ang ari-arian, nang walang paggamit ng subdibisyon (h) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California, kasama ang mga pag-aakmang ipinahihintulot ng subdibisyon (b) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California at subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1, para sa panahon mula sa petsa ng pagbebenta nito ng claimant mula sa petsa kung saan ang pamalit na ari-arian ay binili o ang bagong konstruksyon ay nakumpleto.

(8) “Pagbebenta” ay nangangahulugang anumang pagbabago sa may-ari ng orihinal na ari-arian para sa pagsasaalang-alang.

(9) “Claimant” ay nangangahulugang sinumang taong humingi ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana sa seksyong ito. Kung ang isang asawa ng taong iyon ay isang nakatalang may-ari ng pamalit na tirahan, ang asawa ay isa ring claimant para sa mga layunin ng pagpapasiya kung sa anumang claim sa hinaharap na iniharap ng asawa sa ilalim ng seksyong ito ang kondisyon ng pagiging karapat-dapat na tinukoy sa talataan (7) ng subdibisyon (b) ay natugunan.

(10) “Ari-ariang karapat-dapat para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay” ay kabilang ang ari-arian na pangunahing lugar na tirahan ng may-ari nito at karapat-dapat sa pagkalibre alinsunod sa Seksyon 205.5.

(11) “Tao” ay nangangahulugang sinumang indibidwal, pero hindi kabilang ang anumang kompanya, pagbabakasan, kapisanan, korporasyon, kompanya, o ibang legal na entidad o anumang uri ng organisasyon. “Tao” ay kabilang ang isang indibidwal na kasalukuyang benepisyaryo ng isang ipinagkakatiwala.

(12) “May malubha at permanenteng kapansanan” ay nangangahulugang sinumang tao na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 74.3.

(13) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang ari-arian ay “napinsala nang malaki o mawasak ng masamang kapalaran o kalamidad” kung ang alinman sa lupa o mga pagpapahusay ay nagtamo ng pisikal na pinsala na umaabot sa 50 porsiyento ng alinman sa buong halaga sa pera ng lupa o ng pagpapahusay kaagad bago ang masamang kapalaran o kalamidad. Ang pinsala ay kabilang ang pagbawas sa halaga ng ari-arian bilang resulta ng natatakdaang paggamit sa ari-arian kung saan ang natatakdaang paggamit ay dulot ng masamang kapalaran o kalamidad at permanente.

(h) (1) Pagkatapos ng nasa oras na paghaharap ng claim na inilarawan sa subtalataan (F) ng talataan (1) ng subdibisyon (f), ang tagatasa ay dapat magakma sa bagong halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan bilang pagsunod sa seksyong ito. Ang pag-aakmang ito ay dapat gawin sa pinakahuli sa mga sumusunod na petsa:

(A) Ang petsa na ang orihinal na ari-arian ay ibinenta.

(B) Ang petsa na ang pamalit na tirahan ay binili.

(C) Ang petsa na ang bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan ay nakumpleto.

(2) Anumang mga buwis na ipinataw sa pamalit na tirahan bago ang paghaharap ng claim batay sa bagong halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan, at anumang ipinahihintulot na taunang mga pag-aakma dito, ay dapat kanselahin o ibalik sa claimant kung ang mga buwis ay humigit sa halagang dapat bayaran kapag ipinasiya batay sa ini-aakmang bagong halaga sa batayang taon.

(3) Sa kabila ng Seksyon 75.10, Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 75) ay dapat gamitin para sa mga layunin ng pagpapatupad ng subdibisyong ito, kabilang ang mga pag-aakma ng bagong halaga sa batayang taon ng mga pamalit na tirahan na natamo bago ang pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

(4) Sa kaso kung saan ang isang claim sa ilalim ng seksyong ito ay iniharap sa tamang oras at iginawad, at ang bagong konstruksyon ay ginawa sa pamalit na tirahan kasunod ng paglipat ng halaga sa batayang taon, ang kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana sa seksyong ito ay dapat ding maging angkop sa pamalit na tirahan, gaya ng pinahusay, at kaya walang muling pagtasa pagkakumpleto ng bagong konstruksyon kung ang pareho ng mga sumusunod na kondisyon ay natugunan:

(A) Ang bagong konstruksyon ay nakumpleto sa loob ng dalawang taon ng petsa ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian at ang may-ari ay nagbigay ng nakasulat na paunawa sa tagatasa ng pagkumpleto

ng bagong konstruksyon sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng pagkumpleto.

(B) Ang patas na halaga sa pamilihan ng bagong konstruksyon sa petsa ng pagkumpleto, kasama ang buong halaga sa pera ng pamalit na tirahan sa petsa ng pagtatamo, ay hindi higit sa buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian gaya ng ipinasiya alinsunod sa talataan (7) ng subdibisyon (g) para sa layunin ng paggawad ng orihinal na claim.

(i) Sinumang claimant ay maaaring magpapawalang-saysay sa isang claim para sa kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito at hindi dapat ituring na natanggap ang kaluwagan para sa mga layunin ng talataan (7) ng subdibisyon (b), at ang tagatasa ay dapat maggawad ng pagpapawalang-bisa, kung ang isang nakasulat na paunawa ng pagpapawalang-bisa ay inihatid sa opisina ng tagatasa gaya ng mga sumusunod:

(1) Ang isang nakasulat na paunawa ng pagpapawalang-bisa na pinirmahan ng orihinal na naghaharap na claimant o mga claimant ay inihatid sa opisina ng tagatasa kung saan ang orihinal na claim ay iniharap.

(2) (A) Maliban kung itinatadhana sa talataang ito, ang paunawa ng pagpapawalang-bisa ay inihatid sa opisina ng tagatasa bago ang petsa na ang county ang unang nag-isyu, bilang resulta ng kaluwagang iginawad sa ilalim ng seksyong ito, isang tseke ng pagsasauli para sa mga buwis sa ari-arian na ipinataw sa pamalit na tirahan. Kung ang paggawad ng kaluwagan ay hindi resulta ng isang pagsasauli ng mga buwis sa ari-arian, ang paunawa ay dapat ihatid bago ang pagbabayad ay gawin muna sa anumang mga buwis sa ari-arian, o anumang bahagi nito, ipinataw sa pamalit na tirahan kaayon ng kaluwagang iginawad sa ilalim ng seksyong ito. Kung ang pagbabayad ng mga buwis ay hindi ginawa, ang paunawa ay dapat ihatid bago ang unang petsa na ang mga buwis sa ari-arian, o anumang bahagi nito, ipinataw sa pamalit na tirahan, kaayon ng kaluwagang iginawad sa ilalim ng seksyong ito, ay delingkuwente.

(B) Sa kabila ng anumang ibang tadhana sa dibisyong ito, kahit kailan na ang paunawa ng pagpapawalang-bisa ay ihatid sa opisina ng tagatasa sa loob ng anim na taon pagkatapos igawad ang kaluwagan, sa kondisyon na ang pamalit na ari-arian ay binakante bilang pangunahing lugar na tirahan ng claimant sa loob ng 90 araw pagkaraang iharap ang orihinal na claim, patuloy mang tumatanggap ang ari-arian ng pagkalibre ng may-ari ng bahay. Kung ang pagpapawalang-bisa ay nagtaas ng halaga sa batayang taon ng isang ari-arian, o ang pagkalibre ng may-ari ng bahay ay maling naipahintulot, ang angkop na mga pagtasa ng pagtakas o suplementong mga pagtasa, kabilang ang interes gaya ng itinatadhana sa Seksyon 506, ay dapat ipataw. Ang mga panahon ng mga limitasyon para sa anumang pagtasang pagtakas o suplementong mga pagtasa ay

hindi dapat magsimula hanggang ika-1 ng Hulyo ng taon ng pagtasa kung saan ang paunawa ng pagpapawalang-bisa ay inihatid sa opisina ng tagatasa.

(3) Ang paunawa ay may kasamang pagbabayad ng isang fee na maaaring iatas ng tagatasa, sa kondisyon na ang fee ay hindi dapat humigit sa halagang makatwirang may kaugnayan sa tinatantiyang gastos sa pagproseso ng claim sa pagpapawalang-bisa, kabilang ang pareho ng mga tuwirang gastos at para sa pagbubuo at di-tuwirang gastos, tulad ng mga gastos para sa pangangasiwa, tauhan, suplay, materyal, espasyo ng opisina, at mga kompyuter.

(j) (1) Tungkol sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng mga orihinal na ari-arian sa mga pamalit na tirahan na matatagpuan sa kaparehong county, ang seksyong ito, maliban kung itinatadhana sa talataan (3) o (4), ay dapat maging angkop sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-6 ng Nobyembre, 1986.

(2) Tungkol sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng mga orihinal na ari-arian sa mga pamalit na tirahan na matatagpuan sa ibang mga county, maliban kung itinatadhana sa talataan (4), ang seksyong ito ay maging angkop sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng petsang tinukoy alinsunod sa subtalataan (E) ng talataan (2) ng subdibisyon (a) sa ordinansa ng county kung saan ang pamalit na tirahan ay matatagpuan, pero hindi dapat maging angkop sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo bago ang ika-9 ng Nobyembre, 1988.

(3) Tungkol sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng isang taong may malubha at permanenteng kapansanan, ang seksyong ito ay dapat gamitin lamang sa mga pamalit na tirahan na binili bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-6 ng Hunyo, 1990.

(4) Ang mga susog na ginawa sa subdibisyon (e) ng batas na nagdaragdag ng talatang ito ay dapat gamitin lamang sa mga pamalit na tirahan sa ilalim ng Seksyon 69 na natamo o bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-20 ng Oktubre, 1991, at dapat gamitin simula sa taon ng pananalapi na 1991–92.

(k) (1) Sa kaso kung saan ang isang county ay nagpatibay ng isang ordinansa alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (a) na nagtatatag ng isang angkop na petsa na higit sa tatlong taon bago ang petsa ng pagpapatibay ng ordinansa, ang mga potensiyal na claimant na ito na bumili o nagtayo ng mga pamalit na tirahan nang higit sa tatlong taon bago ang petsa ng pagpapatibay ng ordinansa at na, dahil dito, ay hahadlangan sa paghaharap ng isang nasa oras na claim, ay dapat ituring na nasa oras na nagharap ng isang claim kung ang claim ay iniharap sa loob ng tatlong taon pagkaraan ng petsa na pinagtibay ang ordinansa. Ang talataang ito ay

hindi maaaring ipakahulugan na isang pagtalikdan sa anumang ibang iniaatas ng seksyong ito.

(2) Sa kaso kung saan ang isang tagatasa ng county ay nagtama ng isang halaga sa batayang taon upang magpakita ng isang pro rata na pagbabago ng may-ari ng isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay na nangyari sa pagitan ng ika-1 ng Enero, 1989, at ika-1 ng Enero, 2002, alinsunod sa talataan (4) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 62.1, ang mga claimant na ito na bumili o nagtayo ng mga pamalit na tirahan higit sa tatlong taon bago ang pagtatama at, dahil dito, ay hahadlang sa paghaharap ng isang nasa oras na claim, ay dapat ituring na nasa oras na nagharap ng claim kung ay claim ay iniharap sa loob ng tatlong taon ng petsa ng paunawa ng pagtatama ng batayang taong halaga upang ipakita ang pro rata na pagbabago sa may-ari. Ang talataang ito ay hindi maaaring ipakahulugan na isang pagtalikdan sa anumang ibang iniaatas ng seksyong ito.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi dapat gamitin sa isang claimant na naglipat ng kanyang pamalit na tirahan bago ang paghaharap ng claim.

(4) Ang kaluwagan sa buwis sa ari-arian ng seksyong ito, pero iniharap sa ilalim ng subdibisyong ito ay dapat gamitin nang prospektibo lamang, nagsisimula sa petsa ng lien ng taon ng pagtasa kung saan ang claim ay iniharap. Hindi dapat magkaroon ng refund o pagkansela ng mga buwis bago ang petsa na ang claim ay iniharap.

(l) Walang pagtasa ng pagtakas na maaaring ipataw kung ang isang paglipat ng halaga sa batayang taon sa ilalim ng seksyong ito ay maling naigawad ng tagatasa alinsunod sa isang napasong ordinansa na nag-aawtorisa ng magkakaibang county na mga paglipat ng halaga sa batayang taon.

(m) (1) Ang mga susog na ginawa sa mga subdibisyon (b) at (g) ng seksyong ito ng Kabanata 613 ng mga Batas ng 2001 ay dapat gamitin:

(A) (Tungkol sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng mga orihinal na ari-arian sa mga pamalit na tirahan na matatagpuan sa kaparehong county, sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-6 ng Nobyembre, 1986.

(B) Tungkol sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng mga orihinal na ari-arian sa mga pamalit na tirahan na matatagpuan sa ibang mga county, anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng petsang tinukoy alinsunod sa subtalataan (E) ng talataan (2) ng subdibisyon (a) sa ordinansa ng county kung saan ang pamalit na tirahan ay matatagpuan, pero hindi dapat maging angkop sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo bago ang ika-9 ng Nobyembre, 1988.

(C) Tungkol sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng isang taong may malubha at permanenteng kapansanan, ang seksyong ito ay dapat gamitin

lamang sa mga pamalit na tirahan na binili bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-6ng Hunyo, 1990.

(2) Ang kaluwagan sa buwis sa ari-arian ng seksyong ito, pero iniharap sa ilalim ng subdibisyong ito ay dapat gamitin nang prospektibo lamang, nagsisimula sa petsa ng lien ng taon ng pagtasa kung saan ang claim ay iniharap. Hindi dapat magkaroon ng pagsasauli o pagkansela ng mga buwis bago ang petsa na ang claim ay iniharap.

(n) Ang isang claim na iniharap sa ilalim ng seksyong ito ay hindi pampublikong dokumento at hindi napapailalim sa pampublikong inspeksyon, maliban sa ang claim ay dapat ihanda para sa inspeksyon ng claimant o ng kanyang asawa, ang legal na kinatawan ng tao o kanyang asawa, ang katiwala ng isang ipinagkakatiwala kung saan ng claimant o ang kanyang asawa ay kasalukuyang benepisyaryo, at ang tagapagpaganap o tagapangasiwa ng ari-arian ng claimant o ng kanyang asawa.

(o) Ang mga susog na ginawa sa seksyong ito ng batas na ito na nagdaragdag ng subdibisyong ito ay dapat gamitin simula sa petsa ng lien para sa taon ng pananalapi na 2012–13.

(p) *Ang seksyong ito ay dapat manatiling may bisa hanggang ika-1 ng Enero, 2019, at sa petsang iyon ay pinawalang-bisa.*

SEK. 4. Ang Seksyon 69.5 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang mabasang:

69.5. (a) (1) *Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California, sinumang taong higit sa edad na 55 taon, o sinumang malubha o permanenteng may kapansanan na tao, na naninirahan sa ari-ariang karapat-dapat sa pagkalibre ng may-ari ng bahay sa ilalim ng subdibisyon (k) ng Seksyon 3 na Artikulo XIII ng Saligang-Batas ng California at Seksyon 218 ay maaaring maglipat, napapailalim sa mga kondisyon at limitasyong itinatadhana sa seksyong ito, ang halaga sa batayang taon ng ari-ariang iyon sa anumang pamalit na tirahan na may kapantay o mas mababang halaga na matatagpuan sa loob ng kaparehong county at binili o bagong tayo ng taong iyon bilang kanyang pangunahing tirahan sa loob ng dalawang taon ng pagbebenta ng taong iyon ng orihinal na ari-arian, sa kondisyon na ang halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian ay hindi dapat ilipat sa pamalit na ari-arian hangang ang orihinal na ari-arian ay maibenta.*

(2) *Para sa layunin ng pagkalkula ng halaga sa batayang taon ng isang pamalit na tirahan ang mga sumusunod ay dapat gamitin:*

(A) *Para sa anumang pamalit na tirahan na may malaking halaga at binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-arian, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan ay*

dapat kalkulahin sa pamamagitan ng pagdagdag ng diperensiya sa pagitan ng buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian at ang buong halaga sa pera ng pamalit na tirahan na halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian.

(B) *Para sa anumang pamalit na tirahan na may kapantay o mas mababang halaga na binili o bagong tayo ng isang taong karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng kanyang orihinal na ari-arian, ang halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan ay dapat kalkulahin sa pamamagitan ng paghahati ng batayang halagang halaga ng orihinal na ari-arian sa buong alaga sa pera ng orihinal na ari-arian, at pagmultiplika ng resulta sa buong halaga sa pera ng pamalit na ari-arian.*

(b) *Bilang karagdagan sa pagtugon sa mga iniaatas ng subdibisyon (a), sinumang taong kumukuha ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito ay dapat maging karapat-dapat lamang para sa kaluwagang iyon kung ang mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan:*

(1) *Ang tao ay isang may-ari at isang residente ng orihinal na ari-arian sa panahon ng pagbebenta nito, o sa panahon na ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad, o sa loob ng dalawang taon ng pagbili o bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan.*

(2) *Ang orihinal na ari-arian ay karapat-dapat sa pagkalibre ng may-ari ng bahay, bilang resulta ng pagiging may-ari ng claimant at pag-okupa sa ari-arian bilang kanyang pangunahing tirahan, sa panahon ng pagbebenta nito, o sa panahon na ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad, o sa loob ng dalawang taon ng pagbili o bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan.*

(3) *Katunayan na ang tao o kayang asawa na naninirahan sa orihinal na ari-arian kasama ng tao, sa panahon ng pagbebenta nito, hindi kukulangin sa 55 taong gulang, o may malubha at permanenteng kapansanan.*

(4) *Sa panahon ng pagkuha ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng subdibisyon (a), ang claimant ay isang may-ari ng pamalit na tirahan at umookupa nito bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan at, bilang resulta nito, ang ari-arian ay kasalukuyang karapat-dapat para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay o magiging karapat-dapat para sa pagkalibre maliban ang ari-arian ay tumatanggap na ng pagkalibre dahil sa isang claim ng pagkalibre na iniharap ng naunang may-ari.*

(5) *Ang orihinal na ari-arian ng claimant ay ibinenta niya sa loob ng dalawang taon ng pagbili o bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan ay kabilang ang pagbili ng bahaging ito ng lupa kung saan ang*

pamalit na gusali istruktura, o ibang tirahan na bumubuo ng lugar ng tirahan ng claimant ay matatagpuan at na, alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (g), ay bumubuo ng isang bahagi ng pamalit na tirahan.

(c) (1) Ang kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyon ito ay dapat ihanda kung ang orihinal na ari-arian o pamalit na tirahan, o pareho, ng claimant ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:

(A) Isang yunit o lote sa loob ng isang kooperatibang korporasyon ng pabahay, isang proyektong pangkomunidad na apartment, isang proyektong kondominyum, o isang nakaplanong pagpapaunlad ng yunit. Kung ang yunit o lote ay bumubuo ng orihinal na ari-arian ng tao, ang tagatasa ay dapat lamang maglipat sa pamalit na tirahan ng tao sa halaga sa batayang taon ng yunit o lote ng tao at ang kanyang kabahagi sa anumang panlahat na lugar na nakareserba bilang isang dagdag na kagamitan ng yunit o loteng iyon. Kung ang yunit o lote ay bumubuo ng orihinal na ari-arian ng tao, ang tagatasa ay dapat lamang maglipat sa pamalit na tirahan ng tao sa halaga sa batayang taon ng yunit o lote ng tao at ang kanyang kabahagi sa anumang panlahat na lugar na nakareserba bilang isang dagdag na kagamitan ng yunit o loteng iyon.

(B) Ang isang manupakturadong bahay o isang manupakturadong bahay at anumang lupang pag-aari ng tao kung saan matatagpuan ang manupakturaong bahay. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lupang pag-aari ng claimant” kabilang ang pro rata na interes sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay na tinasa alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 62.1.

(i) Kung ang manupakturadong bahay o ang manupakturadong bahay at ang lupa kung saan matatagpuan ito ay bumubuo ng orihinal na ari-arian ng tao, ang tagatasa ay dapat maglipat ng pamalit na tirahan ng tao ang alinman sa halaga sa batayang taon ng manupakturadong bahay o halaga sa batayang taon ng manupakturadong bahay at ang lupa kung saan matatagpuan ito, gaya ng angkop. Kung ang manupakturadong bahay na tirahan na bumubuo ng orihinal na ari-arian ng clamant ay kabilang ang isang interes sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay, ang tagatasa ay dapat maglipat sa pamalit na tirahan ng claimant ang halaga sa batayang taon ng manupakturadong bahay ng claimant at ang kanyang pro rata na bahagi ng tunay na ari-arian ng parke. Walang paglipat ng halaga sa batayang taon na dapat gawin ng tagatasa ng bahaging iyo ng lupa na hindi bumubuo ng isang bahagi ng orihinal na ari-arian, gaya ng itinatadhana sa talataan (4) ng subdibisyon (g).

(ii) Kung ang manupakturadong bahay o ang manupakturadong bahay at ang lupa kung saan matatagpuan ito ay bumubuo ng pamalit na tirahan ng claimant, ang tagatasa ay dapat maglipat ng halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian ng claimant sa alinman sa manupakturadong bahay o sa manupakturadong bahay at ang lupa kung matatagpuan ito gaya ng angkop. Kung ang manupakturadong bahay na tirahan na bumubuo ng pamalit na tirahan ng clamant ay kabilang ang isang interes sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay, ang tagatasa ay dapat maglipat ng halaga sa batayang taon ng manupakturadong bahay ng claimant at ang kanyang pro rata na bahagi ng tunay na ari-arian ng parke. Walang paglipat ng halaga sa batayang taon na dapat gawin ng tagatasa ng bahaging iyon ng lupa na hindi bumubuo ng isang bahagi ng pamalit na tirahan, gaya ng itinatadhana sa talataan (3) ng subdibisyon (g).

(2) Ang subdibisyong ito ay dapat na napapailalim sa mga limitasyong tinukoy sa subdibisyon (d).

(d) Ang kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito ay dapat ihanda sa isang tao na kasamang may-ari ng orihinal na ari-arian, bilang isang kasamang umuupa, isang umuupang kasama ng ibang may interes, isang may-ari ng ari-arian ng komunidad, o isang kasalukuyang benepisyaryo ng isang ipinagkakatiwala na napapailalim sa mga sumusunod na limitasyon:

(1) Kung ang isang nag-iisang pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo ng lahat ng mga kasamang may-ari at ang bawat kasamang may-ari ay nagpapanatili ng interes sa pamalit na tirahan, ang tao ay dapat maging karapat-dapat sa ilalim ng seksyong ito, magiging karapat-dapat man o hindi ang alinman o lahat ng natitirang kasamang may-ari.

(2) Kung dalawa o higit na pamalit na tirahan ay magkahiwalay na binili o bagong tayo ng dalawa o higit na kasamang may-ari at higit sa isang kasamang may-ari ay magiging karapat-dapat sa paglipat ng halaga sa batayang taon alinsunod sa seksyong ito, lahat ng mga kasamang may-ari ay dapat magpalipat ng halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian na inilipat sa anumang pamalit na tirahan ayon sa proporsiyon ng kanilang pag-aari sa orihinal na ari-arian.

(3) Kung dalawa o higit na pamalit na tirahan ay magkahiwalay na binili o bagong tayo ng dalawang kasamang may-ari na humawak ng orihinal na ari-arian bilang ari-arian ng komunidad, ang kasamang may-ari lamang na umabot sa edad na 55 taong gulang, o may malubha o permanenteng kapansanan, ang dapat maging karapat-dapat sa ilalim ng seksyong ito. Kung ang mag-asawa ay higit sa 55 taong gulang, ang halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian ay dapat ilipat sa anumang

pamalit na tirahan na nasa proporsiyon sa kanilang interes sa pagiging may-ari sa orihinal na ari-arian.

(4) Sa kaso ng mga kasamang may-ari na ang orihinal na ari-arian ay isang tirahang maraming yunit, ang mga limitasyong ipinataw ng mga talataan (2) at (3) ay dapat ding maging angkop sa mga kasamang may-ari na umookupa ng kaparehong yunit ng tirahan sa loob ng orihinal na ari-arian sa panahong tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (b).

(e) Pagkabenta ng orihinal na ari-arian, ang tagatasa ay dapat magpasiya ng isang bagong halaga sa batayang taon para sa ari-ariang iyon alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California at Seksyon 110.1, nangyari man o hindi na ang pamalit na tirahan ay binili sa huli o bagong tayo ng dating may-ari o mga may-ari ng orihinal na ari-arian. Ang seksyong ito ay hindi na dapat maging angkop maliban sa paglipat ng orihinal na ari-arian ay isang pagpapalit ng may-ari na (1) isinasailalim ang ari-ariang iyon sa muling paghalaga sa kasalukuyang patas na halaga nito sa pamilihan alinsunod sa Seksyon 110.1 o 5803 o (2) nagreresulta sa isang halaga sa batayang taon na ipinasiya alinsunod sa seksyong ito, Seksyon 69, o Seksyon 69.3 dahil ang ari-arian ay kuwalipikado sa ilalim ng seksyong ito, ang Seksyon 69, o Seksyon 69.3 bilang isang pamalit na tirahan o ari-arian.

(f) (1) Ang isang taong karapat-dapat sa kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito ay dapat magbigay sa tagatasa, sa isang anyo na dapat idisenyo ng Lupon ng Pagsingil ng Buwis ng Estado at na ang tagatasa ay dapat maghanda pagkabili ng pamalit na tirahan sa panahon kung saan ang pamalit na ari-arian ay pangkaraniwang sasailalim sa muling paghalaga sa kasalukuyang patas na halaga nito sa pamilihan, ng sumusunod na impormasyon:

(A) Ang pangalan at numero ng seguridad sosyal ng bawat taong naninirahan sa ari-arian at karapat-dapat sa pagkalibre ng may-ari ng bahay.

(B) Katunayan na ang tao o kayang asawa na naninirahan sa orihinal na ari-arian kasama ng tao, sa panahon ng pagbebenta nito, hindi kukulangin sa 55 taong gulang, o may malubha at permanenteng kapansanan. Ang katunayan ng malubha at permanenteng kapansanan ay dapat ituring na sertipikasyon, pinirmahan ng isang lisensiyadong doktor at siruhano na may angkop na espesyalidad, nagpapatunay ng malubha at permanenteng kapansanan ng claimant. Kung walang nakahandang katunayan na ang isang tao ay higit sa 55 taong gulang, ang tao ay dapat magsertipika sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na ang iniaatas na edad ay natutugunan. Sa kaso ng may malubha at permanenteng kapansanan na tao ang alinman sa mga sumusunod ay dapat isumite:

(i) Ang isang sertipikasyon, pinirmahan ng isang lisensiyadong doktor o siruhano na may angkop na espesyalidad na tumutukoy ng mga ispesipikong dahilan kung bakit ang kapansanan ay nangangailangan ng isang paglipat sa pamalit na tirahan at ng mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan, kabilang ang anumang iniaatas sa lokasyon, ng isang pamalit na tirahan. Ang tao ay dapat magpatunay na ang pamalit na tirahan ay nakatutugon sa mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan na tinukoy at ang pangunahing dahilan para sa paglipat sa pamalit na tirahan ay upang matugunan ang mga iniaatas na ito. Kung ang tao, o asawa o tagapangalaga, ay nagpahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag, dapat ipalagay na ang pangunahing layunin ng paglipat sa pamalit na tirahan ay upang tugunan ang tinukoy na mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan.

(ii) Ang pagpapatunay ng tao na ang pangunahing layunin ng paglipat sa pamalit na tirahan ay upang pagaanin ang mga pasaning pinansiyal na dulot ng kapansanan. Kung ang tao, o asawa o tagapangalaga, ay nagpahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag, dapat ipalagay na ang pangunahing layunin ng paglipat ay upang tugunan ang mga iniaatas na may kaugnayan sa kapansanan.

(C) Ang direksiyon at, kung alam, ang numero ng parselang tagatasa ng orihinal na ari-arian.

(D) Ang petsa ng pagbebenta ng tao ng orihinal na ari-arian at ang petsa ng pagbili o bagong konstruksyon ng isang pamalit na tirahan.

(E) Isang pahayag ng tao na inookupahan niya ang pamalit na tirahan bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan sa petsa ng paghaharap ng kanyang claim.

(2) Ang pormang iniaatas ng subdibisyong ito ay dapat iharap sa loob ng tatlong taon ng petsa na ang pamalit na tirahan ay binili o ang konstruksyon ng pamalit na tirahan ay nakumpleto. Anumang pormang iniharap pagkaraan ng pagtatapos ng panahon ng paghaharap na nakasaad sa talataang ito ay dapat isaalang-alang ng tagatasa, napapailalm sa lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

(A) Anumang paglipat ng halaga sa batayang taon na iginawad alinsunod sa paghaharap na iyon ay dapat maging angkop na nagsisimula sa petsa ng lien o ng taon ng pagtasa kung saan iniharap ang porma.

(B) Ang buong halaga sa pera ng pamalit na ari-arian sa taon ng pagtasa na inilarawan sa subtalataan (A) ay dapat maging halaga sa batayang taon ng tunay na ari-arian sa taon ng pagtasa kung saan ng halaga sa batayang taon ay inilipat, isinaalang-alang ang taon ng pagtasa na inilarawan sa subtalataan (A) para sa pareho ng mga sumusunod:

(i) Ang implasyon gaya ng ipinasiya taun-taon alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 51.

(ii) Anumang kasunod na bagong konstruksyon na nangyari tungkol sa paksang tunay na ari-arian na hindi kuwalipikado para sa kaluwagan sa buwis sa ari-arian alinsunod sa pamantayang nakasaad sa talataan (4) ng subdibisyon (h).

(g) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat gamitin:

(1) “Taong higit sa edad na 55 taon” ay nangangahulugang sinumang tao o asawa ng sinumang tao na nakaabot sa edad na 55 taon o mas matanda sa panahon ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

(2) (A) “Halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian” ay nangangahulugang ang halaga sa batayang taon nito, gaya ng ipinasiya alinsunod sa Seksyon 110.1, na may mga pag-aakmang ipinahintulot ng subdibisyon (b) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California at subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1, ipinasiya sa petsa bago ang petsa na ang orihinal na ari-arian ay ibinenta ng claimant, o sa kaso kung saan ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad at ang may-ari hindi muling nagtayo sa orihinal na ari-arian, ipinasiya sa petsa na kaagad bago ang masamang kapalaran o kalamidad.

(B) Kung ang pamalit na tirahan ay binili o bagong tayo pagkaraan ng paglipat ng orihinal na ari-arian, ang “halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian” ay kabilang din ang anumang mga pag-aakma sa implasyon na ipinahintulot ng subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1 para sa panahong kasunod ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian. Ang batayang taon o mga taon na ginamit upang kuwentahin ang “halaga sa batayang taon ng orihinal na ari-arian” ay dapat ituring na batayang taon o mga taon ng anumang ari-arian na ang halaga sa batayang taon ay inilipat alinsunod sa seksyong ito.

(3) “Pamalit na tirahan” ay nangangahulugang isang gusali, istruktura, o ibang tirahan na binubuo ng isang lugar na tirahan, tunay na ari-arian man o personal na ari-arian, na pag-aari at inookupahan ng isang tao bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan, at anumang lupang pag-aari ng tao kung saan matatagpuan ang gusali, istruktura, o ibang tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang lupang bumubuo ng isang bahagi ng isang pamalit na tirahan ay kabilang ang lugar lamang na may makatwirang sukat na ginagamit bilang isang lugar para sa paninirahan, at ang “lupang pag-aari ng tao” ay kabilang ang lupa kung saan ang tao ay humahawak ng isang interes sa pag-upa na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksyon 61 o isang kontrata sa pagbili ng lupa. Ang bawat yunit ng isang maraming-yunit na tirahan ay dapat ituring

na isang nakahiwalay na pamalit na tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lugar na may katamtamang sukat na ginagamit na lugar na tirahan” ay kabilang ang lahat ng lupa kung anumang di-pantahanang paggamit ng ari-arian ay insidental lamang sa paggamit ng ari-arian bilang isang lugar na pantahanan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lupang pag-aari ng tao” kabilang ang interes sa pagiging may-ari sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay na tinasa alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 62.1.

(4) “Orihinal na tirahan” ay nangangahulugang isang gusali, istruktura, o ibang tirahan na binubuo ng isang lugar na tirahan, tunay na ari-arian man o personal na ari-arian, na pag-aari at inookupahan ng isang claimant bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan, at anumang lupang pag-aari ng claimant kung saan matatagpuan ang gusali, istruktura, o ibang tirahan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang lupang bumubuo ng isang bahagi ng isang pamalit na tirahan ay kabilang ang lugar lamang na may makatwirang sukat na ginagamit bilang isang lugar para sa paninirahan, at ang “lupang pag-aari ng tao” ay kabilang ang lupa kung saan ang tao ay humahawak ng isang interes sa pag-upa na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksyon 61 o isang kontrata sa pagbili ng lupa. Ang bawat yunit ng isang maraming-yunit na tirahan ay dapat ituring na isang nakahiwalay na ari-arian. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lugar na may katamtamang sukat na ginagamit na lugar na tirahan” ay kabilang ang lahat ng lupa kung anumang di-pantahanang paggamit ng ari-arian ay insidental lamang sa paggamit ng ari-arian bilang isang lugar na pantahanan. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang “lupang pag-aari ng tao” kabilang ang interes sa pagiging may-ari sa isang pag-aari ng residente na parke ng naililipat na bahay na tinasa alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 62.1.

(5) “Buong halaga sa pera ng pamalit na tirahan” ay nangangahulugang ang buong halaga sa pera, ipinasiya alinsunod sa Seksyon 110.1, sa petsa na binili to o ang bagong konstruksyon ay nakumpleto, at pagkatapos ng pagbili o pagkumpleto ng bagong konstruksyon.

(6) “Buong halaga sa pera ng orihinal na ari-arian” ay nangangahulugang, alinman sa:

(A) Bagong halaga sa batayang taon nito, ipinasiya alinsunod sa subdibisyon (e), nang walang paggamit ng subdibisyon (h) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California, kasama ang mga pag-aakmang ipinahintulot ng subdibisyon (b) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A at subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1 para sa panahon mula sa petsa ng pagbebenta ng tao kung ang pamalit na ari-arian ay binili o ang bagong konstruksyon ay nakumpleto.

(B) Sa kaso kung saan ang orihinal na ari-arian ay napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad at ang may-ari ay hindi

muling nagtayo sa orihinal na ari-arian, ang buong halaga sa pera, gaya ng ipinasiya alinsunod sa Seksyon 110, agad bago ang malaking pinsala o pagkawasak ng masamang kapalaran o kalamidad, gaya ng ipinasiya ng tagatasa ng county kung saan matatagpuan ang ari-arian, nang walang paggamit ng subdibisyon (h) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California, kasama ang mga pag-aakmang ipinahihintulot ng subdibisyon (b) ng Seksyon 2 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California at subdibisyon (f) ng Seksyon 110.1, para sa panahon mula sa petsa ng pagbebenta nito ng tao mula sa petsa kung saan ang pamalit na ari-arian ay binili o ang bagong konstruksyon ay nakumpleto.

(7) “Pagbebenta” ay nangangahulugang anumang pagbabago sa may-ari ng orihinal na ari-arian para sa pagsasaalang-alang.

(8) “Tao” ay nangangahulugang sinumang indibidwal, pero hindi kabilang ang anumang kompanya, pagbabakasan, kapisanan, korporasyon, kompanya, o ibang legal na entidad o anumang uri ng organisasyon, na nagharap para sa kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito. “Tao” ay kabilang ang isang indibidwal na kasalukuyang benepisyaryo ng isang ipinagkakatiwala.

(9) “Ari-ariang karapat-dapat para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay” ay kabilang ang ari-arian na pangunahing lugar na tirahan ng may-ari nito at karapat-dapat sa pagkalibre alinsunod sa Seksyon 205.5.

(10) Ang ari-arian ari-arian ay “napinsala nang malaki o nawasak ng masamang kapalaran o kalamidad” kung ang alinman sa lupa o mga pagpapahusay ay nagtamo ng pisikal na pinsala na umaabot sa 50 porsiyento ng alinman sa buong halaga sa pera ng lupa o ng pagpapahusay kaagad bago ang masamang kapalaran o kalamidad. Ang pinsala ay kabilang ang pagbawas sa halaga ng ari-arian bilang resulta ng natatakdaang paggamit sa ari-arian kung saan ang natatakdaang paggamit ay dulot ng masamang kapalaran o kalamidad at permanente.

(h) (1) Pagkatapos ng nasa oras na paghaharap ng porma, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (f), ang tagatasa ay dapat mag-akma sa bagong halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan bilang pagsunod sa seksyong ito. Ang pag-aakmang ito ay dapat gawin sa pinakahuli sa mga sumusunod na petsa:

(A) Ang petsa na ang orihinal na ari-arian ay ibinenta.

(B) Ang petsa na ang pamalit na tirahan ay binili.

(C) Ang petsa na ang bagong konstruksyon ng pamalit na tirahan ay nakumpleto.

(2) Anumang mga buwis na ipinataw sa pamalit na tirahan bago ang paghaharap ng kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana ng seksyong ito batay sa bagong halaga sa batayang taon ng pamalit na tirahan, at anumang ipinahihintulot na taunang mga pag-aakma sa bagong halaga sa batayang taon, ay dapat kanselahin o ibalik sa tao kung ang mga buwis ay humigit sa halagang dapat bayaran kapag ipinasiya batay sa iniaakmang bagong halaga sa batayang taon.

(3) Sa kabila ng Seksyon 75.10, ang Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 75) ay dapat gamitin para sa mga layunin ng pagpapatupad ng subdibisyong ito, kabilang ang mga pag-aakma ng bagong halaga sa batayang taon ng mga pamalit na tirahan na natamo bago ang pagbebenta ng orihinal na ari-arian.

(4) Sa kaso kung saan ang isang porma sa ilalim ng seksyong ito ay iniharap sa tamang oras at iginawad, at ang bagong konstruksyon ay ginawa sa pamalit na tirahan kasunod ng paglipat ng halaga sa batayang taon, ang kaluwagan sa buwis sa ari-arian na itinatadhana sa seksyong ito ay dapat ding maging angkop sa pamalit na tirahan, gaya ng pinahusay, at kaya walang muling pagtasa pagkakumpleto ng bagong konstruksyon kung ang bagong konstruksyon ay nakumpleto sa loob ng dalawang taon ng petsa ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian at ang may-ari ay nagbigay ng nakasulat na paunawa ng pagkumpleto ng bagong konstruksyon sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng pagkumpleto.

(i) Tungkol sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng mga orihinal na ari-arian sa mga pamalit na tirahan na matatagpuan sa kaparehong county, ang seksyong ito ay dapat maging angkop sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2019.

(j) Ang isang pormang iniharap sa ilalim ng seksyong ito ay hindi pampublikong dokumento at hindi napapailalim sa pampublikong inspeksyon, maliban sa ang porma ay dapat ihanda para sa inspeksyon ng taon o ng kanyang asawa, ang legal na kinatawan ng tao o kanyang asawa, ang katiwala ng isang ipinagkakatiwala kung saan ng tao o ang kanyang asawa ay kasalukuyang benepisyaryo, at ang tagapagpaganap o tagapangasiwa ng ari-arian ng tao o ng kanyang asawa.

(k) Ang seksyong ito ay dapat magkabisa sa ika-1 ng Enero, 2019.

SEK. 5. Ang mga tadhana ng batas ng panukalang ito ay maaaring susugan sa pamamagitan ng isang dalawang-ikatlong boto ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador sa kondisyon na ang mga naturang susog ay kaayon ng at nagsusulong sa hangarin ng batas na ito.

SEK. 6. Ang mga tadhana ng batas na ito ay naihihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang mga tadhana o paggamit.

PROPOSISYON 6

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Saligang-Batas ng California; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Pahayag ng mga Pagpapasiya at mga Layunin.

(a) Ang mga buwis ng California sa gasolina at pag-aari ng sasakyan ay kabilang sa pinakamataas sa bansa.

(b) Ang mga buwis na ito ay itinaas nang walang pahintulot ng mga tao.

(c) Dahil dito, ang mga tao ay nagsususog sa pamamagitan nito sa Saligang-Batas upang mag-atas ng pag-aproba ng botante sa huling pagtaas sa gas at buwis sa sasakyan na isinabatas ng Kabanata 5 ng mga Batas ng 2017 at anumang mga pagtaas sa hinaharap ng buwis sa gas at sasakyan.

SEK. 2. Pag-aproba ng Botante para sa mga Pagtaas ng Buwis sa Gas at Sasakyan.

SEK. 2.1. Ang Seksyon 3.5 ay idinaragdag sa Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California, upang mabasang:

SEK. 3.5. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang Lehislatura ay hindi dapat magpataw, magtaas o magpalawig ng anumang buwis gaya ng nilinaw sa Seksyon 3, sa pagbebenta, pag-iimbak, o pagkonsumo ng gasolina o diesel na gatong ng sasakyang de-motor, o sa pribilehiyo ng isang residente ng California na magpatakbo sa mga pampublikong haywey ng isang sasakyan o trailer coach, maliban at hanggang ang iminumungkahing buwis ay isumite sa manghahalal at aprobahan ng isang mayoriya ng boto.

(b) Ang Seksyong ito ay hindi angkop sa mga buwis sa gasolina o diesel na gatong ng sasakyang de-motor, o sa pribilehiyo ng pagpapatakbo ng isang sasakyan o trailer coach sa mga antas na may bisa noong ika-1 ng Enero, 2017. Anumang pagtaas sa antas ng mga naturang buwis na ipinataw pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2017, ay hindi na dapat ipataw

maliban at hanggang aprobahan ng manghahalal gaya ng iniaatas ng seksyong ito.

PROPOSISYON 7

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-batas 807 ng Senado ng Regular na Sesyon ng 2017–2018 (Kabanata 60, Mga Batas ng 2018) ay isinumite sa mga tao alinsunod sa Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng isang seksyon sa Kodigo ng Pamahalaan at nagpapawalang-bisa sa mga seksyon ng Batas sa Mabisang Paggamit ng Liwanag ng Araw; dahil dito, ang mga tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipo ng pagtanggap~~ at ang mga bagong tadhanang idaragdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Kung ang pederal na batas ay mag-awtorisa sa estado na magkaloob para sa buong taong mabisang paggamit ng liwanag na araw at isinaaalang-alang ng Lehislatura ang paggamit ng aplikasyong ito, intensiyon ng batas na ito himukin ang Lehislatura na isaalang-alang ang mga posibleng epekto ng buong-taong mabisang paggamit ng liwanag ng araw sa mga komunidad na nasa kahabaan ng hangganan sa pagitan ng California at ibang mga estado at sa pagitan ng California at Mexico.

SEK. 2. Ang Seksyon 6808 ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

6808. (a) Ang pangkaraniwang oras sa loob ng estado ay ang ikalimang sonang itinalaga ng pederal na batas bilang pangkaraniwang oras sa Pasipiko (15 U.S.C. mga Sek. 261 at 263).

(b) Ang pangkaraniwang oras sa loob ng estado ay umakyat ng isang oras sa panahon ng mabisang paggamit ng liwanag ng araw na magsisimula sa ika-2 ng umaga sa ikalawang Linggo ng Marso ng bawat taon at matatapos sa ika-2 ng umaga sa unang Linggo ng Nobyembre ng bawat taon.

(c) Sa kabila ng subdibisyon (b), ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa seksyong ito sa pamamagitan ng isang dalawang-ikatlong boto mabisang paggamit ng liwanag ng araw, kaayon ng pederal na batas, at, kung ang pederal na batas ay mag-awtorisa sa estado upang magtadhana ng buong-taong mabisang paggamit ng liwanag ng araw, ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa seksyong ito sa pamamagitan ng isang dalawang-ikatlong boto upang magtadhana ng paggamit na iyon.

SEK. 3. Ang Seksyon 1 ng Batas sa Mabisang Paggamit ng Liwanag ng Araw ay pinawawalang-bisa.



Seksyon 1. Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas sa Mabisang Paggamit ng Liwanag ng Araw.

SEK. 4. Ang Seksyon 2 ng Batas sa Mabisang Paggamit ng Liwanag ng Araw ay pinawawalang-bisa.

Seksyon 2. Ang pangkaraniwang oras sa loob ng Estado, maliban kung itinatadhana rito, ay isang Daan at Ika-dalawampung (120th) digri ng longitude sa kanluran ng Greenwich at ngayon ay kilala, inilalarawan at itinalaga ng Batas ng Kongreso bilang “Pangkaraniwang Oras Pacipiko ng Estados Unidos.”

SEK. 5. Ang Seksyon 3 ng Batas sa Mabisang Paggamit ng Liwanag ng Araw ay pinawawalang-bisa.

Sek. 3. Mula sa 1 o'clock antemeridian sa huling Linggo ng Abril, hanggang sa 2 o'clock antemeridian sa huling Linggo ng Oktubre, ang pangkaraniwang oras sa Estadong ito na itinatag ay dapat na isang oras nang maaga sa pangkaraniwang oras na ngayon ay kilala bilang Pangkaraniwang Oras sa Pasipiko ng Estados Unidos.

SEK. 6. Ang Seksyon 4 ng Batas sa Mabisang Paggamit ng Liwanag ng Araw ay pinawawalang-bisa.

Seksyon 4. Sa lahat ng mga batas, kodigo, utos, atas, tuntunin, at regulasyon na may kaugnayan sa oras ng pagganap ng anumang aksyon ng sinumang opisyal o anumang kagawaran ng Estadong ito, o ng anumang county, lungsod at county, lungsod, bayan o distrito nito o kaugnay na oras kung saan ang anumang mga karapatan ay dapat matipon o magpasiya, o kung saan ang anumang aksyon ay dapat na gampanan ng sinumang taon napapahalim sa hurisdiksiyon ng Estado at sa lahat ng pampublikong paaralan at sa lahat ng ibang mga institusyon ng Estadong ito, o sa anumang county, lungsod at county, lungsod, bayan o distrito, at sa lahat ng kontrata o pinili sa mga aksyong ginawa o gagampanan sa Estado, ang oras ay dapat itakda sa batas na ito at ito ay dapat maunawaan at hangarin.

SEK. 7. Ang Seksyon 5 ng Batas sa Mabisang Paggamit ng Liwanag ng Araw ay pinawawalang-bisa.

SEKSYON 5. Lahat ng aksyon na kasalungat nito ay pinawawalang-bisa sa pamamagitan nito.

PROPOSISYON 8

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang

iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Pangalan.

Ang batas na ito ay dapat makilala bilang ang “Batas sa Patas na Presyo sa Dialysis.”

SEK. 2. Mga Pagpapasiya at Layunin.

Ang batas na ito, pinagtibay ng mga tao ng Estado ng California, ay gumagawa ng mga sumusunod na pagpapasiya at may mga sumusunod na layunin:

(a) Ang mga tao ay gumagawa ng mga sumusunod na pagpapasiya:

(1) Ang dialysis ng bato ay isang proseso kung saan ang dugo ay inaalis ng basura at sobrang tubig, karaniwang sa pamamagitan ng isang makina na nasa labas ng katawan ng pasyente, at saka ibabalik sa pasyente. Kung ang isang taong nangangailangan ng dialysis ay hindi makakuha o makaya ang mataas ang kalidad na pangangalaga, ang mga lason ay dumarami sa katawan, humahantong sa pagkamatay.

(2) Sa California, hindi kukulangin sa 66,000 na Taga-California ang sumasailalim sa paggamot na dialysis.

(3) Dalawa lamang na pangmaraming-bansa, nagtutubong koporasyon ang nagpapatakbo o namamahala ng halos tatlong-kuwarta ng mga klinika ng dialysis sa California at gumagamot sa halos 70 porsiyento ng mga pasyente ng dialysis sa California. Ang dalawang pangmaraming-bansang korporasyon na ito ay kumikita ng bilyun-bilyong dolyar taun-taon mula sa mga pagpapatakbo ng dialysis, kabilang ang halos \$400 milyon bawat taon sa California lamang.

(4) Dahil ang pederal na batas ay nag-uutos na ang pribadong kompanya ng segurong pangkalusugan ay nag-aalay at nagbabayad para sa dialysis, mga pribadong kompanya ng seguro ay maliit na kakayahan na makipag-usap sa dalawang pangmaraming-bansang korporasyon ng dialysis sa ngalan ng kanilang mga parokyano.

(5) Kaya, ang mga nagtutubong korporasyon ng dialysis ay sumisingil sa mga pasyente sa mga pribadong seguro sa kalusugan apat na beses na higit sa sinisingil sa Medicare para sa kaparehong paggamot na dialysis, magrer resulta sa malalaking tubo.

(6) Sa isang pamilihang pinamamayanihan ng dalawa lamang pangmaraming-bansang korporasyon, dapat tiyakin ng California na ang dialysis ay patas ang presyo at abot-kaya.

(7) Ang ibang mga estado ay gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang mga masyadong mahinang mga pasyente mula sa dalawang pangmaraming-bansang korporasyon.

(8) Ang mga pagsisikap na magsabatas ng mga proteksiyon para sa mga pasyente ng dialysis ng bato ay hinadlangan sa Sacramento ng mga korporasyon ng dialysis, na gumasta ng higit sa \$600,000 sa unang anim na buwan ng 2017 upang impluwensiyahan ang Lehislatura ng California.

(b) Mga Layunin:

(1) Layunin ng batas na ito na tiyakin na ang mga klinika ng dialysis ng bata ng panlabas na pasyente ay nagkakaloob ng mahusay at abo-kayang pangangalaga ng pasyente sa mga taong dumaranas ng huling yugto ng sakit sa bato.

(2) Ang batas na ito ay nilalayong maging niyutral sa badyet para sa estado upang ipatupad at pangasiwaan.

SEK. 3. Ang Seksyon 1226.7 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

1226.7. (a) Ang mga makatwirang limitasyon sa mga singil para sa pangangalaga ng pasyente ng mga klinika ng patuloy na dialysis; mga pagsasauli ng bahagi ng ibinayad sa mga halagang sinisingil na higit sa patas na halaga ng pagbabayad sa paggamot.

(1) Para sa layunin ng seksyon, ang “fair treatment payment amount” ay dapat na isang halagang kapantay ng 115 porsiyento ng kabuuan ng lahat ng tuwirang mga gastos sa mga serbisyong pangangalaga ng pasyente at lahat ng mga gastos sa pagpapahusay ng kalidad ng pangangalagang pangkalusugan na natamo ng isang entidad ng pamahalaan at ang mga klinika nito ng patuloy na dialysis.

(2) Para sa bawat taon ng pananalapi na nagsisimula sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2019, ang entidad ng pamahalaan o ang mga klinika nito ng patuloy na dialysis ay dapat mag-isyu taun-taon ng mga pagsasauli ng bahagi ng ibinayad para sa mga tagabayad gaya ng mga sumusunod:

(A) Ang namamahalang entidad ay dapat magkalkula ng “hindi patas na sobrang sinisingil na halagat,” na dapat ay ang halaga, kung mayroon, ang kita sa paggamot mula sa mga paggamot na ipinagkakaloob ng lahat ng klinika ng patuloy na dialysis ng namamahalang entidad ay humihigit sa halaga ng patas na pagbabayad sa paggamot.

(B) Ang namamahalang entidad o ang mga klinika nito ng patuloy na dialysis ay dapat, sa isang pro rata basis batay sa mga halagang ibinayad at makatwirang tinantiya na ibabayad, gaya ng pagsasama ng mga halagang ito sa kita sa paggamot, mag-isyu ng mga pagsasauli ng bahagi ng ibinayad sa mga tagabayad (iba sa Medicare o ibang pederal, pang-estado, pang-county, panlungsod, o lokal na pamahalaan na tagabayad) sa mga halagang umaabot sa hindi patas na sobrang sinisingil na halaga.

(C) Ang namamahalang ahensiya o klinika ng patuloy na dialysis ay dapat mag-isyu ng anumang mga pagsasauli ng bahagi ng ibinayad ay iniaatas ng Seksyong ito nang hindi mas mababa kaysa 90 araw at hindi hihigit sa 210 araw pagkatapos ng taon ng pananalapi nito na may kaugnayan sa pagsasauli ng bahagi ng ibinayad.

(D) Kung, sa anumang taon ng pananalapi, ang pagsasauli ng bahagi ng ibinayad ng namamahalang entidad o klinika ng patuloy na dialysis ay dapat mag-isyu sa nag-iisang tagabayad ay mas mababa kaysa dalawampung dolyar (\$20), ang namamahalang entidad o klinika ng patuloy na dialysis ay hindi dapat mag-isyu ng pagsasauli ng bahagi ng ibinayad na iyon at dapat magkaloob sa ibang mga tagabayad alinsunod sa subtalataan (B) ang kabuuang halaga ng mga pagsasauli ng bahagi ng ibinayad na hindi inilabas alinsunod sa subtalataang ito.

(E) Para sa bawat taon ng pananalapi na magsisimula sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2020, anumang pagsasauli na inilabas sa isang tagabayad ay dapat ilabas na kasama ang interes nito sa antas ng interes na tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksyon 3289 ng Kodigo Sibil, na dapat madagdagan mula sa petsa ng pagbabayad ng tagabayad.

(3) Para sa bawat taon ng pananalapi na magsisimula sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2019, ang isang namamahalang entidad ay dapat manatili at magkaloob sa kagawaran, ng isang porma at iskedyul na itinagubilin ng kagawaran, isang ulat ng lahat ng pagsasauli ng bahagi ng ibinayad na inilabas sa ilalim ng talataan (2), kabilang ang isang paglalarawan ng bawat pangyayari sa panahong saklaw ng pagsumite kapag ang pagsasauli ng bahagi ng ibinayad na iniaatas sa ilalim ng talataan (2) ay inilabas sa tamang oras nang buo, at ang mga dahilan at pangyayari doon. Ang punong tagapagpaganap na opisyal o pangunahing opisyal ng namamahalang entidad ay dapat magsertipika sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na siya ay nasisiyahan, pagkatapos ng pagrepaso, na ang lahat ng impormasyong isinumite sa kagawaran sa ilalim ng talataang ito ay tumpak at kumpleto.

(4) Kung ang namamahalang entidad o ang klinika nito ng patuloy na dialysis ay inaatasang mag-isyu ng isang pagsasauli ng bahagi ng ibinayad sa ilalim ng seksyong ito, hindi mas huli sa 210 araw pagkaraan ng katapusan ng taon ng pananalapi nito ang namamahalang entidad ay dapat magbayad ng multa sa kagawaran sa isang halagang kapantay sa 5 porsiyento ng hindi patas sobrang sinisingil na halaga, sa kondisyon na ang multa ay hindi dapat humigit sa isang daang libong dolyar (\$100,000). Ang mga multang nasingil alinsunod sa talataang ito ay dapat gamitin ng kagawaran upang ipatupad at ipasunod

ang mga batas na namamahala sa mga klinika ng patuloy na dialysis.

(5) Kung ang klinika ang patuloy na dialysis o namamahalang entidad ay sumalungat sa isang pagpapasiya ng kagawaran upang tasahin ang isang multa alinsunod sa subdibisyong ito o subdibisyon (b), o ang halaga ng isang multang pampangasiwaan, ang klinika ng patuloy na dialysis o namamahalang entidad ay maaaring, sa loob ng 10 araw ng trabaho, humiling ng isang pagdinig alinsunod sa Seksyon 131071. Ang isang klinika ng patuloy na dialysis o namamahalang entidad ay dapat magbayad sa lahat ng multang pampangasiwaan kapag ang lahat ng apela ay naubos na at ang posisyon ng kagawaran ay pinagtibay.

(6) Kung ang isang namamahalang entidad o klinika ng patuloy na dialysis ay nakapagpatunay sa anumang aksyon ng hukuman na ang paggamit ng seksyong ito sa klinika ng patuloy na dialysis o namamahalang entidad ay, sa anumang partikular na taon ng pananalapi, lalabag sa angkop na proseso o kukuha ng isang pribadong ari-arian na nag-aatas ng makatarungang kabayaran sa ilalim ng Saligang-Batas ng estadong ito o ng Saligang-Batas ng Estados Unidos, ang tadhana nasa isyu ay maging angkop sa namamahalang entidad o klinika ng patuloy na dialysis, maliban sa tungkol sa taon ng pananalapi na itinatanong ang numerong “115” tuwing lilitaw ito sa tadhanang nasa isyu ay dapat palitan ng pinakamababang posibleng buong numero tulad ng ang paggamit na iyon ng tadhana sa namamahalang entidad o klinika ng patuloy na dialysis ay hindi lalabag sa angkop na proseso o kumuha ng isang pribadong ari-arian na nag-aatas ng makatarungang kabayaran. Sa anumang aksyong sibil, ang pasanin ay dapat na nasa namamahalang entidad o klinika ng patuloy na dialysis upang magmungkahi ng isang pamalit na numero at upang patunayan na ang pagpapalit ng “115” ng anumang buong numero na mas mababa kaysa iminumungkahing pamalit na numero ay, para sa taon ng pananalapi na itinatanong, lalabag sa angkop na proseso o kukuha ng isang pribadong ari-arian na nag-aatas ng makatarungang kabayaran.

(b) Pag-uulat ng pagsunod ng mga klinika ng patuloy na dialysis.

(1) Para sa bawat taon ng pananalapi na magsisimula sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2019, ang isang namamahalang entidad ay dapat magpanatili at magsumite sa kagawaran ng isang ulat na nauukol sa lahat ng sumusunod na impormasyon para sa lahat ng klinika ng patuloy na dialysis na pag-aari o pinatatakbo ng namamahalang entidad sa California:

(A) Ang bilang ng mga paggamot na ginagawa.

(B) Mga tuwirang gastos sa mga serbisyo sa pangangalaga ng pasyente.

(C) Mga gastos sa pagpapahusay ng kalidad ng pangangalagang pangkalusugan.

(D) Kita sa paggamot, kabilang ang diperensiya sa pagitan ng mga halagang siningil pero hindi pa nababayaran at tinantiyang makukuhang kita.

(E) Ang halaga ng patas na pagbabayad sa paggamot.

(F) Ang hindi patas na sobrang siningil na halaga.

(G) Ang halaga, kung mayroon, ang pagsasauli ng bahagi ng ibinayad ng bawat tagabayad, sa kondisyon na ang sinumang indibidwal na pasyente ay dapat tukuyin ginagamit lamang ang isang natatanging tagatukoy na hindi naghahantad ng pangalan o pagkakakilanlan ng pasyente.

(H) Ang isang listahan ng mga tagabayad na binigyan ng pagsasauli ng bahagi ng ibinayad alinsunod sa subtalataan (D) ng talataan (2) ng subdibisyon (a) at ang halagang hindi inilabas, sa kondisyon na sinumang indibidwal na pasyente ay dapat tukuyin na gumagamit ng isang natatanging tagatukoy na hindi naghahantad ng pangalan o pagkakakilanlan ng pasyente.

(2) Ang impormasyon na iniaatas na panatilihin at ang ulat na iniaatas na isumite ng subdibisyong ito ay dapat na independiyenteng suriin ang bawat isa ng isang sertipikadong pampublikong tagapagtuos ng kuwenta alinsunod sa mga pamantayan ng Lupon ng mga Pamantayan ng Pagsusuri ng Instituto ng mga Sertipikadong Pampublikong Tagapagtuos ng Kuwenta ng Amerika at dapat kabilang ang opinyon ng sertipikadong pampublikong tagapagtuos ng kuwenta tungkol isa kung ang impormasyong nakasaad sa ulat ay lubos at tumpak na naglalarawan, alinsunod sa pangkaraniwang tinatanggap ng mga prinsipyo ng pagtutuos ng kuwenta sa Estados Unidos, ang impormasyong iniaatas na iulat sa ilalim ng talataan (1).

(3) Ang namamahalang entidad ay dapat magsumite taun-taon ng ulat na iniaatas ng subdibisyong ito sa kagawaran sa isang iskedyul, sa isang format at sa isang pormang itinagubilin ng kagawaran, sa kondisyon na ang namamahalang entidad ay dapat magsumite ng impormasyon nang hindi mas huli kaysa 210 araw pagkaraan ng katapusan ng taon ng pananalapi nito. Ang punong tagapagpaganap na opisyal o pangunahing opisyal ng namamahalang entidad ay dapat magsertipika sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na siya ay nasisiyahan, pagkatapos ng pagrepaso, na ang lahat ng impormasyong isinumite sa kagawaran sa ilalim ng talataan (1) ay tumpak at kumpleto.

(4) Kung ang kagawaran ay nagpasiya na ang isang klinika ng patuloy na dialysis o namamahalang entidad ay nabigong magpanatili ng impormasyon o magsumite sa tamang oras ng isang ulat na iniaatas sa ilalim ng talataan (1) ng subdibisyong ito o talataan (3) ng subdibisyon (a), na ang mga halaga o persentaheng iniulat ng klinika ng patuloy na

dialysis o namamahalang entidad sa ilalim ng talataan (1) ng subdibisyong ito ay hindi tumpak o hindi kumpleto, o na ang anumang kabiguan ng isang klinika ng patuloy na dialysis o namamahalang entidad na mag-isyu sa tamang oras nang buo ng isang pagsasauli ng bahagi ng ibinayad na iniaatas ng subdibisyon (a) ay hindi sapat na nabigyan ng katwiran, at ang kagawaran ay dapat magtasa ng multa laban sa klinika ng patuloy na dialysis o namamahalang entidad na hindi dapat humigit sa isang daang libong dolyar (\$100,000). Ang kagawaran ay dapat magpasiya ng halaga ng multa batay sa tindi ng paglabag ang kahalagahan o kawalan ng katumpakan o hindi ibinigay na impormasyon, at ang lakas ng paliwanag, kung mayroon, para sa paglabag. Ang mga multang nasingil alinsunod sa talataang ito ay dapat gamitin ng kagawaran upang ipatupad at ipasunod ang mga batas na namamahala sa mga klinika ng patuloy na dialysis.

(c) Mga Pagpapakahulugan. Para sa mga layunin ng seksyong ito:

(1) “Mga gastos sa tuwirang mga serbisyo sa pangangalaga ng pasyente” ay nangangahulugang ang mga gastos na tuwirang kaugnay ng pagpapatakbo ng isang klinika ng patuloy na dialysis sa California at pagkakaloob ng pangangalaga sa mga pasyente sa California. Ang mga tuwirang gastos sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng pasyente ay dapat kabilang ang, anuman ang lokasyon kung saan ang pasyente ay sumasailalim ng dialysis, tanging ang (i) mga suweldo, sahod, at benepisyo ng hindi namamahalang mga tauhan ng klinika ng patuloy na dialysis, kabilang ang lahat ng tauhan ng klinika na nagkakaloob ng tuwirang pangangalaga sa mga pasyente ng dialysis, kahit na ang mga suweldo, sahod, o benepisyo ay binabayaran nang tuwiran ng klinika ng patuloy na dialysis o hindi tuwiran sa pamamagitan ng pakikipag-ayos sa isang kasapi o hindi kasaping ikatlong partido, kabilang ang pero hindi limitado sa isang namamahalang entidad, isang independiyenteng ahensiya ng paglalagay ng tauhan, isang grupo ng doktor, o isang pinagsamang pakikipagsapalaran sa pagitan ng isang klinika ng patuloy na dialysis at isang grupo ng mga doktor; (ii) pagsasanay at pagpapaunlad ng mga tauhan; (iii) mga suplay na gamot at medikal; (iv) mga gastos sa pasilidad, kabilang ang renta, pagpapanatili, at mga utilidad; (v) pagsusuri sa laboratoryo; at (vi) pagbaba ng halaga at amortisasyon ng mga gusali, mga pagpapahusay sa pag-upa, mga suplay ng pasyente, kagamitan, at mga sistema ng impormasyon. Para sa layunin ng seksyong ito, “hindi namamahalang mga tauhan ng klinika ng patuloy na dialysis” ay kabilang ang lahat ng tauhan ng klinika na nagkakaloob ng tuwirang pangangalaga sa mga pasyente ng dialysis, kabilang ang mga nars, tekniko, at nagsasanay, mga manggagawang panlipunan, nakarehistrong dietitian, at hindi namamahalang tauhan

pampangasiwaan, pero hindi kasama ang namamahalang tauhan tulad ng mga tagapangasiwa ng pasilidad. Ang mga gastos sa tuwirang mga serbisyo sa pangangalaga ng pasyente ay maaaring higit pang itagubilin ng kagawaran sa pamamagitan ng regulasyon.

(2) “Namamahalang entidad” ay nangangahulugang isang tao, firm, kapisanan, pagbabakasan, korporasyon, o ibang entidad na may-ari o nagpapatakbo ng isang klinika ng patuloy na dialysis kung saan ang isang lisensiya ay inilabas, nang hindi isinasaalang-alang kung ang isang tao o entidad mismo ay tuwirang humahawak ng lisensiyang iyon.

(3) “Mga gastos sa pagpapahusay ng kalidad ng pangangalagang pangkalusugan” ay nangangahulugang mga gastos, iba sa mga gastos sa tuwirang serbisyo sa pangangalaga ng pasyente, na may kaugnayan sa pagkakaloob ng pangangalaga sa mga pasyente ng patuloy na dialysis at aktuwal na ginasta para sa paninda o serbisyo sa California na iniaatas upang panatilihin, magamit, o magpalitan ng elektronikong impormasyong pangkalusugan upang suportahan ang mga teknolohiya ng impormasyong pangkalusugan, upang magsanay ng mga hindi namamahalang tauhan ng klinika ng patuloy na dialysis na kalahok sa tuwirang pangangalaga ng pasyente, at upang magkaloob ng nakasentro sa pasyente na edukasyon at pagpapayo. Ang mga karagdagang gastos ay maaaring matukoy ng kagawaran sa pamamagitan ng regulasyon, sa kondisyon na ang mga naturang gastos ay aktuwal na ginasta sa mga serbisyong iniaalay ng klinika ng patuloy na dialysis sa mga pasyente ng patuloy na dialysis at ginagasta sa mga aktibidad na idinisenyo upang pahusayin ang kalidad ng kalusugan at upang itaas ang kalamangan ng ninanais na mga resulta ng kalusugan sa mga paraan na may kakayahang masukat nang obhetibo at nakakalikha ng mapapatunayang mga resulta at nakamit.

(4) “Tagabayad” ay nangangahulugang ang taong nagbayad o pinansiyal na responsable para sa mga pagbabayad para sa isang paggamot na ipinagkakaloob sa isang partikular na pasyente at maaaring kabilang ang pasyente o ibang mga indibidwal, mga pangunahing tagaseguro, mga ikalawang tagaseguro, at ibang mga entidad, kabilang ang Medicare at anumang ibang pederal, pang-estado, pang-county, panlungsod, o ibang lokal na pamahalaan na tagabayad.

(5) “Paggamot” ay nangangahulugang pagkakataon na ang klinika ng patuloy na dialysis ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa isang pasyente.

(6) “Kita sa paggamot” para sa isang partikular na taon ng pananalapi ay nangangahulugang lahat ng halagang aktuwal na natanggap at tinantiyang makukuhang kita para sa mga paggamot na ipinagkaloob sa taon ng pananalapi na iyon. Tinantiyang makukuhang kita ay dapat kalkulihin

alinsunod sa pangkaraniwang tinatanggap na mga prinsipyo ng pagtutuos ng kuwenta at dapat na maging isang makatwirang tantiya batay sa (i) mga tadhana sa kontrata para sa mga pasyenteng sinaklaw sa ilalim ng mga plano sa pangkomersiyong pangangalagang pangkalusugan kung saan ang namamahalang entidad o mga klinika ay may mga pormal na kasunduan; (ii) kita mula sa Medicare, Medicaid, at Medi-Cal batay sa mga antas na itinakda ng batay o regulasyon at mga tantiya ng mga halagang sa huli ay masisingil mula sa mga tagabayad ng pamahalaan, ang sekundaryong pagsaklaw sa pangkomersiyong plano sa pangangalagang pangkalusugan, mga pasyente, at ibang mga tagabayad; at (iii) karanasan sa mga nangyaring pagsingil.

SEK. 4. Ang Seksyon 1226.8 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

1226.8. (a) Ang isang klinika ng patuloy na dialysis ay hindi dapat magdiskrimina tungkol sa pag-aalay o pagkakaloob ng pangangalaga, at hindi dapat tumangging mag-alok o magkaloob ng pangangalaga, sa mga pasyente batay sa tagabayad para sa paggamot na ipinagkaloob sa isang pasyente, kabilang ang pero hindi limitado sa batay pagiging pasyente ng tagabayad, pribadong tagabayad o tagaseguro, Medi-Cal, Medicaid, o Medicare.

(b) Ang isang klinika ng patuloy na dialysis ay hindi dapat tumapos, magpaikli, magbago, o mabigong gumawa sa ilalim ng anumang kasunduan na magkaloob ng mga serbisyo sa mga pasyenteng saklaw ng Medi-Cal, Medicaid, o Medicare batay sa mga iniaatas na ipinataw ng kabanatang ito.

SEK. 5. Ang Seksyon 1266.3 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

1266.3. Intensiyon ng mga tao na ang mga nagbabayad ng buwis sa California na hindi maging pinansiyal na responsable para sa pagsasakatuparan o pagpapatupad ng Batas sa Patas na Presyo sa Dialysis. Upang ang matupad ang intensiyon, kapag nagkalkula, pagtasa, at pagsingil ng mga fee na ipinataw sa mga klinika ng patuloy na dialysis alinsunod sa Seksyon 1266, ang kagawaran ay dapat magsaalang-alang ng lahat ng gastos na kaugnay ng pagsasakatuparan at pagpapatupad ng mga Seksyon 1226.7 at 1226.8.

SEK. 6. Wala sa batas na ito na nilalayong makaapekto sa mga pasilidad ng kalusugan na lisensiyado alinsunod sa subdibisyon (a), (b), o (f) ng Seksyon 1250 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

SEK. 7. Ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay dapat mag-isyu ng mga regulasyong kailangan upang ipatupad ang batas na ito nang hindi lalampas sa 180 araw kasunod ng petsa ng pagkakabisa.

SEK. 8. Alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California, ang batas na ito ay maaaring susugan sa pamamagitan ng alinman sa kasunod na panukala na isinumite sa isang pagboto ng mga tao sa isang pambuong-estadong halalan, o sa pamamagitan ng isang batas na balidong ipinasa ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador, pero upang isulong lamang ang mga layunin ng batas na ito.

SEK. 9. Ang mga tadhana ng batas na ito ay naihihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang mga tadhana o paggamit.

PROPOSISYON 10

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagpapawalang-saysay at nagdaragdag sa mga seksyon sa Kodigo Sibil; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong~~ ng ~~pagtanggap~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas sa Abot-kayang Pabahay

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapatibay sa pamamagitan nito ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Titulo.

Ang batas ay dapat makilala, at maaaring tawagin, na “Batas sa Abot-kayang Pabahay.”

SEK. 2. Mga Pagpapasiya at Pagpapahayag.

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapasiya at nagpapahayag ng lahat ng sumusunod:

(a) Ang mga renta para sa pabahay ay mabilis na tumaas sa mga huling taon. Ang mga panggitnang renta ay mas mataas sa California kaysa alinmang ibang estado sa bansa, at sa lahat ng 50 estado, ang California ay may ikaapat na pinakamataas na pagtaas sa mga renta.

(b) Ang pananaliksik ng Apartment List ay nagpapatid na ang pangkaraniwang renta para sa isang-silid-tulugan na apartment sa California ay \$1,410, isang pagtaas na 4.5% sa isang taon lamang. Ang isang-silid-tulugan na apartment sa Los Angeles ay nagkakahalaga ng \$1,350 kada buwan. Sa San Francisco, ito ay nagkakahalaga ng \$2,450. Sa San Diego, ang halaga ay \$1,560.

(c) Ang pederal na pamahalaan ay nagpasiya na ang renta ay hindi abot-kaya kung ang mga umuupa ay

gumagasta ng higit sa 30% ng kanilang kita sa mga gastos sa pabahay. Ang Estado ng California ay nagpasiya na higit sa kalahati ng mga sambahayang nangangupahan sa California (3 milyon) ay nagbabayad ng higit sa 30% at isang-ikatlo ng mga sambahayang nangungupahan (higit sa 1.5 milyon) ay nagbabayad ng higit sa 50% ng kanilang kita para sa renta.

(d) Alinsunod sa Pambansang Koalisyon sa Pabahay ng Maliit ang Kita, ang isang Taga-California na kumikita ng pinakamababang suweldo ay kailangang magtrabaho ng 92 oras kada linggo upang makayang umupa ng isang pangkaraniwang isang-silid-tulugan na apartment.

(e) Mas maraming Taga-California (5.8 milyong sambahayan) ay umuupa nang higit kailanman, dahil ang kabuuang mga antas ng pagiging may-ari ng bahay sa California ay bumagsak sa pinakamababang antas mula noong mga taon ng 1940, alinsunod sa estado. Ang isang ikaapat na bahagi ng mga mas matandang milyenyal (25–34 na taong gulang) ay nakatira pa ring kasama ng mga magulang. (Kawanihan ng Sensus ng U.S.)

(f) Ang mga pambuon-estadong unyon ng paggawa, tulad ng Kapisanan ng mga Nars ng California, Service Employees International Union, at ng Kapisanan mga Guro sa, ay ginawang priyudad ang pabahay para sa kanilang mga miyembro. Halimbawa, ang mga guro sa mga sentro ng kalunsuran sa California ay nagbabayad ng 40% hanggang 70% ng kanilang mga suweldo sa pabahay at marami ay napipilitang manirahan nang isang oras o higit mula sa kanilang mga trabaho upang makaya ang isang bahay.

(g) Tatlong beses na mas marami ang mga Taga-California na naninirahan sa mga overcrowded na apartment kumpara sa U.S. sa kabuuan. (Kawanihan ng Sensus ng U.S.)

(h) Bagaman ang estado ay kumakatawan sa 12% ng kabuuang populasyon ng U.S., ang California ay tahanan sa 22% ng walang-bahay na populasyon ng bansa. (Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad)

(i) Ang kawalan ng bahay ay isang malaking isyu sa pampublikong kalusugan. Ang mga taong walang-bahay ay tatlo hanggang apat na beses na mas malamang na mamatay nang mas maaga at mas malamang na magkaroon ng nakakahawang sakit, alinsunod sa Pambansang Konseho ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Walang-Bahay.

(j) Ang pederal na Mga Sentro sa Pagkontrol at Paghadlang ng Sakit ay nagbabala na ang mahihinang populasyon ay humaharap sa mas mababang tagal ng buhay, mas mataas na antas ng kanser, at mas maraming depekto sa pagsilang kapag ang kanilang mga bahay ay nawalan ng lugar

dahil sa gentripikasyon ng kanilang mga kapitbahayan.

(k) Ang tumaas na halaga ng pabahay ay nagpapalala sa pagsisikip ng trapiko at nakakapinsala sa kapaligiran sa pagpuwersa sa mga nagbibiyah na manirahan nang malayo sa kanilang mga lugar ng trabaho at nagtataas ng mga oras ng pagbiyahe. Ang isang ulat ng Pew Charitable Trusts ay nagtala na ang bilang ng mga Taga-California na nagbibiyah ng higit sa 90 minuto sa bawat direksiyon ay tumaas ng 40% sa pagitan ng 2010 at 2015; ang pagtaas ay isang tuwirang resulta ng kakulangan ng abot-kayang pabahay na malapit sa kanilang mga trabaho.

(l) Ang isang malaking dahilan ng krisis sa pabahay ng California ay ang isang 20-taong-gulang na batas na kilala bilang Batas na Costa-Hawkins sa Paupahang Pabahay (Costa-Hawkins). Ang Costa-Hawkins ay nagbibigay ng permiso sa mga landlord ng mga apartment na pantahanan at mga bahay na itaas ang mga renta ng hanggang gusto nila sa mga gusaling itinayo pagkaraan ng 1995; sa kabila ng mga lokal na batas na magbabawal ng mga naturang pagtaas, ang mga landlord sa Los Angeles ay maaari ring magtaas ng mga renta hanggang gusto nila sa mga gusaling itinayo pagkaraan ng 1978, at sa San Francisco, sa mga gusaling itinayo pagkaraan ng 1979.

(m) Ang Costa-Hawkins ay nagpapahintulot din sa isang landlord na magtaas ng renta sa alinmang gusali na itinayo bago ang 1995 sa halaga sa pamilihan kapag ito ay naging bakante, at hinahayaan ang landlord na magpasiya kung ano ang halaga sa pamilihan.

(n) Ang Costa-Hawkins humahadlang sa mga lungsod sa pagpapatupad ng mga batas na pinananatiling abot-kaya ang mga renta para sa kanilang mga residente.

SEK. 3. Mga Layunin at Intensiyon.

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapahayag sa pamamagitan nito ng mga sumusunod na layunin at intensiyon sa pagpapatibay ng batas na ito.

(a) Upang ibalik ang awtoridad sa mga lungsod at county ng California upang bumuo at magpatupad ng mga lokal na patakaran na tumitiyak na ang mga umuupa ay may kakayahang humanap at makabayad ng disenteng pabahay sa kanilang mga hurisdiksyon.

(b) Upang pahasayin ang kalidad ng buhay ng milyun-milyong umuupa sa California at bawasan ang bilang ng mga Taga-California na humaharap sa kritikal na mga hamon ng pabahay at kawalan ng bahay.

(c) Upang pawalang-bisa ang Batas na Costa-Hawkins sa Paupahang Pabahay.

SEK. 4. Ang Batas sa Abot-kayang Pabahay ay dapat isakodigo sa pamamagitan ng pagpapawalang-

bisa ng mga Seksyon 1954.50, 1954.51, 1954.52, at 1954.53 ng Kodigo Sibil.

SEK. 4.1. Ang Seksyon 1954.50 ng Kodigo Sibil ay pinawawalang-bisa.

1954.50. Ang kabanatang ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas na Costa-Hawkins sa Paupahang Pabahay.

SEK. 4.2. Ang Seksyon 1954.51 ng Kodigo Sibil ay pinawawalang-bisa.

1954.51. Gaya ng pagkakagamit sa bahaging ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) “Mga maikukumparang yunit” ay nangangahulugang mga paupahang yunit na may humigit-kumulang na kaparehong espasyo sa pamumuhay, ay may kaparehong bilang ng mga silid-tulungan, ay matatagpuan sa kapareho o katulad na mga kapitbahayan, at nagtatagay ng kapareho, katulad o kapantay na mga amenidad at mga serbisyo sa pabahay.

(b) “May-ari” ay kabilang ang sinumang tao, umaakto bilang prinsipal o sa pamamagitan ng isang ahente, may karapatang mag-alok na pantahanang tunay na ari-arian para upahan, at kabilang ang isang hinalinhan sa interes sa may-ari, maliban sa ang katawagang ito ay hindi kabilang ang may-ari o tagapagpatakbo ng isang parke ng naililipat na bahay, o may-ari ng isang naililipat na bahay o ang kanyang ahente.

(c) “Namamayaning renta sa pamilihan” ay nangangahulugang ang halaga ng renta na iaawtorisa alinsunod sa 42 U.S.C.A. 1437 (f), gaya ng kinakula ng United States Department of Housing and Urban Development alinsunod sa Bahagi 888 ng Titulo 24 ng Code of Federal Regulations.

(d) “Pampublikong entidad” ay may kahulugang kapareho ng nakasaad sa Seksyon 811.2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(e) “Pantahanang tunay na ari-arian” ay kabilang ang anumang yunit na tirahan na nilalayon para sa paninirahan ng tao.

(f) “Pangungupahan” ay kabilang ang legal na pag-okupa ng ari-arian at kabilang ang pag-upa o pag-upa sa umuupa.

SEK. 4.3. Ang Seksyon 1954.52 ng Kodigo Sibil ay pinawawalang-bisa.

1954.52. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang isang may-ari ng pantahanang tunay na ari-arian ay maaaring magtatag ng una at lahat ng kasunod na mga halaga ng renta para sa isang tirahan o isang yunit na ang alinman sa mga sumusunod ay totoo:

(1) Ito ay may sertipiko ng pag-okupa na inilabas pagkaraan ng ika-1 ng Pebrero, 1995.

(2) Ito ay pinalibre na mula sa ordinansa sa pagkontrol ng renta sa tahanan ng isang

pampublikong entidad sa o bago ang ika-1 ng Pebrero, 1995, alinsunod sa isang lokal na pagkalibre para sa mga yunit na bagong tayo.

(3) (A) Ito ay alienable na hiwalay mula sa titulo sa anumang ibang unit na tirahan o isang hinating interes sa isang subdibisyon, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (b), (d), o (f) ng Seksyon 11004.5 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon.

(B) Ang talataang ito ay hindi umaangkop sa alinman ng mga sumusunod:

(i) Ang isang yunit na tirahan kung saan ang naunang pangungupahan ay tinapos ng may-ari sa pamamagitan ng paunawa alinsunod sa Seksyon 1946.1 o ito ay tinapos pagkatapos ng pagbabago sa tadhana ng pangungupahan alinsunod sa Seksyon 827.

(ii) Isang kondominyum na tirahan o yunit na hindi pa naibebenta nang nakahiwalay ng subdivider sa isang tunay na bumili para sa halaga. Ang panimulang halaga ng renta ng yunit para sa mga layunin ng kabanatang ito ay dapat na legal na renta na may bisa noong ika-7 ng Mayo, 2001, maliban sa ang halaga ng renta ay pinamamahalaan ng ibang tadhana ng kabanatang ito. Gayunman, kung ang isang kondominyum na tirahan o yunit ay nakatutugon sa pamantayan ng talataan (1) o (2) ng subdibisyon (a), o kung ang lahat ng mga tirahan o yunit maliban sa isa ay naibenta na nang nakahiwalay ng subdivider sa tunay na bumili para sa halaga, at ang subdivider ay umokupa sa natitirang hindi pa naibebentang kondominyum na tirahan o yunit bilang kanyang pangunahing tirahan nang hindi kukulangin sa isang taon pagkaraang mangyari ang subdibisyon, ang subtalataan (A) ng talataan (3) ay dapat maging angkop sa hindi pa naibebentang kondominyum na tirahan o yunit.

(C) Kapag ang isang tirahan o yunit kung saan ang panimula o kasunod na mga presyo ng renta ay kinokontrol sa pamamagitan ng isang ordinansa o tadhana ng saligang-batas na may bisa noong ika-1 ng Enero, 1995, ang mga sumusunod ay dapat pairalin:

(i) Ang isang may-ari ng tunay na ari-arian gaya ng inilarawan sa talataang ito ay maaaring magtatag ng panimula at lahat ng kasunod na mga halaga ng renta para sa lahat na kasalukuyan at bagong pangungupahan na may bisa sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 1999, kung ang pangungupahan na may bisa sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 1999, ay nilikha sa pagitan ng ika-1 ng Enero, 1996, at ika-31 ng Disyembre, 1998.

(ii) Nagsisimula sa ika-1 ng Enero, 1999, ang isang may-ari ng tunay na ari-arian gaya ng inilarawan sa talataang ito ay maaaring magtatag ng panimula at lahat ng kasunod na mga halaga ng renta para sa lahat ng bagong pangungupahan kung ang naunang pangungupahan ay may bisa sa ika-31 ng Disyembre, 1995.

(iii) Ang panimulang halaga ng renta para sa isang tirahan o yunit na inilarawan sa talataang ito kung saan ang panimulang halaga ng renta ay kinokontrol sa pamamagitan ng isang ordinansa o tadhana ng saligang-batas na may bisa noong ika-1 ng Enero, 1995, ay hindi maaaring, hanggang ika-1 ng Enero, 1999, humigit sa halagang kinakula alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 1954.53. Ang isang may-ari ng pantahanang tunay na ari-arian gaya ng inilarawan sa talataang ito ay maaaring, hanggang ika-1 ng Enero, 1999, magtatag ng panimulang halaga ng renta para sa isang tirahan o yunit kung saan ang umuupa ay boluntaryong umalis, nag-abondona, o pinaalis alinsunod sa talataan (2) ng Seksyon 1161 ng Kodigo sa Pamamaraang Sibil.

(b) Subdibisyon (a) ay hindi paiiralin kung saan ang may-ari ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampublikong entidad para sa isang tuwirang pinansiyal na kontribusyon o anumang ibang anyo ng tulong na tinukoy sa Kabanata 4.3 (nagsisimula sa Seksyon 65915) ng Dibisyon 1 ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(c) Wala sa seksyong ito na dapat ipakahulugan na makakaapekto sa awtoridad ng isang pampublikong entidad na maaaring naririto upang pangasiwaan o subaybayan ang batayan ng pagpapaalis.

(d) Ang seksyong ito ay hindi paiiralin sa anumang tirahan o yunit na nagtataglay ng seryosong paglabag sa kodigo sa kalusugan, kaligtasan, sunog, o gusali, hindi kasama ang mga dulot ng mga kalamidad kung saan ang isang sitasyon ay inisyu ng angkop na ahensiya ng pamahalaan at namamalaging hindi natatanggal nang anim na buwan o mas matagal kasunod ng pagkabakante.

SEK. 4.4. Ang Seksyon 1954.53 ng Kodigo Sibil ay pinawawalang-bisa.

1954.53. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang isang may-ari ng pantahanang tunay na ari-arian ay maaaring magtatag ng panimula at lahat ng kasunod na halaga ng renta para sa isang tirahan o isang yunit na ang alinman sa mga sumusunod ay angkop:

(1) Ang naunang pangungupahan ay tinapos ng may-ari sa pamamagitan ng paunawa alinsunod sa Seksyon 1946.1 o tinapos pagkaraan ng isang pagbabago sa mga tadhana ng pangungupahan na ipinaunawa alinsunod sa Seksyon 827, maliban sa pagbabagong ipinahihintulot ng batas sa halaga ng renta o mga fee. Para sa layunin ng talataang ito, ang pagtatapos ng may-ari o hindi pagbibigay ng panibagong bisa sa isang kontrata o nakatalang kasunduan na ang isang ahensiya ng pamahalaan na nagtatadhana ng isang limitasyon sa renta sa isang kuwalipikadong umuupa, ay dapat ipakahulugan na isang pagbabago sa mga tadhana ng pangungupahan alinsunod sa Seksyon 827.

(A) Sa isang hurisdiksiyon na kumokontrol sa pamamagitan ng ordinansa o tadhana ng saligang-

batas ng halaga ng renta para sa isang tirahan o yunit, ang isang may-ari na nagtatapos o nabigong magbigay ng panibagong bisa sa isang kontrata o nakatalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagtatadhana ng isang limitasyon sa renta sa isang kuwalipikadong umuupa ay hindi maaaring magtakda ng isang panimulang renta para sa tatlong taon kasunod ng petsa ng pagtatapos o hindi pagpapanibago ng kontrata o kasunduan. Para sa anumang bagong pangungupahan na itinatag sa tatlong-taong panahon, ang halaga ng renta para sa isang bagong pangungupahan na itinatag sa binakanteng tirahan o yunit ay dapat na kaparehong halaga ng renta sa ilalim ng tinapos o hindi binigyan ng panibagong bisa na kontrata o nakatalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagtatadhana ng isang limitasyon sa renta sa isang kuwalipikadong umuupa, kasama ang anumang mga pagtaas na inawtorisa pagkaraan ng pagtatapos o pagkansela ng kontrata o nakatalang kasunduan.

(B) Subtalataan (A) ay hindi paiiralin sa anumang bagong pangungupahan na 12 buwan o higit ang tagal na itinatag pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2000, alinsunod sa kontrata ng may-ari o nakatalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagtatadhana na isang limitasyon sa renta sa isang kuwalipikadong umuupa, maliban kung ang naunang pagkabakante sa does not apply to any new pangungupahan of 12 tirahan o yunit alinsunod sa isang hindi napanibago o kinanselang kontrata o nakatalang kasunduan sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagtatadhana ng isang limitasyon sa renta sa isang kuwalipikadong umuupa gaya ng nakasaad sa subtalataang iyon.

(2) Ang may-ari ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampublikong entidad para sa isang tuwirang pinansiyal na kontribusyon o anumang ibang anyo ng tulong na tinukoy sa Kabanata 4.3 (nagsisimula sa Seksyon 65915) ng Dibisyon 1 ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(3) Ang panimulang halaga ng renta para sa isang tirahan o yunit na kinokontrol sa pamamagitan ng isang ordinansiya o tadhana ng saligang-batas na may bisa noong ika-1 ng Enero, 1995, ay hindi maaaring, hanggang ika-1 ng Enero, 1999, humigit sa halagang kinakula alinsunod sa subdibisyon (c).

(b) Ang subdibisyon (a) ay angkop sa, at kabilang ang, pagpapanibago ng panimulang pagkuha ng kaparehong umuupa, lessee, awtorisadong subtenant o awtorisadong sublessee para sa buong panahon ng kanyang pag-okupa sa halaga ng renta na itinatag para sa panimulang pagkuha.

(c) Ang halaga ng renta para sa isang tirahan o yunit na kinokontrol sa pamamagitan ng isang ordinansa o tadhana ng saligang-batas na may bisa noong ika-1 ng Enero, 1995, ay dapat, hanggang ika-1 ng Enero, 1999, itatag alinsunod sa subdibisyon (c). Kapag ng naunang umuupa ay boluntaryong umalis, nag-abondona, o pinaalis alinsunod sa talataan (2) ng

Seksyon 1161 ng Code of Civil Procedure, ang isang may-ari ng pantahananang tunay na ari-arian ay maaaring, hindi hihigit sa dalawang beses, magtatag ng panimulang halaga ng renta para sa isang tirahan o yunit sa isang halagang hindi hihigit sa 15 porsiyentong mas mataas kaysa halaga ng renta na ay bisa para sa sinundang pangungupahan o sa isang halagang 70 porsiyento na namamayaning renta sa pamilihan para sa maikukumparang mga yunit, alinman ang mas mababa.

Ang panimulang halaga ng renta na itinatag alinsunod sa subdibisyong ito ay hindi maaaring humalili para o pumalit sa mga pagtaas sa mga halaga ng renta na inawtorisa alinsunod sa batas.

(d) (1) Wala sa seksyong ito o anumang ibang tadhana ng batas na dapat ipakahulugan na humahadlang sa malinaw na pagtatag sa isang kasunduan sa pag-upa o pagrenta ng mga halaga ng renta upang maging angkop kung ang paupahang yunit na sumasailalim dito ay sublet. Wala sa seksyong ito na dapat ipakahulugan na nagpapahina sa mga obligasyon ng mga kontratang pinasok bago ang ika-1 ng Enero, 1996.

(2) Kung ang orihinal na umookupa o mga umookupa na nag-angkin ng tirahan o yunit alinsunod sa kasunduan sa pag-upa sa may-ari ay hindi na permanenteng naninirahan doon, ang isang may-ari ay maaaring magtaas ng renta sa anumang halagang ipinahihintulot ng seksyong ito sa isang legal na sublessee o itinalaga na hindi naninirahan sa tirahan o yunit bago ang ika-1 ng Enero, 1996.

(3) Ang subdibisyong ito ay hindi ilalapat sa mga di-buong pagbabago sa pag-okupa ng isang tirahan o yunit kung saan ang isa o higit na mga umookupa ng mga sakop na lugar, alinsunod sa kasunduan sa may-ari na itinatadhana sa itaas, ay namamalaging isang umookupa na sa legal na pag-aangkin ng tirahan o yunit, o kung saan ang isang legal na sublessee o itinalaga na naninirahan sa tirahan o yunit bago ang ika-1 ng Enero, 1996, ay namamalaging nag-aangkin ng tirahan o yunit. Walang nakasaad sa seksyong ito na dapat ipakahulugan na nagpapalaki o nagpapaliit ng karapatan ng isang may-ari na huwag ibigay ang pahintulot sa isang sublease o pagtatalaga.

(4) Ang pagtanggap sa renta ng may-ari ay hindi nagsisilbing isang pagtalikdan o humahadlang sa pagpapatupad ng isang pangakong nagbabawal sa sublease o pagtatalaga o isang pagtalikdan ng mga karapatan ng isang may-ari upang itatag ang panimulang halaga ng renta, maliban kung ang may-ari ay tumanggap ng nakasulat na paunawa mula sa umuupa na partido sa kasunduan at pagkaraan ay tinatanggap ang renta.

(e) Wala sa seksyong ito na dapat ipakahulugan na makakaapekto sa anumang awtoridad ng isang pampublikong entidad na maaaring naririto upang

pangasiwaan o subaybayan ang mga batayan ng pagpapaalis.

(f) Ang seksyong ito ay hindi gagamitin sa anumang tirahan o yunit kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan:

(1) Ang tirahan o yunit ay binanggit sa isang ulat ng inspeksyon ng angkop na ahensiya ng pamahalaan na nagtataglay ng seryosong mga paglabag sa kodigo sa kalusugan, kaligtasan, sunog, o gusali, gaya ng nilinaw ng Seksyon 17920.3 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, hindi kasama ang anumang paglabag na dulot ng isang kalamidad.

(2) Ang sitasyon ay inilabas nang hindi kukulangin ang 60 araw bago ang petsa ng pagkabakante.

(3) Ang binanggit na paglabag ay hindi pa nalulunasan nang ng naunang umuupa ay umalis at namamalaging hindi pa nalulunasan nang 60 araw o sa mas matagal na panahon. Gayunman, ang 60 araw na panahon ay maaaring palawigin ng angkop na ahensiya ng pamahalaan na nag-isyu ng sitasyon.

SEK. 5. Ang Batas sa Abot-kayang Pabahay ay dapat na higit pang isakodigo sa pamamagitan ng pagdagdag ng Seksyon 1954.54 sa Kodigo Sibil.

SEK. 5.1. Ang Seksyon 1954.54 ay idinaragdag sa Kodigo Sibil, upang mabasang:

1954.54. (a) Ang isang lungsod, county, o lungsod at county ay dapat magkaroon ng awtoridad upang magpatibay ng isang tadhana sa lokal na saligang-batas, ordinansa, o regulasyon na namamahala sa karapatan ng isang landlord na magtatag at magtaas ng mga halaga ng renta sa isang tirahan o yunit ng pabahay.

(b) Alinsunod sa batas ng California, ang karapatan ng isang landlord sa isang patas na antas ng pakinabang sa isang ari-arian ay hindi dapat hadlangan ng isang lungsod, county, o lungsod at county.

SEK. 6. Liberal na Konstruksyon.

Ang batas ay dapat na malawak na bigyang-kahulugan upang matupad ang mga layunin nito.

SEK. 7. Susog at Pagpapawalang-bisa.

Alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California, ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa batas na ito upang isulong ang mga layunin nito sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng botong pagtawag ng pangalan na ipinasok sa Journal, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon, pinirmahan ng Gobernador. Walang batas na gumagawa ng pagtatakda o nag-aalis ng mga kapangyarihan na ibinalik ng batas na ito sa isang lungsod, county o lungsod at county na magtatag ng mga halaga ng rentang pantahanan na dapat magkabisa maliban kung aprobahan ng isang mayoriya ng mga manghahalal.

SEK. 8. Naihihiwalay.

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ng paggamit nito sa sinumang tao o pangyayari ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit ng batas na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito naihihiwalay.

SEK. 9. Magkakasalungat na Panukala.

Kung ang batas na ito at anumang ibang panukala na tumutugon sa awtoridad ng mga lokal na ahensiya ng pamahalaan upang itatag ang mga halaga ng rentang pantahanan ay dapat lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota ng halalan, ang tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng batas na ito. Kung ang batas na ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto kasya ibang panukala na itinuturing na kasalungat nito, ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang ibang panukala o mga panukala ay dapat na walang-bisa.

SEK. 10. Depensang Pambatas.

Sa kabila ng anumang ibang batas, kung ang estado, ahensiya ng pamahalaan, o alinman sa mga opisyal nito ay nabigong ipagtanggol ang pagiging ayon sa saligang-batas ng batas na ito, kasunod ng pag-aproba nito ng mga botante, ang mga may-panukala ay dapat magkaroon ng awtoridad na mamagitan sa anumang aksyon ng hukuman na humahamon sa pagiging ayon sa saligang-batas ng batas na ito para sa layunin ng pagtatanggal sa pagiging ayon sa saligang-batas nito, sa pang-estado man o pederal na hukuman, o ng aksyon ay nasa anumang hukuman ng paglilitis, nasa apela, o nasa pagsusuring diskresiyonaryo ng Korte Suprema ng California o ng Korte Suprema ng Estados Unidos. Ang mga makatwirang fee at gastos sa pagtatanggol sa aksyon ay dapat singilin sa mga pondong inilaan ng Kagawaran ng Hustisya ng California, na dapat tugunan agad.

SEK. 11. Petsa ng Pagkakabisa.

Maliban kung itinatadhana rito, ang batas na ito ay dapat magkabisa sa araw pagkatapos na aprobahan ito ng mga botante.

PROPOSISYON 11

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Paggawa; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksyon 880) ay idinaragdag sa Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Paggawa, upang mabasang:

KABANATA 7. MGA PANG-EMERHENSIYANG SERBISYO NG AMBULANSIYA

Artikulo 1. Titulo

880. Ang batas na ito ay dapat makilala, at maaaring tawagin, na Batas sa Kaligtasan at Kahandaan ng Pang-emerhensiyang Empleyado ng Ambulansiya.

Artikulo 2. Mga Pagpapasiya at Pagpapahayag

881. Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapasiya at nagpapahayag ng lahat ng sumusunod:

(a) Ang California ay may pinakamalaking populasyon sa bansa, ikatlong pinakamalaking masa ng lupa at madaling datnan ng likas na kalamidad tulad ng mga lindol, malaking sunog, at baha. Ang mga kalagayang ito ay humihingi ng isang mahusay na sinanay na pang-emerhensiyang lakas paggawa ng ambulansiya.

(b) Sa California, ang mga pribadong kompanya ay nagkaloob ng mga pangunahing serbisyo ng pang-emerhensiyang teknikong medikal (EMT) at paramediko para sa 74 porsiyento ng mga residente ng estado. Sa kasamaang-palad ang sakunang tulad ng mga likas na kalamidad, mga aktibong namamaril, at mga insidenteng maraming nabibiktima ay nangyayari nang napakadalas sa buong estado at bansa. Tulad ng lahat ng ibang mga unang tagatugon, ang mga empleyado ng pang-emerhensiyang ambulansiya na tulad ng mga EMT at paramediko ay dapat na sapat na sanayin at nakahandang tumugon sa lahat ng uri ng krisis at tawag para sa tulong.

(c) Ang mga pribadong kompanyang nagpapatrabaho sa mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya na tulad ng mga EMT at paramediko ay dapat atasan na magkaloob ng binayarang taunang pagsasanay upang ihanda sila sa paghawak ng aktibong namamaril at mga insidente ng maraming biktima, bilang karagdagan sa mga likas na kalamidad.

(d) Kailangan ng isang espesyal na uri ng tao upang maging isang pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya na tulad ng isang EMT o paramediko na nakalaang maglingkod, magprotekta, at magkaloob ng nakapagligtas ng buhay na mga serbisyo para sa kanilang kapitbahay sa buong araw. Ang mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya tulad ng mga EMT at paramediko ay madalas na nakakasaksi ng mga traumatikong pangyayari. Ang mga empleyado ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya.

10

11

(e) Ang mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya tulad ng mga EMT at paramediko ay masipag na nagtatrabaho at maaaring tawagin anumang oras sa kanilang rilyebo sa trabaho upang magkaloob ng nagliligtas ng buhay na pangangalaga. Dahil dito, mahalagang tumanggap sila ng sapat na oras ng pagkain at pahinga upang manatiling nasa pinakamataas na antas ng pagganap.

Artikulo 3. Pahayag ng Layunin

882. Ang layunin ng Batas sa Kaligtasan at Kahandaan ng Pang-emerhensiyang Empleyado ng Ambulansiya ay pahasayin ang kalusugan at kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagtiyak na ang pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya tulad ng mga EMT at paramediko ay tumatanggap ng sapat na pagsasanay, oras sa pagkain at pahinga, at mga benepisyo para sa kalusugan ng isip at nakahandang tumugon sa mga kahilingan na uring-emerhensiya ng 911 para sa tulong na medikal sa lahat ng oras.

Artikulo 4. Kaligtasan at Kahandaan ng Pang-emerhensiyang Empleyado ng Ambulansiya

883. Pagsasanay.

(a) Bilang karagdagan sa ibang pinakamababang mga kuwalipikasyon sa pagtatrabaho at mga sertipikasyon, ang bawat pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay dapat tumanggap taun-taon na pagsasanay na binabayaran ng tagapag-empleyo sa bawat isa ng mga sumusunod na lugar:

(1) Pagtugon sa aktibong namamaril at mga insidente ng maraming biktima.

(2) Pagtugon sa mga likas na kalamidad.

(3) Paghadlang sa karahasan laban sa mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya at mga pasyente.

(b) Ang pagsasanay na iniaatas ng subdibisyon (a) ay dapat ipagkaloob nang libre sa mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya. Ang mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay dapat bayaran sa kanilang regular na orasang halaga ng bayad habang lumalahok sa pagsasanay na iniaatas ng subdibisyon (a).

(c) Ang pagsasanay na iniaatas na ipagkaloob alinsunod sa seksyong ito ay dapat na sa pangkalahatan ay maikukumpara sa nilalaman, saklaw, at kalidad sa mga kursong iniaalok ng Instituto ng Pamamahala ng Emerhensiya o Pambansang Dibisyon sa Pagsasanay at Edukasyon na Pederal na Ahensiya sa Pamamahala ng Emerhensiya, o pareho.

884. Kalusugan ng Isip.

(a) Bawat pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay dapat tumanggap ng edukasyon sa kalusugan ng isip at kagalingan na binabayaran ng tagapag-empleyo sa loob ng 30 araw ng pagsisimula

sa trabaho at dapat tumanggap ng edukasyon sa kalusugan ng isip at kagalingan na binabayaran ng tagapag-empleyo sa bawat taon ng kalendaryo pagkaraan. Ang edukasyon sa kalusugan ng isip at kagalingan ay dapat magbigay-alam sa mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ng nakahandang mga paggamot sa kalusugan ng isip at mga sumusuportang serbisyo at magkaloob ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga pangkaraniwang sakit sa kalusugan ng isip.

(b) Bawat pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay dapat maging karapat-dapat sa binabayaran-ng-tagapag-empleyo na mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng programang tulong sa empleyado (EAP). Ang pagsaklaw ng EAP ay dapat magkaloob ng hanggang 10 paggamot sa kalusugan ng isip kada isyu, kada taon ng kalendaryo.

(c) Bawat pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya na kuwalipikado o karapat-dapat tumanggap ng segurong pangkalusugan na ipiagkaloob ng tagapag-empleyo ay dapat magkaroon ng daan sa mga plano ng segurong pangkalusugan na nag-aalay ng pangmatagalang mga serbisyong paggamot sa kalusugan ng isip.

(d) Para sa mga layunin ng seksyong ito, “isyu” ay nangangahulugang mga sumpung ng mga kondisyon sa kalusugan ng isip na tulad ng tensiyon, depresyon, dalamhati, kawalan, paghihirap sa relasyon, pag-abuso ng substansiya, mga hamon ng pagiging magulang, at ibang mga kondisyon ng kalusugan ng isip gaya ng inilarawan sa loob ng EAP.

885. Mga Panahon ng Pagkain at Pahinga.

(a) Lahat ng pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay karapat-dapat sa mga panahon para sa pagkain at pahinga gaya ng inilarawan sa ibang lugar ng Komisyon sa Kapakanang Pang-industriya.

(b) Ang mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay dapat bayaran sa kanilang regular na orasang bayad sa oras ng pagkain at pahinga.

886. Paglalagay ng Tauhan para sa mga Oras ng Pagkain.

(a) (1) Ang isang tagapagkaloob ng pang-emerhensiyang ambulansiya ay hindi dapat mag-atas sa isang pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya na kumuha ng panahon ng pagkain sa una at huling oras ng rilyebo sa trabaho at dapat magpahintulot sa isang pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya na bigyan ng pagitan ang maraming oras ng pagkain sa rilyebo ng trabaho nang hindi kukulangin sa dalawang oras na magkalayo.

(2) Ang isang tagapagkaloob ng pang-emerhensiyang ambulansiya ay dapat mamahala ng paglalagay ng tauhan sa mga antas na sapat upang magkaloob ng sapat na pahinga sa isang rilyebo sa trabaho para sa mga pang-emerhensiyang empleyado

ng ambulansiya upang matugunan ang mga iniaatas ng subdibisyong ito.

(b) Anumang panahon ng pagkain na hindi sumusunod sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ay hindi dapat ibilang sa mga panahon ng pagkain na karapat-dapat ang isang empleyado sa panahon ng kanyang rilyebo sa trabaho.

887. *Komunikasyon upang Protektahan ang Kalusugan at Kaligtasan ng Publiko.*

Sa kabila ng anumang tadhana ng batas na kasalungat:

(a) Upang itaas ang proteksiyon ng kalusugan at kaligtasan ng publiko, ang mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay dapat manatiling matatawagan sa pamamagitan ng isang bitbiting kagamitan sa komunikasyon sa kabuuan ng bawat rilyebo sa trabaho.

(b) Kung ang isang pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay tinawagan habang kumakain o nagpapahinga, ang partikular na pagkain o pahinga na iyon ay hindi dapat ibilang na kasama sa mga oras ng pagkain at pahinga na karapat-dapat ang empleyado sa kanyang rilyebo sa trabaho.

(c) Kung ang isang pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay hindi tinawagan habang kumakain o nagpapahinga, ang partikular na pagkain o pahinga na iyon ay dapat ibilang na kasama sa mga oras ng pagkain at pahinga na karapat-dapat ang empleyado sa kanyang rilyebo sa trabaho.

888. *Mga Pagpapakahulugan.*

Gaya ng pagkakagamit sa kabanatang ito, lahat ng sumusunod na pagpapakahulugan ay gagamitin:

(a) “Pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya” ay nangangahulugang isang taong nakatutugon sa pareho ng mga sumusunod na iniaatas:

(1) Isang pang-emerhensiyang teknikong medikal (EMT), dispatser, paramediko, o ibang lisensiyado o sertipikadong tauhan ng paghahatid ng ambulansiya na tumutulong sa paghahatid ng mga serbisyo ng ambulansiya.

(2) Nagtatrabaho sa isang tagapagkaloob ng pang-emerhensiyang ambulansiya.

(b) “Tagapagkaloob ng pang-emerhensiyang ambulansiya” ay nangangahulugang isang tagapag-empleyo na nagkakaloob ng mga serbisyo ng ambulansiya, pero hindi kabilang ang estado, o anumang subdibisyong pampulitika nito, sa kapasidad nito bilang isang tuwirang tagapag-empleyo ng isang taong nakatutugon sa paglalarawan ng nakasaad sa talataan (1) ng subdibisyon (a).

(c) “Tinawagan” ay nangangahulugang pagtanggap ng isang mensahe o direktiba sa bitbiting kagamitan sa komunikasyon na nangangailangan ng pagtugon. Ang iniaatas lamang na magdala ng isang bitbiting

kagamitan sa komunikasyon at manatiling makakausap ay hindi bumubuo ng pagiging “tinawagan.”

(d) “Bitbiting kagamitan sa komunikasyon” ay nangangahulugang isang pager, radyo, station alert box, intercom, selular na telepono, o ibang paraan ng komunikasyon.

(e) “Rilyebo sa trabaho” ay nangangahulugang mga itinalagang oras ng trabaho ng isang pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya, na may itinalagang oras ng pagsisimula at pagtigil, kabilang ang mga panahon para sa pagkain o pahinga.

889. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas na kasalungat, ang mga Seksyon 887 at 888 ay nagpapahayag ng, at hindi nagbabago o nagsususog, ng kasalukuyang batas ng California at dapat ilapat sa alinman at lahat ng aksyon na nakabinbin sa, o nagsimula pagkaraan, ng ika-25 ng Oktubre, 2017, nagpapatang ng paglabag ng Seksyon 11090 ng Titulo 8 ng Kodigo sa mga Regulasyon ng California (Komisyon sa Kapakanang Pang-industriya (IWC) Utos Blg. 9-2001) o anumang sinusugan, kapalit, o pamalit na batas, regulasyon, o utos ng IWC.

Artikulo 5. *Susog*

890. Ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa kabanatang ito sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan na ipinasok sa journal, apat-na-ikalimang bahagi ng mga miyembro ang sumang-ayon, sa kondisyon na ang batas ay kaayon ng, at nagsusulong ng mga layunin, ng kabanatang ito. Walang panukalang-batas na susugan ang kabanatang ito na maaaring ipasa o maging isang batas maliban kung ang panukalang-batas ay nalimbag at naipamahagi sa mga Miyembro ng Lehislatura, at nailathala sa Internet, sa pinal na anyo nito, para sa hindi kukulangin sa 12 araw ng trabaho bago ang pagpasa sa alinmang kapulungan ng Lehislatura.

SEK. 2. *Liberal na Konstruksyon.*

Ang batas na ito ay dapat na liberal na bigyang-kahulugan upang matupad ang mga layunin nito.

SEK. 3. *Magkakasalungat na Panukala.*

(a) Kung ang inisyatibong panukalang ito at iba pang inisyatibong panukala o mga panukala na may kaugnayan sa mga kalagayan sa pagtatrabaho ng mga pang-emerhensiyang empleyado ng ambulansiya ay lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota sa halalan, ang ibang inisyatibong panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang ito. Kung ang inisyatibong panukalang ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang

inisyatibong panukala o mga panukala ay dapat na walang-bisa.

(b) Kung ang inisyatibong panukalang ito ay aprobahan ng mga botante pero pinawalang-bisa sa kabuuan o bahagi ng anumang ibang kasalungat na inisyatibong panukala na inaprobahan ng mga botante sa kaparehong halalan, at naturang kasalungat na inisyatibo ay ipinasiyang walang-bisa sa bandang huli, ang panukalang ito ay dapat na nakakaganap sa sarili at bigyan ng buong puwersa at epekto.

SEK. 4. Naihihiwalay.

Ang mga tadhana ng batas na ito ay naihihiwalay. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talataan, sugnay, pangungusap, prase, salita, o paggamit ng batas na ito para sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa ng isang desisyon ng anumang hukuman ng may-kakayahang hurisdiksyon, ang desisyong iyon ay hindi dapat makaapekto sa pagiging may-bisa ng mga natitirang bahagi ng batas na ito. Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapahayag sa pamamagitan nito na pagtitibayin nila ang batas na ito at ang bawat isa at bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talataan, sugnay, pangungusap, prase, salita, at paggamit na hindi ipinahayag na walang-bisa o labag sa saligang-batas nang hindi isinasaalang-alang kung ang anumang bahagi ng batas na ito o ang paggamit nito ay idedeklarang walang-bisa sa huli.

SEK. 5. Depensang Pambatas.

Kung ang batas na ito ay aprobahan ng mga botante ng Estado ng California at pagkaraan ay isinailalim sa isang hamong pambatas na nagpaparatang ng isang paglabag sa pang-estado o pederal na batas, at pareho ng Gobernador at Pangkalahatang Abugado ay tumanggap ipagtanggol ang batas na ito, ang mga sumusunod na aksyon ay dapat gawin:

(a) Sa kabila ng anumang kasalungat ng nakasaad sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang ibang batas, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat magtalaga ng isang independiyenteng abugado upang matapat at matinding ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bego magtalaga o pagkaraan ay magpalit ng independiyenteng abugado, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat gumamit ng angkop na pagsisikap sa pagpapasiya ng mga kuwalipikasyon ng independiyenteng abugado at dapat kumuha ng nakasulat na pagpapatibay mula sa independiyenteng abugado na ang independiyenteng abugado ay matapat at matinding ipagtanggol ang batas na ito. Ang nakasulat na pagpapatibay ay dapat ihanda sa publiko kapag hiniling.

(c) Ang isang patuloy na paglalaan ay ginagawa sa pamamagitan nito mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Kontroler, nang hindi isinasaalang-alang

ang mga taon ng pananalapi, sa isang halagang kailangan upang masakop ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng abugado upang matapat at matinding ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California.

PROPOSISYON 12

Ang inisyatibong panukalang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog at nagdaragdag sa mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa *tipo ng pagtanggap* at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapatibay ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Ang batas na ito ay dapat makilala, at maaaring tawagin, na Batas sa Paghadlang ng Kalupitan sa mga Hayop sa Bukid.

SEK. 2. Ang layunin ng batas na ito ay upang hadlangan ang kalupitan sa hayop sa pamamagitan ng pag-aalis ng sukdulang mga paraan ng pagkulong sa hayop sa bukid, na nagbabanta rin sa kalusugan at kaligtasan ng mga mamimili ng California, at nagtataas ng panganib ng sakit na dala ng pagkain at kaugnay na masasamang epekto sa pananalapi sa Estado ng California.

SEK. 3. Ang Seksyon 25990 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususunod upang mabasang:

25990. MGA PAGBABAWAL. Bilang karagdagan sa ibang mga angkop na tadhana ng batas:-

~~(a) isang tao Ang isang manggagawa sa bukid o tagapagpatakbo sa loob ng estado ay hindi dapat na sadyang magsuga o magkulong ng anumang saklaw na hayop, upang ikulong sa isang malupit na paraan. sa isang bukid, para sa lahat o karamihan ng anumang araw, sa isang paraan na hinahadtangan ang naturang hayop na:~~

~~(a) Humiga, tumayo, at lubos na iunat ang kanyang mga paa; at~~

~~(b) Malayang umikot.~~

~~(b) Ang sang may-ari ng negosyo o tagapagpatakbo ay hindi dapat na sadyang lumahok sa pagbebenta sa loob ng estado ng alinman sa mga sumusunod:~~

~~(1) Buong karne ng veal na alam o apat malaman ng may-ari o tagapagpatakbo ng negosyo ito ay karne ng isang saklaw na hayop na ikinulong sa malupit na paraan.~~

(2) Buong karne ng baboy na alam o dapat malaman ng may-ari o tagapagpatakbo ng negosyo ay ang karne ng isang saklaw na hayop na ikinulong sa malupit na paraan, o ang karne ng anak ng isang saklaw na hayop na ikinulong sa malupit na paraan.

(3) Itlog na may balat na alam o dapat malaman ng may-ari o tagapagpatakbo ng negosyo ay ang produkto ng isang saklaw na hayop na ikinulong sa malupit na paraan.

(4) Mga likidong itlog na alam o dapat malaman ng may-ari o tagapagpatakbo ng negosyo ay ang produkto ng isang saklaw na hayop na ikinulong sa malupit na paraan.

SEK. 4. Ang Seksyon 25991 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinusugan upang mabasang:

25991. MGA PAGPAPAKAHULUGAN. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) “Pinararaming baboy” ay nangangahulugang anumang babaeng baboy ng klaseng porcine na pinananatili para sa layunin ng pangkomersiyong pagpaparami na anim na buwan o mas matanda o buntis.

(b) “May-ari ng negosyo o tagapagpatakbo” ay nangangahulugang sinumang tao na may-ari o kumokontrol ng mga pagpapakabo ng isang negosyo.

(c) “Walang-hawlang sistema ng tirahan” ay nangangahulugang isang panloob o panlabas na kinokontrol na kapaligiran para sa nangingitlog na manok kung saan ang mga manok ay malayang gumala nang walang takda; ay pinagkakalooban ng mga pagpapayaman na nagpapahintulot sa kanila na magpakita ng mga likas na asal, kabilang ang, sa pinakamababa, mga lugar ng pagkamot, dapuan, mga kahong pugad, at mga lugar ng paliligo sa alikabok; at sa loob ng nasabing bukid ang mga empleyado ay maaaring magkaloob ng pangangalaga habang nakatayo sa loob ng mga espasyo ng sahig na hindi nagagamit ng mga manok. Sa walang-hawlang mga sistema ng tirahan ay kabilang ang, kung ang mga ito ay sumusunod sa mga iniaatas ng subdibisyong ito, mga sumusunod:

(1) Maraming baitang na mga aviary, kung saan ang mga manok ay may daan sa maraming itinaas na plataporma na nagkakaloob sa mga manok ng nagagamit na espasyo ng sahig sa pareho ng ibabaw at ilalim ng mga plataporma.

(2) May mga patpat na sistema, kung saan ng mga manok ay mga daan sa itinaas na pantay na mga plataporma kung saan ang mga ipot ay naglalagos sa sahig patungo sa isang hukay o pantanggal ng dumi sa ibaba.

(3) Iisang-lebel na mga sistema ng sahig na lahat ay para litter, kung saan ang mga inahing manok ay

may limitado o walang daan sa itinaas na pantay na mga plataporma.

(4) Anumang mga sistema sa hinaharap na sumusunod sa mga iniaatas ng subdibisyong ito.

(a)(d) “Guya na pinalalaki para sa veal” ay nangangahulugang anumang guya na lahing bovine para sa layunin ng paglikha ng produktong pagkain na inilarawan bilang veal.

(e) “Ikinulong sa malupit na paraan” ay nangangahulugang alinman sa mga sumusunod na aksyon:

(1) Ang pagkulong sa isang saklaw na hayop sa isang paraan na humahadlang sa hayop na humiga, tumayo o lubos na unatin ang mga paa ng hayop, o malayang umikot.

(2) Pagkaraan ng ika-31 ng Disyembre, 2019, ang pagkulong sa isang guya na pinalalaki para sa veal na may kulang sa 43 kuwadrang talampakan ng nagagamit na espasyo ng sahig kada guya.

(3) Pagkaraan ng ika-31 ng Disyembre, 2021, ang pagkulong sa isang pinararaming baboy na may kulang sa 24 na kuwadrang talampakan ng nagagamit na espasyo ng sahig kada baboy.

(4) Pagkaraan ng ika-31 ng Disyembre, 2019, ang pagkulong sa nangingitlog na manok na may kulang sa 144 kuwadrang pulgada ng nagagamit na espasyo ng sahig kada manok.

(5) Pagkaraan ng ika-31 ng Disyembre, 2021, ang pagkulong sa nangingitlog na manok na may kulang sa dami ng nagagamit na espasyo ng sahig kada manok na iniaatas ng 2107 na edisyon ng United Egg Producers’ Animal Husbandry Guidelines for U.S. Egg-Laying Flocks: Guidelines for Cage-Free Housing o sa isang kulungan na iba sa walang-hawlang sistema ng tirahan.

(b)(f) “Saklaw na hayop” ay nangangahulugang anumang baboy sa panahon ng pagbubuntis, guya na inaalagaan para sa veal, pinararaming baboy, o nangingitlog na manok na pinanantili sa isang bukid.

(c)(g) “Nangingitlog na manok” ay nangangahulugang anumang babaeng inaalagang manok, pabo, pato, gansa, o guinea-fowl guineafowl na pinanantili para sa produksiyon ng itlog.

(d)(h) “Kulungan” ay nangangahulugang anumang hawla, kaing, o ibang a istruktura (kabilang ang karaniwang inilalarawan bilang isang “gestation crate” para sa mga baboy; isang “veal crate” para sa guya; o isang “battery cage” para mga nangingitlog na manok) ginagamit upang ikulong ang isang saklaw na hayop o mga hayop.

(e)(i) “Bukid” ay nangangahulugang ang lupa, gusali, mga pasilidad ng suporta, at ibang kagamitan na buo, o bahaging ginagamit para sa pangkomersiyong produksiyon ng mga hayop o mga produktong hayop na ginagamit para sa pagkain o

hibla at hindi kabilang ang mga pamilihan ng buhay na hayop-, mga establisamyento kung saan ang saplitang inspeksiyon ay ipinagkakaloob sa ilalim ng Pederal na Batas sa Inspeksiyon ng Karne (21 U.S.C. Sek. 601 at kasunod), o mga opisyal na planta kung saan ang sapilitang inspeksiyon ay pinananatili sa ilalim ng pederal na Batas sa Inspeksiyon ng mga Produktong Itlog (21 U.S.C. Sek. 1031 at kasunod.).

(j) “May-ari o tagapagpatakbo ng bukid” ay nangangahulugang sinumang tao na may-ari o kumokontrol ng mga pagpapatakbo ng isang bukid.

(f)(k) “Lubos na naiuunat ang kanyang-paa ng hayop” ay nangangahulugang lubos na pag-unat ng lahat ng paa nang hindi sumasagi sa tagiliran ng kulungan, kabilang ang, sa kaso ng mga nangingitlog na manok, lubos na pag-unat ng parehong pakpak nang hindi sumasagi sa tagiliran ng kulungan o ibang nangingitlog na manok o ibang hayop.

(l) “Mga likidong itlog” ay nangangahulugang mga itlog ng isang nangingitlog na manok na inalis mula sa mga balat, nilalayong gawing pagkain ng tao na ang mga pula at puti sa kanilang mga likas na proporsiyon, o ang mga pula at puti aynakahiwalay, pinaghalo, o pinaghalo at sinala. Ang mga likidong itlog ay hindi kasama ang kombinasyon ng mga produktong pagkain, kabilang ang mga pancake mix, cake mix, cookie, pizza, cookie dough, ice cream, o katulad na naproseso o inihandang mga produktong pagkain, na binubuo ng higit sa mga likidong itlog, asukal, asin, tubig, pampasarap, pangkulay, pampalasa, preserbatibo, pampatatag, at mga katulad na idinaragdag sa pagkain.

(g)(m) “Tao” ay nangangahulugang sinumang indibidwal, anumang kompanya, magkasamang pamumuhunan, kapisanan, limitadong pananagutan na kompanya, korporasyon, pag-aari, ipinagkakatiwala, tumatanggap, o sindikato.

(h) “Baboy sa panahon ng pagbubuntis” ay nangangahulugang anumang buntis na baboy na klaseng porcine para sa pangunahing layunin ng pagpaparami. (n) “Karne ng baboy” ay nangangahulugang karne, gaya ng nilinaw sa Seksyon 900 ng Titulo 3 of the Kodigo sa mga Regulasyon ng California pagsapit ng Agosto 2017, ng isang baboy na lahing porcine, nilalayong gamitin bilang pagkain ng tao.

(o) “Pagbebenta” ay nangangahulugang isang pangkomersiyong pagbebenta ng isang negosyong nagbebenta ng anumang aytem na saklaw ng kabanatang ito, pero hindi kabilang ang anumang pagbebenta na isinasagawa sa isang establisamyento kung saan ang sapilitang inspeksiyon ay ipinagkakaloob sa ilalim ng Pederal na Batas sa Inspeksiyon ng Karne (21 U.S.C. Sek. 601 at kasunod), o anumang pagbebentang isinasagawa sa isang opisyal na planta kung saan ang sapilitang inspeksiyon ay pinananatili sa ilalim ng pederal na

Batas sa Inspeksiyon ng Itlog (21 U.S.C. Sek. 1031 at kasunod). Para sa layunin ng seksyong ito, ang isang pagbebenta ay dapat ituring na nangyari sa lokasyon kung saan ang bumili ay pisikal na kumuha ng isang aytem na saklaw ng Seksyon 25990.

(p) “May balat na itlog” ay nangangahulugang isang buong itlog ng isang nangingitlog na manok na may balat, nilalayong gamitin bilang pagkain ng tao.

(q) “Malayang pag-ikot” ay nangangahulugang pag-ikot nang buo nang walang hadlang, kabilang ang isang panuga, at hindi nasasagi ang tagiliran ng isang kulungano ibang hayop.

(r) “Hindi luto” ay nangangahulugang nangangailangan ng pagluluto bago ang pagkonsumo ng tao.

(s) “Nagagamit na espasyo ng sahig” ay nangangahulugang ang kabuuang kuwadrang talampakan sa bawat saklaw na hayop, gaya ng kinalkula sa pamamagitan ng paghahati ng kabuuang kuwadrang talampakan ng espasyo ng sahig na ipinagkaloob sa mga hayop sa isang kulungan sa bilang ng mga hayop sa kulungang iyon. Sa kaso ng nangingitlog na manok, ang nagagamit na espasyo ng sahig ay dapat kabilang ang pareho ng espasyo ng lupa at itinaas na lebel ng pantay na mga plataporma kung saan ang mga manok ay maaaring dumapo pero hindi kabilang ang mga perch o rampa.

(t) “Karneng veal” ay nangangahulugang karne, gaya ng nilinaw sa Seksyon 900 ng Titulo 3 ng Kodigo sa mga Regulasyon ng California pagsapit ng Agosto 2017, ng isang guya na pinalalaki para sa veal na nilalayong gamitin bilang pagkain ng tao.

(u) “Buong karne ng baboy” ay nangangahulugang anumang hindi lutong hiwa ng baboy, kabilang ang bacon, ham, hop, rib riblet, loin, shank, leg, roast, brisket, steak, sirloin, o cutlet, na binubuo ang kabuuan ng karne ng baboy maliban sa pampalasa, mga ahente ng paggamot, pangkulay, pampasarap, preserbatibo, at mga katulad ng pandagdag sa karne. Ang buong karne ng baboy ay hindi kabilang ang kombinasyon ng mga produktong pagkain na kabilang ang mga sopas, sandwich, pizza, hotdog, o katulad na naproseso o inihandang mga produktong pagkain, na binubuo ng higit sa karne ng baboy, pampasarap, mga ahente ng paggamot, pangkulay, pampalasa, preserbatibo, at mga katulad na pandagdag sa karne.

(v) “Buong karneng veal” ay nangangahulugang anumang hindi lutong hiwa ng veal, kabilang ang chop, rib, riblet, loin, shank, leg, roast, brisket, steak, sirloin, o cutlet, na binubuo ang kabuuan ng karneng veal maliban sa pampalasa, mga ahente ng paggamot, pangkulay, pampasarap, preserbatibo, at mga katulad ng pandagdag sa karne. Ang buong karneng veal ay hindi kabilang ang kombinasyon ng mga produktong pagkain na kabilang ang mga sopas, sandwich, pizza, hotdog, o katulad na

naproseso o inihandang mga produktong pagkain, na binubuo ng higit sa karneng veal, pampasarap, mga ahente ng paggamot, pangkulay, pampalasa, preserbatibo, at mga katulad na pandagdag sa karne.

SEK. 5. Ang Seksyon 25992 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinusugan upang mabasang:

25992. MGA EKSEPSIYON. Ang kabanatang ito ay hindi dapat gamitin:

(a) Sa panahon ng ~~siyentipiko o pang-agrikulturang medikal~~ na pananaliksik.

(b) Sa panahon ng pagsusuri, pagsubok, indibidwal na paggamot, o pagpapatakbo para sa mga layuning pang-beterinaryo.

(c) Sa panahon ng transportasyon.

(d) Sa panahon ng mga pagtatanghal ng rodeo, mga pagtatanghal sa perya ng estado o county, mga programang 4-H, at mga katulad na pagtatanghal.

(e) Sa panahon ng pagkatay ng isang saklaw na hayop alinsunod sa mga tadhana ng Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 19501) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Kodigo sa Pagkain at Agrikultura, may kaugnayan sa mga makataong paraan ng pagkatay, at ibang angkop na batas at mga regulasyon.

(f) Sa isang ~~pitong araw~~ *limang araw* na panahon bago ang inaasahang petsa ng panganganak ng *pinararaming* baboy, at *anumang araw na ang pinararaming bagoy ay nagpapalaki ng mga biik.*

(g) *Sa mga pansamantalang panahon para sa mga layunin ng pag-aalaga ng hayop para sa hindi hihigit sa anim na oras sa anumang 24 na oras na panahon, at hindi hihigit sa 24 na oras na kabuuan sa anumang 30-araw na panahon.*

SEK. 6. Seksyon 25993 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinusugan upang mabasang:

25993. PAGPAPATUPAD. (a) *Ang Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura at ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay dapat magkasamang magpatibay ng mga tuntunin at regulasyon para sa pagpapatupad ng batas na ito bago lumampas ang ika-1 ng Setyembre, 2019.*

(b) Sinumang tao na lumabag sa alinman sa mga tadhana ng kabanatang ito ay nagkasala ng isang misdemenor, at kapag napatunayang nagkasala ay dapat parusahan ng isang multang hindi hihigit sa isang libong dolyar (\$1,000) o ng pagkabilanggo sa kulungan ng county para sa isang panahon na

hindi hihigit sa 180 araw o ng pareho ng naturang multa at pagkabilanggo. *Bilang karagdagan, ang isang paglabag sa subdibisyon (b) ng Seksyon 25990 ay bumubuo ng hindi patas na kompetisyon, gaya ng nilinaw sa Seksyon 17200 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon, at maparurusahan gaya ng itinagubilin sa Kabanata 5 (nagsisimula sa Seksyon 17200) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 7 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon.*

(c) *Ang mga tadhana ng kabanatang ito na may kaugnayan sa malupit na pagkulong sa mga saklaw na hayop at pagbebenta ng mga produkto ay dapat magpawalang-saysay sa anumang kasalungat na mga regulasyon, kabilang ang mga kasalungat na regulasyon sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 40601) ng subdibisyon 6 ng Dibisyon 2 ng Titulo 22 ng Kodigo sa mga Regulasyon ng California.*

SEK. 7. Ang Seksyon 25993.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

25993.1. *Dapat na isang depensa sa anumang aksyon upang ipatupad ang subdibisyon (b) ng Seksyon 25990 na ang isang may-ari o tagapagpatakbo ng negosyo ay umasa sa katapatan sa isang nakasulat na sertipikasyon ng tagatustos na ang buong karneng veal, buong karne ng baboy, itlog na may balat, o mga likidong itlog na pinag-uusapan ay hindi galing sa isang saklaw na hayop na ikinulong sa isang malupit na paraan, o mula sa anak ng isang pinararaming baboy na ikinulong sa isang malupit na paraan.*

SEK. 8. Ang batas na ito ay dapat susugan sa pamamagitan lamang ng isang batas na inaprobahan sa pamamagitan ng isang boto ng apat-na-ikalima ng mga miyembro ng parehong kapulungan ng Lehislatura. Anumang susog sa batas na ito ay dapat na kaayon ng at nagsusulong sa mga layunin ng batas na ito.

SEK. 9. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ng paggamit nito sa sinumang tao o pangyayari ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang pagiging walang-bisa nito o labag sa saligang-batas ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit ng batas na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisa o labag sa saligang-batas na tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito naihihiwalay.

Tingnan ang Inyong Katayuan Bilang Botante Online



Bisitahin ang pahinang Aking Katayuan Bilang Botante ng Kalihim ng Estado sa VoterStatus.sos.ca.gov, kung saan maaari ninyong tingnan ang inyong katayuan bilang botante, hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, at marami pang iba.

Gamitin ang **Aking Katayuan Bilang Botante** upang:

- Tingnan kung nakarehistro kayo upang bumoto at kung ganoon nga, sa anong county
- Tingnan ang inyong kinakatigang partidong pampulitika
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan
- Maghanap ng sentro ng pagboto (para sa mga botanteng naninirahan sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo)
- Alamin ang mga nalalapit na halalan sa inyong lugar
- Tanggapin ang inyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante (Voter Information Guide o VIG) ng estado sa pamamagitan ng email bago ang bawat pambuong-estadong halalan
- Alamin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa inyong opisina ng halalan sa county
- Tingnan ang katayuan ng inyong pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota

Impormasyon Ukol sa Araw ng Halalan

Bukas ang mga lugar ng botohan at sentro ng pagboto mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Martes, Nobyembre 6. Kung nakapila kayo bago ang 8:00 p.m., makakaboto pa rin kayo. Upang hanapin ang inyong lugar ng botohan o maghanap ng sentro ng pagboto:



Tingnan ang Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county na ipinadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo ng opisyal ng halalan sa inyong county



Tumawag sa (800) 339-2957



Online sa www.sos.ca.gov/elections/polling-place o VoterStatus.sos.ca.gov



I-text ang *Bumoto* sa GOVOTE (468683)



I-download ang mobile app na “Vote California” (makukuha sa mga iOS at Android store)

Mga Nangungunang Taga-ambag sa mga Pambuong-estadong Kandidato at Panukala sa Balota

Kapag sinuportahan o tinutulan ng isang komite (isang tao o grupo ng mga taong tumatanggap o gumagastos ng pera para sa layunin ng pag-impluwensiya sa mga botante na sumuporta o tumutol sa mga kandidato o mga panukala sa balota) ang isang panukala sa balota o kandidato at nakalikom ng hindi bababa sa \$1 milyon, dapat iulat ng komite ang 10 nangungunang taga-ambag nito sa Komisyon sa mga Makatarungang Gawaing Pampulitika ng California (California Fair Political Practices Commission o FPPC). Dapat isapanahon ng komite ang listahan ng nangungunang 10 kapag may anumang pagbabago.

Makikita ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa <http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html>



Pagpaparehistro ng Botante

Kung nakarehistro na kayo upang bumoto, hindi na ninyo kailangang magparehistrong muli **maliban** kung magpapalit kayo ng inyong pangalan, address ng tirahan, address na pangkoreo, o kung gusto ninyong magpalit o pumili ng partidong pampulitika.

Maaari kayong magpaparehistro upang bumoto online sa *RegisterToVote.ca.gov*, o tumawag sa walang bayad na Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 upang mapadalhan kayo ng form.

Makakakuha ng mga form sa pagpaparehistro ng botante sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, aklatan, opisina ng pamahalaan ng lungsod at county, opisina ng halalan sa county, at sa Opisina ng Kalihim ng Estado ng California

May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante

Nakalimutan ba ninyong magparehistro? Walang problema! Alam niyo ba na sa loob ng 14 na araw bago ang Araw ng Halalan hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan, maaari kayong pumunta sa opisina ng inyong opisyal ng halalan o sentro ng pagboto sa county upang magparehistro nang may kondisyon para makaboto, at saka bumoto? Ang prosesong ito ay tinatawag na May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration o CVR). Ganito ito ginagawa:

1. Bisitahin ang opisina ng halalan sa inyong county o sentro ng pagboto—makikita ang kumpletong listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county dito:
<http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/>
2. Kumpletuhin ang kard sa pagpaparehistro ng botante o magparehistro online sa *RegisterToVote.ca.gov*
3. Ipatala ang inyong pansamantalang balota ng CVR sa opisina ng halalan sa inyong county o sa sentro ng pagboto

Kapag naproseso na ng opisyal ng halalan sa county ang apidabit ng pagpaparehistro, natukoy na kwalipikado kayong magparehistro, at napatunayan ang inyong impormasyon, magiging permanente ang pagpaparehistro at mabibilang ang inyong pansamantalang balota ng CVR.

Upang madagdagan ang kaalaman, bumisita sa <http://www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/conditional-voter-reg/>

Ang mga Sentro ng Pagboto ay magagamit ng mga botanteng nakatira sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo. Bisitahin ang *VotersChoice.sos.ca.gov* o tingnan ang pahina 93 para sa higit pang impormasyon sa Batas sa Pagpili ng Botante at mga sentro ng pagboto.

Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante

Programang Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante: Ang ilang botanteng nahaharap sa mga sitwasyong may banta sa kanilang buhay (ibig sabihin ay karahasan sa tahanan, mga biktima ng palihim na panunubaybay) ay maaaring maging kwalipikado na maging isang kumpidensyal na katayuan ng botante. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa walang bayad na programang Ligtas na Tahanan ng Kalihim ng Estado sa (877) 322-5227 o bumisita sa www.sos.ca.gov/registries/safe-home/.

Pagiging Pribado ng Impormasyon ng Botante: Ang impormasyon sa inyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa inyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng inyong lugar ng botohan, at ng mga isyu at kandidatong makikita sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kumakandidato para sa katungkulan, isang komite sa panukalang-batas ukol sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya sa pagmamaneho at social security, o ang inyong lagda gaya ng ipinakikita sa kard ng pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring ibigay para sa mga layuning ito. Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, mangyaring tawagan ang Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.



Ang Pagboto sa California sa Hinaharap

Simula sa 2018, matatanggap ng lahat ng rehistradong botante sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, Sacramento, at San Mateo ang kanilang balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan. Ang mga botante sa mga kalahok na county ay magkakaroon ng 3 opsyon sa paraan ng pagboto:

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo: Maaari ninyong ipadala sa koreo ang inyong sinagutang balota sa sandaling matanggap ninyo ito.

Drop Box: Maaari ninyong ihulog ang inyong sinagutang balota sa anumang drop box ng balota ng county sa sandaling matanggap ninyo ito. Hindi kailangan ng selyo sa mga drop box ng balota.

Sentro ng Pagboto: Papalitan ng mga sentro ng pagboto ang mga lugar ng botohan. Maaari kayong personal na bumoto sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county. Ang mga sentro ng pagboto ay magbubukas sa loob ng hindi bababa sa 11 araw, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

Sa bawat sentro ng pagboto, magagawa ninyong:

- Personal na bumoto
- Magparehistro upang bumoto o isapanahon ang inyong pagpaparehistro
- Ihulog ang inyong nasagutang balota
- Kumuha ng pamalit na balota
- Bumoto gamit ang isang maaaksesong makina sa pagboto
- Kumuha ng tulong at mga materyal sa pagboto sa maraming wika

Bakit Nagkaroon ng Ganitong Pagbabago?

Ang Batas sa Pagpili ng Botante ng California ay naging batas noong 2016 upang gawing mas kumbinyente at maaakseso ang pagboto. Mapipili ninyo kung paano, kailan, at saan kayo boboto.

Kailan ako boboto?

Matatanggap ninyo ang inyong balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan. Pagkatapos sagutan ang inyong balota, maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o sa anumang drop box ng balota o sentro ng pagboto ng county. Magbubukas ang mga sentro ng pagboto para sa personal na pagboto sa loob ng 11 araw, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

Saan ako makakahanap ng drop box ng balota o sentro ng pagboto?


VotersChoice.sos.ca.gov

Paano kung hindi ko natanggap ang aking balota?

Bumisita sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county o tumawag sa opisyal ng halalan ng inyong county upang humiling ng kapalit.

Paano kung wala ako sa kalahok na county?

Kung kayo ay nakatira sa isang county na kasalukuyang hindi kalahok sa Batas sa Pagpili ng Botante, patuloy kayong boboto sa pamamagitan ng koreo o sa isang lugar ng botohan. Makipag-ugnayan sa walang bayad na hotline ng botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 para sa higit pang impormasyon.



Makikita rin online ang teksto ng mga iminumungkahing batas sa <http://voterguide.sos.ca.gov>.

Kung gusto ninyo ng karagdagang nakalimbag na kopya ng teksto:



Magpadala ng email sa Kalihim ng Estado sa vigfeedback@sos.ca.gov



Makipag-ugnayan sa walang bayad na hotline ng botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Tulong para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan

Tingnan ang inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county

Ang inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county:



- Maglalarawan kung paano makakaboto ang mga taong may mga kapansanan nang pribado at may kalayaan
- Magpapakita ng isang simbolo ng wheelchair kung madaling mapupuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan ang inyong lugar ng botohan

Audio at malaking print na Mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante

Libreng makakakuha ng mga ganitong patnubay sa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese. Upang humiling:



Tumawag sa walang bayad na hotline ng botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957



Mag-download ng audio na MP3 ang bersiyon sa <http://voterguide.sos.ca.gov/audio/tl>



Bumisita sa <http://voterguide.sos.ca.gov>

Website ng Mga Resulta ng Halalan ng Estado

Gusto mo bang makita ang mga resulta ng Nobyembre 6, 2018, Pangkalahatang Halalan pagkatapos magsara ng mga lugar ng botohan ng 8:00 p.m.? Bisitahin ang website ng Mga Resulta ng Halalan ng Kalihim ng Estado ng California sa <https://vote.sos.ca.gov/>.

Isinasapanahon ang website ng Mga Resulta ng Halalan bawat limang minuto sa Gabi ng Halalan habang iniuulat ng mga county ang mga resulta sa Kalihim ng Estado. Magpapadala ang mga opisyal ng halalan sa county ng mga semi-official na resulta ng halalan sa website ng Kalihim ng Estado pagkatapos magsara ng mga lugar ng botohan ng 8:00 p.m. at patuloy na magpapadala ng mga update nang hindi bababa sa bawat dalawang oras hanggang sa mabilang ang lahat ng balota sa Araw ng Halalan.

Simula sa Nobyembre 8 hanggang Disyembre 6, 2018, isasapanahon ang website ng Mga Resulta ng Halalan bawat araw ng 5:00 p.m. habang binibilang ng mga county ang mga natitirang balota.

Ipapaskil ang mga opisyal na resulta ng halalan sa Disyembre 14, 2018, sa www.sos.ca.gov/elections/

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!



HUWAG KALIMUTANG BUMOTO!

Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

OKTUBRE

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
	1	2	3	4	5	6
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30	31			

Oktubre 8, 2018

Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Oktubre 22, 2018

Huling araw upang magparehistro upang makaboto. Maaari kayong magparehistro “Nang May Kondisyon” at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

Oktubre 30, 2018

Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng halalan sa county ang anumang aplikasyon ng botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

NOBYEMBRE

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
				1	2	3
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	

Nobyembre 6, 2018

Araw ng Halalan!

California Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE



CALIFORNIA

PANGKALAHATANG HALALAN

Tingnan ang inyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante online sa voterstatus.sos.ca.gov

TEKSTO NG MGA IMINUMUNGAHING BATAS

Martes, Nobyembre 6, 2018

Huwag Kalimutang Bumoto!
Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m.
hanggang 8:00 p.m.

Oktubre 8

Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Oktubre 22*

Huling araw upang magparehistro upang makaboto.

Oktubre 30

Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng halalan sa county ang anumang aplikasyon ng botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon
Para sa Botantena o Teksto ng mga Iminumungkahing Batas na
nasa alinman sa sumusunod na wika, mangyaring tawagan ang:

English: (800) 345-VOTE (8683)

TTY/TDD: (800) 833-8683

Español/Spanish: (800) 232-VOTA (8682)

中文/Chinese: (800) 339-2857

हिन्दी/Hindi: (888) 345-2692

日本語/Japanese: (800) 339-2865

ខ្មែរ/Khmer: (888) 345-4917

한국어/Korean: (866) 575-1558

Tagalog: (800) 339-2957

ภาษาไทย/Thai: (855) 345-3933

Việt ngữ/Vietnamese: (800) 339-8163



I-text ang Bumoto sa GOVOTE (468683) upang alamin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan.

* Maaari pa rin kayong magparehistro “nang may kondisyon” at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

Sa pagsisikap na mabawasan ang mga gastos sa halalan, pinahintulutan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lang ng isang Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa pamamagitan ng koreo sa bawat sambahayang boboto at magbigay ng kopya ng Teksto ng mga Iminumungkahing Batas kapag hihilingin. Maaari kayong kumuha ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957.

OSP 18 145827



TAGALOG